



*“Humayo Kayo’t
Ipahayag ang
Mabuting Balita” (Mk.: 16:15)*

*Buhay
Misyonero*

Missionary Servants of the Blessed Sacrament





IMPRIMATUR:

+ Antonio P. Palani
† ANTONIO P. PALANI
Vicar Apostolic
Apostolic Vicariate of
Occidental Mindanao

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Buhay Misyonero — Quezon City: Missionary
Servants of the Blessed Sacrament, c2006.
p. ; cm

1. Missionary stories. 2. Missionaries -- Biography --
Juvenile literature. 3. Christian biography -- Juvenile literature
5. Catholic Church -- Missions -- Juvenile literature. I. Missionary
Servants of the Blessed Sacrament.

BV2087 266.2'0922 2008 P084000003
ISBN 978-971-93561-1-0





MGA NILALAMAN

PADRE JOHN BOTTON	7
PADRE TULLIO FAVALI	23
RICHARD MICHAEL “RICHIE” FERNANDO	34
OBISPO WILLIAM FINNEMANN	51
PADRE JOSEPH FREINADEMETZ	70
PADRE RHOEL GALLARDO	80
SAN FRANCISCO JAVIER	98
PADRE CAIO RASTELLI	116
KARDINAL FRANCIS XAVIER NGUYEN VAN THUAN	136
THEOPHANE VENARD	150
PADRE DAMIEN NG MOLOKAI	163
PADRE CLEMENTE VISMARA	182
PAULINE JARICOT	193
BISHOP CHARLES DE FORBIN JANSON	200
JEANNE BIGARD	206
PADRE PAOLO MANNA	213





Blank Page





PAUNANG SALITA

Ang taong 2008-2009 ay itinalaga ng simbahan bilang “Taon ni San Pablo Apostol” na tinawag ring Apostol ng mga Hentil. Si San Pablo ay isang dakilang misyonero ng ating Simbahan nang ito ay nagsisimula pa lamang. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang na ito, minarapat naming ibahagi ang mga kwento ng buhay ng mga misyonerong nag-alay ng buong buhay sa paglilingkod sa misyon. Ang ilan sa kanila ay literal na nag-alay ng buhay – ng kanilang dugo para sa kapakanan ng nakararami, ang iba naman ay sa pagsasabuhay ng ‘kabanalan’ sa gitna ng makamundo at marahas na daigdig na ating ginagalawan.

Ang mga misyonerong inyong matutuklasan sa aklat na ito ay mga ordinaryong taong nakagawa ng mga hindi ordinaryong gawain. Ito ay dahil sa kanilang pagmamahal kay Kristo at sa Kanyang mensahe. Ang ating pananampalatayang Kristiyano ay utang natin sa mga misyonero na naglakbay sa iba’t ibang panig ng mundo, sinuong ang mga panganib at kahirapan.

Hindi lamang sila ang may kakayahan at tawag na maging mga misyonero. “Tayong lahat ay mga misyonero sa pamamagitan ng Binyag na ating natanggap!” (RM 77). Kaya nga, sa ating mga mumunting paraan, tayo ay makababahagi sa misyon ng simbahan. Tayo ay may responsibilidad na maibahagi sa iba ang pananampalatayang ating natanggap - ito ang ating misyon!

Ang paggunita sa buhay ng mga misyonero sa aklat na ito ay pagpapakita ng ating pasasalamat at pagpapahalaga sa kanilang mga ginawa. Ito rin ay isang paraan ng pasasalamat sa Diyos sa mga biyayang ating natanggap sa pamamagitan ng mga gawain at sakripisyo ng mga misyonero. Hinihikayat namin kayong sila’y ibahagi sa iba.

Sisters Missionary Servants
of the Blessed Sacrament
Philippines

Oktubre 17, 2008





Blank Page





Padre John Botton
Mayo 9, 1908 - Padua, Italy
† Abril 30, 1944 - Hsuchang, China





Padre John Botton

Isinilang si John Botton sa Carmignano di Brenta, Padua, Italy noong ika-9 ng Mayo, 1908. Siya ay pinatay sa Hsuehchang, Tsina noong ika-30 ng Abril, 1944. Si Padre John Botton, ang pinakabatang misyonerong ipinadala sa bansang Tsina ay hinuli sa kalagitnaan ng digmaang Tsino at Hapon. Dahil sa kaguluhang ito, maraming ulit na nagtangkang magtago ang mga misyonerong Xaverian. Isa sa mga pangyayaring iyon ay ang pagtatago ni Padre Botton sa isang silid-lagusan kasama ang iba pang mga Kristiyano. Dumating ang pagkakataong napagpasyahan niyang umalis nang palihim habang patakpong sumisigaw sa mga sundalong nagbabantay ng “Tien Ciu Tang” (Mabuhay ang Italianong Katolikong Simbahan), subalit kaagad na umalarma ang mga sundalo at binaril siya pati na ang silid-lagusan na ikinasugat ng iba pang mga kasamahan niya.

Taong 1934, isang tag-araw ng umaga. Isang kartero ang kumatok sa isang tahanan sa bukid at isang matandang babae ang sumagot. Matapos niya itong batiin at pasalamatan, kinuha niya ang liham at bumalik na sa loob. Pagmamay-ari nina Margherita at Pio Botton ang nasabing tahanan. Dito nila pinalaki at hinubog ang kanilang mga anak. Ito rin ang saksi sa lahat ng pangyayaring naganap sa pamilya nila. Dahil sa mabilis na paglipas ng panahon, silang mag-asawa na lamang ang nakatira rito sapagkat lahat ng kanilang mga anak ay nanirahan na sa iba’t ibang dako ng Italy.

Ipinaalam ni Margherita na katatanggap pa lamang niya ng liham mula sa kanilang pinakabatang anak na lalaki na kilala sa tawag na “Gino”, isa siyang misyonero sa Parma na pinakasentrong tirahan ng Kongregasyon ng Xaverian Missionaries na itinatag ni Guido Maria Conforti. Si Conforti ay inordinahang pari nang





Padre John Botton

nakalipas na taon sa gulang na tatlumpung taon at naging Obispo ng Ravena at Parma.

Sinimulan ni Gino ang kanyang liham sa mga magulang sa pamamagitan ng paghingi ng tawad sa kanila dahil sa katotohanang hindi niya ipinaalam nang mas maaga ang kanyang pag-alis patungong Tsina upang magpalaganap ng Mabuting Balita. Sa ibang tao pa nila nalaman ang balitang ito. Ganito ang nilalaman ng sulat noong ika-22 ng Hunyo: *“Ngayong umaga ko lamang po natanggap ang opisyal na pagpapatibay ng tungkol sa misyon at wala na po akong panahon para ipaalam sa inyo ang bagay na ito nang mas maaga. Hindi na kailangang sabihin kong maligaya ako ngayon sapagkat kayo ang nagturo na tayo ay hindi lamang isinilang sa mundo. Sa halip, tayo ay isinilang upang gumawa ng kabutihan at kaakibat nito ang pagsasakripisyo. Hindi ko malilimutan ang mga halimbawang ibinahagi ninyo sa akin tungkol sa bagay na ito. Bagaman ipinadala ako bilang apostol, hindin-hindi ko kayo magagawang ipagkumpara sapagkat kayo ang naging unang modelo at magandang huwaran ng buhay ko. Alam kong isang malaking pagsasakripisyo para sa inyo ang aking pag-alis. Gayunman, hindi ito magiging mabigat na dalahin para sa akin dahil alam kong ang lahat-lahat ay inialay na ninyo sa Panginoon. Gaano man tayo kalayo sa isa’t isa mananatiling magkasama pa rin ang ating mga puso. Wala po akong ibang kahilingan kundi ang maging maligaya kayo para sa akin.”*

Paano kaya natanggap ng kanyang mga magulang ang pagiging malayo nila sa isa’t isa at ang pag-aalala sa hirap na mararanasan nito sa mga darating na panahon? Magkikita pa kaya silang muli? Marahil, inaasahan nila na mas magiging masaya sila kung kapiling nila ang pinakamamahal na anak.

Paano nga ba nagkakilala ang mag-asawang Pio at Margherita? Si Margherita ay anak ni Mattia Gabardo, isang bayani ng Milan na kaanib ng lihim na samahang Carbonari na nagtagumpay na makamit ang kalayaan para sa Italy sa kamay ng bansang Austria. Naging





Buhay Misyonero

kaibigan niya si Silvio Pellico na isa sa mga pinaghahanap ng mga mambabatas noong panahong iyon. Sa pangyayaring ito, kaagad siyang nagtungo sa rehiyon ng Veneto, at nagtago sa nayon ng Valsugana kung saan nakapangasawa siya at biniyayaan ng isang anak na babae na pinangalanang Margherita. Isang kahig, isang tuka ang pamilyang Gabordo. Noong bata pa si Margherita, ipinasok siya ng kanyang mga magulang sa malaking nayon sa Carmignano, malapit sa ilog Brenta, bilang tagapaglingkod sa taberno (bahay-aliwan). Nakilala niya rito si Pio Botton, ang palagiang suki. Naging magkaibigan sila, nagkagustuhan, ikinasal at nagkaroon ng sampung anak.

Si John ang pinakabata sa lahat ng magkakapatid na kilala sa bansag na “Gino.” Taong 1934, tatlo sa mga magkakapatid ang pumasok sa relihiyosong buhay, si Luigi sa Roma, si Maria sa Vicenza at si Gino naman sa Parma. Ang iba naman ay sa buhay pag-aasawa, kaya naiwan at nanirahan ang kanilang mga magulang sa kanilang tahanan sa bukid.

Bago dumating ang araw ng pag-alis ni Gino, isang linggo siyang namalagi sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan upang magpaalam. Hindi niya alam kung sino ang maghahatid sa daungan sa araw ng kanyang pag-alis sapagkat ang kanyang ama ay nakaratay sa matinding karamdaman. Samantala, ang ina niya ay di mapalagay sa pagbabantay sa mahal na asawa at hindi pa rin nito matanggap ang pag-alis ng bunsong anak.

Ika-7 ng Setyembre ng umaga ang araw ng kanyang pag-alis. Mababakas sa mukha niya ang katapangan at katatagan ng loob habang nagpapaalam sa kanyang mga magulang. Matapos ang makabagbag-damdaming paalamanan, inihatid na siya ng kanyang mga kapatid na lalaki at babae patungo sa barkong sasakyan. Habang papalayo ang mga magkakapatid, malungkot na malungkot silang tinatanaw ng naghihinagpis na ina. Pagkaalis nila, isinarado nito agad ang pintuan at pumasok na sa loob. Pabulong na nagwika ang kanyang asawa, *“Pinakamamahal kong Mora (bansag kay Margherita ng asawa), hindi na natin siya muling makikita pa.”*





Padre John Botton

Makalipas ang maraming taon, sa pagbabalik-gunita ni Maria sa kapatid na bunso, ganito ang kwento niya: *“Katulad din si Gino ng mga karaniwang bata: masayahin at makulit.”* Pinalaki siya sa layaw ng mga kapatid na babae dahil dito dapat sana’y makasarili at salawahan siya sa mga bagay-bagay. Subalit hindi ito nangyari sapagkat ang karunungan ipinamulat sa kanya ng mga magulang at pamilya na nakakaalam ng lahat ng karanasan at pinagdaanan niya sa buhay ang naghubog sa kanyang pagkatao at pag-uugali na maging mabuti at mapagbigay sa nangangailangan. Naalala rin nito na isang araw sa di inaasahang pangyayari - nabundol si Gino ng karitong tulak-tulak ng kanyang ama na halos ikamatay niya. Gayunman, nakaya pa rin niyang gumapang mula sa ilalim nito na walang tinamong gasgas o sugat. Para sa mga nakasaksi, isa itong himalang pangyayari sa kanyang buhay.

Anim na taong gulang si Gino nang tanggapin niya ang Unang Banal na Pakikinabang. Tuwing panahon ng Kuwaresma pumupunta siya sa kalapit-nayon. Kinagawian na niyang maupo sa ilalim ng malaking puno at awitin ang *“Stabat Mater” (At the Cross her Station Keeping)* na inaawit ng sinumang nagtutungo sa simbahan upang makiisa sa Estasyon ng Krus. Habang inaawit niya ito nang buong puso, nararamdaman niya ang pagnanais na maglingkod sa Panginoon. Biglang sumagi sa murang isipan niya ang bokasyon sa pagpapari, subalit hindi sa Kongregasyong pinasukan ng kanyang mga kapatid na lalaki. Sa halip, parang may lubid na humihila sa kanya na makipamuhay kasama ang mga Pransiskanong prayle o kaya naman ay sa Servites of the Shrine sa Monte Berico sa Vicenza.

Ipinadala siya ng kapatid na lalaki sa mga Misyonerong Xaverian sa Vicenza, matapos ang masinsinang pakikipag-usap nito kay Padre Pietro Uccelli, ang rector (ministrong tagapamahala) ng Kongregasyon.

Taong 1920, panahon noon ng tag-lagas. Naglakbay si Gino kasama ang kanyang ama patungong Vicenza upang maging





Buhay Misyonero

miyembro ng Kongregasyong Xaverian. Di maipaliwanag ang kasiyahang naramdaman ng ama nang bumalik sa tahanan at ibinalita niya agad sa asawa na nasa mabuting kalagayan ang kanilang anak at wala silang dapat na ipangamba.

Sa komunidad naman, isinaayos kaagad ni Gino ang mga pangangailangan niya; ang pagkakaroon ng oras sa pag-aaral, paglilinis at paglilibang. Masayang-masayang ipinaalam ni Padre Uccelli sa mga seminarista ang nalalapit na pagmimisyon sa bansang Tsina na pinapangarap ng mga ito.

Kinagawian na ng Rector na magpatong ng isang pirasong tinapay o kaya nama'y isang maliit na bote ng langis sa gilid ng imahen ni San Jose. Nagpapaalaala ito sa butihing santo na nangangailangan ang Kongregasyon ng sapat na dami ng ganitong uri ng pagkain. Salamat sa panalangin kay San Jose. Natatanggap nila ang mga Biyayang mula sa Diyos sapagkat lahat ng kanilang pangangailangan upang mapakain ang limampung taong nagugutom ay Kanyang tinugon sa pamamagitan ng pagpapadala nito ng mga supot ng tinapay, bote ng mantika at kari-karitong mga panggatong mula sa mga taong may mabubuting kalooban.

Isang araw, nakita ni Gino ang isang lalaking estranghero na dumating, sa hitsura nito'y di mapagkakamalang ito ay pari o seminarista. Hindi niya mahulaan kung gaano na ito katanda. Ang agad na napansin niya sa matanda ay ang nakakatakot na kapayatan nito. Nakita niya si Padre Uccelli papasok sa pintuan kasama ang matandang kanina'y nakita niya. Pinag-isipan niya ito na parang may masamang bagay na gagawin. Sa liham na may petsa ng ika-6 ng Marso, 1936, naalala kaagad ito ng matanda. Lingid sa kaalaman ni John, ang matandang kanyang tinutukoy ay ang magiging isang mabuti at magiting na misyonero - si Pare Andrea Galvan.

Buwan ng Setyembre taong 1924 nang malipat si Gino sa Parma upang harapin ang buhay nobisyado. Noong panahon





Padre John Botton

ding iyon, patuloy sa pagdami ang populasyon ng komunidad at maraming mga batang seminarista ang nagiging pari at nagtutungo sa bansang Tsina upang magmisyon.

Nang dumating si Gino sa Parma, malakas pa ang pangangatawan ni Conforti. Kinagawian na nitong bumisita sa seminaryo upang alamin ang kalagayan ng mga seminarista na ipinagkatiwala niya sa isang matapat na tagapangasiwa.

Dahil sa mga nakalipas na pagdiriwang sa komunidad, lubos na naging magkakilala sina Gino at Conforti. Lagi siya nitong ipinapatawag upang pag-usapan ang tungkol sa pag-aaral ni Gino ng Teolohiya. Puno ng kagalakan ang puso ni Conforti nang bumalik siya mula sa pagbisita sa Tsina noong Disyembre, 1928. Sa mga panahong iyon, isa nang mahusay na mag-aaral sa Teolohiya si Gino. Sa kanilang unang pagpupulong, ganito ang sinabi niya sa kanyang mag-aaral: *“Sa aking pagbisita sa Tsina, napatunayan ko na sa lahat ng lahi ng tao sa mundo, ang mga Tsino ang higit na nangangailangan ng kaalaman sa pananampalatayang Kristiyanismo. Kailangan nila ng mga taong magbubukas sa kanilang isipan ng tunay na pagkilala sa Panginoon. Bagaman matindi ang kaguluhan at kahirapan sa kanilang bansa, hindi pa huli ang lahat. May magagawa pa tayo upang maging maayos ang takbo ng pamumuhay nila at higit sa lahat mapaunlad ang aspetong espiritwal.”* Nagdulot ng malalim na kahulugan ang mga salitang binitiwang niya sa mga nagnanais na maging mga misyonero at di maitatago sa kanilang mga puso ang pananabik na magmisyon sa bansa.

Setyembre, 1929. Ipinadala si Gino sa Vicenza bilang pangalawang tagapamahala sa mga batang misyonero. Masigla siyang naglingkod sa mga ito. Ipinatupad niya ang tamang disiplina sa pag-aaral. Sa kabila nito, batid niya na ang mabuting misyonero ay kailangang marunong makisalamuha at makibagay sa kultura ng mga tao at sanayin sa payak na pamumuhay.





Buhay Misyonero

Buwan ng Hunyo nang sumunod na taon. Bumalik na siya sa Parma at muli niyang ipinagpatuloy ang pag-aaral sa Teolohiya. Inordinahan siyang pari ni Obispo Conforti noong ika-4 ng Abril, 1931 - ito ang kahuli-hulihang ordinasyon ng Obispo at Tagapagtatag ng Kongregasyon bago siya namatay noong ika-5 ng Nobyembre ng taong ding iyon. Pinangunahan ni Padre John ang pagluluksa ng pamilyang Xaverian. Dito niya nasaksihan ang tunay na pagkilala ng mga taga-Parma sa yumaong itinuring nilang isang santo. Inimbitahan nilang magsalita ang Obispo ng Cremona sa araw ng libing na namangha naman sa papuring nasaksihan mula sa mga naroon tungkol sa yumaong Obispo Conforti at sinimulan niya ang kanyang talumpati ng: *“Ito ba ay araw ng paglilibing o isang tagumpay na pagdiriwang?”*

Matapos ang ordinasyon ni Padre John, ipinadala siya bilang bise-rektor (pangalawang tagapamahala) ng seminaryo sa Grumone na nasa probinsya ng Cremona. Makalipas ang ilang taon bumalik siya sa Parma kung saan itinalaga naman siya bilang tagapangasiwa ng misyon. Sa kahuli-hulihang pagkakataon makalipas ang tatlong taong paghihintay, nabigyan siya ng pahintulot na umalis patungong Tsina.

Lulan ng Italyanong barkong “Conte Verde” ang anim na mga kaparian at isang kapatid sa pananampalataya patungong Tsina. Isa sa mga ito si Padre John. Sa pamamagitan nila, ipinaabot ni Padre Uccelli ang kanyang pagbati at pangungumusta sa mga Kristiyanong lugar na nakilala niya noong nagmisyon siya sa bansa kabilang na ang Xuchang, Xian-Xian, Zhengzhou at Pezhoan, ang mga unang lugar niyang pinagmisyunan. Siya ang rektor ng Kongregasyon sa Vicenza sa loob ng tatlumpong taon na tumanggap kay Padre John bilang isang seminarista at nakipamuhay sa Tsina mula sa taong 1906 hanggang 1919.

Ika-3 ng Disyembre. Gabi na nang sila ay dumating sa Shanghai. Kapiyestahan noon ng patron ng Kongregasyon na si San Francisco Javier. Mula sa Shanghai, pumunta sila sa rehiyon





Padre John Botton

ng Henan sa Zhengzhou kung saan may tahanan din doon ang mga Xaverian. Kaagad nilang isinaayos ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng wika sa pamamatnugot ng mga gurong Tsino. Kailangan nilang matutunang magsalita ng wika at maintindihan ang kaisipan at kulturang Tsino. Iba't ibang pag-uugali ang pinakisamahan nila. Kung minsan, nagkakaroon pa rin ito ng ibang kahulugan kahit tama ang salita na kanilang ginagamit dahil sa maling tono ng pagbigkas. Nang minsang may pagdiriwang, may humingi ng maiinom subalit sa maling pagkaunawa sa sinabi, binigyan ito ng isang bigkis ng dayami.

Ang probinsya ng Henan ay misyong ipinagkatiwala sa mga Xaverian na napaliligiran ng mga bundok na kanluraning bahagi ng lugar at pinaninirahan ng pito hanggang walong milyong katao. Taong 1904 nang dumating ang unang mga misyonero roon at ang bilang ng mga Kristiyano ay hindi lalagpas sa anim na raan. Makalipas ang tatlumpung taon, mayroon ng dalawang libong mga Kristiyano at nahati ang pagmimisyon sa dalawang bikaryato: ang Zhengzhou at Luoyong. Ang mga unang misyonerong ito ay sina Luigi Colza, Obispo ng Zhengzhou at Aurelio Bassi, Obispo ng Luoyang. Sa Zhengzhou naman naatasang magmisyon si Padre Botton.

Ang pagsiklab ng rebolusyon noong ika-19 dantaon ang naghudyat sa di makataong paglaban ng mga Europeo sa bansang Tsina. Natigil ang madugong labanan dahil sa pagtulong ng mga kaalyadong bansa ng mga Europeo. Maraming Tsinong Katoliko at Protestanteng misyonero ang namatay dahil sa pagtangkilik sa dayuhang pananampalataya.

Nang mga sumunod na taon, maraming misyonero ang pumasok sa bansang Tsina at nagbalik-sigla ang Kristiyanismo roon. May tatlong milyong Tsinong Katoliko at humigit kumulang sa isang milyon ang mga Protestante na noong taong 1930. Ang pangyayaring ito ay nagdulot ng malaking tulong sa mga misyonero na makapagpatayo ng mga paaralan, ospital, bahay-ampunan at bahay-kalinga para sa mga matatanda.





Buhay Misyonero

Matapos ang isang taong pag-aaral ni Padre Botton, siya ay ipinadala sa Juzhou upang makipagtulungan kay Padre John Tonetto. Ang Juzhou ay kapital ng distrito na may dalawampung Kristiyanong pamayanan - halos lahat ay matatagpuan sa kabundukan. Napakahirap ng mga daanan dito. Gayunman, ang distritong ito ay may magandang reputasyon para sa mga misyonero. May isang libo't tatlong daan at tatlumpung mga Kristiyano ang namumuhay rito.

Ang pamayanang Kristiyano sa Juzhou ay itinatag noong taong 1906 ng mga Xaverian sa pangunguna ni Padre Antonio Sartori, ang punong tagapamatnubay ng misyon na nanirahan sa Tsina sa loob ng siyam na taon. Masasabing siya ay isang mahusay na misyonero. Dahil sa kanyang karamdaman, naging malimit ang pagbisita niya sa lugar at di nagtagal ay pinagpahinga ng kanyang superyor. Naiwan doon si Padre Amadio Calligaro, kasamahan niya. Si Padre John Botton ang pumalit sa kanyang tungkulin.

Ganito ang nilalaman ng liham ni Padre John sa mga Xaverian noong ika-13 ng Setyembre, 1935: *"Gaano man kahirap ang kalagayan ng mga misyonero dito, isang mabuting gawain ito ng tunay na alagad ng Diyos na kahit alam na ang magiging bunga ng iyong pagmimisyon, nanaisin pa ring maglingkod sa kanila sapagkat ang mga misyonero ay tinawag Niya."* Inilarawan din niya ang uri ng pagkain doon. *"Lahat ng pagkain ay gawa sa katas ng linga at pinaniniwalaan rin ng mga Tsino na ang mas mabangong pagkain ay mas malasa, subalit hindi ko ito nakayanan at pilit na itinataggi ng aking sikmura, kaya ang ginawa ko ay nagluto ng lugaw na walang asin at ang kinalabasan nito ay malagkit na parang pandikit. Hindi man ito masarap, nakatulong pa rin ito sa kumakalam kong tiyan. Sinabi ko sa tagapagluto na bumili ng isang buong manok, subalit isa itong luho na hindi namin kayang bilhin, kaya wala na kaming magagawa kundi irespeto ang kanilang kultura. Marami kaming mga naging problema: ang paglalakbay, ang silid-tulugan at higit sa lahat ang pagkain. Sa kabila nito, hindi kami pinababayaan ng Panginoon at dito ko nararamdaman ang tunay na kaligayahan. Isang magandang halimbawa ay nitong*





Padre John Botton

nakaraang araw: natutulog ako sa aking kama ng walang banig habang nakababad ang mga paa sa tubig-ulan, ang mga lamok at langaw ay masayang nagliliparan sa aking paligid. Napakapayak ng aking pamumuhay sa lugar na ito.”

Ganito ang sinulat niya sa kanyang pamilya upang hindi mag-alala sa kanyang kalagayan. *“Maayos at maganda ang aming tirahan. Dalawa kaming pari na nagmimisyon dito. Ang bawat isa sa amin ay may dalawang silid, ang isa ay silid-tulugan at ang isa naman ay silid- aralan. Gayundin, mayroon pang mga silid para sa mga bisitang nakikitulog na galing sa malalayong lugar, o di kaya’y sa mga nais matuto ng katesismo. Halos apat na raang tao ang kakasya rito. Mayroon ding maliit na palaruan ng basketbol, taniman ng gulay at mga punong nakapagbibigay ng lilim at hangin na mainam para sa pahingahan. Hindi rin mahirap ang tubig rito sapagkat mayroong dalawang balon na nagbibigay ng malinaw at malinis na tubig. Wala kaming problema sa pagkain dahil may lalagyan upang manatiling sariwa ang mga ito. Higit sa lahat, may simbahan upang mas lumalim ang aming pananampalataya sa Diyos. Ang lahat ng mga pangangailangan ay nandito na - wala ng dapat pang hanapin. Mayroon ding sampung maliliit na tirahan sa palibot ng bayang ito. Makikita mo rin ang kabundukang may kalayuan sa siyudad at mga ilog na mas malaki sa ilog Brenta. Wala ritong mga bukid na maaring pagtaniman ng palay o kaya’y trigo at mayroon ding lugar na hindi tinutubuan ng anumang uri ng halaman.”*

Ang kagutuman ang kanilang matinding alalahanin at mas lalong tumindi ito noong sumunod na taon kaya nagpadala ang gobyerno ng apatnapung milyong dolyar upang tumulong sa mga tao. Ang tagapangasiwa ng pondo ay ipinagkatiwala sa kinatawan ng dalawang gobyerno at ng simbahang Katoliko at si Padre John ang napiling mamahala sa bagay na ito. Para sa kanya, imposibleng matugunan lahat ang mga pangangailangan ng mga mahihirap kaya humingi siya ng kasama para sa gawaing ito at si Padre Wang na isang Tsino ang ipinadala para maging katuwang niya. Hindi





Buhay Misyonero

lubos maisip ni Padre John ang gagawing pamamahagi ng mga pagkain para sa mga mahihirap dahil hindi niya kayang tingnan ang mga ito na nagugutom at pumupunta sa malalayong lugar upang makahanap lamang ng pagkain. Maraming mga naghihirap sa mga ito, kabilang na ang mga Kristiyano na sama-samang naglalakbay habang ang kanilang mga anak ay nasa kariton at tulak-tulak ng kanilang mga ama at hindi malaman kung saan patungo. Ang iba naman ay namamatay na kung saan sila abutan ng matinding gutom. Mapalad ang ibang nakakatagpo ng pagkain upang mapawi pansamantala ang gutom. Napipilitan silang lisanin ang kanilang miserableng lugar lalo na kapag ang isa sa kanilang pamilya ay nawala. Sa kanilang paglisan, umaasam-asam sila ng mumunting pag-asa, ang mangalap ng mga tira-tirang pagkain o kaya'y tinapay sa mga bahay-bahay at natutulog sa gilid ng kalsada o kung saan maabutan ng gabi. Matanda at bata ay makikita mong buto't balat ang pangangatawan, marurumi at umiiyak. Sa ganitong kalagayan, di mapigilan ni Padre John ang nararamdamang emosyon kaya kahit anong makakatulong sa mga ito ay ginagawa niya upang sila ay magkaroon ng pag-asa.

Nangangamba si Padre John na dahil sa ganitong kalagayan, maiisip ng mga itong sumama sa grupo ng mga rebelde sa lugar na iyon. May maliit na bahay-ampunan sa lugar na malapit sa simbahan. Noong una'y pito lamang na batang babae. Nang sumunod na buwan, mayroon nang pitong dumating. Sa pagsapit ng Nobyembre, labing apat na muli ang nagmula sa ibat ibang lugar.

Makaraan ang ilang buwan, ang lugar ay naging magulo dahil sa gawaing hindi makatao. Nagtangkang sakupin ng bansang Hapon ang Tsina at binalaang masasakop nila ang Manchuria (Hilagang Tsina). Taong 1931, nagdeklara sila ng pag-atake sa lugar.

Noong taong 1936, nararamdaman na ng mga tao sa lugar ng Juzhou ang ginagawang paghahanda ng bansang Hapon para sa labanan. Di lingid sa kaalaman ni Padre Botton na ang gobyerno ng Tsina ay patuloy na naghahanap ng mga sundalo para sa nalalapit na





Padre John Botton

sagupaan anumang oras. Sa kanyang sulat noong ika-1 ng Marso, 1936: *“Kahit ang mga taong naglilingkod ng kusang loob para tumulong sa mga taong nagugutom ay nais pa rin nilang hikayatin na sumama sa labanan. Pinipilit nila na ang bawat lugar na sakop nito ay magbigay ng sapat na mga sundalo.”*

Sa panahon ng digmaan, ang mga misyonero ay abalang-abala sa pagtulong sa mga biktima at ang bahay-pagamutan ay punung-puno ng mga maysakit at sugatan. Sa unang taon ng digmaang iyon, maraming sulat ang naipadala ni Padre Botton sa kanyang pamilya at mga kamag-anak upang ipaalam sa mga ito na siya ay nasa mabuting kalagayan at malayo sa kaguluhan ang lugar na kanyang pinagmimisyunan.

Walang patid naman ang pagtulong ng mga taga-ibang bansa sa mga biktima ng giyera. Ipinatawag ni Obispo Luigi Calza si Padre Botton sa Zhengzhou noong buwan ng Setyembre 1940 at itinalaga bilang tagapamahala ng misyon. Kailangang iwanan ng pari ang Juzhou, ang unang pinagmisyunan niyang lugar. Sa desisyong iyon, labis siyang nakaramdam ng kalungkutan.

Nakianib ang bansang Italy sa digmaang Germany. Ang mga bansang ito ay kaalyadong bansa ng Hapon. Samakatwid, kaaway ito ng bansang Tsina. Ang paghihinala at mga akusasyon ay talagang di-maiwasan. Maging ang mga pari ng bahay-pagamutan ng Zhengzhou ay pinaghihinalaan dahil sa umano’y pakikipagkomunikasyon ng mga ito sa kalaban sa pamamagitan ng paggamit ng radyo. Salamat na lamang sapagkat nagawa pa rin nilang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga ito. Gayunpaman, hindi katulad ng dati ang kabaitan ng mga sundalong Tsino sa mga misyonero sapagkat nakatatak na sa isip ng mga ito ang pagdududa na sa anumang oras ay maaari silang makahingi ng tulong.

Noong ika-29 ng Abril, 1944, nanatili pa rin ang mahigpit na pagbabantay sa mga misyonero kabilang na sa mga ito si Padre Botton. Maraming tao ang nagkakagulo lalo na ang mga babae sa





Buhay Misyonero

bakuran ng tirahan ng mga madre. Nasa labas noon si Padre Botton habang pinalalakas ang loob ng mga ito.

Katanghaliang tapat noon nang isang sarhentong Intsik ang pumasok sa bakuran at agad na ipinukol ang kanyang pistol sa grupo ng mga amang pinaghihinalaan na espiya. Nang araw ding iyon, dumating si Colonel Ly kasama ang kanyang mga tagasunod. Nakita niya kung ano ang ginawa ng sarhento. Tumayo siya sa harapan at sinabing: *“Siya ay si doktor Zulian at siya naman ay si John Botton, ang punong tagapamahala ng bahay-pagamutan. Sila ay mabubuting kaibigan at inuutusan ko kayong pakisamahan sila nang maayos.”*

Samantalang noong ika-30 ng Abril, 1944, madaling araw na noon, bumalik si Padre Zulian sa ospital pagkatapos magdiwang ng Misa. Kaagad niyang tinawag si Padre Botton upang ipaalam na nagkakagulo at nagbabarilan na. Makalipas ang ilang minuto, isang eroplano ng mga Hapones ang biglang sumulpot at sila ay pinasabugan. Isang sibilyan mula sa lupa ang naghagis ng paputok bilang ganti rito. Ang bawat isa sa kanila, mga madre, mga babae, mga guro at mga Kristiyano ay agad na nagtungo sa lihim na lagusan na nasa sa ilalim ng silid ni Padre Zulian.

Buong araw na nagpapalitan ng putok ng mga baril ang magkabilang panig. Bilang depensa, patuloy naman sa paglalagay ng mga matitibay na mga pananggalang ang mga sundalong Tsino. Sa loob ng tahanan lahat sila ay taimtim na nagdasal ng Rosaryo habang palapit ng palapit ang putok ng mga baril at pagbomba sa lugar na kinaroroonan nila. Malinaw na malinaw sa kanilang mga pandinig ang pagbagsak at pagsabog ng mga salamin, pader at semento.

Dapit hapon noon ng biglang tumunog ang sasakyan ng mga batalyon sa bakuran. Hudyat iyon ng pagdating ng mga kalaban. Hindi magkamayaw ang mga tao at ang lahat ay takot na takot. Sinabi ni Padre Botton, *“Paparating na sila! Kailangan*





Padre John Botton

kong lumabas. Kung hindi, papasabugan nila tayo at mamamatay tayong lahat!” Handa siyang lumantad at ialay ang kanyang buhay mailigtas lamang ang mga naroroon.

Agad siyang pumanhik paakyat na may hawak na puting panyolito. Sa may pintuan, dalawang sundalong Hapon ang nakaabang. Umiiyak siyang sumisigaw ng.... *“Italy! Italy!”* habang nagpapagulong-gulong pababa sa hagdanan. Naalarma ang dalawang sundalo. Isa ang sumaksak sa kanya. Kahit sugatan, patuloy pa rin siyang sumisigaw: *“Italy! Katolikong Simbahan! Walang mga sundalo dito!”*

Nagpupuyos sa galit ang isang sundalo at walang-awa siyang binaril nito. Pagkatapos nito, galit na galit silang umalis. Duguan si Padre Botton subalit nasabi pa rin niya sa mga Tsinong Katoliko na *“Huwag ninyo akong iyakan. Masaya ako sa nangyari sa akin... Panginoon, dumating ka na at kuhain mo na ako ... labis akong naghirap, ipinagkakaloob ko na ang buong buhay ko para sa Tsina.”*

Sinabi ni Padre Zulian sa kanya: *“Maging matapang ka. May awa ang Diyos tutulungan ka Niya.”*

“Malubha na ang kalagayan ko, dalawang saksak ng bayoneta ang tumama sa aking tiyan, apat na bala ng baril naman ang tumama sa aking dibdib at wala na kayong magagawa pa sapagkat malapit na akong mamatay,” ang tugon ni Padre Botton.

Pagkatapos ng madamdaming pag-uusap, narinig nila ang halinghing ng mga kabayo sa may labasan. Isa sa mga dumating ang sumigaw: *“May mga tao ba dito?”* Agad silang sumagot , *“Oo! Mga Katolikong Kristiyano kami!”* Isinalin sa wikang Hapon ang kanilang sinagot. Pagkatapos ay muling sumigaw ito: *“Lumabas na kayo!”* Kaagad silang lumabas at nakita nila ang isang opisyal na Hapon kasama nito ang isang batang-batang Tsinitong interpreter, katabi nila ang maruruming sundalo na nababalutan ng alikabok at





Buhay Misyonero

mukhang pagod na pagod sa pagdadala ng mga mabibigat nilang sandata. Tinanong nila kung ano ang nasyonalidad ni Padre Zulian. Sinabi niyang isang Italyanong pari ang malapit ng mamatay sa loob. Kaagad nilang pinuntahan ang kinaroroonan ni Padre Botton. Humingi ng paumanhin ang opisyal. *“Ipagpaumanhin ninyo, ang pangyayaring ito ay dulot ng digmaan.”* Hindi na gaanong makahinga si Padre Botton dahil sa labis na kirot at sakit na nararamdaman niya, bumulong siya ng isang panalangin at tinawag ang pangalan ng kanyang butihing ina. Binasbasan siya ni Padre Zulian. Sa mahinang tinig ay sinasabi ni Padre Botton, *“Inialay ko na ang aking buong buhay sa Panginoon para sa kaligtasan ng Tsina.”* Hatinggabi nang malagutan ng hininga si Padre Botton. Ipinaalam ni Padre Zulian sa mga kasamahang mga Kristiyano na pumanaw na ito at isinakripisyo nito ang sarili para sa kaligtasan nila. Ang lahat ay nagluksa sa pagpanaw ng magiting na misyonerong nag-alay ng sarili para sa kaligtasan ng kanyang mga kasama.

Si Padre John Botton ay maituturing na mabuting tupa sapagkat ipinagkaloob niya ang kanyang buong buhay para sa kaligtasan ng mga tao sa bansang Tsina. Namatay siya sa napakabatang edad, tatlumpu’t anim na taong gulang. Inilibing siya sa may halamanan sa sementeryo ng Carmignano. Sa kapilya roon, nakatayo ang isang malaking batong nakaukit ang kanyang pangalan, ng magiting na misyonero bilang tanda at ala-ala sa mga kabutihang ginawa niya. Higit sa lahat, sumisimbolo ito ng kanyang pagiging martir bilang pagsunod sa yapak ng Panginoong humirang at tumawag sa kanya. Alang-alang sa pagmamahal, inialay ni Kristo ang kanyang buhay at ito rin ang nagsilbing inspirasyon at lakas kaya’t naialay ni Padre Botton ang kanyang buhay para sa kaligtasan ng iba. Alam niyang ang isang tunay na misyonero ay yaong taong handang sundan ang yapak ng Panginoong Hesus na kanyang pinaglilingkuran.





Padre Tullio Favali

Disyembre 10, 1946 - Mantua, Italy

† Abril 11, 1985 - Tulunan Mindano, Philippines





Padre Tullio Favali

Noong Disyembre 10, 1946 ipinanganak ang paring misyonerong martir sa isang simpleng baryo sa Mantua Italy. Pinangalanan siyang Tullio Favali. Katatapos lamang ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noon, kaya naranasan niya ang kahirapan ng buhay. Sa murang edad, natutunan niya ang simpleng pamumuhay. Naging matulungin at mabait na anak at kapatid. Tinutulungan niya ang ama sa gawaing bukid. Noong siya ay siyam na taong gulang, pumanaw ang kanyang ama dahilan upang lalo pa siyang matuto sa buhay. Ang pagiging malapit ni Tullio sa kapatid na babae at sa ina ay lalo pang nadagdagan nang pumanaw ang ama.

Isang araw, kinausap ni Tullio ang kanyang ina sa kanyang balak na pumasok sa seminaryo *“Inay nais ko pong maging pari. Nararamdaman kong tinatawag ako ng Panginoon sa ganitong buhay,”* ang nagpapaunawang wika ng batang si Tullio.

“Desisyon mo iyan anak. Kung iyan ang bokasyon mo natutuwa ako para sa iyo,” tugon ng inang may ngiti sa mga labi. Bagaman nag-aalala ang ina sa anak sapagkat ito’y napakabata pa, sinuportahan nito ang hangarin ng anak na maging pari.

Noong taong 1957, sa edad na labing isa, pumasok si Tullio sa seminaryo upang maging paring *Diocesan*. Sa loob ng seminaryo, maraming taon siyang tuliro at nag-iisip kung itutuloy ba niya ang pagpapari o mamumuhay sa labas. Nagdadalawang-isip siya hindi dahil sa wala siyang bokasyon kundi dahil sa natatakot siya sa mga responsibilidad na sa palagay niya’y di makakayang gawin. Naduduwag si Tullio maging pari dahil baka hindi niya kayang magampanan ang responsibilidad na iaatang sa kanya at





Padre Tullio Favali

sa nakikitang mga kahinaan. Noong 1970, lumabas nga siya ng seminaryo, ngunit patuloy pa rin siya sa paglilingkod at pagiging aktibong miyembro ng simbahan. Dahil mahilig siya sa mga bata, ninais niyang turuan ang mga ito ng Katesismo. Sumama rin siya sa iba pang gawaing pansimbahan at nakibahagi sa gawain ng mga kabataan.

Maraming trabaho ang kanyang pinasukan katulad ng konstraksyon bilang isang welder, ngunit hindi nagtagal ay umalis rin siya sapagkat ayaw niya ng pamamalakad ng may-ari. Naging sundalo rin siya ngunit tinalikuran niya ang pagkakataong magkaroon ng mataas na puwesto. Sa huling trabahong kanyang pinasukan bilang kawani sa kanilang munisipyo, napagtanto niyang may kulang sa kanyang buhay. Mayroon siyang hinahanap na di pa niya natatagpuan. May idinidikta ang bahagi ng kanyang puso na gustong punan ang nararamdamang kakulangan sa kanyang pagkatao.

Pagkalipas ng sampung taong pamumuhay sa labas, si Tullio ay nagdesisyong pumasok sa Kongregasyon ng PIME o *Pontifical Institute for the Foreign Missions* bilang misyonerong pari, buo na ang loob at may paninindigang kayang harapin ang anumang pagsubok na darating. Sumulat siya sa *Superior General* ng kongregasyon ng PIME na nagsasaad ng ganito.

“Ako si Tullio Favali na taga-Mantua, magtatatlumpu’t dalawang taong gulang, nagnanais na pumasok sa PIME upang maglingkod sa simbahan bilang paring misyonero. Nais kong simulan ang aking sulat sa pagsasabing ginugol ko noon ang aking kabataan sa seminaryo hanggang sa isa’t kalahating taon na lamang bago ako ordinahan. Ngunit noong taong 1970, nagpasya akong huwag ipagpatuloy ang aking hangaring maging pari. Binigyan ako ng payo ng mga pari at Obispo upang magbago ng pasya ngunit buo na ang aking desisyon. Sinubukan ko ang makipamuhay sa labas nang may kahirapan... at sa panahong inilagi ko sa labas, hindi ko pinag-ukulan ng aking pansin ang buhay espiritwal sa kagustuhang





Buhay Misyonero

maiba ang aking sarili sa dati (nakasuot ng uniporme ng pari). Unti-unti kong naramdaman na may kulang, di ko na makita ang aking sarili. Di ko na maitatanggi ang aking bokasyon, kung saan ito ang pinakamahalaga sa aking buhay.”

Ngayon ay napakalinaw na para kay Tullio ang kanyang bokasyon at wala na ang pag-aalinlangan sa sarili. Panatag ang kanyang kalooban na kinausap ang Superyor at walang pag-aalinlangan ang kanyang pagsasalita. Ginugol niya ang panahon sa Busto Arsizio kung saan naroon ang lugar ng paghuhubog at pagmumuni-muni at pagpapasya sa kanilang bokasyon.

Ang kanyang mga kaibigan ay natuwa sa kanyang desisyon at nakita rin ang kanyang malaking pagbabago. *“Tunay ngang nagbago na si Tullio ang nakikita namin ngayon ay hindi na katulad sa isang batang lalaki, siya’y may isang salita at totoo.”* Ang talagang mapapansin ng bawat isa kay Tullio ay ang kapayapaan ng kanyang kalooban bunga ng malalim na pananaw sa buhay.

Noong unang araw ng Oktubre, 1978, sa edad na tatlumpu’t dalawa, si Tullio ay pumasok sa seminaryo ng PIME upang mag-aral muli ng Teolohiya (na kung tutuusin ay tapos na niyang kunin bago pa lumabas ng seminaryong una). Nagpapakita lamang ito na siya ay may mababang loob at bukas ang kaisipan at puso. Noong ika-6 ng Hunyo, 1981 naganap ang isa sa pinakamasaya at hindi malilimutang araw sa buhay ni Tullio - siya ay naging isang ganap na paring misyonero.

Agad namang itinalaga si Padre Tullio sa bagong lugar ng misyon ng PIME sa Papua New Guinea. Masaya siyang marinig ang balitang iyon lalo pa’t mapapabilang siya sa unang grupo ng mga misyonero sa lugar na iyon. Buwan ng Oktubre nang taon ding iyon, pumunta si Padre Tullio sa Estados Unidos, Amerika upang mag-aral ng wikang Ingles bilang paghahanda sa magiging unang misyon. Pagkatapos ng pag-aaral ng Ingles, nalaman niyang may kahirapan ang pagkakaroon ng *visa* papuntang Papua New Guinea. Habang





naghihintay na maayos ito, tumigil muna siya sa seminaryo ng PIME sa Sotto Il Monte ng isang taon. Mabait siya sa mga kasama, simple at mapagpakumbaba. Tahimik lamang ngunit palakaibigan at handang tumulong sa mga kasamahang nangangailangan. Mahilig siyang umakyat ng bundok at madalas pumupunta sa Bundok Canto upang bisitahin ang isang matandang kaibigang ermitanyo na mag-isang nanirahan doon. Dinadalhan niya ito ng tinapay, keso at alak.

Gayunpaman, hindi niya narating ang Papua dahil sa paulit-ulit na pagpapaliban at pagbabago ng mga plano sa grupo ng mga misyonero. Dahil sa sabik na magmisyon at naiinip sa paghihintay, nakiusap siya sa kanyang Superyor na italaga sa ibang lugar maliban sa napakalaking bansa ng Estados Unidos kung saan nakaramdam siya ng pagkailang sa napakalaki at napakaunlad na siyudad ng Amerika. Nais ni Padre Tullio na maglingkod sa mga simpleng tao gaya ng mga kababayan niya sa Mantua. Nangangarap siya ng misyon na may simpleng lugar: bukirin at bulubundukin, may ugnayan sa kalikasan at sa mga taong naninirahan dito. Hindi siya natatakot na harapin ang kahirapan at pagsasakripisyo sa misyong kanyang gagawin.

Samantala, naitalaga siya sa Tulunan, isang mahirap na lugar sa Mindanao, lugar kung saan hindi naipalalaganap ang ebanghelyo. Ang karamihan sa naninirahan dito ay mga Muslim at iba't ibang tribu sa Mindanao. Noong Hunyo 12, 1984 si Padre Tullio ay dumating sa Tulunan, tinatawag na "Pugad ng Karahasan" dahil ito ay pugad ng mga rebeldeng komunista. Maliban dito, ang mga tao ay nag-aaway-away dahil sa lupain. Karaniwan sa lugar na ito ang pagpapahirap (torture) o di kaya'y mga taong kumakain ng kapwa tao (cannibalism). Siya'y naging katuwang ni Padre Peter Geremia sa pag-aalaga at pagpapalago ng buhay espiritwal ng mga tao rito.

Ang lugar ay kapatagan - ito'y taniman ng palay at napapalibutan ng gulod kung saan may tanim na mais at tubo. Ang pagtatanim ay nakadepende sa panahon dahil walang irigasyon. Ang kuryente ay sa umaga lamang ginagamit. Nasaksihan ni Padre





Buhay Misyonero

Tullio ang hirap ng buhay sa Pilipinas lalo na sa Mindanao. Si Padre Tullio ay nakisangkot sa mga gawaing pansimbahan ng buong puso at lakas. Di naglaon, napamahal si Padre Tullio sa mga tao dahil sa kanyang kabaitan at natuto na rin siyang magsalita ng Ilonggo. Hindi maikakailang si Padre Tullio ay nahihirapan ding makiayon sa bagong lugar na ginagalawan. Masasalamín ito sa kanyang katawan sapagkat malaki ang kanyang ipinayat. Kahit na maiksing panahon pa lamang ang nailagi sa lugar, nasaksihan na niya ang tunay at masalimuot na realidad ng buhay ng mga taong kanyang pinaglilingkuran.

Makikita ang karukhaan ng lugar kung saan nakatalaga ang PIME, napag-iwanan na ng kabihasnan dahil na rin sa hirap ng transportasyon at komunikasyon. Ang kanilang gawain ay isinasagawa sa mga mahihirap. Pati ang estilo ng buhay ng mga misyonerong PIME ay iniayon rin sa mga taong kanilang pinaglilingkuran

“...Krisis sa ekonomiya, tensyon sa pulitika sa pagitan ng oposisyon at ng pamahalaan, hindi pagsang-ayon sa sistema ng pamahalaang diktatoryal. Takot ang nararamdaman ng mga tao dahil kadalasa’y pinapasok ng mga sundalo ang kanilang bahay na walang pahintulot upang siyasatin o arestuhin ang mga ito. Ang ibang sibilyan ay nakisapi na sa mga rebeldeng komunista o di kaya’y kinukupkop ang mga ito. Marami ang pinakulong, pinaalis sa bansa, at kasong pagpatay pagkatapos na maaresto na walang nangyaring pagdinig sa kaso ng mga ito.” Ito ang masaklap na katotohanang nagaganap sa lugar na iyon.

Ang sambayanan ay nagkaisa sa pagprotesta sa mga nakasisindak na kaganapan sa Tulunan. Madalas na sa Simbahan kumakatok at humihingi ng tulong ang mga mahihirap at mga taong walang matakbuhan na ang tanging pag-asa ay ang maliit lamang na pagbabago.

“Sinisikap naming maging kanlungan ng pag-asa at maging daan ng kapayapaan... ang lubusang pagpapanibago ng lipunan ay





Padre Tullio Favali

kailangan at ito ay nangangailangan ng matagal na panahon, sa pamamagitan ng edukasyon sa pagpapahalaga sa buhay, hustisya at pangunahing karapatang pantao. Tiyak na ito ang isa sa mga hangarin namin bilang pari.”

Natuklasan na nga ni Padre Tullio ang mga tungkulin bilang isang tunay na pari. Ang matagal na katanungan sa kanyang isipan ay mayroon ng kasagutan. Mahalaga ang presensya ng mga misyonero para sa paglago ng sangkatauhan. Dahil sa kailangan niyang makipamuhay sa mga Pilipinong kanyang pinaglilingkuran, nag-aral siya ng wikang Ilonggo at unti-unti ring natambad pati na ang kultura na kung saan lulubusin ang kanyang pasensya. Unti-unti, nakiayon siya sa ritmo ng buhay Pilipino. Maraming beses na hindi nasusunod ang nakatakdang oras ng kanilang pagpupulong at pati na rin ang Banal na Misa. May mga gawaing pinagplanuhan subalit nananatiling plano sapagkat di maumpisahan. Sa tulad ni Padre Tullio, ang ganitong sitwasyon ng buhay ay isang iskandalo, ngunit dahil sa bukas ang kanyang puso at mapagmasid, at tunay na may pusong misyonero, madali niyang naintindihan ang mga bagay na sa simula ay nanatiling palaisipan sa kanya. Karaniwang nagkakaroon sila ng diskusyunan sa pagpupulong, maraming mga paliguy-ligoy na usapan bago pa mabuksan o mapag-usapan ang talagang pakay. Dahil sa sila ay hindi nagsasabi ng mga saloobin at hindi rin nagbibigay ng mga opinyon, nanatili pa ring misteryo ang buhay nila para kay Padre Tullio. Bagama’t naroon ang pang-unawa para sa kanila, hindi pa rin siya lubusang nakakapasok sa klase o sistema ng kanyang ginagalawan.

Mas bumabagabag sa kanya ang malnutrisyon na masasalamain sa mga bata, mga batang payat at mahihina na nagpapatunay ng kahirapan ng buhay. Sa tuwing pumupunta siya sa mga baryo, maraming bata ang patakpong sumasalubong sa kanya habang sumisigaw ng “Padre!”. Ang mga batang ito ay nagpapaalala na maraming bata ang namamatay dahil sa gutom at kahirapan ng buhay.





Buhay Misyonero

Isang araw, nagdaos ng Banal na Misa si Padre Tullio para sa patay na bata. Dalang-dala siya ng kanyang emosyon dahil sa pagkahabag dito at halos hindi niya matapos ang Misa ng mga sandaling iyon. Sa sulat ni Padre Tullio kay Padre Gilberto Orioli noong 1985, nasasalamín ang kanyang katatagan at ang pagmamahal sa mga taong kanyang pinaglilingkuran:

*“Wala akong maibabahagi sa mundong ito kundi ang aking sarili, makipamuhay sa mga taong ito. Maraming mga gawain, at ang naiatang sa amin ay hindi pangkaraniwan. At sa gawaing ito mayroong isang nagbibigay ng katatagan sa ating kahinaan, kaya **tibayan ang loob** at lagi nawa nating paalalahanan ang bawat isa ng mga katagang ito.”*

Samantala, matindi ang tensyon sa Tulunan. Ang kaguluhang ito ay nagsimula pa noong taong 1972 dahil sa agawan sa lupa. Ang digmaang ito ang nagiging ugat upang lisanin ng mga tao ang lugar. Noong taong 1980, wala nang bahay sa bayang iyon - sinira at sinunog. Itinatag at nabuo rin ang kulto ng mga Ilaga, dahilan upang ang Tulunan ay maging bayan na nakakatakot at mapanganib sa buong Kidapawan. Ang mga Ilaga ay nagdadala ng mga armas upang protektahan ang kanilang grupo laban sa Muslim at pumapatay ng mga Kristiyano. Pagkatapos, nagsasagawa sila ng ritwal. Minsan ay pinuputulan nila ng tainga ang kanilang biktima. Minsan nama’y kumakain sila ng laman ng mga ito (cannibalism). Tinagurian silang “Ilaga” na ang ibig sabihin ay “daga” dahil pinapatay nila ang kaawa-awang mga Kristiyano na parang daga.

Noong una, pinuprotektahan ng mga Ilaga ang mga sibilyang Kristiyano laban sa mga Muslim ngunit sa kalaunan ay nagiging isang aktibidades na nila ang pumatay ng kapwa Kristiyano. Pinahihirapan at pinapatay upang ipakita ang kanilang paghahari, at upang sila’y katakutan; kinakain rin nila ang ilang bahagi ng mga taong pinapatay.





Ano nga ba ang magagawa ng mga misyonero na naroroon laban sa mga ito? Tulad ni Padre Tullio, sila ay tulad ng mga tupa na ipinastol upang lapain ng mga naghihintay na lion. Ang mga taong ito ay wala ng kinatatakutan lalo pa nang ginamit sila ng mga sundalo upang maging depensa laban sa mga rebeldeng komunista at Muslim.

Binuo ang (CHDF) Civilian Home Defense Forces na pinamumunuan ng magkakapatid na Manero upang protektahan ang bayan ng Tulunan, sapagkat ang mga rebeldeng komunista ay nagtatago sa bundok dahilan upang di nila mahuli. Sila ang inatasang manghuli ng mga pinaniniwalaang rebelde sa lugar na iyon. Tunay ngang nakakatakot ang grupong ito at lalo pang naging masalimuot ang buhay ng mga tao sapagkat di nila alam kung saan tatakbo. Pati ang mga misyonero sa lugar na iyon ay pinapatay at marami na sa kanila ang nag-alay ng sariling buhay.

Isang araw, ika-11 ng Abril, panahon ng Kuwaresma, sa La Esperanza na kalapit-bayan ng Tulunan, nag-iinuman at nagsisigawan sa isang kainan sa kantong iyon ang grupo ng mga Ilaga gaya ng nakaugalian. Doon din nila pinaplano kung sino ang kanilang papatayin na pinaniniwalaan nilang rebeldeng komunista. Marami ang pangalang nakasulat sa kanilang listahan at isa na rito ang pangalan ni Padre Peter Geremia na kasamahan ni Padre Tullio, at si Rufino Robles na nang panahong iyon ay padaan sa kanto kung saan naroon ang grupo. Nang makita ng grupo si Rufino, siya ay kanilang pinagbabaril. Nakapagtago si Rufino sa isang bahay ngunit siya ay duguan. May isang taong nagmamadaling tumakbo papunta sa mga pari upang humingi ng tulong dala-dala ang isang pirasong papel na may mensahe. “Padre, tulong sa La Esperanza.” Nang mga sandaling iyon, si Padre Tullio ang nakatanggap ng sulat sapagkat nang mga sandaling iyon si Padre Peter ay nagbibinyag sa ibang baryo.

Sakay ng motorsiklo, pumunta si Padre Tullio sa La Esperanza at pumasok sa bahay kung saan naroon si Rufino. Habang siya ay





Buhay Misyonero

nasa loob ng bahay at iniinspeksyon ang sugat ni Rufino, nakarinig sila ng mga putok sa labas. Sumilip si Padre Tullio sa bintana at nakita niya na isa sa mga Manero ay sinusunog ang kayang motorsiklo.

“Lalabas ako, di nila ako sasaktan!” ang wika ni Padre Tullio. Hindi inalintana ang takot kahit na marami ang pumipigil sa kanyang lumabas. Siguro nga, naniniwala pa rin si Padre Tullio na kahit katiting na respeto ay ibibigay ng grupong ito sa tulad niyang pari.

Si Edilberto Manero ang lumapit sa kanya at nakatawang bumati *“Padre, gusto mo bang magsuntukan tayo?”*

Nais ni Padre Tullio na makipag-usap nang payapa kaya lumapit siya sa mga ito. Walang salita na itinaas ni Padre Tullio ang dalawang kamay upang ipabatid sa grupo na siya ay naparoon upang maghatid ng kapayapaan. Nilapitan niya si Edilberto na may hawak na baril. Matiim na nakatitig si Edilberto kay Padre Tullio habang ang pari ay papalapit. Itinaas nito ang hawak na baril at itinutok sa pari na nakataas pa rin ang dalawang kamay. Walang pag-aalinlangang kinalabit ni Edilberto ang gatilyo ng baril at ang bala ay tumama sa dibdib ni Padre Tullio. Napaluhod si Padre Tullio’ng hawak ang dibdib ngunit siya ay pinaputukan rin. Makikita ang kagalakan sa grupo sa pagkamatay ng paring misyonero - nagkakatuwaan at sumisipol habang sila ay kumakanta at sumasayaw na pinaiikutan ang pari.

Nang mga sandaling iyon, sampung minuto pagkalipas ng mga pangyayari, paparating sa lugar na iyon si Padre Peter Geremia. Habang siya ay papalapit sa pinangyarihan ng krimen, marami ang humarang sa kanya at nagsabing mag-iba ng daan, wala nang tanong at gayon nga ang ginawa ni Padre Peter ngunit alam niya na hinahanap siya ng grupo ng mga Manero upang gawin ang pinaplanong pagpatay sa kanya. Sa kumbento, nakita niya ang papel kung saan nakasaad na humihingi ng tulong sa La Esperanza pero si Padre Tullio ay di niya makita. Nagmamadali siyang pumunta sa





kapulisan upang magpasama sa lugar na iyon. Mababakas din ang takot sa mukha ng dalawang pulis na sumama sa kanya. Kalahating oras pa bago nila narating ang mga labi ni Padre Tullio na nakaratay sa daan. Umiiyak na napaluhod si Padre Peter pagkakita sa kanyang kasama at nag-usal ng panalangin.

Kahit na pinatay nila si Padre Tullio upang bigyan ng leksyon ang mga pari at misyonero at upang takutin ang mga Kristiyano, higit na tatlong libo ang nakipaglibing nang ihatid si Padre Tullio sa huling hantungan. Dahil sa pagkakaisa ng mga kaparian at mga Kristiyano, naipakulong ang grupo ng mga Manero. Simula noon, unti-unti nang nabawasan ang karahasan sa Tulunan.

Siguro nga, nakatakda na mag-alay ng buhay si Padre Tullio at handa rin siya na ibigay ito. Natagpuan sa kanyang higaan ang isang kard mula sa kaibigan na may larawan ng dalawang sundalong may hawak na baril at sa gitna ng mga ito ay isang lalaking duguan na nakahandusay tila na nagpapahiwatig ng kanyang magiging karanasan. Sa kabila ng maraming mga pag-aalay ng buhay na nagaganap sa Mindanao na sa kasalukuyan ay patuloy na isang katotohanan, ang mga misyonero ay hindi pinanghihinaan ng loob. Para sa kanila, ang pagiging misyonero ay pag-aalay rin ng buhay. Diyos na lamang ang nakakaalam kung papaanong ang isang kahindik-hindik na pangyayari ay may maidudulot na kabutihan. Kailanman, hindi makalalampas sa paningin ng Panginoon ang mga sakripisyo at pag-aalay ng buhay ng mga taong nagsumikap na sumunod sa Kanya.





Richard Michael "Richie" Fernando

Pebrero 27, 1970 - Quezon City, Philippines

† Oktubre 17, 1996 - Phnom Penh, Cambodia





Richard Michael “Richie” Fernando

*“Sana, kapag ako ay pumanaw... maalaala ako ng mga tao hindi kung gaano ako kadakila o kalakas, o ni gaano ako kagaling, ngunit dahil sa ako’y nagsilbi at nagpahayag ng katotohanan, binigyang-saksi ko kung ano ang tama, at ako’y tapat sa lahat ng aking binigkas at ikinilos, sa madaling salita... **minahal at sinundan ko si Kristo**”.*
(mula sa talaarawan ni Richie, Enero 3, 1996)

Sa Children’s Memorial Hospital sa Quezon City noong ika-27 ng Pebrero, taong 1970 isinilang ang isang napakalusog na sanggol na lalaki mula sa mayamang pamilyang Antonio at Visitacion “Vising” Fernando. Higit sa lahat, ang pamilya nila ay may takot at pagmamahal sa Diyos. Hindi tuloy nakapagtataakang ang pangalan ng kanilang mga anak ay sinunod sa mga santo o banal; Raymond, Maria Theresa, Angelica at syempre, ang bagong sanggol na mula sa pangalan ng isang arkanghel, si Richard Michael, na tinawag sa palayaw na “Richie.”

Hindi maikakailang si Richie ay lumalaking malapit sa kanyang ina palibhasa’y pareho silang mahilig kumanta, sumayaw at maghanap ng marami at bagong kaibigan. Malimit siyang kasa-kasama ng ina sa mga pagdiriwang na dinadaluhan nito. Prisentado yata siyang ipakita at ibahagi ang talento sa mga tao. Ni minsa’y hindi niya binigo ang ina sa lahat ng hiling nito.

Kinamulatan na rin ni Richie na tuwing Linggo nagsisimba ang kanilang buong pamilya, kaya nga hinihintay-hintay lagi niya ang espesyal na araw na iyon sapagkat gustung-gusto niyang marinig ang mga awit ng koro, ang makita at obserbahan ang paring nasa harap ng altar habang nagmimisa. Sa murang puso’t isipan ni Richie, nabuo ang pangarap na *“Balang araw, magiging*





pari rin ako". Masayang ibinahagi ni Richie ang munting pangarap sa mga magulang ngunit ipinagwalang-bahala nila ito; bukod sa bata pa kasi'y baka nagbibiro lamang ito. Gayunpaman, patuloy nilang hinubog ang kanilang anak na may pagmamahal at takot sa Diyos. Gabi-gabi pagkatapos kumain, nagdarasal ang buong pamilya ng Santo Rosaryo. Pinag-aral nila si Richie ng Elementarya sa Paaralang Dominican, isang katolikong paaralan na kung saan mga madre ang namamahala. Sa paaralan ipinakita ni Richie ang talino sa Matematika kaya nga lagi siyang kasama sa mga *quiz bee* sa eskwelahan. Lagi rin siyang kasama ng ina sa pamamalengke dahil ginagawa siya nitong *walking calculator* o taga-kwenta ng kanilang mga pinamili. Hindi lang galing sa Matematika ang ipinamalas ni Richie sa paaralan gayundin sa pagsayaw at pagsasadula.

Nang papasok na sa paaralang Sekondarya si Richie, lumipat ang kaniyang pamilya sa Quezon City at siya ay pumasok sa isang Katolikong Paaralan ng Claret, isa na namang paaralang pinamumunuan ng mga misyonerong Claretian. Habang lumalaki, yumayabong ang talino ni Richie at para sa kanyang ina, siya ang pinakamatalino sa kanyang mga anak kahit pa nga umuuwi rin ng mga karangalan ang mga kapatid. Minsan, malungkot na sinita siya ng ina dahil sa bumababa ang mga marka nito at biniro nito ang ina... *"Nay, ilan bang medalyon ang gusto mong makuha sa aking pagtatapos? Kaya ko naman pong ibigay sa inyo kahit kasindami nang matatanggap ng aming valedictorian, pero hindi ako magiging Valedictorian."* Kaya nga ng araw ng pagtatapos, tuwang-tuwang ibinigay ni Richie ang apat na medalyon sa mga magulang; nakuha niya ang ikalawang karangalang banggit (2nd Honorable mention), medalyon bilang *Best in Math, Excellence in Science* at nakuha rin niya ang *Distinguish Award for Conduct*. Hindi maitatago ang sayang naramdaman ng ama ni Richie dahil sa ipinakita nitong talino ngunit sa puso ng isang ama'y higit ang pagmamalaki at tuwa nang makuha ng anak ang huling medalyon na nagpapatunay na napalaki nilang mabait at mabuti ang kanilang anak.





Dumating ang bakasyon. Malayang sumama si Richie sa mission trip sa Mindoro Oriental, kasama ang mga *volunteers* sa gawaing pangmisyon. Sa Mindoro nakita at nakasama ni Richie ang mga katutubong Mangyan at doon niya nakita ang ibang bahagi ng buhay - isang realidad na nagpabago ng kanyang pananaw sa buhay. Doon niya napagtanto ang pangangailangang magturo, magpalaya sa kamangmangan, magpahayag ng Mabuting Balita, magdasal at magpuri sa Diyos,...sa lupain ng misyon. Muling nasabi niya sa sarili: *“Mayroong malaking pangangailangan sa mga pari na magbibigay ng kanilang buong kakayahan at buhay para sa Diyos. Kung kagustuhan ng Diyos, gusto kong maging isa sa kanila.”* Dumating siya sa Mindoro na taglay ang luho sa buhay, halos lahat ng damit at gamit niya ay mamahalin, ngunit umuwi si Richie na dala-dala ang pagmamahal sa mahihirap at hangarin sa puso na magbagong-buhay.

Noong bakasyon ding iyon, kumuha na si Richie ng pagsusulit sa ibat-ibang paaralan sa Maynila para sa kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Masayang natanggap ni Richie ang balitang nakapasa siya sa lahat ng paaralang kanyang inaplayan. Ngunit nagdesisyon siyang kunin ang kursong *Management Engineering* sa Ateneo de Manila University, paaralang pinamamahalaan ng mga paring Heswita. Labing-anim na taon si Richie ng pumasok sa kolehiyo at masaya siya sa mga aralin niya higit sa lahat sa Pilosopiya na kung saan ang kanilang guro ay isa ring paring Heswita, si Fr. Roque Ferriols, SJ. Sumali siya sa iba’t-ibang organisasyon sa paaralan katulad ng GABAY, isang organisasyon ng mga estudyanteng tumatanggap ng *scholarship* bagaman siya ay hindi iskolar. Minsan, nagkaroon ng *retreat* ang grupo ng Gabay at doon nakilala naman niya si Frater Manny Flores. Nasa loob sila ng Bus papuntang Tagaytay, at dahil mga kabataan ang sakay nito, napuno ng ingay at biruan ang buong sasakyan. Napansin ni Frater Manny ang isang lalaking matangkad at malaki ang katawan na parang siga. Nangunguna pa ang lalaking ito sa pangangantiyaw. Mag-isang nakaupo ang pari sa unahan at tahimik na pinagmamasdan ang buong grupo nang biglang lumapit ang siga, na para bang hiyang-hiya...si Richie. Nagkwentuhan ang





Buhay Misyonero

dalawa hanggang sa nadako ang kanilang usapan sa pagpapari kaya naitanong ni Richie... *“Kailan po kayo magiging ganap na pari?”* Sumagot ito, *“Sa loob lang ng ilang buwan, maoordinahan na ako bilang pari”*, at nagpahabol pa ito ng biro. *“Ikaw rin, di ba?”* Ang akalang birong iyon ay nagpabuhay sa matagal ng pangarap ng binata, hindi maipaliwanag ang namayani sa sulok ng puso nito, *“posible rin pala akong maging pari”*. Gayunpaman, gusto niya ng katiyakan na tinatawag nga siya ng Diyos sa buhay pagpapari, at isinangguni niya ang hangarin kay Fr. Flores na siyang nagbiro sa kanya noon, ang kanyang unang naging spiritual director nang maging ganap na pari na ito. Hindi man makapaniwala ang pari sa narinig, siya rin ang nagbigay ng pag-asa rito.

Nang si Richie ay nasa pangalawang taon na, nagdesisyon siyang lumipat ng kurso at ayaw na niya ng marangyang trabaho. Nasabi niya sa sarili: *“Gusto kong magsilbi sa mahihirap kapag nakatapos ako ng pag-aaral.”* Ikinalungkot ng mga magulang ang naging desisyon ng anak, ngunit determinado ito sa naging pasya na pinagtibay ng pangarap na magkaroon ng simpleng buhay at maglingkod sa mahihirap. Sa huli, ibinigay nila ang pagbabasbas, taglay ang tiwala sa kanilang puso na tapat ang anak.

Dahil gusto ni Richie na ihanda ang sarili, sumali siya sa organisasyon ng *OSCI (Office of Social Concern and Involvement)*. Dito sila ay nagsisilbi sa mga mahihirap. Tumutulong din sila sa paghuhubog ng espiritwal na bahagi ng buhay ng mga tao, kaya nga madalas na magpaalam si Richie sa mga magulang. Lingid sa kaalaman nila, dito ginugugol ng kanilang anak ang panahon at lakas. Sumali rin siya sa *ACMG (Ateneo Campus Ministry Group)* at dito ipinagpatuloy ni Richie ang pagmamahal sa Banal na Misa. Araw-araw, masaya niyang tinatanggap si Hesus sa Banal na Komunion. Doon na nagpasya si Richie na simulan ang pagtupad sa pangarap na maging pari para sa mahihirap, ipaglaban ang katarungan para sa bayan. Ngunit tuwing magpapaalam si Richie sa mga magulang sa hangarin niyang ito, laging iniiba ng mga ito ang usapan. Laging kinukumbinsi ng ina na magtapos muna siya ng pag-aaral at





pagkatapos makakuha ng diploma ay pwede na niyang ituloy ang pangarap na magpari. Nag-aalala kasi ang ina, *“Paano, anak, kung hindi ka matanggap sa pagpapari? Masasayang ang mga taon.”* Tahimik lamang sa isang tabi ang ama pagkat labag sa kalooban niya ang desisyon ng anak. Si Richie kasi ang pinakamatalino niyang anak at alam niyang may magandang kinabukasang naghihintay dito.

Minsan, kinausap ni Richie ang ama nang puso sa puso. *“Tay!, Di ba ako ang pinakagwapo sa mga anak mo?”* Sumagot ang ama: *“Oo”,* kahit lihim na nagtataka sa masyadong harap-harapang pagmamayabang ng anak. Ang sumunod na tanong ay; *“Tay! Di ba sabi ninyo, ako ang pinakamatalino sa aming magkakapatid?”* Sumagot ulit ang ama, *“Oo”.* At sinundan ulit nito ng tanong: *“Tay! Di ba ako ang number One sa inyo?”* Dahil sa pag-aakalang nakikipagbiruan ang bunsong anak at naghahanap ng atensyon tulad noong bata pa ito, pabuntung-hiningang sumagot ang ama: *“Oo naman.”* Hindi niya alam na iyon pala ang pinakahihintay na pagkakataon ng anak at muli itong nagwika, *“Tay! Di ba kapag nag-alay ka sa Diyos, ang ibibigay mo ay yong ‘the best’ at iyong ‘number one?’.”* Dahil sa likas na butihing puso ng ama, sumagot ito: *“Iyon dapat ang laging mangyari, anak!”* Hindi na nagpaliguy-ligoy pa si Richie sa pagkakataong ito, at muling nagwika, *“Tay!, gusto ko pong magpari! Alam ko na ngayon ay papayagan mo na akong sumapi sa Kongregasyon ng mga Heswita kasi sabi mo ibibigay mo sa Diyos ang ‘the best’ at ‘number one!’”*

Hindi nakapagsalita ang ama sa narinig. Nasukol siya ng anak, ngunit pagkatapos ng matagal na katahimikan, muli itong napabuntung hininga at nagwika: *“Kung talagang determinado ka na maging pari, anak, siguradong wala na kaming magagawa para mapabago pa ang isip mo. Asahan mo lang na ang buong pamilya mo ay susuporta sa iyong mga pangangailangan. Kung sakaling magbago ang isip mo, handa kaming tanggapin ang iyong pagbabalik.”* Hindi alam ni Richie kung paano magpapasalamat sa Diyos sa pagkakaroon ng isang mabuting pamilya.





Ang mga bagong aplikante sa pagpapari ay tumitigil muna sa Arvisu House, kung saan ang mga bagong nagtapos sa Kolehiyo o kasalukuyang nag-aaral pa lamang ay matutulungan sa pagpapasya kung totoong sila ay may tawag sa buhay relihiyoso sa Kongregasyon ng Heswita. Sa simula, papunta-punta lang si Richie sa Arvisu ngunit nang nasa ikatlong taon na siya sa Kolehiyo, kinumbinsi na niya ang mga magulang na doon na tumira. Bagaman pinagsabay niya ang pag-aaral at ang kanyang *formation*, masayang-masaya si Richie, lalo siyang lumalago, nasabi pa nga niya, *“Marami akong magagandang nararanasan ngayon, may lakas na harapin ang mga oportunidad, may sayang madiskubre kung ano ang mga nararapat sa buhay at higit ang pagkauhaw ko para sa buhay-pagdarasal at sa ibang bagay na mahalaga.”* Ngunit hindi lang saya ang nararanasan ni Richie sa Arvisu house. *“Dito, nararanasan ko ang lungkot... lungkot ng pagkakalayo sa mga magulang, mahal sa buhay, kaibigan at ang buhay na kinasanayan ko na. Ang ibang mga kasamahan ko ay umaalis, ang iba nama’y nagpapatuloy sa paglakbay at pagsunod sa tawag ng Diyos.”* May mga panahong galit siya sa sarili - hindi kasi niya magawa ang mga bagay na alam niyang dapat at tama, ngunit nandoon ang pagsusumikap na magbago at lumago, at kalauna’y hindi niya namalayang malayo na pala ang Richie noon sa ngayon maraming bagay na pala ang nagbago sa kanya nang hindi niya namamalayan.

Desidido si Richie sa hangarin kaya pagkatapos matanggap ang diploma sa Kolehiyo sa *BS Development Studies*, nagpatuloy at natanggap siya bilang nobisyado ng Heswita. Parang piyesta sa *Sacred Heart Novitiate* House noong ika-30 ng Mayo, 1990, dahil sa dami ng mga pari, kamag-anak at kaibigan ng mga papasok sa Novitiate, upang sumapi sa Kapisanan ni Hesus (Heswita). Siyempre, abala si Richie sa pag-aasikaso at pakikipagkuwentuhan sa mga bisita. Nang pumatak na ang ika-3 ng hapon, hudyat na para pumunta ang mga magiging nobisyado sa harap ng pintuan ng Novitiate House at ang bawat isa ay ipinakilala ang kanilang mga magulang at pamilya. Nang matapos na ang programa, ang mga magiging nobisyado ay inihiwalay na sa kanilang pamilya.





Richard Michael “Richie” Fernando

Napaluha ang kanyang mga kapatid sapagkat sinabi ni Richie noon *“Pag pumasok na ako sa pagpapari, hindi na ako kabilang sa pamilyang ito sapagkat mapapabilang na ako sa pamilya ng mga Heswita.”*

Hindi madali ang buhay na tatahakin. Ang unang limang buwan bilang nobisyado ay panahon kung saan magkakaroon ng *retreat* para sa isang mahalagang pagpapasya. Dito sila ay sinasanay sa buhay pagdarasal, pag-iisa at katahimikan. Bawat isa sa kanila ay daraan o makakaranas ng *retreat* sa loob ng 30 araw o ang tinatawag na *Spiritual Exercises* ni St. Ignatius of Loyola, ang nagtatag ng kanilang Kongregasyon. Para sa mga Heswita ito ang bubuo ng pundasyon ng kanilang mga karanasan sa Diyos. Ito rin ay may malaking papel na makapag-iimpluwensiya sa pag-iisip, pagdarasal o sa pagpapasyang gagawin ng bawat Heswita.

Sa loob ng mahabang panahong iyon, naramdaman niya ang walang hanggang pagmamahal ng Diyos. Napagtanto niya rito na sa kabila ng kanyang kawalan, espesyal pala siya sa mata ng Diyos, napuno ng tunay na kapayapaan at saya ang kanyang puso sapagkat natagpuan na niya ang buhay na tatahakin...ang daan patungo sa Diyos. Talagang hindi pala ganon kadali ang lahat. Dumating ang panahong pinanghinaan siya ng loob. *“Wala akong makitang pag-asa dito sa mundo. Nag-aaksaya lang ako ng panahon.”* Ngunit hindi pala marunong sumuko ang Diyos, at sa biyaya Nito natutunan niyang tanggapin ang kahinaan, ang magpatawad at maging totoo sa sarili. Sabi niya: *“Sinubok rin ako ni Yahweh, nakita at napatunayan kong malaya akong piliin Siya.”*

Hindi lang pagdarasal ang ginagawa nila sa Novitiate. Sinusubukan din rito ang kanilang kakayanang makisalamuha sa kapwa nobisyado, ang bumuo ng isang tunay na komunidad, makipamuhay sa mahihirap at makitungo sa iba’t ibang uri ng tao. Naranasan ni Richie ang maglakbay ng isang buong araw na walang dalang pera o pagkain, sinubok ang tiwala sa kasabihang *Bathala na*. Anim na linggo siyang nagmisyon sa Bukidnon, Mindanao sa





mga tribung Binukid. Anim na linggo rin siyang nagsilbi sa ospital ng mga baliw sa Mandaluyong, kung saan naranasan niya ang iba't ibang uri ng paghihirap, pang-iinsulto at pangungutya. Nakayanan niyang tiisin ang lahat na ang tanging konsolasyon lamang ay ang hangaring maibigay ang buong sarili sa kapwa.

Kabilang pa rin ng paghubog sa kanila ay ang anim na linggong pagtira sa mahirap na lugar. Dalawa silang nobisyado na napunta sa Taguig, Metro Manila, ngunit magkaiba sila ng pamilyang tinirhan o *foster parents*. Hindi sila ipinakikilala sa lugar bilang seminarista o nobisyado kundi pinapakilala silang mga probinsyanong kamag-anak o pamangkin ng kanilang mga *foster parents* na nakakikilala sa totoo nilang pagkatao. Nakipamuhay sila rito ayon sa realidad, kinakain nila kung ano ang kinakain ng pamilya at tumutulong sila kung ano ang tulong na maibibigay nila. Natutunan ni Richie ang manahi ng mga pira-pirasong tela upang gawing basahan at ibinibenta nila ito sa mga drayber ng dyipni at sa iba pang mga pabrika.

Maraming sitwasyong alam ni Richie ay hindi tama o hindi makatarungan, kaya't gusto niyang baguhin ang kaawa-awang sitwasyon ng lugar, ngunit kung may magagawa man siya'y hindi rin sapat. Ang kawalang pag-asang mangyari iyon ay siya ring nagpatibay ng kanyang pananampalataya sa Diyos. Pagkatapos ng anim na linggo, bumalik si Richie sa Sacred Heart na suut-suot ang *short* na mula sa mga retasong tela na siya mismo ang gumawa. Nang dumating ang Pasko, hiniling ni Richie sa pamilya na huwag na siyang bigyan ng regalo, manapa'y pera ang hiningi nito. Katulad ng inaasahan ng lahat alam nila kung saan nito ibibigay ang pera at hindi nga sila nagkamali. Pumunta si Richie sa Bicutan kung saan nakatira ang kanyang mga *foster parents* upang ibigay ang regalong natanggap mula sa pamilya. Pinatabi ni Richie ang sasakyan sa kapatid sa isang lugar at sinabi: "*Hintayin mo na lang ako dito, kuya.*" Ayaw kasi niyang malaman ng iba na mayaman siya. Ngunit hindi pa rin ito nakaligtas sa isa niyang kaibigan na lingid sa kanyang kaalaman ay sinundan siya pabalik ng sasakyan. Ang buong akala kasi nila'y mahirap si Richie katulad nila. Nagtaka siya na nakaya





Richard Michael “Richie” Fernando

nitong makipagsabayan sa magulo at mahirap na takbo ng kanilang buhay.

Isang pagsubok ang hindi naging madali para kay Richie - ang magtrabaho ng anim na linggo sa pabrika bilang tagalinis ng dram. Dito nagpakilala muli siyang ordinaryong manggagawa hindi bilang isang magpapari. Kadalasan, napagsasabihan siyang *“Tarantado! Pinapagod mo naman kami!”* palibhasa’y tapat siya sa ginagawa at ang mga kasamahan nama’y gusto ng mabagal na trabaho. Kung minsan, pinapatay ng mga ito ang makina upang mapilitan siyang huminto. Unang araw pa lang, naramdaman na ni Richie ang sakit at hirap ng pagsunod kay Kristo. Nasabi niyang *“Wala sana ako rito.”* Nang kalaunan, natuto siyang lumaban para sa tama kahit ang kapalit nito ay ang panlilibak at kawalan ng respeto sa pagtrato sa kanya. Marami siyang napatunayan at natutunan sa iba’t ibang mga pagsubok na ito, at matagumpay niyang nalampasan dahil sa *“nag-iisang pangarap.”*

Noon, marami ang hindi makapaniwala sa kanyang hangarin at ang sabi pa nila: *“Wala, lilipas din ‘yan kapag nauntog, babalik din yan sa katinuan!”*, na para bang sinasabing ang isang pagpapari ay isang kahibangan. Pero tama sila. Nauntog nga siya at bumalik ang tunay na katinuan sa buhay, kaya nga sa bawat araw na lumilipas ay lalong nag-aalab ang kanyang pagnanais na mahalin at paglingkuran si Kristo.

Mabilis ngang lumipas ang dalawang taon ng *Novitiate* ni Richie, dalawang taong nagpabago ng husto ng kanyang pananaw sa buhay. Masaya siyang umuwi sa pamilya upang ibalita ang nalalapit na niyang pagtatalaga sa Diyos bilang Heswita. At dumating na ang araw na pinakahihintay ni Richie; ika-30 ng Mayo taong 1992, sa *Sacred Heart compound*, si Richie at ang iba pa niyang kasamahan ay nanumpa sa buhay kapayakan, kalinisan, at pagtalima. Hindi nakaligtas sa paningin ni Gng. Fernando ang saya sa mukha ng anak kaya nasabi niya sa sarili, *“Kung ang aking anak ay handang iwan ang lahat para sa Diyos, bakit hindi ko ibigay ang pagbabasbas sa kanya? Bilang ina, alam kong sa*





pamamagitan ng pagsuporta ko sa kanyang paghahanda sa buhay pagpapari pinagsisilbihan ko na rin ang Diyos."

Pagkat hindi na sila mga Nobisyado, lumipat na kinabukasan ang mga bagong Juniors sa *Loyola House of Studies*. Ang unang taon ng kanilang *Juniorate* ay tinatalaga sa paghasa ng kanilang talino sa komunikasyon. Ang sumunod na 2 taon naman ay pag-aaral ng Pilosopiya. Buong dedikasyong ginugol ni Richie rito ang sarili at panahon sa pag-aaral, pagsulat ng mga awit at ang pagkolekta ng mga bagong kaibigan. Palibhasa'y likas sa kanya ang pagiging masayahin at pagiging mapagbigay, marami ang lihim na natutuwa sa kanya. Kahit na abala sa pag-aaral, madalas pa rin siyang nakahahanap ng panahon para makadalaw sa kanyang foster parents upang mag-abot ng tulong. Minsan ngang dumating si Richie sa bahay ng ate Angel niya, kupas ang pantalong suot-suot nito. Alam ng kapatid na galing na naman ito sa Payatas mukhang gutom ngunit tumanggi ito sa pagkaing inihain niya. Uminom lang ito at nang paalis na'y nagsabi, "*Ate pahingi naman ng pera - pamasahé ko lang pabalik ng Ateneo*". Halos madurog ang puso ni Angel sa narinig. Ito na ba ang kapatid niya ngayon na dati rati'y hindi pumapayag na mawalan ng pera. Ngunit alam niyang ibinigay na naman ng kapatid ang lahat ng pera nito sa mga kaibigan sa mga iskwat. Gustong umiyak ni Angel nang umalis si Richie hindi sa lungkot kundi sa tuwa dahil sa malaking pinagbago ng kapatid at higit sa lahat kitang-kita niya na masaya ito sa ginagawa at kontento sa buhay na pinili.

Buong pagmamahal at pakumbabang tinanggap ni Richie ang responsibilidad na ibinigay sa kanya bilang 'drayber' ng kanilang komunidad. Masaya siyang ibigay ang lahat ng kakayahan at talento. Minsan nga, di na siya natutulog dahil sa pagtulong sa mga aralin ng mga kaibigang Korean para makapasa ang mga ito sa mga aralin sa Pilosopiya.

Nasa ikalawang taon na si Richie noon sa Pilosopiya nang malaman na ang kaibigan niyang si Totet ay naatasang magmisyon





Richard Michael “Richie” Fernando

sa bansang Cambodia. Nasa puso ni Richie ang pagmamahal sa misyon kaya nga hindi maitago ang inggit sa tinig nito ng makausap ang kaibigan, *“Mabuti ka pa, malinaw na ang misyon mo. Ako, gusto ko rin sanang magmisyon sa ibang bansa pero ewan hindi pa rin malinaw kung magkakaroon tayo ng misyon sa Indonesia...Baka wala nga.”* Sumagot ito. *“Hayaan mo, babalitaan kita kapag nasa Cambodia na ako”,* pag-aalo naman ng kaibigan nito. At hindi nga siya binigo ng kaibigan, lahat ng ginagawa nito, ang mga tao at ang hamon ng misyon na nararanasan nito ay isinusulat sa kanya.

Disyembre, 1994. Bilang paghahanda sa World Youth Day na gaganapin sa Pilipinas, umuwi ang kaibigan niyang si Totet mula sa Cambodia. At noong Enero, 1995, isinama siya nito sa paliparan ng Maynila upang sunduin ang mga kaibigan nitong Cambodian na may mga kapansanan. Dadalo rin kasi sila sa “World Youth Day.” Nangingilid ang luha sa mga mata ni Richie nang makita ang mga itong paika-ikang naglalakad. Ang iba ay nakasaklay at mayroon ding tinutulak ang sariling *“wheelchair.”* Ang tagpong iyon ay nagturo sa kanya kung paano maging maawain, malakas at maging dedikado sa buhay. Naging malapit sa puso ni Richie ang mga kaibigang Cambodian ni Totet. Wala man lamang sa isip niyang magkakaroon pala siya ng pagkakataong mapagsilbihan ang mga ito.

Enero 20, 1995 nang kausapin ni Fr. Benny Calputora, SJ. si Richie para sa kanyang Regency. Sinabi ni Richie na handa siyang gawin anuman ang iaatas sa kanya o kahit saan siya mapunta, bagamat sa sulok ng puso’y naroon ang hiling na sana mapunta siya sa misyon. Nang matapos siya sa pagsasalita ay nagwika ang pari: *“Richie, payo ko lang na magpatuloy ka sa pagdarasal sapagkat ipadadala ka namin sa Cambodia.”* Matagal na namagitan ang katahimikan. ‘Di ba ito ang gusto niyang marinig? Sa sobrang tuwa, hindi nakapagsalita si Richie. Ni hindi niya alam kung ano ang sasabihin.

Noong ika-27 ng Pebrero, 1995, damang-dama ni Richie ang dakilang pagmamahal ng Diyos hindi lang dahil sa kaarawan niya,





Buhay Misyonero

kundi magkakaroon din ng Mission sending Mass para sa kanilang mga Pilipinong Misyonero na ipadadala sa iba't ibang bansa. *“Wala ng kulang sa buhay ko. Halos lahat ay ibinigay na sa akin ng Diyos: buhay, bokasyon, kaibigan, pamilya at ang misyon. Wala na akong ibang gagawin pa kundi ang ibigay ang buo kong sarili sa Diyos at sa misyon.”*

Mayo 18 nang taon ding iyon nang tumuntong ang mga paa ni Richie sa Phnom Penh, Cambodia dala-dala ang kaba, takot, saya, higit sa lahat, hawak-hawak sa kanyang puso ang tiwala sa pagmamahal ng Kongregasyong kinabibilangan at ng Diyos.

Si Richie ay tumuloysa Bantay Pribo o kilala sa tawag na *Center of Dove*, isang paaralang pinangangasiwaan ng mga Heswita para sa mga biktima ng sakit na polio o *landmines*. Ang mga estudyante roon ay nag-aaral ng mga kursong bokasyunal tulad ng pagmimekaniko, pagiging electrician, pagwewelding, pagkakarpintero at pag-uukit sa mga kahoy at bato. Nag-aaral din sila ng tungkol sa Agrikultura at iba pa. Ang mga estudyante ay doon na rin nakatira - libre ang pagkain, *allowance* at mga gamit para sa kanilang pag-aaral. Karamihan sa kanila ay mahihirap, dala-dala ang hapdi ng sugat ng karanasan. Hindi naging madali sa kanya ang lahat. Ang lungkot niya nang bumalik na sa Pilipinas ang kaibigan niyang si Totet. Bukod rito, mahirap ang pag-aaral ng wikang “Khmer”, ang pagkabagot sa panahong lumilipas na wala siyang masyadong ginagawa para sa misyon, ang marinig ang mga masasakit na “kwento ng buhay” ng mga estudyanteng kanyang nakakasalamuha, at ang pagkakaroon ng sakit na mabilis na nagpabawas sa kanyang timbang.

Makalipas ang ilang buwan, bumalik ang sigla sa mga mata ni Richie. Unti-unti niyang naintindihan ang tunay na buhay ng isang pari... ng isang tunay na misyonero. Kung noo’y nababagot siya sa pag-aaral ng wikang Khmer ngayon nama’y tuwang-tuwa ang kanyang guro ‘pagkat mabilis siyang natuto. At kung noong simula’y naiinip siya, ngayon nama’y halos gawin na niyang araw ang gabi sa dami ng mga gagawin, ngunit hindi niya iniinda ang pagod. Bilang





Ang Unang Pagtatalaga ni Richie
ng sarili sa Buhay Relihiyoso



Si Richie kasama ng mga kaibigan niyang taga Cambodia



Ang pagbabasbas
sa mga labi ni Richie

Ibinahagi ng ina at
kapatid ni Richie ang kanyang
buhay sa amin



Bro. Richard Michael "Richie" Fernando





Buhay Misyonero

katuwang kasi sa pangangasiwa sa paaralan, pinangangalagaan niya ang mga materyal at pastoral na pangangailangan ng mga estudyante at mga guro. Bukod rito, nagtuturo siya ng wikang Ingles sa mga ito. Naramdaman rin ni Richie ang nakalulungkot na sitwasyon ng mga mag-aaral, kaya nag-isip siya ng masayang libangan para sa lahat. Buong tiyaga at pagmamahal niyang tinuruang maglaro ng *volleyball* at *basketball* ang mga imbalidong estudyante at hindi maitatago ang nabuhay na sigla sa mga ito. Ang sinumang nakapapanood sa kanila ay tuwang-tuwa. Parang isang musika sa kanilang pandinig ang malalakas na tawanan at biruan ng mga ito, at isang masayang tanawin na makita ang mga iika-ika ngunit masasayang estudyanteng tumatakbo habang hawak-hawak ang bola, at lumulundag pa para ipasok ang bola sa buslo. Buong tiwala ni Richie sa katotohanang hindi marunong magpabaya ang nasa itaas, at masaya siyang maging isang instrumento ng Diyos na ipaalam ang katotohanang ito sa mga tao. Dahil sa pinanghahawakang iyon madali niyang natutunang tanggapin ang sitwasyon at mahalin ang mga ito. *“Alam ko kung nasaan ang puso ko. Ito ay na kay Kristo Hesus na Siyang nagbigay ng buong sarili para sa mahihirap, maysakit, sa mga ulila at nangangailangan. Ngayon, para bang unti-unti kong nauunawaan ng husto kapag sinasabi kong, ‘gusto kong maging katulad ni Kristo, gusto kong sumunod sa Kanya’, sapagka’t ako ay kanyang kaibigan at kasama. Isa akong Heswita, at alam ko kung nasaan ang puso ko...”*

Ngunit isang araw, ika-17 ng Oktubre, 1996, isang galit na galit na estudyante ang pumunta sa pasilyo ng paaralan at may hawak itong granada. Siya ay si Sarom, isang estudyante doon na napagpasyahang alisin sa Bantay Prieb dahil sa paglabag nito sa mga alituntunin at higit sa lahat ang madalas na pagsusugal nito. Nagkagulo ang mga tao nang makita si Sarom. Ang mga estudyante ay sumisigaw, nakikiusap kay Sarom, ngunit hindi iyon pinakinggan ni Sarom. Nang walang anu-ano’y biglang lumitaw si Richie sa kung saan, niyakap niya ng buong hipit si Sarom upang pigilan ito sa paghagis ng granada sa isang grupo ng mga estudyante, at sumisigaw na sinabi sa isang guro: *“Vibol, Vibol, umalis na kayo!”* Nagawang





Richard Michael “Richie” Fernando

tumalon ng guro sa bintana at sinundan siya ng iba pang mga estudyante. Lalong nagkagulo ang mga tao, napuno ng ingay ang buong paaralan. Nakiusap si Sarom kay Richie. *“Guro, pakawalan mo na ako. Ayaw ko po kayong madamay.”* Kilala ni Richie si Sarom kaya hindi siya nagtiwala sa sinabi nito. At naging mabilis ang lahat ng pangyayari. Nabitiwan ni Sarom ang granada. Isinangga niya ang katawan upang protektahan si Sarom kaya siya’y tinamaan sa likod ng granadang sumabog. Hindi nag-alinlangan si Richie na ibigay ang buhay para mailigtas ang lahat...pati na si Sarom. Hindi makapaniwala ang lahat sa nakita: si Bro. Richie, punung-puno ng dugo ang katawan... *wala ng buhay*. Ang lahat ng iyon ay dahil sa pag-ibig... sapagkat *“wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kanyang mga kaibigan”* (Jn. 15:13)

Nakulong si Sarom. Sising-sisi sa nagawang kasalanan ngunit huli na ang lahat. Kahit anong gawin niya’y hindi na maibabalik ang buhay ni Richie, ang isang kaibigang yumakap at nagbigay ng bagong kulay at buhay sa kanilang sitwasyon sa *Center of Dove*, ang dayuhang misyonerong nagmahal at nagsilbi sa kanila ng totoo bilang tunay na kapatid; ang bayaning nagbuwis ng buhay para sa lahat katulad ni Kristo na nag-alay ng lahat-lahat dahil sa pag-ibig sa mga taong katulad nila na inaakala ng mundo na wala ng silbi, na tinitingnan ng mundo na mahina. Kasabay ng pagsabog ng granada na kumitil sa buhay ni Bro. Richie nabuo ng pira-pirasong kwento ng kanyang pangarap at walang-hanggang pagmamahal sa kapwa, sa misyon at sa Diyos.

Iniuwi sa Pilipinas ang mga labi ni Richie. Noong ika-21 ng Oktubre, inihatid siya sa kanyang huling hantungan sa *Sacred Heart Novitiate House* kung saan hinubog at pinagtibay ang kanyang pananalig at pag-ibig sa Diyos. Marami ang nagdalamhati sa pagkawala ng isang kaibigan, ngunit higit na napakasakit sa pamilya Fernando ang pagkawala ng kanilang anak. Isinabuhay ni Richie ang sinabi sa ama noon na dapat kapag nagbigay sa Diyos, yung pinakamahalaga, yung *the best*. Iyon ay ang kanyang buhay... Kung





Buhay Misyonero

titingnan mo'y isang kabiguan ang kanyang pagkawala, nguni't ang totoo'y isa itong tagumpay sapagkat tulad nga ng sabi ni Richie noon...*"Sinubok rin ako ni Yahweh, at nakita at napatunayan kong malaya akong piliin Siya."* Kahit kailan, ang pagpili sa Diyos ay hindi kabiguan kundi tagumpay hindi lang dito sa lupa higit doon sa Kaharian Niya. Sa gitna ng sakit at pagdadalamhati, nagawa ng pamilyang Fernando ang magpatawad. Nagpadala sila ng sulat sa hukom ng Cambodia na humahawak sa kaso ni Richie...isang sulat na nagsasaad ng pagpapawalang-sala kay Sarom.

Ang hiling ni Richie ay natupad. Ngayong wala na siya, maaalala at patuloy na aalalahanin siya ng mga tao hanggang sa susunod na panahon hindi dahil sa kanyang galing kundi tunay siyang nagmahal at sumunod kay Kristo!





Obispo William Finnemann

Disyembre 18, 1882 – Soest, Germany

† Oktubre 26, 1942 – Mindoro, Philippines





Obispo William Finnemann

Si Obispo William T. Finnemann, SVD ay isinilang sa Parokya ng Hultrop, Distrito ng Soest, *Diocese* ng Paderborn Alemanya noong ika-18 ng Disyembre, 1882. Pangalawa siya sa labing-apat na anak nina Ginoong Bernard Finnemann at Ginang Elizabeth Nasse. Karaniwang manggagawa lamang ang kanyang ama at binabayaran nang arawan. Sa kabila ng kanilang kahirapan, inilarawan ng mga tagaroon na ang kanyang mga magulang bilang mga banal, matiyaga at kagalang-galang.

Panahon pa ng kanyang kabataan ay naroon na ang kanyang ambisyong maging isang misyonero. Wala sa isip niyang matutupad pa ito dahil sa kanilang kahirapan, subalit inihanda pa rin niya ang sarili para dito. Noong ika-21 ng Abril, 1895, tinanggap niya ang sakramento ng Unang Banal na Pakikinabang. Siya ay madasalin at laging dumadalo sa Banal na Misa at nagnonobena sa mga Santo.

Nang ipaalam niya sa kanyang mga magulang ang tungkol sa kanyang ambisyon, tumutol ang mga ito pati ang kanyang tiyuhin na noo'y isang sakristan. Ang kanyang ina na nag-aalala ng kanilang pangangailangang pinansyal ay napaluha na lamang. Ang inaasahan sana ng kanyang ama ay yaong kumita at makatulong siya sa kanilang pangangailangang pinansyal sapagkat marami pa siyang mga kapatid na nangangailangan. Hindi kaya ng mga magulang niya na suportahan ang kanyang pagpasok sa Semyinaryo sapagkat dagdag na naman itong gastusin para sa kanila at napakamahal nito.

Di nagtagal, pumayag din ang kanyang mga magulang sa tulong ng kanilang Kuraparoko. Humingi siya ng patnubay sa Mahal





Obispo William Finnemann

na Birhen sa pamamagitan ng banal na paglalakbay sa *Our Lady ng Werle* sa utos ng kanyang ina. Naging mas determinado siya sa kanyang ninanais. Nagpadala siya ng aplikasyon sa Kongregasyon ng mga Pransiskano, subalit hindi siya tinanggap sa ilang kadahilanan. Sinubukan niya sa mga Heswita at gayundin ang nangyari maging sa Capuchin. Hindi siya nawalan ng pag-asa sapagkat alam niya na nais din ng Diyos ang kagustuhang magpari siya. Nang ipakita sa kanya ng kanilang Kuraparoko ang isang patalastas mula sa Steyl, gumawa siya ng liham patungo kay Padre Arnold Janssen. Tamang-tama para sa kanya sapagkat si Padre Arnold ay di tumitingin sa pera bagkus ay sa bokasyon ng pagmimisyon.

Sa dami ng sulat na dumating nang umagang iyon, ang liham ni Willi (palayaw ni Obispo Finnemann) ang nakatawag pansin kay Superior General Padre Arnold dahil sa magandang sulat-kamay nito. Nakasaad sa liham na ito na isinulat noong ika-17 ng Setyembre, 1899 ang kanyang nararamdamang pagtawag ng Panginoon sa kanya para sa misyon at ang kagustuhan niya na mapabilang sa kanilang samahan upang matuto ng mga gawain ng isang paring misyonero. Nakasaad din sa liham ang kalagayan niya sa buhay. Hindi lang impormasyon ang kanyang natanggap bagkus ay pinarereport na siya sa unang Sabado ng Oktubre. Napakaikli ng panahon ng paghahanda para kay Willi kaya muli siyang sumulat upang ipaalam ang araw ng kanyang pagdalaw.

Pagkatapos ng Bagong Taon, inasikaso na ni Willi ang mga papeles na kinakailangan niya. Ang sertipiko ng kanyang kalusugan ang nagpakita ng kasiguruhan kay Padre Arnold ng kanyang mabuting kalusugan. Subalit kailangan rin niya ang rekomendasyon ng kanilang Kuraparoko na makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa kanyang pagiging relihiyoso at pagpapaunlad ng buhay-espiritwal.

Di naglaon, siya ay natuloy sa inaasam niyang bokasyon noong ika-21 ng Abril, 1900 sa Steyl. Pagdating niya sa seminary, agad siyang sumulat sa kanyang mga magulang at inilarawan niya ang bago niyang tahanan bilang tunay na tahanan ng Diyos na





Buhay Misyonero

kung saan namamayani ang espiritu ng kabanalan at pagkatakot sa Diyos. Naninibago siya sa kanyang mga nakikita at nagpapasalamat sa Diyos na napabilang siya sa mga paring misyonero.

Limang taon din siyang nag-aral sa Seminaryong ito sa Steyl at labis na humanga si Padre Arnold Janssen sa kanyang mga katangian. Tulad ni Padre Arnold Janssen, ganito rin ang pagkakakilala sa kanya nina Padre Hermann Wegener at Padre Nicolas, mga paring SVD na sangkot sa paghuhubog sa kanya sa loob ng seminaryo sa Steyl. Isa siya sa limampung inordinahan bilang ganap na pari ni Obispo Zschokke sa St. Gabriel, malapit sa Vienna, Austria. Nag-ipon ng sapat na halaga ang kanyang ama masaksihan lamang ang kanyang ordinasyon mula hilagang Alemanya patungong Austria.

Si Padre Arnold Janssen ang nagtatag ng tatlong kongregasyong pangmisyonero. Siya ay di pangkaraniwang indibidwal at ayon kay Padre Blum *“Tila isa siyang Santo at ang mga salita niya ay pawang tunay na Ebanghelyo.”* Kinikilala siya ng simbahan bilang isang henyo at beato.

Isa sa mga pangarap ni Padre Finnemann ay madestino sa Togo, Aprika. Inihanda niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Ingles at Pranses, subalit hindi natupad ang nais niya. Bagkus, siya ay ipinadala sa Pilipinas.

Dumating ang bayanang misyonero sa Tayum, Abra noong ika-20 ng Setyembre, 1912. Kasama niya ang dalawang pari, dalawang *‘brother’* at tatlong madre. Naging katulong siya ni Padre Luis Beckert at inatasang magturo agad ng relihiyon sa *Holy Spirit School* ng bayang iyon.

Nang dumalaw si Padre Beckert hiniling ng mga prominenteng Kristiyano sa Tinguian, San Quintin na magkaroon ng Banal na Misa kung maaari kahit tatlong beses sa isang buwan.





Obispo William Finnemann

Si Padre Finnemann ang inatasan niya para rito. Ayon sa sulat ng naging Obispong Finnemann noong Disyembre, 1912: *“Ito ay mga 20 kilometrong paglalakbay sakay ang kabayo.”* Nagtutungo siya roon upang magturo sa mga mamamayan ng aral ni Kristo at magdiwang ng Banal na Misa isang beses sa isang buwan. Nang masira ang gusali ng simbahan sa Tayum, muli itong ipinatayo ni Padre Finnemann.

Bukod sa pagdaraos ng Banal na Misa, siya ay may konting kaalaman sa panggagamot kaya’t ipinatatawag rin siya nang malimit upang gamutin ang mga maysakit. Kabayo ang kanyang sasakyan sa gayong mga pagkakataon.

Sa San Quintin, ginabayan niya ang mga bata para sa kanilang Unang Banal na Pakikinabang. Inihanda niya ang lahat para sa okasyon. Noong Mayo 9, 1913, isang malakas na bagyo ang tumama sa probinsiya ng Ilokos na sumira sa kanilang mga ari-arian. Ang kapilya ng misyon ay nagiba kaya’t gumawa na lamang sila ng pansamantalang kapilyang mapagdadausan ng seremonya ng Unang banal na Pakikinabang.

Noong ika-4 ng Nobyembre, 1913, si Padre Superior Beckert ay dumanas ng sakit sa bituka at namatay sa St. Paul’s Hospital sa Maynila. Si Obispo Finnemann ang humalili sa kanya sa Tayum at sa Bucay noong 1913. Sa liham niya para sa kanyang magulang, isinalaysay niya ang hirap ng kanyang gawain bilang misyonero: ang paggising ng madaling araw, ang paglalakbay mula lima hanggang anim na oras upang maipagdiwang lamang ang Banal na Misa at ang pag-aasikaso sa mga pangangailangan ng mga mananampalatayang Katoliko hanggang ika-labing isa ng gabi.

Ang pagkamatay ng kanyang mga kasamahan sa mura pang edad tulad nina Padre Bernel, ang kanyang kaklase, Padre Riede, Padre Schrage na naging katulong niya sa Tayum at Padre Beckert ay nagdulot ng malalim na epekto sa kanya. Sa tulong ng mga





Buhay Misyonero

Katolikong naroroon at ng mga tulong pinansyal galing sa Amerika, muli niyang naipatayo ang nasirang simbahan.

Mapanganib ang lugar ng Villavieja, isa pang lugar na kanyang pinagmisyunan. Makitid at madulas ang daan kaya wala halos pumupunta roon lalo na kung di marunong mangabayo. Nagpatayo siya roon ng kumbento na yari sa kawayan at kugon. Nang sumunod na taon, ipinatayo niya ang St. Thomas School kung saan maraming kabataan ang nag-aral doon.

Sa loob ng tatlong taon at pitong buwang pananatili sa Villavieja, lima o anim na pamilya lamang ang di niya naakay sa pananampalatayang Katoliko. Nag-aral siya ng wikang Ilokano upang higit na maunawaan ang mga taong kanyang nasasakupan. Siya ay itinuturing ding pinakamahusay sa pagpapatayo ng mga gusali ng Society of the Divine Word (SVD) sa Pilipinas. Siya rin ang kauna-unahang Kuraparoko ng Bucay, isa ring lugar na napaliligiran ng bundok. Noong Biyernes Santo nang taong 1917, ang pamahalaan ng Estados Unidos ay nagdeklara ng pakikidigma sa bansang Alemanya. Napakahirap nito para sa mga misyonerong Aleman na tulad niya. Hindi sila makapupunta sa lugar na destino nila kung hindi hihingi ng permiso sa mga pinunong Amerikano sa Pilipinas. Maayos naman ang kundisyon nila hanggang sa kalagitnaan ng taong 1918 sapagkat ang mga opisyal na Amerikano at Pilipino ay patuloy sa pagiging magkaibigan.

Taong 1918. Ipinag-utos ni Gobernador Heneral F.B. Harrison ang pagpapatalsik sa lahat ng mga Aleman sa Pilipinas. Kinumbinsi ni Bishop Hurth si Gobernador Heneral Harrison subalit naging matigas ito. Noong hapon ng Agosto 30, 1918, si Obispo Finnemann na noo'y nasa Villavieja ay tumanggap ng telegrama mula sa Obispo. Siya at ang dalawa pa niyang kasamahan ay pinapupunta sa Vigan sa lalong madaling panahon. Dumating na ang kanyang pinangangambahan. Nakakaantig ng damdamin ang pamamaalam ng mga misyonero sapagkat ang kanilang pag-alis ay labag sa kalooban ng mga Kristiyano sa lugar na iyon. Nangako sa





Obispo William Finnemann

mga misyonero si Obispo Hurth na tutungo ng personal sa Maynila upang subukang pigilin ang pagpapatapon sa kanila subalit 'di ito nangyari.

Ika-29 ng Setyembre, 1919 nang sumulat si Obispo Finnemann sa kanyang mga magulang at inihayag niya ang lahat ng kalungkutan at sama ng loob dahil sa itinuring silang tila mga kriminal na basta na lamang ipinatapon mula sa Pilipinas.

Samantala, itinalaga bilang *Regional Procurator* noong ika-9 ng Marso, 1923 si Obispo Finnemann at siya'y inilipat sa Maynila. Pansamantala siyang inilagay bilang Direktor ng St. Rita's Hall, isang tirahan ng *Archdiocese* para sa mga lalaki. Hinilingan din siyang maghanap ng lugar na mapagtatayuan ng *printing press*. Sa tulong ng kanyang mga kaibigan sa Amerika, nakabili ang SVD ng lupa kay Don Francisco Manosa sa Tayuman St., Sta. Cruz, Maynila. Itinatag ni Obispo Finnemann ang *Catholic Trade School* sa lupang nabili ng SVD upang turuan ang mga karapat-dapat na kabataang lalaki ng *typesetting* at *printing* at upang mabigyan sila ng pagkakataong makapag-aral sa kolehiyo.

Taong 1925 nang inasikaso ni Obispo Finnemann ang unang pagtitipon ng lahat ng mga estudyanteng Katoliko sa Baguio. Layunin nitong pag-aralan ang mga pamamaraan na makakatulong upang mapanatili ang moralidad at pagpapahalaga sa relihiyon sa mga mag-aaral. Nakatulong ng malaki ang organisasyong ito at naging unang hakbang tungo sa pagkakaisa sa relihiyon. Ang mga dumalong mag-aaral dito ay mula pa sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Sa unang taon naman niya sa Maynila, si Obispo Finnemann ay nagturo ng Pilosopiya at Teolohiya sa paaralan ng Holy Ghost College. Sa paaralang ito, inihanda niya ang mga bata para sa Pangungumpisal at pagtanggap ng Unang Pakikinabang. Noong ika-11 ng Pebrero, 1924, ginanap ang isang malaking pagpupulong na kung saan isang Misa ang idinaos ng Kagalang-galang na kinatawan





Buhay Misyonero

ng Apostoliko ng Pilipinas na si Padre Piani. Sa pagdiriwang na iyon, nagsalita si Obispo Finnemann at ipinaliwanag sa mga tao kung paanong ang mga misyonerong SVD ay dumaranas ng hirap. Gayunpaman, sila ay nagpatayo ng maraming gusaling pansimbahan at nagtatag ng mga bagong paaralan upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang makapag-aral.

Pinangangalagaan din ni Obispo Finnemann ang pang-espiritwal na pangangailangan ng mga taong naninirahan sa paligid ng Catholic Trade School. Pagkalipas ng maraming panahon, isang parokya ang itinatag sa lugar iyon at nagpasya si Obispo Finnemann na magpatayo ng isang simbahan sa bagong parokya. Noong Enero, 1926, binasbasan ni Arsobispo Michael O'Doherty ang lugar na pagtatayuan ng bagong simbahan.

Noong ika-21 ng Mayo, 1926, ikinagulat ng marami nang si Obispo Finnemann ay hinirang ni Papa Pio XI bilang *Auxiliary Bishop* ng Maynila. Inordinahan siyang Obispo ni Arsobispo O'Doherty. Ang mga dahilan sa pagkakahirang kay Obispo Finnemann bilang Auxiliary Bishop ay ang sumusunod: Una, siya ang una at natatanging SVD na naglilingkod sa *Archdiocese* ng Maynila; Pangalawa, siya ay isang banyagang Aleman bagaman nakakuha siya ng *Filipino citizenship*. Pangatlo, siya ay isang lider at taong nakapagsasalita ng limang wika tulad ng Ingles, Aleman, Pranses, Ilokano at Tagalog; Pang-apat, may alam rin siya sa wikang Kastila. Mailalarawan ang mga katangian ni Obispo Finnemann katulad ng pagiging matipid, simple at walang magarang sasakyan.

Noong taong 1934, naganap ang makasaysayang pagdalaw ni Obispo Finnemann sa isla ng Mindoro sa *Sugar Company*, San Jose Occidental Mindoro. Siya ang kauna-unahang obispong nakarating sa lugar na iyon sa pamamagitan ng isang eroplano. Sinalubong sila ng pitong libong taong manggagawa ng tubuhan na noon lamang nakakita ng isang Obispo. Sa loob ng tatlong araw, naging abala ang Obispo at mga kasamang pari sa pagdiriwang ng Banal na Misa, pagkukumpil at pangungumpisal, sa katunayan nga, isa rito ang





unang naging Obispo ng Occidental Mindoro na si Obispo Vicente Manuel, SVD, DD.

Ika-8 ng Mayo, 1934. Ipinagkatiwala ng Santo Papa ang pamamahala sa isla ng Mindoro sa mga misyonerong SVD. Si Obispo Finnemann ang unang itinalagang unang *Prefect Apostolate* ng Mindoro. Pinirmahan ang mga papeles ni Arsobispo Celsus Constantini sa pagtatalaga sa kanya noong ika-9 ng Disyembre, 1936. Samantala, isang sekretong sulat ang natanggap ng Obispo galing sa pamunuan ng SVD na ito ang isinasaad: *“Ikaw ang napili naming mamahala sa kawan ng Mindoro.”* Kaagad namang sinagot ng Obispo ang nasabing liham: *“Tinatanggap ko ito ng buong puso.”* Gayunman, ipinahayag din niya na baka hindi niya makakayanan ang responsibilidad ng pamamahala sa isla ng Mindoro dahil sa dami ng mga tao at sa nararamdaman rin niyang sakit sa bato.

Ganito niya inilarawan ang kalagayan ng Mindoro, *“Kaunti ang mga pari, lilima lamang silang naglilingkod para sa labinsiyam na bayan. Bukod rito, ang paglalakbay sa mga isla ay napakahirap.”* Nag-aalala ang Obispo na baka hindi niya magampanan ang mga tungkulin bilang isang pastol, subalit ang lahat ay ipinaubaya niya sa kamay ng Santo Papa at anuman ang magiging desisyon nito ay maluwag niyang tatanggapin. Ang misyon sa isla ng Mindoro ay dating nasa pamamahala ng mga paring Recoletos noong 1937. Inilarawan ng Obispo na *“kaunti lamang ang dumadalo ng Misa at walang nagtuturo ng aral ni Kristo lalo na sa mga paaralan. Ang mga gusali at bahay ay kailangang ayusin dahil ito’y halos yari sa dahon ng niyog.”*

Taong 1937. Maalab ang ginawang pagsalubong na ginawa ng mga taga-Calapan sa bagong Apostolikong Tagapangasiwa sa kanilang lugar. Dumagsa ang maraming tao at inihatid nila ito sa Katedral ng Calapan. Si Obispo Finnemann ay iniluklok ni Monsignor Piani, ang kinatawan ng Santo Papa sa Pilipinas. *“Ihuhulog ko ang lambat.”* (Lukas. 5:5) Ito ang napiling panuntunan ni Obispo Finnemann at nagsilbing inspirasyon sa kanyang paglilingkod.





Buhay Misyonero


Masayang tinanggap ng mga lokal na opisyales ng lalawigan ang bagong pinunong Pastol. Kinagabihan ng araw ding yaon, isang masayang programa ang inihanda sa kanya bilang parangal. Ipinangako ni Obispo Finnemann na bukas ang pintuan sa lahat ng mga taong nangangailangan ng kanyang tulong. Ang kanyang simpleng tirahan ay yari lamang sa kawayan.

Ang unang gawaing isinakatuparan niya ay ang pagdalaw sa iba't ibang lugar sa Mindoro upang kumpilan ang mga bata at mga ibang mga Katoliko na hindi pa nakakatanggap ng ibang sakramento. Naranasan niya ritong maglakad, sumakay ng bangkang walang layag at sumakay ng kabayo. Ang lahat ng kahirapang ito ay matiyaga niyang tinanggap dahil sa pagmamahal sa misyon. Ang tanging nagbibigay-lakas sa kanya ay ang pagmamahal niya sa Diyos at sa misyon. Nang panahong iyon, dalawa lamang ang pari sa Occidental Mindoro: ang isa ay nakadestino sa isla ng Lubang at ang isa nama'y sa pataniman ng tubo sa Barangay Central, San Jose. Sinikap ni Obispo Finnemann na makakuha ng isa pang pari na ididestino sa Mamburao o Paluan, subalit walang maibigay sa kanya ang pamunuan ng SVD.

Noong buwan ng Marso, 1939, naging Kuraparoko ng San Jose si Padre Lazaro Ochoga sa loob ng sampung taon at pagkatapos siya'y umalis din. Pinalitan siya ni Padre Fidel Dabu, isang paring *Diocesan*. Inatasan agad ni Obispo Finnemann ang mga paring ito na hangga't maaari, ang lahat ng lugar na kanilang nasasakupan ay mabisita ng dalawang beses man lamang sa loob ng isang taon.

Sa Oriental Mindoro, sinikap ng Obispo na magpatayo ng matibay na bahay-dalanginan at kumbento para sa mga paring nakadestino sa mga parokya. Sa pagbibigay ng mga Sakramento, halos narating na ng Obispo ang malalayong lugar. Dahil sa kanyang kasipagan at pagmamalasakit sa mga tao, halos maubos ang kanyang panahon sa pagbibigay ng mga Sakramento. Bukod dito, siya ay nagpatayo ng mga gusaling paaralan sa ilang bahagi ng Oriental Mindoro sa pamamagitan ng mga *madreng Ssps*. Pagkaraan





Ang Lumang Simbahan ng Calapan, Oriental Mindoro



Bishop Finnemann at Fr. Rixner Say sa isang maliit na Kapilya





Buhay Misyonero

ng dalawang taong panunungkulan, dalawampung pari na ang naglilingkod sa buong isla ng Mindoro. Ang papulasyon ay umabot hanggang 130,337: 77% ay mga Katoliko, 11% ang mga katutubong Pilipino na hindi pa nabibinyagan, 9% ay mga Aglipayan at 2% naman ay mga Protestante. Sa isang pahayag ng isang madreng Ssps, inilarawan niya si Obispo Finnemann bilang mabait, magalang, mahinahon at matulungin lalo na sa mga mahihirap, subalit mahigpit nitong ipinapatupad ang mga patakaran ng Simbahan. Sa katunayan, siya pa mismo ang naglalaba ng marurumi niyang damit. Sa mga sulat na naiwan, nasasaad dito ang pagnanais niyang mapaunlad ang pananampalataya ng mga tao at maragdagan ang mga pagbabago ng mga gusaling paaralan lalo sa mga kabataang nais mag-aral.

Taong 1941, Pasko noon. Sa ibang panig ng Pilipinas ay nagkakagulo na sa paglusob ng mga sundalong Hapones. Hindi pa nakakarating ang mga Hapones sa Mindoro. Lumipas na noon ang Pasko nang may biglang sumigaw. *“Dumating na ang mga Hapones!”* Natakot ang mga tao at nagsitaguan sila sa kabundukan. Gayunman, walang dumating na mga sundalong Hapones. Halos dalawang beses nang naulit ang pananakot na ito.

Umaga ng buwan ng Pebrero 27, 1942 habang nakikiisa sa pagdiriwang ng Banal na Misa ang mga tao. Biglang may umalingawngaw na sunud-sunod na putukan. Nagkakagulo ang mga tao at sila’y patakbong lumabas ng simbahan upang magtago. Ilang saglit lamang ang lumipas, halos wala nang naiwan kundi sina Obispo Finnemann at ang kanyang kasamang pari, mga madre at isang katulong na lalaki. Pagkaraan ng ilang oras, dumating nga ang mga sundalong Hapones. Puwersahan nilang binuksan ang garahe ng tirahan ng Obispo at kinuha ang sasakyan nito.

Pagkalipas ng ilang araw, dumating ang pinuno ng mga sundalong Hapones na si Koronel Suzuki at sinuguro sa Obispo na disiplinado ang kanyang mga tauhan kaya’t walang dapat ikatakot ang mga tao lalo na ang mga kababaihan. Ipinasauli niya sa





Obispo William Finnemann

kanyang mga sundalo ang sasakyan ng Obispo subalit sira na ito nang kanilang ibinalik. Sa pag-aakalang hindi sila sasaktan ng mga kaaway, nagsipagbalikan ang mga tao sa bayan mula sa pagtatago sa kabundukan. Ilang araw ang lumipas, si Kapitan Wacabayashi ang itinalagang kumander ng grupo ng mga Hapones sa Calapan. Bagaman si Koronel Suzuki ay nag-iwan ng isang dokumento kay Obispo Finnemann na nagsasaad na hindi na kukunin muli ang sasakyan, ito ay pinunit ni Wacabayashi at sinabing: *“Anuman ang nais kong gawin ay masusunod.”*

Mahilig sa babae si Wacabayashi. Gusto niyang pagsamantalahan ang mga ito. Ang mga magulang ay lumapit sa Obispo Finnemann upang humingi ng tulong at payo kung ano ang nararapat nilang gawin. Ipinayo naman ng Obispo na itago ang kanilang mga anak sa kumbento ng mga madre o kaya’y sa kabundukan. Ito rin ang tagubilin ng Obispo kapag nangahas magtanong ang mga sundalong Hapones: *“Hindi pumapayag ang Obispo sa gusto mong gawin! Hindi niya papayagan anuman ang iyong naisin!”* Nag-alay ang Obispo ng panalangin, pag-aayuno at pagsasakripisyo upang dinggin ng Diyos ang kanyang mga panalangin.

Ika-23 ng Marso, 1942. Tinupok ng apoy ang ilang bahagi ng Calapan. Tinulungan ng mga pari at madre ang mga taong nasunugan at pansamantalang pinatuloy sa isang eskwelahang Katoliko. Samantala, gumawa naman ng hakbang si Kapitan Wacabayashi na obligahin ang mga negosyanteng Intsik na magbigay ng bigas para sa mga biktima. Inilagay ang mga naipong bigas sa gusali ng parokya at nakangiting sinabi kay Obispo Finnemann na sila ay magkatuwang sa pagtulong sa mga nasunugan. Pagkalipas ng ilang araw, galit na galit itong sumugod sa Obispo at pinagkukuha ang mga bigas. Dinala ang mga ito sa Munisipyo at doon na lamang ipamimigay. Galit na galit siya sa Obispo sapagkat napag-alaman niya na ito ang sumusulsol sa mga magulang na itago ang mga anak na babae. Sinikap ng Obispo na makipagkasundo sa kapitan subalit hindi niya ito hinarap. Sa pamumuno ni Ginoong Ohata, ginawang





Buhay Misyonero

bahay-aliwan ang mga gusaling paaralan na itinatag ng mga madre sa Calapan. Nagprotesta si Obispo Finnemann. Binigyang-diin niya na ang gusali ay pag-aari ng simbahan at hindi maaaring gawing isang bahay-aliwan subalit hindi ito pinakinggan.

Pagkalipas ng isang linggo, ang mga kumbento ng mga madre ay pinasok ng mga sundalong Hapones. Patuloy pa rin ang pagpoprotesta ng Obispo at mga pari laban sa mga sundalong Hapones subalit wala silang nagawa. Makikita sa Obispo ang paghihirap ng kalooban at ng kanyang katawan dahil na rin sa panggigipit ng mga sundalong Hapones. Naranasan din ng Obispo na akusahan na siya'y isang espiya at ang bintang na ito'y galing sa isang Aglipayan. Bukod rito, hindi siya naunawaan ng mga ilang taong nasasakupan niya. Halos maubos ang kanyang oras sa pananalangin sa harap ng Santisimo Sakramento at hiniling niya sa Diyos na pagkalooban siya ng lakas at liwanag ng pag-iisip upang malaman niya kung ano ang gagawin sa hinaharap niyang mga problema na puno ng panganib.

Nararamdaman ng Obispo na darating ang mga araw na siya ay maghihirap o kaya'y papatayin ng mga sundalong Hapones. Hiniling niya at nakiusap sa Superyor na kung maaari ay alisin sa kanya ang mabigat na pasanin at pahintulutan siyang magretiro. Gayunman, pinalakas ang kanyang loob ni Monsignor Piani. Hinikayat siya na maging malakas sa kabila ng mga nararanasan at malugod niya itong tinanggap bilang pagsunod sa Diyos. Sabi pa sa kanya; *“Bishop, kalooban ng Diyos na manatili ka sa lugar na iyong pinaglilingkuran! Kagastuhan ito ng Santo Papa! Ngayon, higit na kailangang makapiling ng pastol ang kanyang mga kawan.”* Sumagot ang Obispo: *“Kung ito ang kalooban ng Diyos at ng Santo Papa, maluwag ko itong tatanggapin, babalik muli ako sa Mindoro at kung kinakailangang mamatay para sa aking kawan, gagawin ko.”*

Nabanggit ng Obispo sa isa niyang kklase ang mga kahirapan at panganib na nararanasan niya. *“Ang mga sundalong Hapones*





Obispo William Finnemann

ay nagagalit sa akin. Inuusig nila ako dahilan sa matatag kong paninindigan na huwag ibigay sa kanila ang paaralan at kumbento ng mga madre para gamitin nila sa imoral na gawain. Gayunman, hinding-hindi ko isusuko ang aking paninindigan! Hindi ako gagawa ng anumang bagay na labag sa Diyos at sa aking konsensiya. Handa akong mamatay para sa aking Kristiyanong paniniwala at prinsipyong moral. Mayroon akong bagabag, natatakot ako na may hindi magandang mangyayari sa akin sa Mindoro. Gayunman, babalik ako at gagampanan ko ang aking tungkulin bilang isang pastol ng isang kawan.” Pagkatapos, siya ay nagpaalam na sa kaibigan at hiniling nito na ipagdasal siya.

Ika-5 ng Agosto, 1942. Muling bumalik ang kagalang-galang na Obispo sa lalawigan ng Mindoro. Dala nito ang naipong salapi na galing sa mga kaibigang tumutulong sa kanya sa Amerika. Ang salaping ito ay gugulin sa pagpapagawa ng mga gusaling paaralan sa Mindoro ito, ang naging plano niya. Sa kabila noon, marami pa rin siyang natatanggap na mga pananakot at pamimilit mula sa mga sundalong Hapones. Subalit nanatiling matatag sa desisyong huwag ibigay ang mga kahilingan ng mga Hapones. Alam ng mga sundalo na kahit ano ang kanilang gagawin ‘di rin mabubuwag ang desisyon ng Obispo kaya’t pumunta sila sa parokya at hinalughog ang mga gamit nito lalo ang mga mahahalagang dokumento tungkol sa kanyang citizenship.

Sa katunayan siya ang kauna-unahang misyonerong SVD na nagkaroon ng Filipino citizenship. Sa pangyayaring yaon, lalong nabahala ang mga kasamang pari ni Obispo Finnemann at pinayuhan ang Obispong tumakas na lamang. Malakas na sumagot ang Obispo, *“Hindi! Wala akong dapat ikatakot, malinis ang aking konsensiya, mananatili ako sa piling ng aking mga kawan.”* Umaga noon, agad na pumasok si Obispo Finnemann sa kanyang silid-dalanginan upang manalangin, pagkatapos nagdiwang siya ng Banal na Misa. Mga ilang saglit, biglang lumusob sa tirahan ng Obispo ang mga sundalong Hapones sa pamumuno ni Ginoong Ishida. Pinaligiran nito ang Obispo - kinuha lahat ng mayroon siya sa silid-





tulugan, mga radyo, kamera at mga mahahalagang dokumento. Nang di makuntento, hinalughog nila ang buong bahay. Pagkatapos, binalikan siya, sinampal at sinipa nang hindi kaagad ito nakasagot sa mga tanong. Nang magsawa na sila sa pananakit, pinagbihis nila ang Obispo at agad dinala sa kanilang *headquarters*. Naranasan niya roon ang mas malupit na hagupit sa kamay ng mga sundalo, siya'y pinagpapalo ng kahoy hanggang sa ito ay mabali. Maraming pasa at latay ang buo niyang katawan dahil sa walang awang paghahagupit sa kanya. Hindi pa nasiyahan ang mga sundalo, nagawa pa nilang itali ang mga kamay at paa nito sa pintuang bakal ng paaralan at ibinilad sa mainit ng araw. Parang isang hayop ang ginawa nila - labis na paghihirap ang naranasan ng Obispo subalit ni isang sambit ng pagdaing o reklamo ay di man lang narinig sa kanya.

Pinag-utos ni Kapitan Ishida sa mga sundalo na huwag pakainin ang Obispo, subalit may ilang mga matatapang na kababaihan ang palihim na nagdadala ng mga pagkain sa Obispo sa tulong na rin ni Kapitan Wacabayashi. Sa tulong at paraan ng tatlong kababaihan, lihim silang humingi sa isang interpreter na kung maaaring pakawalan na nila ang Obispo, subalit nabigo pa rin sila. Buwan ng Oktubre nang muling bumalik ang pinunong si Ishida mula sa Maynila at patuloy pa ring namimilit sa kanyang kahilingan na ibigay na ang naturang paaralan. Tulad ng dati, matigas na muling binigkas ng Obispo: *"Hindi! Kaylanman hindi ninyo ito makukuha."*

Sa kabilang dako, lihim na iniluwas ni Kapitan Ishida ang Obispo patungong Maynila. Humingi siya ng ilang kapisasong damit para sa paglalakbay. Bago nilisan ng Obispo ang bakuran ng kumbento pasulyap siyang tumingin sa kasamang pari at mahinang nagwika: *"Ipagdasal mo ako!"* Halos madurog ang puso ng pari sa oras na yaon habang papalayo ang Obispo. Nakita niya itong mahina na, payat na payat at namumutla. Pinatutunayan lamang ni Obispo ang kanyang pagmamahal sa kanyang kawan. Labis ang pag-aalala ng kasamang pari kung ano na ang kalagayan ng Obispo. Halos panay ang tanong nito kung nasaan na ang Obispo subalit walang malinaw na kasagutan.





Obispo William Finnemann

Noong Oktubre 28, bumalik ng Mindoro si Kapitan Ishida at pinuntahan agad ng pari upang kamustahin ang Obispo. Sabi nito sa kanya: *“Nasa Maynila ang Obispo at mabuti ang kalagayan nito.”* Pawang kasinungalingan lamang ang lahat ng ito.

Noong ika-26 ng Nobyembre, ibinalita ni Rev. Padre Provincial Anspach ang ulat ng Chief of the Bureau of External Affairs of Japanese Military Administration. Ito ang nakasaad sa ulat: *“Si Obispo Finnemann ay tumalon sa dagat, sa pagitan ng Verde Island at Batangas, may dalawang kilometro mula sa piyer ng Calapan.”* Hindi pinaniniwalaan ng mga taga-Calapan ang nasabing ulat. Nagtanung-tanong ang kasama niyang pari na si Padre Pues. Nakarating sa Calapan ang balitang patay na si Obispo Finnemann noong ika-16 ng Nobyembre, 1942. Ang malungkot na balitang ito ay ipinarating ni Padre Provincial Anspach sa mga pari ng Mindoro. Magkahalong galit at kalungkutan ang naramdaman ng mga taga-Calapan. Galit sila kay Kapitan Ishida dahil sa sinabi nitong si Obispo Finnemann ay nasa mabuting kalagayan sa Maynila gayong siya mismo ang nag-utos na itapon ito sa dagat.

Buwan naman ng Agosto, 1943. Si Ginoong Pedro Ragas, isang dating Seminarista mula sa Calbayog Samar, ang nagkuwento ng tunay na pangyayari. Ayon sa kanya, nakausap niya sa kanyang tahanan sa Naujan ang isang inhinyero ng barko ng mga sundalong Hapones na sinasakyan ni Obispo Finnemann patungong Batangas. Ayon sa inhinyero, habang sila ay nasa pagitan ng Verde Island at Batangas, silang apat na Pilipinong tauhan ng barko ay inutusan ng mga sundalong Hapones na magtungo sa *engine room* ng barko. Sumilip sila sa may butas na dingding at nakita nila si Obispo Finnemann na nakaupo sa silya - napapalibutan ng mga sundalong Hapones at sa harap niya ang pinuno ng mga sundalo. Narinig nila na may ipinag-utos ito. Nakita nilang itinali ang mga paa at kamay ng Obispo. Pagkatapos maigapos, isang malaking bato ang itinali sa mga kamay ng pinunong pastol at isang mahabang bakal naman ang itinali sa kanyang mga paa. Hindi man lang nila narinig o nagreklamo ang Obispo. Pagkatapos noon, naririnig nila ang pagkakabunggo ng





Buhay Misyonero

bato sa mga bakal ng tagiliran ng barko at ang pagbagsak ng isang mabigat na bagay sa dagat.

Isinalaysay pa ng inhinyero ang pagdating nila sa daungan ng Batangas at hindi sila pinayagang bumaba ng barko. Hindi na nila muling nakita ang Obispo at siniguro nilang ito'y inihulog sa dagat. Idinugtong pa niya na maraming mga pagkakataon na nakasama nila ang ibang mga Pilipino sa Barko at marami dito ang inihulog din sa dagat. Sa mga pangyayaring yaon, natakot ang inhinyero na baka sila naman ang ihuhulog sa dagat kaya nang magkaroon sila ng pagkakataon, sila ay tumakas. Nang ikumpara ang salaysay ng inhinyero kay Ginoong Ragas at sa iba pang mga kuwento ng mga taong nakakita kay Obispo Finnemann at sa mga taong nakasaksi, nagkatugma-tugma ang mga pangyayaring naganap sa oras na yaon. Patunay lamang na ang mga salaysay ng inhinyero ay nagpapahayag ng katotohanan. Hindi nakuha ang bangkay ni Obispo Finnemann sa lugar na pinaghulugan sa kanya ng mga walang pusong sundalong Hapones. Sa bahaging iyon ng karagatan, napakalakas ng agos at malalim ang tubig. Gayunman, kahit hindi tiyak ang eksaktong lugar ng kanyang libingan sa pusod ng karagatan taun-taon, sa petsa ng kanyang kamatayan, isang bangka ang naglalayag mula sa Calapan at nag-aalay ng koronang bulaklak sa mga alon na nagsisilbing bantay sa libingan ng isang banal at tunay na pinunong pastor ng mga mananampalatayang Katoliko sa Mindoro. Maraming nanalangin sa kapayapaan ng kanyang kaluluwa.

Samantala, ang mga taong responsable sa pagpahirap at pagpatay kay Obispo Finnemann ay tila pinarusahan ng Diyos. Taong 1943, si Kapitan Wacabayashi kasama ng tatlumpu't dalawang sundalong Hapones at labing walong Pilipinong kawal ang nagtangkang tumawid sa kabundukan na nasa pagitan ng Naujan at Mamburao. Naligaw ang nasabing grupo sa kagubatan at pagkaraan ng ilang araw na paghahanap, natagpuang patay ang tatlumpung siyam sa mga kasama nito kabilang si Kapitan Wacabayashi. Namatay ang nasabing bilang ng mga sundalo dahilan sa kawalan ng pagkain at matinding lamig na dulot ng walang tigil na pag-ulan. Sa kabilang





Obispo William Finnemann

dako, si Kapitan Ishida naman ay nasugatan ng malubha sa ulo at dibdib nang maaksidente sa kanyang sasakyan. Siya ay nakaligtas subalit noong taong 1944, ipinatawag siya sa Tokyo, Japan upang panagutan ang mga krimen at pang-aabuso sa tungkulin na ginawa niya sa Pilipinas.

Hindi kailanman makalilimutan ng mga Mindoreño ang kanilang mabuting Pastol na siyang nagbuwis ng buhay dahil sa pagmamahal sa mga tao, pagtatanggol sa pananampalataya at sa isang matibay na paninindigan alang-alang sa moral ng mga kababaihan. Mananatiling buhay ang alaala ng kagalang-galang na Obispo Finnemann sa puso ng bawat mananampalatayang Mindoreño. Para sa mga Mindoreño, siya'y itinuturing na isang martir at santo dahil sa kamangha-manghang ginawa niya sa misyon ng simbahan.





Padre Joseph Freinademetz

Abril 15, 1852 - Oies, Abtei, Tyrol

† Enero 1, 1908 – Shandong, China





Padre Joseph Freinademetz

“Ang tanging salita na nauunawaan ng mga tao saanmang dako ng mundo ay ang salita ng pagmamahal!”

Ipinanganak siya noong ika-15 ng Abril, 1852 sa mataas na bahagi ng Dolomite sa hilagang bahagi ng Tyrol. Ito ay matatagpuan sa isang liblib na lugar ng Oies na sakop ng Abtei, Bandia. Ang lugar ng Abtei ay pinakasentro at ito ay mataas na bahagi ng Gader Valley, kilala sa tawag na Alta Badia. Maganda ang lugar na ito at kinagigiliwan ng mga turistang dumadalaw lalo na yaong mahilig maglaro ng *ice skating*. Ang mga tao rito at ang mga karatig-lugar ay binubuo ng tinatawag na *Ladins* o mga Katutubo. Sa kasalukuyan, wikang Romano pa rin ang kanilang ginagamit. Sa panahon ng kanyang kapanahunan, ang Dolomite Valley ay sakop ng Canton ng Tyrol na naging bahagi ng Bansang Austria mula noong ikalabing-apat na daang taon. Noong taong 1919, pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ang hilagang bahagi ng Tyrol kasama ang Gader Valley, nasa ilalim ng pananakop ng Italy.

May kaunting bukirin ang pamilyang Freinademetz. Si Joseph ang ikaapat sa siyam na magkakapatid, bagaman apat sa mga ito ay namatay na sa murang edad. Ang lugar ng Oies ay medyo madamo kaya naman may kaunti silang alagang hayop: kalahating dosenang baka, ilang alagang baboy, tupa at kabayo na pinagkukunan ng ikinabubuhay ng pamilya.

Araw-araw, makikitaan mo na ang pamilyang ito ay debotong Katoliko at kung sumasapit ang oras ng pagdarasal na *Angelus*, sila ay nagtitipon upang magdasal ng Santo Rosaryo sa harap ng Altar. Tuwing sasapit ang panahon ng tagsibol, ang ama ni Joseph na si





Buhay Misyonero

Giovanmattia ay nagsasagawa ng Banal na paglalakbay o *pilgrimage* mula sa isang kapilya ng Banal na Krus dalawang libong metro ang taas. Dinadala sila ng kanilang ama sa simbahan araw-araw upang dumalo ng Banal na Misa sa Parokya ng San Leonard, dalawampung minuto ang layo mula sa kanilang tahanan.

Pagkatapos ng apat na taon sa Elementarya sa Paaralan ng *San Leonard's little Ujop*, ipinadala si Joseph sa bayan ng Brixen upang mag-aral sa paaralan na kung saan doon nakatira ang mga Obispo. Ito rin ang naging saloobin at naging payo sa kanya ng kanilang Kuraparoko. Halos labing-isang oras ang lalakaran upang marating ang lugar na ito dahil na rin sa di maayos na daan sa panahong iyon.

Sa Bayan ng Brixen, halos wikang Aleman lamang ang ginagamit. Para kay Joseph, mabilis na niya itong natutunan dahil sa kanyang galing sa wika. Sa kasalukuyang panahon, ang mga taong nakatira rito tulad ng Ladin na bahagi ng Gladden Valley ay halos gumagamit ng wikang Italyano. Pagkatapos ng dalawang taon sa Elementarya, siya ay inilipat kaagad sa Sekondarya dahil na rin sa kanyang lihim na katalinuhan at kagalingan sa pagsasalita ng wika.

Taong 1872. Pumasok sa Major Seminary si Joseph, at naatasan si Bishop Vinzenz Gasser na maging Obispo ng *Diocese* ng Brixan. Siya ay isa sa mga obispong nagbigay ng malaking bahagi sa *Vatican Council I* na nagbukas ng kaalaman sa buhay misyonero sa buong mundo. Sa panahon ng kanyang taon sa pag-aaral sa sekondarya, mayroong naging guro si Joseph na nagbigay sa kanya ng impluwensya at inspirasyon na nagpalalim at nagbigay-sigla sa buhay misyonero. Ito ay naging dahilan ng kanyang pagnanais na maging misyonero balang araw.

Taong 1875 nang siya ay ordinahan bilang paring *diocesan*. Pagkatapos ng ilang panahon, natapos niya ang kanyang pag-aaral, inatasan kaagad siya ng Obispo bilang katuwang ng pari sa Parokya ng St. Martin, malapit sa kanilang lugar. Ang kanyang naging





gawain ay magturo. Ang karanasang ito ay nagbigay pa sa kanya ng mas malalim at malawak na pag-ibig at paniniwala sa kanyang misyonerong bokasyon.

Sa pamumuno ni San Arnold Janssen at mga kasamahan nito, itinatag nila ang unang *Catholic Mission House* para sa taga-Alemanya sa lugar ng Steyl noong taong 1875. Sinimulan ang gawaing ito na may kaakibat na kahirapan, kababaang-loob at pagitiwala sa Diyos. Ito ang naging inspirasyon ni San Arnold upang magtatag ng isang samahan ng mga paring misyonero na tinatawag na Divine Word Missionary (SVD).

Naging tanyag noon at mabilis na kumalat ang Mission House sa Steyl. Ang balita ay nakarating hanggang sa lugar ni Padre Joseph. Nanatiling buo pa rin ang pananaw niyang maging misyonero at lalong lumago ang pagnanasa niyang maging isang misyonero.

Noong Enero taong 1878, nabasa at nakita ni Padre Joseph sa isang bulletin ang artikulo tungkol sa Mission House sa Steyl. Agad siyang pumunta kay Padre Janssen. Si Padre Joseph ay dating paring sekular na naging kasapi ng samahan ng SVD. Noong buwan ng Mayo, 1879, si Padre Joseph kasama ng isa pang pari na si Padre John B. Anyer ang mga unang misyonerong tumungo sa Tsina mula sa lugar ng Steyl.

Naging misyonero si Joseph hindi sa lugar ng Steyl, kundi sa bansang Tsina. Sa kanyang pagiging misyonero, lalo pa siyang napamahal hindi lang sa kanyang misyon kundi sa mga taong kanyang pinaglilingkuran na ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Minahal niya ang mga taong ibinigay sa kanya katulad ng pagmamahal ng Diyos sa bawat isa. Ayon sa kanya, ang pagiging misyonero ay hindi lamang nanatili sa mga karatig lugar kundi sa buong Simbahan. Dumating sina Padre Joseph at ang kanyang mga kasamahan sa lupain ng Hongkong. Inihahalintulad ni Padre Joseph ang laki ng lupain ng kanyang mahal na lugar, ang Tyrol, sa laki ng Hong Kong. Sinimulan





Buhay Misyonero

na niya ang pagkilala sa kanyang sinasakupan. Isinalaysay niya na iba't ibang lahi ng tao ang naninirahan dito tulad ng mga Amerikano, Espanyol, Alemanya, Indian, Pilipino at marami pa ring bilang ng mga Kristiyanong nananampalataya.

Sa Tsina, Budismo ang kanilang relihiyon. Bilang isang misyonero, kailangan niyang makisalamuha sa mga taong nasasakupan maging sa kultura, wika, relihiyon at uri ng pamumuhay ng mga ito. Dahil na rin sa pagyakap sa kulturang Tsino, nagbago na rin ang kaayusan ng kanyang pananamit. Tulad ng mga Intsik, maging ang kanyang pangalan ay nabago rin. Ito ay naging 'Fu Jo-shei Shenfu' o kaya'y 'Fu Shenfu' na ang ibig sabihin ay "ang mapalad na pari". Ang dati niyang mala-gintong buhok ngayo'y natatabunan na ng sumbrero. Maging ang kanyang sapatos ay kahintulad na ng mga Tsino. Sa kabila ng pag-unlad ng mga nananampalataya, inilarawan ni Padre Joseph ang kabi-kabilang naglalakihang Pagoda ng mga Intsik na natatanaw niya sa malayo. Lihim niyang sinasabi sa sarili: *"Balang araw ang pagodang ito ay magiging simbahan, bahay-dalanginan ng mga Kristiyanong nananampalataya."* Nagkaroon ng isang kaibigan si Joseph na kung saan ito ang siyang nagtuturo sa kanya ng wikang Tsino. Naging isang malaking tulong din ang presensya ng isang Italyanong misyonero sa pakikipamuhay at pakikibagay ni Padre Joseph sa mga tao at higit sa lahat, ang paglilibot sa iba't ibang lugar, lalo na yaong hindi pa napupuntahan ng mga misyonero. Sa kanilang pagbibisita, nakita ni Padre Joseph ang kahirapan ng mga tao at halos madurog ang kanyang puso sa mga nakikita niyang kalagayan. Sa kanyang paglilibot, nabuo sa kanyang isipan kung paano niya matutulungan ang mga taong ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Sa loob ng anim na buwan ng kanyang paglilibot lalo na sa mga liblib na lugar, sinikap niyang makilala ng mga tao at hinikayat niyang manumbalik ang mga ito sa dating pananampalataya. Halos maubos na niya ang oras sa paglilibot, pakikipag-usap at pakikisalamuha sa kanila, subalit bigo pa rin siya at halos mawalan na siya ng pag-asa sa magandang ibubunga ng mga pagsasakripisyo niya. Ang mga tao rito ay walang oras sa pakikinig sa mga pangangaral ni Padre Joseph.





Napag-alaman ni Padre Joseph na kaya sila ganoon makitungo ay dahil sila ay galit sa mga dayuhang banyaga at sa mga di magandang naging karanasan nila. Halos maiyak si Padre Joseph sa mga pangyayaring iyon. Kahit na siya'y isang misyonero, isang sugo ng Diyos di maiaalis sa mga tao ang kanilang hindi magandang pagtingin o pakikitungo sa mga banyaga. Maluwag naman itong tinanggap ni Padre Joseph at para sa kanya isa itong hamon na sana ay malampasan niya. Di maiwasang minsa'y nasisigawan siya ng mga tao: *"Isa kang masamang banyaga o kaya'y isang demonyo! di ka namin kailangan!"*. Halos maiyak noon si Padre Joseph sa narinig subalit buo pa rin ang paniniwala niya na makakaya niyang lahat ang mga pagsubok sa buhay. Dahil tao lamang, di niya maiwasang maghusga sa mga paraan ng pagsamba ng mga Intsik tulad ng pag-aalay ng mga pagkain at pagsamba sa diyus-diyosan. *"Kailanman, di maiihalintulad ang mga Intsik sa mga taga-Europa dahil na rin sa napakalayo ng pagkakaiba ng kultura at paniniwala,"* aniya. Halos wala nang pag-asa noon si Padre Joseph. Nasabi niya tuloy sa sarili: *"Noong ako ay nasa Seminaryo pa lamang at naghahanda ng aking sarili sa pagmimisyon, punung-puno ako noon ng inspirasyon, pangarap, pag-asa at mga bagay na nais kong gawin upang matulungan ko ang mga tao."* Subalit para yatang nawala ng lahat ang mga ito. Gayunman, nanatili siyang matatag at patuloy na nananalanging malalampasan niya ang mga pagsubok. Kilala si Padre Joseph na isang taong may matibay na paninindigan, may determinasyon at disiplina sa sarili. *"Sa aking pagsisimula sa misyong ito, sisikapin kong dapat na manaig ang relihiyong itinatag ni Kristo."* Ito ay isang paniniwala na nasa puso ni Padre Joseph at nagbigay-buhay sa kanyang ipagpatuloy ang nasimulang misyon sa kabila ng mga pagsubok at kahirapang nararanasan.

"Sa mga paghihirap, kabiguan, paghuhusga ko sa mga tao, kawalang pag-asa at pagyakap sa kultura ng tao, lahat ng karanasang ito ang nagsilbing daan upang makita ko at maunawaan ng lubos ang kalooban ng Diyos sa aking buhay. Gayundin, upang yakapin anuman ang mangyayari sa susunod, tanggapin nang may pag-asa at kagalakan sa puso dahil alam kong Diyos lamang ang





Buhay Misyonero

nakakaalam ng lahat at Siya ang natatangi kong lakas sa gawaing ito.” Sa mga karanasang ito, lalo pa siyang nananalangin at nagninilay sa buhay, pag-aayuno at pagsasakripisyo. Sabi pa niya, “Ang mga gawain ay di mawawala subalit ang pinakamahalaga ay ang pagbabago ng sarili, pananaw at lubos na pagyakap sa kultura ng tao. Bilang isang misyonero, dapat maranasan kong umiyak, mabigo, manghina, mawalan ng pag-asa. Dahil dito, nagsimula akong maging isang totoong tao, tunay na alagad ng Diyos na handang ibigay ang buhay kung kinakailangan.”

Taong 1881. Nilisan ni Padre Joseph ang Hong Kong at ipanadala siya sa hilagang bahagi ng Tsina, ang lugar ng Shantong. Magkaiba ang wikang ginagamit pero madali naman niya itong natutunan. Ang lugar na ito ang pinakasentro ng misyon. Sa Shandong, sinimulan uli niya ang paglilibot sa mga liblib na lugar at halos lingguhan o kaya’y buwanan niyang marating ang isang lugar. Masaya si Padre Joseph sa bago niyang misyon dito. Nakilala niya ang isang bulag na naging kaibigan na siyang nagtuturo ng wika sa kanya at laging kasa-kasama niya sa paglilibot. Dito natutunan ni Padre Joseph ang puspusang pagkilala sa mga taong nasasakupan niya, ang isang tunay na pagyakap sa kultura at pagpasok sa buhay ng mga tao.

Sa loob ng tatlumpu’t apat na taong pananatili niya sa Tsina, napamahal na siya nang lubos sa mga tao. Madalas niyang sabihin, *“Ang pinakamamahal kong mga Tsino.”* Gumawa siya ng panata at sumulat sa mga kaibigan. *“Ipinapangako ko ng buong katapatan ang lubos kong pagmamahal at mananatili akong nagmamahal dahil sa aking mahal na mga Tsino. Ngayon, hindi na ako masyadong nahihirapan at magaan na ang aking pasanin. Ang Tsina ay maituturing kong aking tahanan at sandata. Balang araw, alam kong dito rin ako babagsak.”* Isa sa mga sulat niya sa kanyang kapatid ang nagsasabing *“Nais kong mabuhay at mamatay kasama ng aking malapit sa puso... ang natatangi kong mga Tsino.”* Minsan, napag-usapan ang muli niyang pagbabalik sa Europa para sa isang mahalagang trabahong naghihintay sa kanya. Inilahad





niya sa kanilang Rektor na si Padre Arnold Janssen na kung maaari, huwag muna ngayon sapagkat nais pa niyang manatili sa Tsina.

Sa panahon ding yaon, ang mga Kristiyanong misyonero ay nakararanas ng matinding kahirapan sa mga awtoridad. Mahigpit na ipinagbawal ang anumang gawaing pang-misyon. Ipinagbawal din ang pagdiriwang ng Banal na Misa lalo na ang mga dayuhan. Mahigpit na ipinag-utos ng pamahalaan ng Tsina sa mga misyonerong dayuhan na umalis sa kanilang lugar. Gayunpaman, buo ang paniniwala ni Padre Joseph na manatili sa Tsina at wala dapat siyang katakutan - kamatayan man ang maging kapalit. Taong 1900, inatasan ni Padre Janssen si Padre Joseph na maging isang Provincial Superior ng mga misyonerong SVD. Dahil na rin sa mahinang katawan ni Padre Joseph at pagkakaroon ng sakit sa бага, minsa'y di maiwasang manghina ang kanyang katawan subalit patuloy pa rin siya sa mga gawaing pang-misyon. Sa kabila ng maraming ginagawa, nagagawa pa rin niyang magturo sa Semyinaryo at magbigay ng mga seminar at *retreat* sa mga kasamang pari. Halos ginugol ang buong oras ni Padre Joseph sa paghuhubog sa mga kabataan na nais ibigay ang panahon sa pagiging isang katekista. Isa sa kanyang mga gawain ay hubugin ang nasabing mga kabataan. Layunin ng programang ito na mahubog ang mga kabataan na maging mga mumunting alagad ni Hesus at maging mga taga-pamuno sa mga pamayanan at mangaral ng Salita ng Diyos. Layunin rin niyang maging misyonero sa kanilang mga lugar ang mga kabataan at maging katuwang sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita sa lahat ng tao. Umaasa ang kanilang Pastol na mananatili at magiging matatag sila sa bokasyong ito at gagampanan nila ang kanilang mga tungkulin kahit wala na siya sa piling nila.

Nararamdaman na ni Padre Joseph na di na siya magtatagal sa mundo subalit nagagalak ang kanyang puso na makitang ang kanyang mga itinanim ay unti-unting namumunga. Paalaala niya sa kanyang mga Katekista: *"Lagi kayong manalig sa Diyos na Siyang tumawag sa inyo. Maging matatag kayo sa anumang darating na mga pagsubok alam kong marami ang naghihintay ng inyong tulong*





Buhay Misyonero

lalo na yaong mga taong gustong makilala ang Diyos. Huwag sana kayong matakot sa mga panganib. Tandaan ninyong lagi kayong sasamahan ng Diyos sa lahat ng inyong gagawin. Magsumikap kayo dahil naghihintay ang inyong gantimpala sa langit. Huwag sana kayong panghinaan ng loob, maging huwaran nawa kayo ng mga tao at makikita sana sa inyo ang mukha ni Hesus. Huwag sana ninyong ipagkait ang inyong buhay kung kinakailangan. lalay ito at maging masipag sana kayo sa pananalangin.” Lalong lumakas ang pananampalataya ng mga hinuhubog bilang mga Katekista at handa sila sa anumang naisin ng Diyos sa kanila. Naging matagumpay ang programa ng mga katekista. Halos lahat ay masayang tinanggap ang hamon ng misyon.

Nagmungkahi si Padre Joseph sa kanilang *Superior General* noong taong 1902 na si Padre Arnold Janssen na kung maaari ay payagan siyang tanggapin ang mga kabataang nais maging misyonero sa kanilang Kongregasyon. Tinanggap naman ito ng *Superior General* kahit may kaunting pag-aalinlangan dahil sa sitwasyon ng Tsina.

Marami ang nakasaksi sa kabanalan ni Padre Joseph, sa pagiging madasalin nito at laging nagninilay ng Salita ng Diyos. Makikita mo sa kanyang silid-dalanginan ang isang lumang Krusipiho, isang Bibliya na siyang nagsisilbing lakas niya sa buhay misyonero. Malapit sa kanyang puso ang larawan ng paghihirap ni Kristo na siyang nagsilbing inspirasyon niya sa lahat ng kanyang mga naging karanasan. Malimit mong marinig sa kanyang mga homiliya ang kahalagahan ng pagsasakripisyo at pagpapakasakit katulad ni Hesus. Sa huli, nasuklian din ng pagmamahal ang mga ipinakita niya sa kanyang pinaglilingkuran. Minahal siya ng mga tao at tinanggap nang lubos, itinuring na isang mapagmahal na pastol. Itinuring din siya na isang Tsino.

Sa ilang salaysay, si Padre Joseph ay di mo makitaan ng pagiging pinuno. Hindi siya ang nagtatag ng samahan ng mga misyonerong pari o SVD, subalit siya ang unang misyonerong





Padre Joseph Freinademetz

SVD na naglingkod sa Tsina. Hindi rin siya naging Obispo subalit mapagpakumbabang ginagawa niya ang mga gawaing nakaatang sa kanya. Hindi rin siya nagsulat ng mga Teolohiya o kaya'y namatay bilang isang martir - siya'y namatay sa sakit na *typhoid epidemic*. Siya ay isang simpleng manggagawa sa ubasan ng Diyos, sumunod sa tawag ng misyon at nag-alay ng buhay dahil sa pagmamahal sa Diyos at sa misyon.

Nang siya'y mamatay, isang Tsino ang nagwika: *"Para akong nawalan ng isang Ama at Ina"*. Dakila nga talaga ang pagmamahal ng misyonerong ito gayundin ang pagmamahal ng mga tao sa kanilang pinakamamahal na pastol. Sa huli niyang kahilingan, nais niyang makasama ang mga Tsino kahit na nasa langit na siya.

Batay sa sinabi ng Santo Papa Juan Pablo II, *"Ang mga banal na tao ay maituturing na mga kaibigan ni Hesus."* Ganito ang ginawa at naging buhay ni Padre Joseph. Siya ay nakipagkaibigan. Sumunod siya ayon sa kalooban ng Diyos, iniwan niya ang pamilya, kaibigan at ang pinakamamahal niyang lugar masunod lamang ang kalooban ng Diyos. Ito ang huli niyang sinabi: *"Hindi ko itinataas ang aking sarili bilang misyonero. Sa halip, buong puso kong iaalay ang aking buhay sa Diyos na siyang pinagkukunan ko ng lakas at biyaya."*

Siya ay idineklarang Santo ng Simbahan kasama ng kanilang tagapagtatag na walang iba kundi si San Arnold Janssen noong ika-5 ng Oktubre, 2003.





Padre Rhoel Gallardo

Nobyembre 29, 1965 - Olongapo City, Philippines

† Mayo 3, 2000 - Basilan Mindanao, Philippines





Padre Rhoel Gallardo

Isang araw, isinilang ang isang sanggol na lalaki sa tahanan nina Ginoong Dominador Gallardo at Ginang Raquel Dayap noong ika-29 ng Nobyembre, 1965 sa Olongapo City. Siya ay pinangalanang Rhoel, pangalawa sa limang magkakapatid na sina Grace, Dominador Jr., Jesse at Jerwin. Ang kanyang ama ay isang inhinyero samantalang ang kanyang ina naman ay isang guro. Abala ang mga ito sa kanilang mga gawain, kaya madalas na naiwan si Rhoel sa pangangalaga ng kanyang lola. Giliw na giliw naman sa kanya ang matanda sapagkat ang limang taong gulang na si Rhoel ay maalalahanin. Tuwing oras ng meryenda, dinadalhan siya nito ng pagkain.

Ang lola na rin niya ang nag-aasikaso ng kanyang pag-aaral. Anim na taong gulang siya noon nang ipatala siya nito sa Paaralan ng Kindergarten subalit hindi siya natanggap dahil sa kanyang kaliitan kumpara sa taas ng mga batang kasing edad niya lamang. Isang taon pa ang kanilang hinintay bago pa siya nakapagsimulang mag-aral. Nang siya'y magtapos sa elementarya, ipinasya ng kanyang mga magulang na lumipat ng tirahan sa Castillejos, Zamboanga. Dito na rin niya ipagpapatuloy ang kanyang pag-aaral.

Bilang isang mag-aaral, hindi naman siya katalinuhan ngunit matiyaga siya sa pag-aaral, kaya isa siya sa mga nakakatanggap ng karangalan sa kanilang klase. Tuwing tapos na ang kanyang klase, umuuwi na siya sa kanilang bahay hindi na siya nagpapagalagala pa. Lumaki rin siyang masunurin sa kanyang mga magulang. Higit pa rian, siya ay maaasahan at responsable. Kinagigiliwan naman ni Rhoel ang pagbabasa at paglalaro ng basketbol. Nasa ikalawang baitang na siya noon ng Sekondarya nang dumalaw sa kanilang





Buhay Misyonero

tahanan si Fr. Cacho, *Rector* sa St. Augustine Minor Seminary ng Iba at nakausap nito ang kanyang ama. Sinabi ng pari na ang kanilang anak ay may posibilidad na tanggapin at makapasok sa Seminaryo, subalit iminungkahi ng kanyang ama na ang bagay na ito ay dapat pa nilang pag-usapan ng ina ni Rhoel.

Isang gabi, ang pamilya nina Rhoel ay magkasamang nanonood ng telebisyon. Nang matapos sila sa panonood, kinausap niya ang kanyang mga magulang tungkol sa alok ni Padre Cacho. Nagkatinginan lamang ang mag-asawa. Pagkatapos, ibinaling nila ang kanilang tingin sa kanilang anak at tinanong ito ng ganito: *“Anak ano ba ang gusto mo?” “Inay, Itay, gusto ko po sanang ipagpatuloy ang aking pag-aaral sa Minor Seminary sa susunod na pasukan,”* ang mungkahi ni Rhoel. *“Ganoon ba ang gusto mo? Sige susuportahan ka namin,”* sabi ng kanyang ama. Lingid sa kanilang kaalaman naibalot na ni Rhoel ang kanyang mga gamit at nakaplano na rin siyang umalis kinabukasan. Lumipas ang panahon at naging maayos ang pag-aaral ni Rhoel. Nang magtapos siya ng pag-aaral sa Minor Seminary, siya’y nagdadalawang-isip kung ipagpapatuloy niya ang pag-aaral sa Major Seminary. Hindi niya alam ang kanyang gagawin. Isinangguni niya ito sa kanyang mga magulang na lagi namang nandiyan para sa kanya. Pinayuhan siya ng mga ito na pag-isipan niyang mabuti kung ano ba talaga ang gusto niya, kaya pinag-isipan niya ang bagay na ito habang panahon ng bakasyon. Naging abala rin siya sa pagtatanim ng mga halaman sa likod bahay nila. Bata pa siya ay kinahiligan na niya ang pagtatanim. Hanggang isang araw, muling nabuo sa kanyang isipan ang isang plano.

Ipinasya niyang mag-aral sa *St. Louis University* na matatagpuan sa Baguio at dito ay kumuha siya ng kursong *AB Philosophy*. Sa panahon ng pag-aaral niya rito, nakatanggap siya ng isang tawag mula sa mga Misyonerong Claretian. Matapos niyang tanggapin ang kanyang *Bachelor Degree*, sinabi niya sa kanyang ina na ihatid siya sa Seminaryo ng mga ito. Gayon na lamang ang pagkagulantang ng kanyang ina sa kanyang sinabi. Agad siyang





tinanong nito kung saan ba ito matatagpuan, ngunit maging si Rhoel ay hindi rin alam - tanging ang kaibigan lamang niya ang nakakaalam na ang Seminaryo ay matatagpuan sa Tandang Sora, Quezon City. Sinamahan siya ng kanyang mga magulang sa pagtungo roon noong ika-3 ng Mayo taong 1987 at si Fr. Ochagavia ang kumausap sa kanila.

Makalipas ang dalawang buwan mula nang siya'y dumating dito, dinalaw siya ng kanyang mga magulang. *"Anak, kamusta ka na rito?"*, ang pangungumusta ng kanyang mga magulang. Bakas sa kanyang mukha ang kalungkutan at nangangayayat din ang kanyang katawan. *"Gusto ko na pong sumama sa inyo pauwi,"* ang naging tugon ni Rhoel. Nang araw ding iyon sumama siya pauwi sa kanilang tahanan. Ngunit madaling-araw na, hindi pa siya nakatulog. Naiisip niya kasi ang tungkol sa kanyang pag-aaral sa loob ng Seminaryo. Isinangguni niya ang bagay na ito sa kanyang ina. *"Hayaan mo anak lagi kitang ipagdarasal."* Kinabukasan, maaga pa ay nagtungo ang kanyang ina sa simbahan at ipinagdasal niya ang nagugulumihanang anak. *"Panginoon, anuman man po ang gusto ninyo sa anak ko ay tatanggapin ko."* Ang taimtim na pananalangin ng kanyang ina ay dininig ng Diyos. Nang umuwi ito sa kanilang tahanan, nadatnan niyang inihahanda ni Rhoel ang kanyang mga gamit pabalik sa Seminaryo, tahimik siyang nagpasalamat sa Panginoon. Gayon na lamang ang kasayahan ng kanyang pamilya sa pagpapasya niyang bumalik muli ng Seminaryo.

Ipinamalas ni Rhoel ang kanyang pagiging pormal, matalino at may pagkasanto sa Seminaryo. Higit pa diyan, siya rin ay medyo mahiyain at tipong tahimik. Kapag nakapalagayang loob na niya, lagi na siyang makikitang nakangisi o di kaya'y nakatawa kahit saan makita. May sarili rin siyang kakayahan sa pagpapatawa, kahit noong siya'y nag-aaral pa sa Sekondarya. Siya rin ay palabiro ngunit laging handang magbigay ng payo sa kanyang mga kamag-aral. Dahil dito ay itinuring siyang "ama" ng buong klase. Sa araw-araw naman niyang pakikihalubilo sa kanyang mga kasamang Seminarista madalas siyang binibiro





Buhay Misyonero

ng mga ito. Siya ay binansagan nilang ‘munting Claret’ dahil sa maliit at siya’y kahawig ng kanilang tagapagtatag na si St. Anthony Claret. At bilang kasapi ng mga misyonerong Claretian, nobisyado pa lamang siya noon ay nagkaroon na siya ng karanasan bilang isang misyonero sa Bunguiao, Zamboanga City. Ayon sa kanyang Novice Master na si Fr. Emilio Pablo, CMF, na nasaksihan niya kung paano nagustuhan si Rhoel ng mga tao sa kanyang pagpapahalaga sa mga Apostolikong gawain, pagmamalasakit at pagkukusa, maging ang paghahandang ginagawa niya sa pagbibigay ng seminar. Naisabuhay rin nito ang kanyang bokasyon sa lahat ng mga gawain lalo na sa misyon na kanyang panghahawakan pagdating ng panahon.

Unang araw ng Mayo, 1989, ginanap ang unang panata ni Rhoel sa kanyang buhay relihiyoso - mamuhay sa kalinisan, kapayakan at pagtalima sa Isabela, Basilan. Lubos na sinang-ayunan ni Fr. Carelo Astiz, CMF, ang maagang pagtatalaga ni Rhoel sa buhay relihiyoso dahil sa ipinakita nitong katapatan sa pagdarasal at ang lubos nitong kaseryosohan sa pag-ako at pagtatalaga ng kanyang sarili maging sa mga gawaing pang-akademiko at iba pang mga responsibilidad. Mabait din siyang tao, maunawain, simple at masayahin. Bagaman may kakulangan siya sa pamumuno at pagkukusa sa akademiko, hindi ito naging hadlang dahil sa kanyang magagandang katangian.

Natapos ni Rhoel ang kanyang paglilingkod sa Maluso, Basilan, kaya’t kalakip ng kanyang sulat para sa kanyang ‘perpetual profession’ ay ang kanyang mga naging karanasan dito. At ganito ang kanyang sinabi: *“Ang mga karanasan ko rito ay isang pagsubok sa akin upang lubos kong maitalaga ang aking sarili sa pagmimisyon at maging aktibo bilang isang saksi ng walang hanggang pagmamahal ng ating Panginoon sa lahat ng tao. Alam naman natin na kailangan nating ibigay ng lubos ang ating mga sarili sa buhay at pagmimisyon para sa walang hanggang kapurihan ng ating Panginoon at kaligtasan ng sangkatauhan”.*





Padre Rhoel Gallardo

Noong ika-16 ng Hulyo, 1993, ginanap ang huling panata ni Rhoel sa kanyang buhay relihiyoso na ipinagdiwang sa Claret house sa Quezon City. Siya'y inordinahan naman bilang Diakono sa Parokya ng Santo Niño na nasa Zamboanga Del Sur. Ika-6 ng Disyembre, 1994 naman ginanap ang kanyang lubos na pagkapari. Sa taon ding iyon, matapos siyang ordinahan, muli siyang pinabalik sa Surabaya, Zamboanga del Sur upang ipagpatuloy ang kanyang misyon. Naglingkod siyang Kuraparoko at tagapangasiwa ng *Catechetical Program*. Pagkalipas ng mahigit dalawang taon, muli siyang inilipat sa Bunguiao bilang isang Postulant Master ng labing-isang kabataan na gustong maging pari. Dumating ang sandali na nagboluntaryo siyang magmisyon sa Parokya ng San Vicente Ferrer bilang isang Kuraparoko at direktor ng paaralan ng Claret sa sekondarya sa Tuhumabong, Basilan. Sa maikling panahon na pamamalagi niya roon, naabot niya't naisabuhay ang pinakatugatog ng kanyang gawaing pangmisyon. Hindi naging hadlang ang hirap na dinanas sa parokya, bagkus lalo niyang pinahalagahan ang kanyang pananaw at mga gawain sa pagmimisyon, sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga taong nasa paligid niya. Ngunit ang dedikasyong ito ni Fr. Rhoel sa kanyang tungkulin bilang isang Pastol sa komunidad ng mga Kristiyano ay ginulo lamang ng mga rebeldeng Muslim na kung saan ito'y kanyang naging tatak bilang isang tunay na misyonero. Pinanindigan niya na anuman ang mangyari hindi niya pababayaan ang kanyang kawan at lagi siyang handa para sa mga ito.

Ilang linggo pa lamang siya roon nang makatanggap siya ng isang sulat mula sa mga Abu Sayyaf kalakip nito ang kanilang pagbabanta sa buhay ng pari kung hindi siya magbibigay ng sampung libong pisong halaga bawat buwan. Sa kabila ng panganib na naghihintay sa kanya, hindi niya ito pinansin. Maging ang punongguro sa paaralang pinamamahalaan ni Fr. Rhoel ay nakatanggap din ng sulat mula sa mga Abu Sayyaf. Ninanais ng mga ito na ang bawat guro ay magbigay ng dalawandaang piso bawat buwan at sampung libo naman mula sa namamahala ng paaralan. Nang araw ding iyon, napagkaisahan nila na magpulong tungkol sa bagay na ito. Napagpasyahan nila na hindi nila ibibigay ang hinihingi





ng mga tulisan sapagkat hindi rin sapat ang kanilang sinasahod sa pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Nakahanda silang harapin kung anuman ang balak ng mga tulisang ito para sa kanila. Ang pagpapasyang ito ng mga kasapi ng paaralan ay kumalat at nakarating sa kaalaman ng mga Abu Sayyaf.

Lumipas ang maraming buwan, hindi inaasahang pangyayari ang naganap. Ika-20 ng Marso, araw na naman ng pasukan samantalang ang araw na iyon ay pahinga ni Fr. Rhoel. Ganoon na lang ang pagtataka ni Bb. Angie, sekretarya ng paaralan, nang madatnan niya ang pari ng umagang iyon sa loob ng *Faculty room* kasama ni Mr. Rubio. Napatanong siya sa kanyang sarili kung ano ba ang ginagawa ng pari dito. Habang natitigilan siya't nag-iisip ay bigla siyang binati nito: *"Magandang umaga, Angie!" "Magandang umaga rin po!"* ang tugon ni Angie. At sinimulan na rin niyang kausapin ang pari. *"Padre, ano po ang ginagawa ninyo rito? Hindi po ba dapat wala kayo rito ngayon? At saka tingnan rin ho ninyo* (habang nakatitig sa buhok ng pari)... *mukhang kagigising lang ninyo ah.... At bihis na bihis din kayo"*. Napangiti naman sa kanya ang pari at sinabi nito na maayos naman ang pakiramdam niya. Habang binubuksan ni Angie ang kanyang *drawer*, lumabas naman si Fr. Rhoel upang batiin ang mga gurong patungo sa kanilang mga silid-aralan. Mula sa labas, maririnig ang kanilang malakas na tawanan na ipinagtaka na naman ni Angie, kaya binalingan niya si Mr. Rubio at tinanong niya kung ano ba ang nangyayari sa pari. Maging si Mr. Rubio ay nagulat sa inaasal ng paring ito. Sa totoo lang, inihahanda na niya ang sarili sa muli nilang pagbabangga ni Fr. Rhoel sapagkat halos tuwing umaga ay nakikipagtalo ito sa kanya tungkol sa pagpapatakbo nila ng paaralan. Ngunit ibang-iba siya sa araw na ito. Mainit niyang kinakausap ang bawat isa at masiglang- masigla rin siya. Habang nag-iisip ang nagtatakan si Angie maging si Mr. Rubio, maya-maya lang ay bumalik na si Fr. Rhoel sa silid na kanilang kinaroroonan. Binulungan ni Angie si Mr. Rubio habang siya naman ay nagbibilang ng mga medalyon sa taas ng kanyang mesa. Nang si Fr. Rhoel ay nasa loob na, muli niya itong tinanong. *"Father, pupunta ba kayo ngayon sa Isabela?"*





Padre Rhoel Gallardo

Kailangan po kasi nating dagdagan ang mga medalyon para sa mga magsisipagtapos". Tugon ng pari: *"Oo, mamaya-maya lang ay aalis na rin ako".* Si Mr. Rubio ay nakikinig lang sa kanilang usapan. Ayaw niyang makihalo sapagkat natatakot siyang makipagtalong muli sa kanya si Fr. Rhoel. Nanatili ang sandali ng katahimikan. Patuloy naman sa pagbibilang si Angie ng mga medalyon nang makaramdam siya ng gutom. Kaya ang katahimikan ay muling nabasag nang magtanong si Angie. *"Father, maaari bang kumain muna ako bago ko tapusin ang ginagawa ko?"* Ngunit hindi siya pinahintulutan ng pari. Tahimik nilang ipinagpatuloy ang pagbibilang ng mga pangalan ng mga batang magsisipagtapos.

Nang araw ding ito, abala naman si Manang Intang Salburo sa kanyang gulayan na katabi lamang ng Paaralan ng elementarya nang makarinig siya ng isang malakas na pagsabog. Mabilis siyang dumapa at hindi muna gumalaw. Kasunod nito ang isang karanasan na hindi niya malilimutan. Parang katapusan na ng mundo sa tuwing maririnig niya ang mga putok ng baril at ang malalakas na pagsabog. Wala siyang ginawa kundi ang magdasal at matapos ang ilang saglit ay tumigil din ito. Paminsan-minsan na lang ang pagputok ng baril. Gumapang siya pabalik sa kanilang tahanan na ilang metro lang ang layo sa paaralan. Agad niyang hinanap ang kanyang mga apo na nag-aaral sa elementarya. Tinawag niya ang mga ito ngunit wala na sila. Patakbo siyang lumabas ng kanilang bahay. Hindi na niya pinansin ang pagputok ng mga baril. Nang siya ay nasa daan na, hinarang siya ng mga kalalakihan at pasigaw na sinabi sa kanya ng isang binatilyo na nakasuot ng isang itim na damit na may mahabang manggas ang ganito: *"Hoy tanda, balik!"* ang wika nito. Samantala, si Kipyong Gregorio na walong taong gulang na subalit isip bata pa rin ay nahuli sa pagpasok ng araw na iyon. Nang marinig niyang inaawit na ang Lupang Hinirang, nagmadali siyang dumaan sa bakod na nasa likod ng paaralan upang hindi siya makita ng kanyang mga guro at kamag-aaral. Nakita niya rito ang mga armadong kalalakihan. Masaya niyang pinanood ang mga ito na kapwa nakasuot ng itim na damit, mga nakabota, nakapantalón at may mga takip sa mukha. Patungo





Buhay Misyonero

ang mga ito sa loob ng paaralan, subalit habang nawiwili siya sa panonood sa mga ito bigla niyang nakita ang isang liwanag mula sa dulo ng mahabang baril na dala-dala ng isang lalaki. Kasunod nito ang isang malakas na pagsabog, kaya patakpong pumasok si Kipyong sa silid ng paaralan upang iligtas ang sariling buhay.

Sa kabilang paaralan, si Angie naman ang unang nakakita sa mga kalalaking nakasuot ng itim. Nang sandaling iyon, tahimik na sa labas ng paaralan. Nasa loob na ng silid-aralan ang mga guro at mga mag-aaral. Tiningnan ni Angie ang orasan na nakasabit sa dingding. Ika-7:49 na ng umaga, isang oras na lang oras na ng miryenda. Katatapos lamang ni Angie kumain ng agahan. Tumanaw siya sa labas ng bintana at nakita niya na napakaulap ng himpapawid. Napansin din niya na ang mga damong nasa likod ng paaralan ay tumataas na at naisip niya na dapat na itong paputulan sa mga mag-aaral. Nasa ganito siyang pag-iisip nang makatawag ng kanyang pansin ang mga kalalaking nakasuot ng itim at may mga pulang tali sa kanilang mga ulo. Pabulong niya itong sinabi kay Mr. Rubio, *“Sir may mga rebelde po,”* at pagkatapos ay nakarinig sila ng putok. Natigilan si Angie sa narinig at hindi siya makakilos. At sinundan pa ito ng maraming putok. Dumungaw rin si Mr. Rubio sa labas ng bintana, naramdaman din niya na sumilip din si Fr. Rhoel. Pagkakita sa mga ito, patakbo siyang lumabas ng silid at tinungo ang pintuan na maaaring daanan ng mga rebelde. Ngunit huli na ang lahat. Tamang-tama na isasara na niya ang kandado ng pintuang bakal nang biglang bumulaga sa kanyang harapan ang mga tulisan. Tinutukan siya ng baril kaya walang nagawa si Fr. Rhoel kundi ang itaas ang kanyang mga kamay. Sinunggaban siya ng mga ito at hinawakan nang mahigpit. Mula sa kabilang gilid, nakatanggap siya ng sipa sa mga ito. Pasigaw siyang inutusan ng ganito: *“Baba, Bilis”*. Lingid sa kaalaman ng mga ito na siya ay isang pari. Dinala siya pababa sa labas ng paaralan kung saan inaawit ng mga bata ang Lupang Hinirang. Nakatali ang kanyang mga braso. Si Mr. Rubio naman na naiwan sa itaas ay sumigaw ng pagkalakas-lakas. *“Isara ninyo ang mga pinto!”* ngunit pinaimbabawan lang ito ng mga putok. Ang mga bata nama’y nag-iiyakan at nagsisigawan na rin.







Ang mga rebelde naman ay paakyat na sa kanyang kinaroroonan at patuloy ang mas malakas pa na pagsabog, habang ang mga bata naman ay nagsisiaklatan patungo sa ikalawang palapag ng paaralan. Pumasok ang mga ito sa *Faculty room*. Sinundan niya ang mga ito. Maging ang mga tulisan ay sumusunod sa kanila. Bog! Bog! Bog! ang narinig nila mula sa nakasarang pintuan, hanggang sa mabuksan nila ito. Pumasok ang mga ito sa loob. Itinaas ni Mr. Rubio ang kanyang mga kamay at pinosasan siya ng mga ito. Dinala rin siya sa kinaroroonan ni Fr. Rhoel, pinakawalan ng mga ito ang labinlimang mga mag-aaral. Maging si Ginang Wennifer Selorio na nagdadalanta ay hindi rin nila pinakawalan. Nasa loob na siya ng silid-aralan nang makarinig siya ng malakas na pagsabog at mga putok ng baril. Hindi siya nabahala, bagkus ipinagpatuloy pa rin niya ang pagtuturo. Ang tanging nasa isip niya ay nag-iensayo lamang ang mga sundalo. Ilang sandali lamang ang lumipas habang siya ay nagtuturo, biglang pumasok ang isang tulisan. Akala niya, isa itong sundalo at tinanong siya nito: *“Sino ba ang guro dito?”* Ang magalang na tanong ng tulisan. Kaya nagpakilala naman siya. *“Sir ako po, ano po ba ang maipaglilingkod ko sa inyo?”* wika ni Wennifer. *“Ma’am, maaari po ba kayong sumama sa akin? Mayroon lang tayong pag-uusapan.”* Sumunod naman siya sa lalaking ito habang maingat nitong hinahawakan ang kanyang siko. Naibulong tuloy niya sa sarili na napakamaginoon naman ng lalaking ito. Naging maliwanag lamang sa kanya ang lahat nang pumasok sila ng *Faculty room*. Nakita niya si Mr. Rubio na nakatali ang mga braso. *“Sir, ano po ba ang nangyayari dito? Sir, ano ito? Kidnapping?”* Ngunit hindi siya sinagot nito. Si Angie naman ay nagawang maikubli ang kanyang sarili sa ilalim ng kanyang mesa. Mula sa kanyang kinatataguan ay naririnig niya ang lahat. Narinig niya ang lahat ng pakiusap at pagmamakaawa ni Fr. Rhoel sa mga tulisan. *“Sasama kami sa inyo, pero pakiusap palayain na ninyo ang buntis.”* Ngunit hindi siya pinakinggan ng mga ito. Sa halip sinagot siya ng isa sa kanila ng ganito: *“Wala kaming pakialam kung mamamatay siya sa daan.”* Hindi pa rin nawalan ng pag-asa si Fr. Rhoel muli siyang nakiusap sa mga ito. Ginawa rin niyang lumuhod at umiyak sa harapan ng mga ito habang nakikiusap. *“Pakiusap! Pakawalan na ninyo sila.”*





Padre Rhoel Gallardo

Kung ako ang kailangan ninyo, sasama ako. Isa akong pari. Pero huwag ninyong dalhin ang mga bata lalo na ang nagdadalanta na si Wennifer". Subalit ang kabutihang ito ni Fr. Rhoel ay binalewala lamang ng mga tulisan. Nakatanggap pa siya ng hampas sa kanyang likod.

Narinig ni Angie ang lahat ng mga ito. Magtatangka sana siyang lumabas upang iprisinta ang sarili na palitan si Gng. Wennifer at siya na lang ang sasama sa mga ito, ngunit nagbago ang kanyang isip nang marinig niya na desidido na ang mga tulisan na isama ito. Makalipas ang ilan pang sandali, wala na siyang naririnig. Dahan-dahan siyang lumabas at siniguro niyang wala na ang mga tulisan. Tumakbo siya pababa at tinungo niya ang pinakamalapit na pintuan. Nagkasabit-sabit ang kanyang damit sa bakod kaya't tinanggal niya ito bago tumakbo palabas ng bakuran. Hindi niya alam kung saan pupunta, ngunit patuloy pa rin siya sa pagtakbo. Huminto lamang siya nang marinig niya na may nagtatawanan, nang tingnan niya ang pinagmulan ng tawanan ay nginitian siya ng mga ito. Isa sa mga estudyanteng lalaking Muslim ang naghubad ng polo at ibinigay ito sa kanya, saka lamang niya namalayan na siya pala ay hubad kaya tuluyan na siyang napaiyak. Hinanap niya ang iba pa niyang mga kasamahan. Natagpuan niya sina Joy at Gloria, ngunit sina Fr. Rhoel kasama ng ilang mga babae at lalaking guro, gayundin ang higit sa apatnapung bata ay wala na.

Dinala sila ng mga ito sa kabundukan ng Punoh Mahadji na matatagpuan sa Basilan. Halos isang araw din silang naglakbay patungo sa lugar na ito kung saan itinuring silang parang hindi mga tao: hindi sila pinapakain ng sapat o kaya'y pinagpapahinga kahit sandali. Madarama mo sa lugar na ito ang katahimikan at mayroon din itong luntian at malamig na kapaligiran. Sa kabila ng kagandahan ng lugar na ito, ikinulong sina Fr. Rhoel sa isang kubo na hugis kahon. Ang pintuan nito ay nasa itaas at wala rin itong bintana, parang kulungan ito ng mga unggoy at kagagawa lamang. Dito ipinagpahinga nila ang pagod nilang katawan bagamat basa ang kanilang mga kasuotan. Wala rin silang balabal kaya't





nararamdaman nila ang lamig na tumatagos sa kanilang mga buto. Makalipas ang magdamag, ang mga bihag na nahihimbing pa sa pagtulog ay ginising ng mga putok ng baril at malakas na sigawan. Tuwing umaga, ginagawa ito ng mga tulisan pagkatapos nilang manalangin. Habang sila ay naririto, gabi-gabing hinihimok ni Fr. Rhoel ang kanyang mga kasama na magdasal ng Banal na Rosaryo kahit ipinagbabawal na ito ng mga Abu Sayyaf. Nang minsang may pinalayang isang bata, palihim niyang iniabot ang kanyang sulat para sa Obispo at hiniling niya dito na padalhan siya ng mga kagamitan sa pagdiriwang ng Banal na Misa. Sa panahon ng pamamalagi nila rito, wala ring tigil ang mga rebelde sa pag-akit sa mga bata na sumapi sa kanilang paniniwalang Islam. Tinuturuan silang magdasal ng panalanging pang-Islam at sinasama sila ng mga ito sa pagpupuri sa kanilang propetang si Allah. Walang tigil naman sa pagpapaalala ang mga guro sa mga bata na maging matatag sa kanilang pananampalataya bilang Katoliko at huwag padadala sa mga sinasabi ng mga ito. Maging ang mga kababaihan ay dapat na magtakip sa kanilang ulo.

Minsan, inilabas si Fr. Rhoel sa selda at dinala ng mga ito sa itaas. Matapos siyang posasan at piringan ng mga tulisan, nakatanggap siya ng suntok at sipa mula sa apat na tulisan. Ito ay kanyang natamo dahil sa paulit-ulit nitong pag-uusisa kung saan nila dinala si Bb. Marissa Rante na ilang araw na ring wala sa kanilang kampo. Ang pagmamalasakit niyang ito ay ikinagalit ng mga rebelde, kaya't nang siya ay pinabalik na sa loob ng kanilang selda ay dumurugo ang kanyang bibig at mayroon din siyang pasa sa mga mata. Sa kabila nito, hindi man lang siya nagreklamo. Tahimik lang siyang umupo sa isang tabi at nanalangin. May mga sandali ring pinapipili siya ng mga ito kung nais ba niyang sumapi sa kanilang paniniwala o mapugutan ng ulo. Kasabay nito ang malakas na tawanan ng mga ito, ngunit hindi nila masindak si Fr. Rhoel, nanatili lamang itong tahimik at nakayuko.

Huwebes Santo na pero hindi pa rin sila pinapalaya. Nang mga sandaling ito, napagkaisahan ng bawat isa na magkaroon





Padre Rhoel Gallardo

ng 'prayer vigil'. Halos buong araw silang nakahigang nanalangin upang hindi sila mapansin ng mga nagbabantay sa kanila. Minabuti ni Fr. Rhoel na manalangin nang nakaupo at hihiga lamang siya sa tuwing matatapat sa kanya ang ilaw ng nagbabantay sa kanila. Simula Huwebes Santo hanggang pagsapit ng Biyernes Santo, hindi siya tumigil sa panalangin. Noong araw ding iyon, gumagawa ng paraan ang mga sundalo na akala ng bayan ay magdadala sa kanila ng pag-asa at ginhawa ngunit isang bangungot - kapighatian at panganib lang pala. Di nagtagal, nalaman nila na si Fr. Rhoel ay patay na.

Siya ay namatay noong ika-3 ng Mayo, 2000, matapos ang apatnapung araw na pagtitiis at paghihirap sa kamay ng mga rebeldeng Muslim kasama ng mga iba pang hinuli na kasama niya. Ayon sa talaan ng kasaysayan ng kanilang Kongregasyon, ang pangalan ni Fr. Rhoel ang pinakahuli sa talaan ng mga namatay na dumanak ang dugo sa kanilang pagmimisyon. Ang kanyang katawan ay natagpuang duguan sa Barangay ng Kumalarang na nasa bayan ng Lantawan. Siya ay nagtamo ng tatlong tama ng mga baril sa ulo, balikat at likod at maging ang kanyang mga kuko sa kanyang mga hintuturong daliri at mga paa ay tinanggal. Labis siyang pinahirapan ng mga ito bago pinatay. Pagkalipas pa ng dalawa o tatlong araw matapos tanggalin ang kanyang mga kuko bago siya pinatay ng mga ito ayon sa mga mahuhusay na imbestigador at mga doktor. Lubos siyang naghirap dahil sa kalupitan ng Abu Sayaff. Maging ang kanyang mga kamay ay natagpuang nakatali pa nang siya'y matagpuan. Ang kanya namang bungo at ang taas ng kaliwang bahagi ng kanyang utak ay nawasak at kumalat nang buhatin ang kanyang katawan mula sa Lantawan patungong Isabela. Walang makapagsasabi kung sino ang pumatay sa kanya kasama ng tatlong nasawi na sina Editha Lumame na nagtamo naman ng mga tama ng baril mula sa kanyang likod na naging dahilan ng pagkagutay-gutay ng kanyang mga dibdib. Sina Annabelle Mendoza at Ruben Democrito ay kasama rin sa nasawi sa pamamagitan ng tama ng mga baril sa kanilang katawan, samantalang karamihan sa mga bihag ay nagtamo naman ng mga pasa at sugat sa kanilang mga paa.





Buhay Misyonero

Ayon sa pahayag ni Fr. Nestor Banga, CMF, ang ganitong pangyayari ay ngayon lamang naganap sa kasaysayan ng Basilan, lalo na ang patayin ang isang pari matapos bihagin. Karamihan sa mga pari at madre ay pinapalaya matapos bihagin. Nakaranas nga sila ng sakit ng katawan at isipan ngunit hindi tulad ng kalupitang naranasan ni Fr. Rhoel.

“Maituturing si Fr. Rhoel na isang tunay na misyonerong Claretiansapagkatinalayniyaangkanyangsarilisapagpapalaganap ng salita ng Diyos maging ang kapalit man nito ay ang kanyang buhay. Siya’y isang tunay na martir. Hanggang kamatayan, siya’y naging saksi sa Salita ng Diyos na nagkatawang tao, naghirap at namatay sa Krus. Tinularan niya ang kababaang loob ng ating Panginoong Hesus”.

Ayon naman sa ama ni Fr. Rhoel: *“Ang kanyang matibay na pananalig ang nagtulak sa kanya at nagbigay ng lakas upang magampanan niya ang kanyang tungkulin bilang isang ‘Pastol’, isang Misyonero at isang sugo ng ating Diyos dito sa mundo. Bahagi rin ng kanyang misyon ang ialay ang kanyang buhay at maging matatag sa kanyang paniniwala maging sa oras ng kamatayan”.*

Ayon naman sa kaisipang ipinahayag ng isang Obispo na si Romulo de la Cruz ng Basilan, ang taong ito ay taon ng biyaya para sa kapakanan ng simbahan at ito rin ay taon na nagbibigay karangalan, ang pagkamatay ni Fr. Rhoel bilang isang Martir. Ito ang kanyang naging tugon nang siya ay kapanayamin ng mga taga-media kung ituturing rin ba niya na ang taong ito ay taon ng biyaya matapos ang naganap na kasawian sa kanyang nasasakupan. Bukod rito, si Fr. Rhoel para sa mga taga-Basilan ay namatay para sa kapayapaan. Ayon naman sa simbahan, ito ay para sa ating pananampalataya at kahit saan, siya ay naging saksi sa pagkabuhay ng ating Panginoong HesuKristo.

Ang pagiging Martir ni Fr. Rhoel ay ikinalugod ng kanilang Kongregasyon. Para sa kanila, ang dinanas ni Fr. Rhoel ay muling





Padre Rhoel Gallardo

nagpapagunita ng kamatayan at paghihirap ng ating Panginoong Hesus. Ang naging karanasan niya at ng kanyang mga kasama ay kahalintulad ng karanasan ni Kristo noong siya'y nasa Kalbaryo. Kung si Kristo ay namatay sa krus, siya naman ay namatay dahil sa ng mga bala ng baril na tumama sa kanyang katawan, kaya't sa karanasan niyang ito ay naibahagi niya ang naging kapalaran ng ating Panginoon. Ayon sa sulat ng *Superior General* ng kanilang Kongregasyon sa mga magulang ni Fr. Rhoel at sa buong kasapi ng komunidad, si Fr. Rhoel ay walang ikinatakot. Kahit sa panahon ng kagipitan, lubos pa rin ang kanyang katuwaan. Tinanggap niya ang lahat ng gawaing ipinagkatiwala sa kanya. Niyakap niya ang pagsasakripisyo na may ngiti sa kanyang mga labi maging sa mga taong naninirang puri. May galak pa rin sa kanyang puso sa kabila ng pagdurusa at kapighatiang naranasan niya at mataitim pa rin siyang nagpupuri sa Krus ni Kristo.

Sa tulong ng ating Diyos, ang kabutihang ito ni Fr. Rhoel ay nagbunga sa puso ng mga batang misyonerong Pilipino na kapapanata pa lamang sa pagkapari at umako na magmisyong kahit sa mahirap at mapanganib na lugar, lalo na ang palitan siya ng mga ito at akuin ang mga naiwang gawain sa kanyang misyon. Tayo, bilang mga misyonero, ay tinawag upang maging tulay at makipag-ugnayan sa ibang lahi at kultura lalo na yaong may ibang paniniwala at pananampalataya. Ang buhay ni Fr. Rhoel ay nakagaganyak, isa lamang ito sa kwento ng mga nakakarami. Ito rin ay isang pagtawag na ipagpatuloy natin ang ating mga gawaing pag-aalay ng ating buhay sa bawat araw, katulad ng mga misyonerong Claretian na kumikilos sa animnapung bansa kung saan isinasabuhay nila't ipinapangaral ang pagmamahal ng ating Panginoon.

Si Fr. Rhoel ay namatay sa isang probinsya ng Pilipinas, isa sa mapanganib na lugar. Katulad ng iba pang mga batang misyonero ng Claret, hindi na lingid sa kanilang kaalaman na ang magmisyong dito ay mahirap at mapanganib, katulad ng ginawang pagdukot kay Fr. Bernardo Blanco na tumagal ng apatnapu't siyam na araw. Sa kabila nito'y hindi man lamang nila naisip na iwanan ang lugar na



Buhay Misyonero

ito sa kanilang pagmimisyon. Lalo silang naging matatag sa kanilang hangarin na pangalagaan ang komunidad ng mga Kristiyanong naririto, ang makipagpalitan ng kanilang kaalaman sa mga tao at ang ibahagi ang kanilang buhay sa mga Muslim sa Basilan.

Bilang mga misyonero, pinagpala sila sa pagkakaroon ng kapatid na martir. Sa tuwing sila'y titingin sa Krus na kung saan nakapako sa Kristo, binubuhay nito at pinapasigla ang kanilang katapatan sa kanilang bokasyon.

Sa pagkamatay ni Fr. Rhoel, libu-libong mga Basilino ang buong tapang na dumagsa sa Cathedral ng Isabela bilang paggalang sa labi ni Fr. Rhoel at mga gurong namatay. Daang tao naman ang nakiramay nang dalhin ang bangkay ni Fr. Rhoel sa parokya ng St. Anthony Mary Claret. Saan mang dako, ang mga tao ay nakikidalamhati sa paring “naging martir para sa kapayapaan”. Nang muling inilipat ang bangkay niya sa kanilang lugar na nasa Castillejos, Zambales, inihatid ito ng mga convoy samantalang ang kanyang mga magulang ay naghihintay sa bayan ng Dinalupihan upang salubungin ang kanyang bangkay. Halos himatayin ang kanyang ina nang makita ang kanyang bangkay. Nang sila'y makarating sa Olongapo City, ang mga taong gumagawa ng araw na iyon ay nagsitigil at sumabay sa mga nakahanay na Zambalenos na nagmula pa sa malayong bayan, makita lamang ang kanilang bayani. Sa daan makikita ang mga isinabog na talutot ng mga puti't pulang bulaklak ng bougainvillea, samantalang ang kanyang larawan ay nakapaskil sa taas ng mga puno, poste at dingding na nasa tabi ng kalsada.

Tatlong libong tao naman na naninirahan sa Parokya ng Castillejos ang pumuno sa loob ng simbahan at mayroon namang dalawang libong tao ang mga nakatayo sa labas ng simbahan makadalo lamang sa Banal na Pagdiriwang para kay Fr. Rhoel. Nang sumunod na araw, muling dinala ang kanyang bangkay sa Quezon City. Kumpul-kumpol ang mga taong nagsitungo sa Parokya ng Immaculate Heart of Mary makita lamang ang taong nagsakripisyo





Padre Rhoel Gallardo

ng buhay para sa kapayapaan. Si Cardinal Sin ang namuno sa Banal na Pagdiriwang kasama ang ilang mga Obispo, daang mga pari at libu-libong nakiramay.

Nang siya'y ililibing na, ang simbahan ay nag-alay ng isang pagdiriwang para sa ating Martir. Isa sa mga mamamahayag na si Ceres Doro ang nagsalaysay ng kanyang karanasan: *"Habang naghihintay sa hanay upang mapagmasdan ang mukha ni Fr. Rhoel na naging Martir para sa kapayapaan kasama ko ang dalawang pari, aming napag-usapan kung ano ba ang ibig sabihin ng lahat ng ito. Sinabi sa amin ng isang pari na isa ring Claretian na sa pagkamatay ni Fr. Rhoel ay muling binubuhay nito ang ating kakayahan na mamuhay sa kabanalan at hindi pagtatanim ng inggit sa ating kapwa. 'Talaga nga naman,' wika ng isa. 'Apat na taon din ako sa Basilan kung saan laging may kaguluhan ngunit hindi ako biniyayaan ng ganitong kamatayan. Samantalang itong si Fr. Rhoel isang taon pa lamang siya ditong namalagi subalit siya'y niregaluhan ng kamatayan at naging martir'. 'O talaga!' sambit naman ng isa pa. 'Totoo iyon,' tugon naman ng isa pang pari, 'at ang pagiging martir ay nagbibigay karangalan sa ating pagkapari.' Dahil sa sagot na ito ay para akong nabunggo at natahimik sandali. Kaya't pagkatapos nito, patakbo kong nilapitan ang isang Heswita at aking ibinulalas sa kanya na ang araw na ito ay napakadakila. At tumango naman siya sa akin."*

Sa wakas, noong ika-10 ng Mayo (araw ng Linggo), ang labi ni Fr. Rhoel ay inihatid ng napakahabang prusisyon sa Himlayang Pilipino at dito'y pinakawalan ang mga puti't pulang lobo bilang tanda na dahil sa pagdanak ng kanyang dugo ay lalong kakalat sa bawat sulok ng mundo - "ang binhi ng ating pananampalatayang Katoliko at ang kapayapaan".





San Francisco Javier

Abril 7, 1506 - Navarre

† Disyembre 3, 1552 - Isla ng Sancian, China





San Francisco Javier

“Anong mapapala ng isang tao makamtam man niya ang buong daigdig kung mapapahamak naman ang kanyang kaluluwa?” (Mt. 16:26) Ang mga salitang ito ay nagpabago sa buhay ng isang binatang guro sa Pilosopiya, matagumpay sa buhay at may magandang kinabukasang naghihintay. Siya si Francisco Javier na isinilang noong ika-7 ng Abril, 1506 sa Navarre na noon ay nasa pagitan ng mga bansang Espanya at Pransya.

Bunso sa limang magkakapatid na sina Miguel, Juan, Anna at Maria, lumaki siya sa karangyaan ng buhay. Sila ay naninirahan sa isang kastilyong tinatawag na “Kastilyo-Javier.” Si Don Juan na kanilang ama ay tagapayo ng hari ng Navarre. Hindi maikakailang malaki ang naging impluwensiya ni Donya Maria, ang ina ni Francisco, sa landas ng kabanalang tatahakin nito.

Isang araw, may ipinadalang mensahe ang hari ng Navarre kay Don Juan. Nagdeklara ng giyera ang hari ng Espanya laban sa bansang Pransya. Nasa pagitan ang kanilang bansa at nagpahayag ang hari ng Espanya na magpapadala ng mga sundalo sa kanilang lupain. Malungkot na tinanggap ni Don Juan ang masamang mensahe. Nang mga oras ding iyon, nagpasya siyang umalis upang magtungo sa hari ng Espanya at pakiusapan itong huwag nang ituloy ang pagpapadala ng mga sundalo sa kanilang lugar.

Makalipas ang ilang linggo, bumalik si Don Juan na marungis at pagod na pagod. Naipahatid niya ang mensahe subalit hindi siya pinakinggan ng hari ng Espanya. Tumakas si Don Juan kasama ng hari ng Navarre. Walang kamuwang-muwang sa nagaganap ang anim na taong gulang na si Francisco. Nararamdaman niyang tila





Buhay Misyonero

may kakaibang nagaganap sa kanilang tahanan sapagkat nakikita niya ang kalungkutan ng mga taong nasa paligid niya subalit hindi niya ito maintindihan.

Dalawang taon ang nakalipas mula nang umalis si Don Juan. Nasakop ng Espanya ang Navarre. Dumanas ng kahirapan ang pamilyang Javier at ang ibang lupaing kanilang pagmamay-ari ay ibinigay ng hari ng Espanya sa kanyang mga kaibigan. Isang araw, bigla na lamang dumating si Don Juan. Nagulat ang kanyang mga anak sa anyo ng kanilang ama. Siya ay tumanda, mahina at bakas ang kahirapan ng kalooban dahil sa dinaranas ng hari at ng kanyang mga kababayan. Hindi tumagal, namatay rin ang maysakit na si Don Juan. Siyam na taong gulang lamang noon si Francisco subalit ang iyakan ng kanyang mga kapatid, ina, kamag-anak at mga taong dumating sa libing ng kanyang ama ay hinding-hindi niya malimutan.

Isang araw, may dumating na mga sundalong Espanya sa tahanan ng mga Javier. Dahil sa pagsunod sa ipinag-uutos ng mga nakatataas sa kanila, giniba nila ang kastilyo Javier. Itinira lamang ang kaunting bahagi upang may matitirhan pa ang mag-ina at hindi rin nila giniba ang munting kapilya. Naisip ni Francisco na lubhang marami at malalakas ang mga sundalong Espanyol - hindi magwawagi ang kanilang mga kababayan. Kaya't hinikayat niya ang kanyang mga kapatid na itigil na ang ginagawa nilang pakikipaglaban, subalit tumutol ang mga ito bunga ng magkaiba nilang paniniwala.

Nang labinlimang taong gulang na si Francisco, sumiklab ang giyera sa Espanya. Sinamantala ito ng mga taga-Navarre upang makipaglaban sa mga sundalong nasa kanilang lugar. Naging mainit ang paglalaban at nang mapansin ng lider ng mga sundalong Espanyol na sila'y natatalo na, ipinasya nitong umatras na sa labanan. Isa sa mga batang sundalo ang nagwika: *"Sir, mawawala ang tiwala ng ating mga kababayan kung hindi tayo makikipaglaban. Nasa ating kamay nakasalalay ang pananatili ng*





Navarre bilang lugar ng pag-aari ng Espanya.” Ang sundalong iyon ay si Ignacio Loyola, ang taong magiging instrumento sa malaking pagbabagong magaganap sa buhay ni Francisco at ng marami pa. Sa hindi inaasahang pangyayari, tinamaan ng pagsabog si Ignacio at lubhang naapektuhan ang isang hita nito. Sa wakas, nakamit rin ng mga taga-Navarre ang kanilang kalayaan.

Noong taong 1525, sa gulang na labing-siyam, nilisan ni Francisco ang kanilang tahanan at nagtungo sa Paris upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral kung saan manghang-mangha siya sa bagong lugar na kanyang kinaroroonan. Sa *Santa Barbara College* nag-aral si Francisco. Nang kalaunan, unti-unting dumarami ang mga mag-aaral na nais maging kaibigan si Francisco dahil nabalitaan nilang siya ay nagmula sa mayamang angkan at nais nilang makatulong sa pag-uubos nito ng pera. Hinikayat nila ito na pumunta sa mga pasyalan, sayawan at sa iba’t iba pang mga lugar na pinupuntahan ng mga karaniwang kabataan.

Ang kalayaang ito ay kinasabikan ni Francisco. Mas madalas pa nga siyang lumalabas kasama ng mga barkada kaysa mag-aral at magbasa ng mga libro. Dahil sa marangyang uri ng pamumuhay, napapadalas ang pagpapadala ng liham ni Francisco sa kanilang tahanan upang humingi ng perang kanyang kinakailangan. Dahil dito, lalong nagalit si Miguel at nais na nitong pauwiin si Francisco subalit tumutol ang kapatid nitong madre na si Magdalena sapagkat nakikita niyang si Francisco ay magiging mabuting pari at malaki ang maitutulong sa simbahan salungat sa paningin ng iba. Lalo pang dumami ang mga naging kaibigan ni Francisco dahil sa kahusayan sa larong pataasan ng lundag at lagi siyang sikat sa mga ito. Samantala, malayung-malayo sa uri ng pamumuhay ni Francisco ang kasamahan nito sa kuwarta na si Peter Fabre. Si Peter ay nagmula sa isang mahirap na pamilya na naninirahan sa kanlurang bahagi ng Pransya. Bilang tagapag-alaga ng mga tupa, madalas itong nag-iisa at umiiyak sapagkat hindi siya nakakapag-aral dahil sa kahirapan ng buhay. Ang mabait at mahusay na pari ang nagturo kay Peter ng Latin at iba pang mga aralin sa loob ng siyam na taon





upang maihanda siyang makapasok sa kolehiyo. Noong una, hindi madaling nakapalagayan ng loob ni Francisco si Peter. Magkaibang-magkaiba ang dalawa. Madaling matuto si Francisco ng mga aralin kaya't hindi na niya kailangan maglaan ng maraming oras upang matuto, samantalang si Peter ay kailangang puspusan ang pag-aaral. Dahil sa tiyaga, disiplina at kasipagan sa pag-aaral, nakukuha pa rin ni Peter na maging iskolar ng paaralan. Iniisip ni Peter na kahibangan ang ginagawa ni Francisco na paglalaan ng maraming oras sa kasiyahan. Samantala, iniisip ni Francisco na kahibangan ang ginagawa ni Peter na paglalaan ng maraming panahon sa pag-aaral. Gayunman, unti-unting lumalalim ang pagiging magkaibigan ng dalawa. Ang hindi nila alam, nalalapit na ang pagkikita nila sa taong magpapabago sa kanilang buhay at ng marami pa - si San Ignacio Loyola.

Sa gulang na tatlumpu't tatlo, si Ignacio ay nakarating sa Paris. Nagsimula siyang magturo sa Montaigu College, ang kolehiyong malapit sa pinapasukan nina Francisco at ang mga bakanteng oras nito ay kanyang ginagamit sa pangangaral tungkol sa pagmamahal ng Diyos. *"Nabalitaan mo ba ang tungkol sa pilay na sundalong nangangaral sa mga kalye?"* ang pagtatanong ni Peter. *"Kahit saan ako pumunta, naririnig ko ang kanyang pangalan,"* tugon naman ni Francisco. Kahit laging nakikita ni Francisco si Ignacio, hindi niya ito pinapansin at lagi siyang umiiwas na makasalubong ito.

Isang gabi, ang pinakamahusay na mag-aaral sa St. Barbara's College ay nawawala kasama ang dalawa pa. Nang sumunod na araw, nabalitaan nilang ang tatlo ay mga naging tagasunod ni Ignacio. Galit na galit ang mga mag-aaral ng paaralan at sila'y nagtungo sa tahanan ni Ignacio. Dala-dala nila ang mga patalim, sila'y nagmumura at nagbabanta na may masamang mangyayari kung hindi babalik ang tatlo sa paaralan. Nang sumunod na araw, nalaman ni Ignacio ang nangyari at nawika nito sa ibang mga kaibigan: *"Ako'y isang dating kawal at alam ko kung paano ang pinakamainam na depensa sa kalaban: iyon ay ang pag-atake sa mismong pinagmumulan ng kaguluhan."* Lalong sumiklab ang galit





ng mga mag-aaral sa St. Barbara's College nang kanilang malaman na lumipat sa kanilang paaralan si Ignacio. Ipinatawag ng punongguro si Francisco at sinabi nitong si Ignacio ay maninirahan sa kanilang kuwarto at siya mismo ang magtuturo dito ng mga aralin. Walang nagawa ang pagtutol ni Francisco. Pinakiusapan ni Francisco si Peter na magturo rito at pumayag naman ang huli. Hangga't maaari, talagang iniwasan ni Francisco si Ignacio. Pumupunta lamang siya sa kuwarto kung siya ay matutulog na.

Samantala, si Peter ay nawiwili sa pakikinig kay Ignacio. Napatunayan niyang ibang-iba si Ignacio sa iniisip ng maraming tao. Nalaman ni Peter ang pinakamahalagang pangyayari sa buhay ni Ignacio. Habang ito'y nagpapagaling sa ospital mula sa mga sugat na tinamo sa labanan, nainip si Ignacio. Humingi siya ng mga aklat na babasahin upang malibang. Binigyan siya ng mga kuwento ng buhay ng mga santo at aklat na naglalahad ng pagtutulad kay Hesus. Ayaw niya itong basahin subalit siya'y napilitan sapagkat wala ng iba pang maaaring basahin. Ang mga babasahing ito ang nagpabago sa buhay ni Ignacio. Dito rin niya nakilala at minahal si Inang Maria at iyon ang naging simula ng mga pagbabago sa buhay ni Ignacio. Ipinagpalit niya ang kanyang magandang kasuotan sa pulubing kanyang nakita. Nanirahan siya sa kuweba at namalimos ng kaunting tinapay. Ibinuhos niya ang kanyang panahon sa pananalangin at pag-aayuno. Isinusulat rin niya ang mga naging bunga ng pagsasakripisyong ginagawa na naging kilala bilang *The Spiritual Exercises*. Masaya si Peter sa kanyang mga narinig. Sinikap naman ni Francisco na lumipat ng tirahan upang mapalayo kay Ignacio.

Lumipas ang panahon at sa wakas, nakatapos rin sa kolehiyo sina Francisco at Peter. Nagturo si Francisco sa paaralan, subalit dahil kapos rin sa pinansyal na pangangailangan, minabuti niyang mamalagi sa dormitoryo ng paaralan at nagtuturo pa rin siya sa mga bakanteng oras. Nagulat siya nang malamang marami sa kanyang mga tinuturuan ay mula kay Ignacio. Ipinadala niya ito upang magpaturo sa kanya. Noong taong 1533, umuwi si Peter





sa kanilang tahanan upang magbakasyon. Nagulat siya nang sa kanyang pagbalik ay napakalaki na ng ipinagbago ni Francisco.

Nang magkaroon na si Ignacio ng anim na tagasunod, madalas na silang nagtitipun-tipon hanggang itinuro na sa kanila ang *spiritual exercises* - pagdarasal, pagmumuni-muni at pag-aayuno sa loob ng tatlung araw. Hinangad rin nilang pumunta sa Banal na lugar na sinilangan at tirahan ni Hesus noong Siya'y naririto sa lupa. Nagsagawa rin sila ng pangako na matapat silang maglilingkod sa Diyos at sa pamamagitan ng gabay ni Ignacio, si Peter Fabre ay naordinahang pari.

Ika-15 ng Agosto, 1543, kapiyestahan ng Pag-akyat sa Langit ng Birheng Maria nang nagsagawa ng panata ang mga magkakasama na maglilingkod sa Diyos. Binigkas nila ang panunumpa na mamumuhay sa kapayakan at kalinisan at ang pagtungo sa Banal na lugar. Nauna nang umalis si Ignacio patungong Italy upang mangalap ng salaping gagamitin nila. Noong buwan ng Nobyembre, 1536, si Francisco at ang kanyang mga kasama ay umalis sa Paris patungo sa Italy. Matapos ang mahabang paglalakad, gutom at pangiginig sa lamig ng panahon, narating din nila ang Venice, Italy kung saan sila kinatagpo ni Ignacio na naghihintay sa kanila. Ibinalita nitong naging matagumpay ang kanyang pagpunta sa Espanya subalit hindi pa sila makakaalis patungo sa Banal na lugar sapagkat bukod sa walang masasakyan, maaaring sumiklab ang digmaan. Habang sila'y naghihintay ng tamang panahon, ipinasya ni Ignacio na sila'y maglingkod muna sa dalawang ospital: ang *Saints John and Paul Hospital at Incurable Hospital*. Si Francisco ay naglingkod sa Incurable Hospital, ang ospital ng mga taong wala ng lunas ang karamdaman. Sa ospital na ito nagkaroon ng malapitang ugnayan si Francisco sa mga taong may ketong. Hindi madali ang kanilang ginagawa lalo na kay Francisco na mahilig sa magagandang bagay. Kailangan talaga niyang paglabanan ang sarili upang hindi maipakitang hindi niya nagugustuhan ang mga nakikita. Nakararamdam din siya ng takot na mahawa ng sakit, subalit pinaglalaman niya ang nararamdaman.





Pagkalipas ng dalawang buwang paglilingkod sa ospital, sila ay umalis patungong Roma upang humingi ng basbas sa Santo Papa. Sapagkat Mahal na Araw ng mga panahong iyon, nagpasya silang huwag magdadala ng kahit anuman. Sa halip sila'y mamamalimos upang may makain. Ito ay napakahirap at tila maling desisyon sapagkat sa loob ng tatlong araw ng kanilang paglalakbay ay wala silang nakasalubong. Bukod dito, umulan pa ng ubod na lakas kaya't naglakad sila sa putikan at bahang daan na halos beywang ang tubig. Ang paglalakbay na ito ay hinding-hindi makalilimutan ng lahat.

Sa wakas, nakarating rin ang grupo sa Roma at pinayagan silang makausap ang Papa. Humanga ang Santo Papa sa kanilang katalinuhan at kabanalan kaya't hindi lamang sila binigyan ng basbas. Binigyan rin sila ng salapi at ang iba sa kanila'y binigyan ng permiso na maordinahan sa pagkapari. Isa sa napili ay si Francisco. Nagpasya si Ignacio na yaong mga napiling ordinahan ay magdasal ng mataimtim sa loob ng apatnapung araw. Nang ito'y matapos ni Francisco, sina Ignacio Loyola, Francisco Javier at iba pang mga kasamahan ay inordinahan. Pagkalipas ng isang taon, sila'y nagkaroon ng pagpupulong at ang lahat ay sumang-ayon na gumawa sila ng mga batas o alituntunin na kanilang susundin bilang isang samahan. Ito ay kanilang ipadadala sa Santo Papa upang humingi ng pagsang-ayon. Tinawag nila ang kanilang samahan na *Society of Jesus* na lubhang nakilala bilang "Samahang Heswita." Noong ika-27 ng Setyembre, 1540 ipinagkaloob ng Santo Papa ang kanyang basbas at pagsang-ayon. At noong buwan ng Abril, si Ignacio ay nahirang na maging pinuno ng samahan.

Isang araw, nakatanggap si Ignacio ng liham mula sa isang guro ng St. Barbara's College at nakasaad roon na ang pinuno ng Portugal ay nais na magkaroon ng mga misyonerong ipadadala sa India. Tinugon ni Ignacio ang sulat at pumayag siyang ipadala ang dalawa sa mga paring mayroon sila na sina Padre Rodrigues at Padre Francisco Javier. Kinabukasan ang alis ng dalawa patungong India saka lamang nalaman ni Francisco na siya pala'y ipadadala. Agad-





Buhay Misyonero

agad niyang tinahi ang may punit na bag na kanyang gagamitin at kanyang inilagay ang ilang pirasong damit, aklat-dasalan at ilang bahagi ng Bagong Tipan.

Noon ay ika-tatlumpu't limang taong kaarawan ni Padre Francisco (Abril 7, 1541) - ang araw ng kanilang paglalayag patungong India. Marami pang naiwang gawain sa Lisbon kaya't hindi niya nakasama si Padre Rodrigues. Maraming kahirapan ang naging paglalayag na ito, kailangan niyang harapin ang anumang uri ng sakit, mga pirata at ang sama ng panahon. Bago sila umalis sa dalampasigan, maraming mga babae at bata ang umiiyak at nagpaalam sa mga mahal nila sa buhay na maglalayag sapagkat hindi silang nakakasigurong makikita nilang muli ang mga maglalayag. Sa tagal ng kanilang paglalayag, marami na ang binawian ng buhay dahil sa hirap na kanilang dinanas, lagi namang handa si Padre Francisco na ipakilala ang Diyos sa mga taong nasa paligid niya. Dahil sa sobrang pagod sa pagtulong sa mga maysakit at nangangailangan, nagkasakit si Padre Francisco. Inalagaan siya ng doktor na kasama nila. Sinugatan siya nito nang siyam na ulit upang lumabas ang dugo sa katawan na noon ay pinaniniwalaang pinakamainam na paraan upang gumaling ang maysakit. Halos tatlong araw siyang walang malay.

Noong ika-6 ng Mayo, 1542, dumating ang kanilang barkong sinasakyan sa India. Halos inabot ng mahigit na isang taon ang kanilang paglalakbay. Tatlumpu't anim na taong gulang na noon si Francisco. Sa kauna-unahang pagkakataon, naiapak ni Padre Francisco ang kanyang paa sa dalampasigan ng India. Mahina man ang katawan, buhay na buhay ang kanyang espiritu.

Nang araw din ng kanyang pagdating sa India, agad siyang pumunta sa isang malaking ospital. Sa sahig siya natutulog upang madali niyang mapuntahan at matulungan ang nangangailangang maysakit. Bukod rito, araw-araw bumibisita si Padre Francisco sa kulungan. Nakikipag-usap siya sa mga ito, nakikinig sa kanilang mga hinaing at tinutulungan sila sa abot ng kanyang makakaya. Sa hapon





naman siya'y nagbabahay-bahay upang mamalimos at ang mga natatanggap ay kanyang ibinibigay sa mga maysakit, mahihirap at mga bilanggo. Halos wala na siyang itinitira para sa kanyang sarili. Nalaman rin niya na may mga ketonging nangangailangan ng tulong subalit wala rin siyang magawang iba pa maliban sa pagdiriwang ng Banal na Misa tuwing araw ng Linggo at makinig sa kanilang mga hinaing. Karaniwan na ring makikita ang masigasig na misyonero na may hawak na kampanya na kanyang ginagamit na pantawag at paanyaya hindi lamang sa mga bata kundi sa lahat na pumunta sa simbahan at mag-aral ng katesismo. Matagumpay ang paraang ito ni Padre Francisco. Papipilahin niya ang mga bata at kanyang pangungunahan ang hanay patungong simbahan. Pagkatapos, sinasabihan niya ang mga ito na ituro sa kanilang mga kasambahay ang kanilang mga natutunan. Ginawa niyang mga tula ang mga itinuturo niya sa katesismo at kinakanta rin nila ang mga ito. Nakakatuwang marinig ang mga bata, matatanda, magsasaka man o mangingisda na inaawit ang mga aral sa katesismo na kanilang natutunan kay Padre Francisco.

Dahil sa lubhang abala sa mga gawain, halos masira na ang sapatos niyang suot at ang kaisa-isahang abitong kanyang dala ay punit-punit na. Subalit hindi ito napapansin ni Padre Francisco. Ilan sa mga kaibigang Portuguese ni Padre Francisco ay nakaisip ng isang magandang regalo at kinagabihan, pinalitan nila ito ng bago. Hindi napansin ng pari na bago na ang abitong kanyang suot. Nagulat na lamang siya nang pansinin ito ng kanyang mga kaibigan. Magaling rin sa pakikisama si Padre Francisco kahit doon sa mga taong itinuturing na "hindi mabubuti" ng lipunan. Isang araw, takang-taka ang isang taong dayuhan nang masaksihan niyang nakikipaglaro ng baraha si Francisco at pagkatapos lamang ng ilang sandali ay natagpuan na niya itong nagdarasal. Sa katotohanan, naglalaro si Francisco hindi upang magsugal kundi ito ang kanyang pamamaraan upang maibalik ang mga taong naliligaw ng landas. Kinakaibigan niya ang mga ito at pagkatapos ay ipinapakilala niya ang pananampalatayang Katoliko.





Buhay Misyonero

Pagkatapos ng anim na buwan sa Goa, pumunta si Padre Francisco sa mga taong Paravas na nakatira sa dulong bahagi ng India. Natagpuan niya ang mga taong ito'y naninirahan sa napakahirap na lugar kaya't wala ring misyonerong tumagal dito. Dahil napagaling ni Padre Francisco ang babaeng manganganak na nagkaroon ng karamdaman at nailuwal ng maayos ang sanggol, ang lahat ng mga mamamayan sa lugar na iyon ay naging Kristiyano.

Pagkatapos nito, pinuntahan niya naman ang siyudad ng Tuticorin. Mula sa Paravas, muli siyang naglalakbay patungo sa Tuticorin at dalawang beses sa isang araw kung puntahan niya ito. Hindi niya inaalintana ang mga mahahabang paglalakad, gutom, mga mababangis na hayop at iba pang mga panganib sa paglalakbay. Upang maging mas mabisa ang kanyang ginawang paglilingkod, nagpatulong si Padre Francisco sa mga taong marunong ng wikang Portuguese at Tamil, ang wikang ginagamit ng mga tao. Sa tulong ng mga ito, naisalin ni Francisco sa wika ng mga tao ang pangunahing mga panalangin, at Sampung Utos ng Diyos. Isinaulo niya ito at itinuro sa mga tao. Tuwing araw ng Linggo, sinusubukan niya ang mga tao kung talagang alam na nila ang kaniyang mga itinuturo at pagkalipas ng isang buwan, binibinyagan na niya ang mga ito. Isa sa mga manlalakbay na nakakasama ni Padre Francisco ang nagpahayag ng ganito: *“Kung lubos na ang kapaguran ni Padre Francisco, saka lamang siya nagpapahinga at malimit na dalawa hanggang tatlong oras lamang ang kanyang pagtulog. Sa gabi habang nahihimbing ang lahat, siya naman ay nananalangin ng mahabang oras.”*

Dahil maramipangdapat nagawin, sumulat si Padre Francisco kay Ignacio at ang liham na ito ay nailathala sa buong Europa. Nalaman ng mga Europeo ang napakalaking pangangailangan ng misyon. *“Maraming ulit kong ninais bumalik sa mga Unibersidad sa Europa upang magpahayag sa mga taong maraming kaalaman... gusto kong ipahayag sa kanila ang libu-libong mga kaluluwang hindi naililigtas dahil sa kanilang pagwawalang-bahala. Napakaraming pumupunta sa simbahan, halos namamanhid na ang aking mga kamay dahil sa dami ng aking binibinyagan at halos mawala na rin*





ang aking boses dahil sa paulit-ulit na pangangaral.” Dahil sa mga sulat ni Francisco, marami na ang mga misyonerong ipinadala sa India, kaya’t nangarap siyang puntahan ang iba pang mga lugar na hindi pa nakakikilala sa Panginoon.

Marami pang mga lugar ang pinuntahan ni Padre Francisco: Malaya, Malacca, Morotai, Spice Island, Tenate at iba pa. Habang naglalakbay sila sa karagatan ng Morotai, napakalakas na hangin ang naging sagabal at halos itinataob na nito ang bangkang kanilang sinasakyan. Tinanggal ni Padre Francisco ang Krusipihong nakakabit sa kanyang leeg at inilabas ito upang humingi ng tulong sa Diyos subalit nadala ng malalaking alon ang Krusipiho. Nang sila’y makarating sa dalampasigan, malungkot na naglalakad si Padre Francisco dahil sa panghihinayang sa kanyang Krusipiho. Walang anu-ano’y nakakita sila ng alimangong papalapit sa harapan ni Padre Francisco dala-dala ang kanyang Krusipiho. Kinuha ni Padre Francisco ang Krusipiho at nagpasalamat sa alimango. Nagpasalamat rin siya at nagpuri sa Diyos.

Nalaman rin ni Padre Francisco na may isang bansang nagngangalang “Japan” mula sa isang kapitang Portuguese nang ipinakilala sa kanya ang isang Hapon na nagngangalang Anjiro. Mula noon, nagkaroon na ng pagnanais ang misyonero na marating ang lugar na iyon. Noong taong 1594, sina Padre Francisco, Anjiro at iba pang mga kasama ay naglayag patungong Japan upang ipakilala ang Kristiyanismo.

Matapos ang mahirap na paglalakbay, narating rin nila ang Japan. Mismong sa bayan ni Anjiro dumaong ang barkong kanilang sinasakyan. Maayos ang pagtanggap sa kanila sa lugar na iyon. Namangha si Padre Francisco sa pagiging magalang ng mga Hapon. Mayroon ding mga kaugalian at tradisyon na napakahirap masundan at maunawaan. Napakahirap para kay Padre Francisco ang wikang ginagamit ng mga tao kaya’t halos apatnapung araw bago niya naisaulo ang Sampung Utos na isinalin sa wikang Hapon. Sa kabila ng mga kahirapan, hindi lang iyan ang kanyang ginawa.





Buhay Misyonero

Nangaral rin siya sa pamamagitan ng interpreter at nagturo ng Katesismo. Sa paglipas ng mga araw, dumarami ang mga nakikinig sa mga pangaral ni Padre Francisco at isa sa mga naging Kristiyano na pinangalanan niyang Bernard ay kanyang ipinadala sa Portugal upang maging kasapi ng kanilang Samahang Heswita. Dahil hindi nangyari ang inaasahan ng Daimyo (ang namumuno sa lugar) na sa pamamagitan ni Padre Francisco ay may mga mangangalakal na Portuguese ang makikipagkalakalan sa kanila, ipinagbawal nito ang relihiyong Katolisismo. Naging kaunti tuloy ang naging Kristiyano, kayat' iniwan niya ang lugar upang lumipat sa iba at maipangaral muli ang Kristiyanismo. Iniwan niya sa lugar na iyon si Anjiro upang mangalaga sa mga naging Kristiyano. Marami pa silang lugar na pinuntahan bago nila narating ang Yamaguchi, isa sa mga pinakamalaking siyudad sa Japan. Sa Yamaguchi, makikita ngayon ang isang pintang naglalarawan ng buong anyo ng paglalakbay nina Padre Francisco patungong Kyoto. Ipinakita si San Francisco na duguan ang mga paa na nababakas sa mayelong daanang kanilang tinatahak. Sira-sira ang kanyang kasuotan, tila pagod na pagod at gutom na gutom subalit makikita ang kapayapaan at kagalakan sa kanyang mukha. Ang paglalakbay sa lugar na iyon ang isa pang napakahirap na karanasan para sa kanila. Hindi rin naging maayos ang pagtanggap sa kanila sa lugar na iyon. Nakaranas sila ng mga pangungutya hindi lamang sa mga nakatatanda gayundin sa mga bata. Labing-isang araw lamang ang inilagi nina Padre Francisco sa Kyoto, labing-isang araw ng panghihinayang. Nang makita niyang hindi magtatagumpay ang misyon dito, nagpasya siyang bumalik sa Yamaguchi. Noong unang pagtungo niya sa Yamaguchi, hindi ito nagbunga ng maganda sapagkat mayroong hindi nagustuhan ang daimyo sa mga isinulat na pangaral ni Padre Francisco, sapagkat ilan sa mga kasalanang binabanggit ni Padre Francisco na labag sa kautusan ng Diyos ay ginagawa ng daimyo. Sa kanyang muling pagbabalik, makabagong pamamaraan ang kanyang ginamit. Nagtungo siya sa Yamaguchi taglay ang napakagandang kasuotan at nagbigay rin siya ng magagandang regalo sa daimyo kaya't pumayag itong sila'y mangaral sa buong lugar sa Kyoto. Sa wakas, naging matagumpay





ang naging pamamaraang ito ni Francisco. Nabalitaan ng daimyo ng Bungo (isang lugar sa Japan) ang pagmimisyoning ginagawa ng mga misyonero sa Yamaguchi kaya't nagpadala siya ng sulat sa mga misyonero at nag-aanyayang magtungo sila sa Bungo upang mangaral ng tungkol sa Kristiyanismo. Naging matagumpay rin ang pagtungo nila sa Bungo, ngunit walang natanggap na anumang balita si Francisco mula sa Europa kahit na marami na siyang ipinadalang sulat sa mga ito. Nagpasya si Padre Francisco na alamin ang dahilan. Kinailangan niya tuloy na bumalik sa India. Iisa lamang ang ibig sabihin nito: maglalakbay na naman siya sa loob ng kulang-kulang na isang taon. Umalis siya sa Japan noong taong 1551.

Sa kanyang paglalakbay pabalik sa India, naisip ni Padre Francisco na magtungo rin sa Tsina. Matagal na niya itong pinapangarap. Nang siya ay nasa Japan pa, mayroon na siyang mga panalanging isinalin sa wika ng mga Tsino. Nang marating ni Padre Francisco ang Goa, napakasaya ng mga taong sumalubong sa kanya. Masaya rin siyang nakabalik sa kauna-unahang lugar na kanyang pinagmisyunan subalit sa kabila nito, naiisip pa rin niya ang kanyang gagawing pagmimisyon sa bansang Tsina. Ang mga Heswitant nakakakilala sa kanya ay nalungkot dahil sa malaking pagbabagong nangyari sa kanya. Tumanda siya, halatang siya'y pagod na pagod at kailangan na ng pahinga subalit patuloy pa rin siya sa paggawa.

Sa wakas, dumating din ang kanyang pinakahihintay - ang araw ng kanyang pag-alis patungong Tsina. Marami ang nakaaalam na hindi maaaring pumasok ang sinumang dayuhan sa bansang Tsina. Marami nang pinatay at ibinilanggong mga misyonero roon at ito rin ay maaaring mangyari kina Padre Francisco kaya't ang lahat ay luhaan nang lisanin nila ang Goa. Linggo ng muling Pagkabuhay nang sina Padre Francisco, Anthony at Christopher na isang Indian ay naglayag patungong Tsina.

Sa unang buwan ng kanilang paglalakbay, nakaranas sila ng matinding bagyo at halos lumubog ang kanilang sinasakyang barko.





Buhay Misyonero

Pumunta si Padre Francisco sa kinaroroonan ng kapitan. Binasbasan niya ang dagat at humingi siya ng awa ng Diyos. Nagpatuloy siya sa pagdarasal hanggang humupa ang bagyo. Halos magdamag na hindi nakatulog si Padre Francisco tila ginugulo siya ng masamang espiritu sa pagtungo niya sa bansang Tsina.

Nang marating nila ang Malacca, doon lamang niya naunawaan ang dahilan ng kanyang pagkabahala. Nainggit ang kapitan ng mga mangangalakal sa mga misyonero sapagkat kahit saan ay maaari silang pumunta subalit ang mga mangangalakal ay hindi, kaya't hindi niya pinayagang makadaong ang barkong kanilang sinasakyan. Nakiusap sa kanya si Padre Francisco. Nang makita ng kapitan ang sulat na dala-dala nina Padre Francisco galing sa Obispo ng Goa at ng Gobernador, pinunit niya ang mga ito at itinapon. Walang nagawa sina Padre Francisco.

Dumating din ang pagkakataon na may isang bangkang paalis mula sa Malacca na nagngangalang *Holy Cross*. Ito ang magdadala kina Padre Francisco patungong Tsina. Ang bangkang kanilang sinasakyan ay hindi maaaring dumaong diretso sa daungan ng bansang Tsina sapagkat hindi maaaring pumasok ang mga dayuhan. Kaya't ang napakalapit na daungang kanilang mapupuntahan ay ang Isla ng Sancian, anim na milya ang layo mula sa daungan ng Tsina. Ang isla na ito ang nagsisilbing tagpuan ng mga Portuguese na naglalayag. Ilan sa kanila ay nahuli na ng gobyerno ng Tsina. Mula sa kanila, nalaman ni Padre Francisco ang mga paghihirap at gutom na kanilang naranasan.

Ayaw ng mga Portugese na tulungan si Padre Francisco sa balak nitong makapasok sa Tsina sapagkat natatakot sila para sa kaligtasan nito. Tinulungan nilang magtayo ng maliit na masisilungan si Padre Francisco sa Isla. Dito na rin nagdiriwang ng Banal na Misa at nagbibigay ng mga Sakramento ang misyonero. Nakiusap si Padre Francisco sa mga Tsinong mangangalakal na pumupunta sa Sancian na siya ay kanilang tulungan, subalit wala ni isa man ang nangahas. Kapag sila ay nahuli, hindi lamang kayamanan ang mawawala sa





kanila gayundin ang kanilang buhay. Sa wakas, nakatagpo rin si Francisco ng isang Tsinong mangangalakal na magdadala sa kanya sa Tsina subalit hindi sa sarili niyang bangka, kundi isasama si Padre Francisco sa sasakyan ng mga basura kasama ng kanyang anak at alalay nito. Ito lamang ang maaaring paraan upang makapunta roon. Umalis na nga ang mangangalakal upang ayusin ang planong napag-usapan nila ni Padre Francisco. Marami ang tumutol sa ginawang ito ng misyonero sapagkat maaaring patayin siya nito o kaya naman matapos makuha nito ang hinihinging dalawang daang dolyar ay iwanan na lamang si Francisco sa isang isla at doon ay mamatay siya sa gutom. Subalit sumagot si Padre Francisco: *“Alam ko ang panganib subalit mas mapanganib ang mawalan ng tiwala sa Panginoon.”*

Lumipas ang mga araw, nagkasakit si Padre Francisco. Nagkasakit rin sina Anthony at Christopher subalit napagaling sila ng pari. Ang dalawa naman ang nag-alaga sa kanya. Hindi pa dumarating ang kanilang hinihintay at ang lahat ng mga bangkang pag-aari ng nga mangangalakal na Portuguese ay isa-isa nang umaalis hanggang ang *Holy Cross* na kanilang sinasakyan ang natira. Lumipas ang maraming araw, hindi dumating ang kanyang kausap. Unti-unti nang nauubos ang kanilang pagkain at dumating ang panahon na nanghihingi na lamang sila sa mga mangangalakal na dumarating doon.

Noong ika-21 ng Nobyembre, matapos na magdiwang ng Banal na Misa napansin ni Anthony na malubha ang sakit ni Padre Francisco. Nang sumunod na araw, sinugatan na siya ng isang mangangalakal na Portuguese sa paniniwalang gagaling ang misyonero. Dahil hindi ito bihasa, nawalan ng malay si Padre Francisco dahil sa matinding sakit na kanyang naramdaman. Lalong lumala ang sakit nito. Kinabukasan, muli na naman siyang sinugatan subalit tulad ng unang pangyayari, nawalan na naman ito ng malay. *“Hesus, anak ni David, maawa po kayo sa akin”*, maraming ulit itong sinasambit ni Padre Francisco.





Buhay Misyonero

Noong unang araw ng Disyembre, nanauli ang lakas ni Padre Francisco. Nangaral siya tungkol sa Banal na Santatlo subalit nararamdaman na niya ang nalalapit niyang kamatayan. Gayunpaman, walang mababakas na takot sa kanya. Pagkatapos nito, muling bumalik ang kanyang napakataas na lagnat. Ginawang lahat ni Anthony, ang nag-iisang kasama noon ni Padre Francisco, ang lahat ng kanyang magagawa upang maibsan ang paghihirap ng misyonero. Laging inilalapit ni Anthony ang Krusipiho at hindi iniaalis ni Padre Francisco ang kanyang paningin dito. At noon ngang umagang-umaga ng ika-3 ng Disyembre, narinig ni Anthony ang malalim na paghinga ng pari. Nakatitig ito sa kandilang nakasindi at sa Krusipiho, at siya ay payapang binawian ng buhay. Nang maliwanag na, pumunta si Anthony sa mga bangkang nakadaong at kaniyang ibinalita sa mga mangangalakal na namatay na ang misyonero. Sumama sila kay Anthony at inilibing si Padre Francisco.

Sa loob ng dalawang buwan, namalagi ang mga labi ni Padre Francisco na nakalibing sa Isla ng Sancian. Nang nasa kalagitnaan na ng buwan ng Pebrero, nagpasya ang kapitan ng Holy Cross na bumalik na sa Malacca. Nagmakaawa si Anthony na huwag iwanan ang katawan ni Padre Francisco sa Sancian. Maraming ginawang kabutihan ang pari sa iba. Nararapat lamang na siya'y mabigyan ng maayos na libing subalit galit na tumutol ang kapitan. Dahil sa pangungulit ni Anthony, nagpasugo ang kapitan ng titingin kung mga buto na lamang ang natitira sa katawan ni Francisco sapagkat ito ay maaari nilang dalhin pabalik sa Malacca. Nang buksan nila ang kabaong na pinaglagyan, napaatras sila sa malaking pagkagulat: buong-buo pa ang katawan nito na tila natutulog lamang. Dinala nila ang katawan ni Padre Francisco pabalik ng Malacca.

Narating nila ang Malacca noong buwan ng Marso at halos lahat ay sumama sa prusisyon. Inilibing muli ang katawan ni Padre Francisco at sa loob ng limang buwan, nahimlay ito sa lupa. Nang dumating ang isang kaibigan ni Padre Francisco sa Malacca, muli na naman itong hinukay at natagpuan na naman nilang hindi naagnas!





San Francisco Javier

Marami nang sumuring doktor sa katawan ni Padre Francisco subalit hindi rin nila kayang ipaliwanag ang nangyayari. Ito ay isang himalang tanging Diyos lamang ang nakakaalam. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa misyonero simula pa ng nabubuhay ito hanggang sa kanyang kamatayan.

Noong taong 1662, Si Padre Francisco Javier, kasama ng tagapagtatag ng kanilang Samahang Heswita na si Padre Ignacio Loyola, ay itinanghal na mga Banal ng buong Simbahan.

Mula noon hanggang ngayon, patuloy na pinararangalan si Padre Francisco, hindi lamang ng mga Katoliko gayundin ng mga hindi Kristiyano. Taun-taon, ang simbahang ipinatayo para sa kanyang karangalan sa lugar ng Goa, ang unang lugar na kanyang pinagmisyunan ay napupuno ng mga taong dumadalaw. Isa ring simbahan ang ipinatayo sa Isla ng Sancian, sa lugar na kung saan siya ay namatay.

Si Padre Francisco Javier ang sumunod kay San Pablo sa lawak nang nalakbay upang ibahagi ang aral ng Diyos sa mga tao. At dahil sa kaniyang kagitingan at pagmamahal sa misyon, siya ay idineklarang patron ng misyon at mga misyonero. Siya ay isang inspirasyon sa napakaraming misyonero sa buong mundo!





Padre Caio Rastelli

Marso 25, 1872 - Parma, Italy

† Pebrero 28, 1901 – Taiyanfu, China





Padre Caio Rastelli

Si Padre Caio Rastelli ay isinilang sa Ghiara di Fontanellato Parma Italy, noong ika-25 ng Marso, taong 1872. Siya ay namatay sa edad na dalawampu't walo sa Taiyanfu, Tsina noong ika-28 ng Pebrero, 1901.

Si Padre Caio ay ang kaisa-isahang pari nang itatag ang Xaverian noong taong 1895 at kauna-unahang misyonerong Xaverian na ipinadala sa Shanxi, isang probinsiya sa Tsina na nagmisyon doon sa loob ng dalawang taon.

Noong ika-9 ng Marso, 1898, si Obispo Fogolla ay isang misyonerong nagmula sa Tsina ang nagbalik sa kanyang sariling bayan. Matapos ang mahigit tatlumpu't dalawang taong pananatili sa bansang Tsina, siya'y bumalik sa kanyang bayan ngunit ito ay bahagi pa rin ng kanyang misyon. Bumalik siya hindi upang tuluyan nang umuwi kundi upang tuparin ang layunin ng kanilang samahan na tulungan ang mga kapwa niya Italyanong misyonero na nais magmisyon sa bansang Tsina. Higit pa ryan, ang pinakamahalagang layunin niya sa kanyang pag-uwi ay ang makahanap ng mga bagong makakasama sa misyon sa probinsiya ng Shanxi, Tsina. Kasama niya sa kanyang pagdalaw sa Parma, Italy ang apat na seminaristang Intsik at ang isang may edad na at tumatayo bilang kanyang kanang kamay.

Samantala, si Obispo Francis Fogolla ay isinilang sa Montereaggio noong 1840. Bata pa lamang siya nang lumipat ang kanyang buong pamilya sa Parma, Italy. Sa kanyang pagbibinata, dito siya sumama sa mga Pransiskanong Prayle ng Annunciation, Parma. Noong taong 1866, siya ay ipinadala sa misyon sa bansang





Buhay Misyonero

Tsina sa edad na dalawampu't anim. Mababakas sa mukha at anyo ng Obispo ang kanyang hirap sa pagmimisyon sa Tsina kaya't mas matanda pa siyang tingnan kaysa sa tunay niyang edad na limampu't walo.

Makalipas ang ilang araw, si Padre Fogolla ay nagpatawag ng isang pagtitipon sa simbahan ng Annunciation. Dumalo ang napakaraming tao upang makinig sa kanyang pagbabahagi. Inilarawan niya ang mga kaugalian, paniniwala at higit sa lahat ang lumalakas at tumatatag na pananampalatayang Kristiyano ng mga tao sa bansang Tsina. Handa silang ialay ang sariling buhay alang-alang sa kanilang pananampalataya sa Diyos. Isa sa mga taimtim na nakikinig sa pananalita ni Padre Fogolla ay ang batang-batang pari na nagtatag ng Komunidad ng Xaverian na si Padre Guido M. Conforti kasama ang kanyang dalawampu't siyam na seminarista. Ang mga seminarista ay matamang nakikinig sa pagsasalita ni Padre Fogolla kaya't sila ay nahikayat na pumunta sa Tsina balang araw. Isa sa mga naganyak na pumunta sa bansang iyon ay ang batang-batang *Vice-rector* na si Padre Caio Rastelli. Bagong ordena pa lamang bilang paring *Diocesan* nang sumama si Rastelli sa komunidad ng Xaverian kaya't siya rin ang kauna-unahang pari nang itatag ito.

Ilang araw matapos ang nasabing pagtitipon, dumalaw si Padre Fogolla sa seminaryo ni Conforti. Kaagad siyang kinausap ni Rastelli hinggil sa layunin nitong sumama sa kanya sa Tsina at malugod naman siyang tinugon at tinanggap ng Obispo. Masayang-masaya noon si Rastelli ngunit nang ipagbigay-alam niya sa nakatataas na si Conforti ay tila nawalan siya ng pag-asa na makasama sa Tsina dahil sa tugon nito: *"Padre Caio, paano ako makapamamahala sa malaking komunidad na ito kung wala ka? Batid mo naman kung gaano ako ngayon kaabala simula nang iluklok ako ng Obispo bilang siyang tagapamahala sa buong kaparian ng Curia."* Ang obispong tinutukoy ni Padre Conforti ay si Obispo Francis Magani. Dumating siya sa Parma noong Setyembre, taong 1894 at hindi nagdalawang-isip na iluklok si Conforti bilang tagapangasiwa ng kaparian ng Curia.





Nang gabing dumalaw muli si Fogolla, isa sa mga mag-aaral ni Conforti sa Teolohiya ang nagpahayag na siya man ay nais ding pumunta sa Tsina. Siya ay ang diyakonong si Odoardo Manini. Si Manini ang tumatayong kanyang tagapangasiwa sa mga mag-aaral. Bukod sa magiging isa siyang malaking kawalan sa samahan sapagkat walang maaaring pumalit sa kanya, ay nag-iisa rin siyang anak ng kanyang mga magulang at hindi biro ang hirap na dadanasin ng isang misyonero.

Si Conforti ay naiipit sa sitwasyon sapagkat masayang-masaya at nasasabik ang dalawa niyang mag-aaral na matupad ang kanilang pangarap na makapagmisyong sa Tsina gayong para sa kanya ay tila napakahirap at napaka-imposibleng maisakatuparan ang kanilang mga pangarap. Gayunpaman, nagpulong sina Fogolla at Conforti hinggil sa usaping dapat bang payagan sina Rastelli at Manini na sumama sa misyon sa Tsina. Napagpasyahan nila na payagang isama ni Fogolla ang mga ito sa misyon. Mabigat man sa kalooban ni Conforti ang pag-alis ng kanyang dalawang itinuturing na mga anak, pinayagan na rin niya ang mga ito. Nangako naman si Fogolla na hindi niya pababayaan at ituturing na parang tunay na mga anak ang dalawang bagong misyonero.

Ika-4 ng Marso, 1899. Dumating na ang araw na pinakahihintay ng mga bagong misyonero - ang kanilang pag-alis patungo sa bansang Tsina. Ang malaking silid-tanggapan sa tahanan ng Obispo ay ginawang kapilya upang pagdausan ng isang mahalagang okasyon para sa mga bagong misyonero. Kapansin-pansin ang malaking larawan ng patron ng komunidad ng Xaverian na si San Francisco Javier. Ang malaking larawan niya ay umuokupa halos sa buong hangganan ng dingding ng kapilya kung saan nakatayo ang isang maliit na altar. Dumagsa ang napakaraming tao kabilang ang mga magulang at kamag-anak ng dalawang bagong misyonero upang sila'y suportahan at ipabaon ang mga panalangin at pagmamahal para sa kanila. Ang dalawa ay nakaupo kasama ang kani-kanilang pamilya sa unang hanay ng upuan.





Buhay Misyonero

Si Conforti ang namuno sa pagdiriwang ng Banal na Misa, samantalang si Obispo Magani naman ay nag-ukol ng isang madamdaming pananalita para sa mga bagong misyonero. Bawat isa ay kanyang hinandugan ng tig-isang krusipiho at niyakap ng buong higpit, yakap ng isang amang nalulungkot sapagkat sa mga araw na iyon ay lilisan ang kanyang mga anak at kailanman ay hindi na niya muli pang makikita. Nagsalita rin siya para sa mga magulang ng dalawa tungkol sa mga pagsubok na maaaring kakaharapin ng mga misyonero. Batid ng lahat ang mga nangyayaring kaguluhan at laganap na pagtuligsa ng mga Intsik sa mga misyonero sa Tsina. Naging madamdamin din ang pagpapaalam ng mga bagong misyonero bago sila sumakay sa karitelang maghahatid sa kanila sa istasyon ng tren ng Genoa. Hapon na nang makasakay ang dalawa sa tren habang inihahatid sila ng maugong na mga palakpakan ng mga kababayan at luhaang mga kamag-anak.

Umalis ang dalawang misyonero sa magkaibang daungan at magkaibang araw. Si Rastelli ay naglayag mula sa Genoa noong ika-7 ng Marso sakay ng barkong Prinz Heinrich ng Germany. Kasama niya sa paglalakbay ang apat na Seminaristang Intsik at ang Pransiskanong si Andrea Bauer. Samantala, si Manini ay naglayag mula Marseilles noong ika-12 ng Marso, kasama si Padre Fogolla na sa mga sandaling iyon ay hinirang na Obispo ng Misyon. Kasama rin nila ang dalawa pang pari at apat na Seminaristang Pransiskano. Idagdag pa ang sampung Pransiskanong *Missionary Sisters of Mary*, na pito sa kanila ay nakatalagang magmisyon sa Probinsiya ng Shanxi, Tsina.

Matapos ang katakut-takot na paglalayag dahil sa pagsusungit ng panahon, narating din nila ang Shanghai noong ika-15 ng Abril. Doon nagsimulang magbago ang kanilang anyo dahil sa mga kasuotan ng Intsik sapagkat sila ngayo'y mga anak na ng Tsina. Tunay na mga anak ng Tsina sapagkat pinili nila ang bayang ito bilang bagong tahanan. Bagama't sila nga ay mga bagong anak ng Tsina sila'y hindi makapagsalita at makaintindi ng wikang Intsik. Unang araw pa lang ng kanilang pagtuntong





sa bansang iyon ay nag-aral kaagad sila ng linggwaheng gamit ng mga tao roon.

Noong ika-1 ng Mayo, 1899, narating nila ang Taiyuan, ang Bikaryato at sentro ng Shanxi. Naging mainit ang pagsalubong at pagtanggap sa kanila sa tahanan ng Obispo kung saan naroon ang isang bahay-ampunan ng mga inabandonang batang babae, isang eskwelahan at isang maliit na klinika. Dahil sa matinding pangangailangan ng mga tao sa serbisyong mediko, unang araw pa lamang ay napilitan na si Manini na manggamot. Isinantabi muna niya ang pag-aaral ng lengguwahe, samantalang si Rastelli naman ay ibinuhos ang buong lakas at panahon sa puspusang pag-aaral ng mga kaugalian, paniniwala at lengguwahe. Ayon sa liham ni Fogolla kay Conforti: *“Kapag sapat na ang kaalaman ni Rastelli sa lengguwahe ay kaagad siyang ipadadala sa mga distritong nangangailangan ng misyonero sa lalong madaling panahon.”*

Pagkaraan ng anim na buwang pag-aaral, si Rastelli ay ipinadala na sa misyon sa kanlurang bulubundukin ng Shanxi, mahigit sa 200 milya ang layo sa Taiyuan.

Si Rastelli ay umalis noong ika-1 ng Nobyembre na puspos ng kagalakan sa kabila ng paalala ni Padre Fogolla tungkol sa mga hrap, gutom at matinding kalungkutang maaaring danasin niya sa lugar na iyon.

Sa sulat ni Rastelli kay Conforti ay ganito ang kanyang sinabi: *“Ako’y aalis patungo sa minimithing paraiso. Ang aking kaligayahan ay walang pagsidlan sapagkat ang paglalakbay na ito ay magdadala sa akin sa kalangitan. Maligaya akong Siya’y paglingkuran.”*

Umalis siya patungo sa misyon bitbit ang ilang dala-dalahan kabilang ang mga aklat-dasalan, aklat sa Teolohiya at Doktrina. Kasama niya sa paglalakbay ang paring Intsik na si Gabriel Suen at isang dalawampung taong gulang na nagtatrabaho bilang isang guro at katekista. Ang paglalakbay ay inabot ng halos anim na





araw. Pagdating doon, kaagad siyang sumulat sa kanyang pamilya at kay Conforti. Tumira siya sa isang yungib at naramdaman niya ang kaligayahan sa pagtira sa ganoong uri ng tahanan. Ang pagkain ng mga tao ay karaniwang ligaw o tanim na gulay lamang at lugaw. Madalang pa sa patak ng ulan kung magkaroon ng palay doon. Wala ring karne kaya't ang mga tao ay namamatay na lamang nang hindi nakatikim ng karne sa buong buhay nila. At naibulong niya sa kanyang sarili ang pilosopiya na namana pa niya sa kanyang ama: *"Ang sapat na pagkain ay mahalaga upang may panlaban sa sakit at gutom."* Bukod sa kakulangan sa pagkain, malaking suliranin din niya ang linggwahe sapagkat bawat baryo ay iba-iba ang wikang ginagamit.

Sa kabila ng hirap ng pamumuhay, humanga pa rin si Rastelli sa mga tao roon. Sila ay masisipag, mabubuti, masunurin, tapat at maawain sa isa't-isa. Nakikita niya kung gaano sila kasisipag at katitiyaga sa pagbubungkal ng lupa kahit na walang sapat na kagamitan, ang mahalaga ay maitawid lamang sa gutom ang pamilya. Nakalulungkot isiping may ganoong katinding taggutom sa bansang iyon.

Mababanaag sa kanyang pananalita ang lungkot na nararamdaman. Naghihirap ang kanyang kalooban habang nakikita niya kung paano unti-unting namamatay sa gutom ang mga tao.

Nabanggit niya sa kanyang liham kay Conforti kung paanong unti-unting nauubos hanggang sa wala na talagang maani sa kanilang taniman ang mga tao roon: walang pagkain, industriya at kahit anong uri ng trabaho. Ang mga tao ay nagpapagala-gala sa lansangan upang humanap ng makakain. Ang iba ay napipilitang kumapit sa patalim, pumupunta sa tahanan ng mga mayayaman upang magnakaw ng kahit anong makakain ng pamilya. Inaabot na ng kamatayan ang ilan sa kalye at ang iba naman ay naghihintay na lamang ng kamatayan sa kanilang mga tahanan. Ang ibang mga Kristiyano na naging pari upang tumulong sa misyon ay tumira na rin sa simbahan. Sila'y nagmula pa sa malalayong lugar at ngayo'y





naiipit sa gitna ng kahirapan at hinihintay na rin ang kanilang pagpanaw. Ang iba naman ay sumuko na sa kanilang naging kapalaran - nagkulong sa kanilang mga tahanan habang unti-unting namamatay sa gutom.

Samantala, nagdilim ang kalangitan dahil sa makapal na ulap, kasabay nito ang pagdideklara ng gulo ng mga rebelde laban sa mga Kristiyano at mga misyonero. Nagkaroon ng malawakang pag-aalsa ang mga rebeldeng kung tawagin ay Boxers. Sila ay nagtipun-tipon at naglunsad ng malawakang pag-aalsa laban sa mga taga-Europa. Inakusahan nila ang mga ito na sila ang dahilan kung bakit naghihirap ang kanilang bansa at kung bakit may matinding taggutom silang nararanasan.

Noong ika-20 ng Hunyo, taong 1900, pinaslang ang embahador ng Germany na si Baron Von Kettler. Noong araw ding iyon, ang grupo ng Boxers ay lumusob at pumalibot sa punong tanggapan ng *Foreign Legislation* at simbahang Katoliko sa Petang. Dahil sa nararamdamang tensyon at init ng kaguluhan, napagpasyahan ng mga dayuhang tumakas patungo sa Embahada ng Britanya sapagkat ito lamang ang nanatiling ligtas na lugar para sa kanila. Ito ay napaliligiran ng makakapal at matataas na pader. Nagpadala ang Europa sa misyon ng maliit na grupo ng mga sundalong Pransiskano upang iligtas ang mga pari at mga Kristiyanong kasalukuyang nagkukubli. Pagkaraan ng ilang araw, ang mga sundalo sa bansang Tsina ay nahikayat ni Emperadora Mother Cixi upang umanib sa Boxers.

Lihim na nagpadala ang mga misyonero ng mga tagahatid-balita sa Tientsin upang humingi ng saklolo, ngunit ang mga tagahatid-balitang ito'y nahuli at napilitang sumuko ng mga sundalong Europeo. Ang pag-atake sa Legislation at mga simbahan sa Peking ay lumaganap na at ang kaguluhang ito ay papalapit na sa Taiyuan.

Limang buwan na ang nakararaan nang dumating sa Taiyuan ang bagong Manchurian Gobernador na si Yushien. Kilala siya





Buhay Misyonero

sa kanyang kalupitan at matinding galit sa mga taga-Europa at mga Kristiyano. Mabilis niyang ipinag-utos na magpaskil ng mga pang-tuligsa at akusa laban sa mga Kristiyano. Inakusahan niya ang mga Kristiyano at misyonero na nilalapastangan ang kanilang mga panginoon sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga misyonero ng bagong relihiyon: ang Kristiyanismo, kung kaya't nagkaroon ng matinding taggutom sa bansa. Inutusan din niya ang mga Kristiyanong Intsik na magbalik-loob sa kanilang lumang relihiyon at sumuko na sa pagtulong at pagsuporta sa mga misyonero.

Noong unang araw ng Hulyo, 1900, ang Boxers ay nagwagi sa paglusob at pakikipaglaban sa Peking at natalo nila ang mga banyagang sundalo sa lungsod ng Datong. Sa hilagang bahagi ng probinsiya, sinunog nila ang mga simbahan at dinakip ang paring Tsino na nagtatago doon. Ang paring ito ay nakaranas ng matinding kalupitan at kamatayan kasama ang dalawa pang Kristiyano. Ang balita ay di pa lubusang nakarating sa Taiyuan nang lusubin ng mga bayolenteng rebelde ang lugar ng mga Protestante at dinakip ang mga pastor at ang kanilang mga pamilya. Dinala sila sa isang lumang templo sa gitna ng siyudad.

Pagkatapos ng pagkamatay sa sakit na tipus ng kanilang nakatataas na punong-tagapangasiwa, nagtipun-tipon ang mga Pransiskanong misyonero upang magluklok ng papalit sa namatay na punong-tagapangasiwa. Batid ni Obispo Grassi ang matinding kaguluhan na nangyayari kaya't iniutos niya na humanap nang mas ligtas na lugar. Hindi sila maaaring dumaan sa mga lagusan ng naturang gusali sapagkat ang mga ito ay binabantayan ng mga sundalong Intsik. Kinagabihan, ang mga pari ay dumaaan at tumawid sa matataas na pader ng gusali. Nagpaiwan sa loob ang dalawang Obispo at isang nakatatandang misyonero at si Andrea Bauer. Umaasa silang maitatakas din ang mga Missionary sisters, kaya't kinabukasan ay pinagsuot sila ng mga damit pang-magsasaka ngunit di nila kayang iwan ang mga batang nasa pangangalaga nila.





Ipinag-utos ng gobernador na kunin ang mga kabataang nasa pangangalaga ng mga misyonero. Kinagabihan, dinig na dinig ang iyakan ng mga batang isinakay sa karwahe papalayo. Kinabukasan, idinahilan ng gobernador ang banta ng mga Boxers upang makuha niya ang mga misyonero at madala ang mga ito sa templong kinaroroonan ng mga Protestante.

Hapon noon ng ika-9 ng Hulyo, 1900, nang dumagsa ang grupo ng mga sundalo. Pinaligiran nila ang lumang templo kung saan naroroon ang mga pari, mga misyonero at mga Protestante. Isang grupo ng mga sundalo ang nagtangkang makapasok ngunit lumaban ang mga Protestante at sila'y nagpapatok. Dahil sa dami at lakas ng pwersa ng mga sundalo, unti-unti nilang nagapi ang mga Protestante hanggang sa tuluyan nang mawalan ng pag-asa ang mga ito na makaligtas pa.

Samantala, nagkatipun-tipon sa harap ni Obispo Grassi sa loob ng templo ang mga pari, Missionary Sisters at Obispo. Batid ng mga naroroon na wala ng natitira pang pag-asang makatakas pa sila. Habang nagsasalita ang Obispo ay bigla na lamang may pumukpok sa kanyang ulo, lubusan na palang nakapasok ang mga rebelde. Duguan din sina Obispo Fogolla at Brother Andrea sapagkat makalawang ulit silang hinampas ng baril ng mga ito. Sapilitang iginapos ang kanilang mga kamay gayundin ang mga Missionary Sisters at marahas na kinaladkad patungo sa korte ng gobernador. Marahang lumapit si Gobernador Yushien kay Obispo Fogolla at nagtanong ng ganito: *"Gaano ka na katagal sa Tsina at gaano na kalaki ang pinsalang dinulot mo sa mga tao ko?"* at malumanay na tumugon ang obispo: *"Humigi't kumulang tatlumpung apat na taon na akong naglilingkod sa bansang ito at pawang kabutihan lamang ang aking hinangad para sa mga tao dito."* Nagpupuyos sa galit ang gobernador at pagaril nitong winika ang katagang: *"Sinungaling ka, papatayin kita!"* Dalawang beses niyang sinaksak si Fogolla bago niya ipinag-utos sa kanyang mga tauhan na dalhin ang mga misyonero sa labas ng korte at pagpapatayin. Sa bakuran ng korte, magkahalong emosyon ang namamayani sa mga tao, ang iba'y nagpupuyos sa galit





Buhay Misyonero

sa mga misyonero, ang iba'y naaawa ang iba'y tila nauuhaw sa dugo ng mga ito at gustong makita kung paano unti-unting patayin ang mga Kristiyano bagama't meron din namang nakakaramdam ng habag para sa kanila at ang iba nama'y tuliro at tila nalilito. Nag-iingay at nagsisigawan ang mga Tsino nang ilabas na ang mga misyonero.

Sa malawak na bakuran ng nasabing korte, nasaksihan ng lahat ang malagim na kamatayan na sinapit ng mga misyonero. Ang iba'y pinutulan ng ulo, may mga ginilitan ng leeg at ang iba nama'y sinaksak ng patalim sa dibdib hanggang sa tuluyang mamatay. Sa kabuuang bilang ng mga pinatay, may dalawang Obispo na sina Grassi at Fogolla, dalawang pari, isa pang misyonero na si Andrea Bauer at ang pitong *Missionary Sisters*. Pinatay din ang limang seminarista at siyam pa na naglilingkod din sa misyon, idagdag pa ang tatlumpong Protestante. Pinatay silang walang kalaban-laban at martir para sa Kaharian ng Panginoon.

Kasalukuyang nagluluksa si Conforti at ang buong siyudad ng Parma dahil sa masamang balitang kumakalat sa pahayagan tungkol sa pagpaslang sa mga misyonero nang makatanggap siya ng telegrama mula sa Shanghai. Kumpirmado at totoo nga ang balitang sila ay pinatay. Subalit, may balita ring nakatakas ang ibang misyonero at ligtas na nakabalik sa Bikaryato ng Taiyuan.

Ang mas nakababatang si Manini na nasa kabundukan ay nagtungo sa Monasteryo ng Tong-el-kou, may dalawang milya ang layo sa siyudad. Tumakas siya kasama ni Padre Barnaba Nanetti, ang punong tagapamahala ng monasteryo. Nang malapit na sila sa misyong kinaroroonan ni Rastelli ay nagpadala sila dito ng babala na nagsasabing kailangan niyang tumakas sa lugar na iyon at humanap ng ligtas na pagkukublihan sapagkat anumang oras ay maaaring sumugod ang mga rebeldeng Intsik upang siya'y dakpin. Nang matanggap ito ni Rastelli, kinagabihan ay lihim siyang naghanda sa pagtakas. Nagsuot siya ng damit pangsaka at isang malapad na sambalilo. Isinilid niya sa sako ang kanyang mahahalagang gamit. Bitbit ang sako, tahimik niyang nilisan ang lugar at naglakbay





pakamluran. Narating at natawid niya ang Yellow River ng walang kahirap-hirap. Sa kabilang panig ng ilog, nagtungo siya sa bahay-panuluyan ng mga misyonero ngunit isang araw lamang ang kanyang inilagi roon sapagkat nakarating sa kanyang kaalaman na may mga binayarang sundalo ang gobyerno upang siya'y dakpin. Inilarawan niya sa kanyang sulat kay Conforti noong ika-10 ng Disyembre, 1900 ang kanyang paglalakbay at kung papaanong wala man lang nakakilala o nakahalata na siya'y isang misyonero. Sinabi rin niya at ipinagmalaki kung paanong siya'y iniligtas ng Panginoon sa kanyang paglalakbay araw man o gabi. Nakituloy siya sa mga bahay at bahay-panuluyan. Tumigil din siya sa mga yungib at naglakad at nakisalamuha sa mga tao nang hindi man lamang siya namukhaan bilang isang Europeo. Nagpanggap din siya bilang isang Tsino na kahit siguro sina Conforti ay maaaring siya'y hindi mamukhaan.

Noong ika-29 ng Hulyo, matapos ang dalawampu't dalawang araw na katakut-takot na paglalakbay at pagtakas, nakarating din sa wakas sina Manini at Padre Barnaba sa daungan ng Mongolia kung saan naroroon ang *Belgian Scheut Missionaries* sa Xiao-kiao-ban. Pagkaraan ng ilang araw, dumating naman si Rastelli. Hindi nila ito nakilala sapagkat bukod sa kasuotan nito ay nag-iba rin ang itsura nito dahil sa pangangayayat dala marahil ng matinding hirap at gutom na dinanas sa misyon nito sa kabundukan.

Nagdaan pa ang ilang araw hanggang sa ang kaguluhan ay lumaganap na rin hanggang Mongolia. Maraming pari, kabilang ang Obispo, ang pinatay. Ang iba naman ay napilitang tumakas. Ang residensiyang itinatag ng *Belgian Scheut Missionaries* limang taon na ang nakalipas ay matibay upang pangdependa sa masasamang loob na Mongolian at Muslim. Ito ay napaliligiran ng matataas at makakapal na pader. Binubuo ito ng isang simbahan, bahay-ampunan, seminaryo, hardin at iba't ibang pangdependa. Sa silangang bahagi sa labas ng residensiyang ito: naroroon ang mga pamilya o isang komunidad ng mga Kristiyano na itinatag ng mga misyonero dalawampu't limang taon na nakararaan.





Buhay Misyonero

Dahil sa nararamdamang tensyon, minabuti ng mga misyonerong tipunin sa loob ng kanilang residensiya ang komunidad ng mga Kristiyano na tumatayang humigit kumulang na limangdaang katao.

Umatake ang mga rebeldeng Boxers at mga Mongolian. Pinaligiran nila ang residensiya ng mga misyonero habang isinisigaw ang: *“Kamatayan para sa mga taga-Europa!”* Dahil dito, napilitang lumaban ng mga Kristiyano. Nakipagpalitan sila ng putok kung kaya’t hindi makapasok sa loob ang mga rebelde. Umalis ang mga rebelde ngunit kinabukasan sila’y muling bumalik at lumusob. Napilitan silang lumaban upang ipagtanggol ang mga tao. Inilarawan sa sulat ni Rastelli ang mga pangyayari kung paanong kamuntik-muntikan na siya’y tamaan ng mga balang nagmumula sa mga kaaway. Ilang beses ding naganap ang mga pangyayaring sa halip na sa kanya tumama ang mga bala ay lumalagos ang mga ito sa kanyang mga kasama at katabi na siyang pumapatay sa mga ito. Mapalad pa siyang nabuhay gayong halos ubusin sila ng mga kaaway.

Noong ika-15 ng Setyembre, ika-tatlumpu’t pitong araw na ng paglusob ng mga rebelde, dinapuan ng karamdaman si Rastelli kaya’t napilitan siyang manatili sa higaan. Magtatapos na ang buwan ng Setyembre nang lumaganap ang balitang nakapasok na sa Peking ang grupo ng mga sundalong Europa upang iligtas ang mga misyonero at mga kapwa taga- Europa. Napilitang tumakas ang emperador dahil sa takot sa malakas na puwersa ng mga taga-Europa. Nilabanan ng mga ito ang mga Boxers. Ang ilang Boxers ay napilitang umatras at tumakas pakanluran.

Ilang araw matapos ang nangyaring kaguluhan, nagtungo si Padre Barnaba sa Shanxi (Shenxi), ang probinsiya sa bahaging hilaga ng kanilang misyon. Ngunit nagpasya siyang huwag dumaan sa direktang daan patungo sa probinsiya ng Shanxi, sapagkat ang daang ito ay nasa ilalim ng malaking pag-uusig.





Ang dalawang Xaverian ay napilitang maghintay pa ng labinlimang araw sapagkat si Rastelli ay di pa lubusang gumagaling buhat nang dapuan ito ng karamdaman at hindi pa kaya ng katawan niya ang mahabang paglalakbay. Umalis sila noong kalagitnaan ng buwan ng Oktubre. Ang gabay nila sa kanilang paglalakbay ay iniwas sila sa delikadong daan at sa halip sa matatarik na kabundukan sila namaybay na tila wala ng katapusang paglalakbay. Matapos ang mahaba at lubos na nakakapagod na labinlimang araw na paglalakbay ay nakarating din sila sa Xi'an, ang kabisera ng probinsiya ng Shaanxi. Ang paglalakbay na ito ay lubusang nakapagpalala sa karamdaman ni Rastelli. Gayunpaman, mainit at malugod silang tinanggap ni Amato Pagnucci, ang Obispo ng misyon ng nasabing kabisera. Kinailangan nilang maghintay ng dalawang buwan doon hanggang sa dumating ang Disyembre. Umalis sila sa kabisera noong ika-11 ng Disyembre kasama si Padre Barnaba na napilitang maghintay din kasama nila.

Nang makarating sila sa misyon ay nalaman nila ang masalimuot na pangyayaring naganap doon. Pitong paring Tsino at humigi't kumulang sa sanglibo't limandaan hanggang dalawang libong Kristiyano ang pinaslang. Ang residensiya at ang mga simbahan ay lubos na napinsala dulot ng nangyaring matinding kaguluhan. Ang mga tahanan ng mga Kristiyano ay sinunog at ang buong baryo ay lubusan nang nawasak. Ayon sa ulat ni Manini: *"Ang dalawang distritong pinagmisyunan ni Rastelli na siya rin naming dinaanan sa aming pagtakas ngayon ay wasak na wasak at wala pa sa isang daang tao ang natira."* Labis na nagdamdam si Rastelli at hindi napigil ang sariling maghinagpis dahil sa sinapit ng kanyang mga tao. Minahal niya ang mga ito at ito'y napakasakit para sa kanya.

Ang bilang ng mga pagsalakay at pamamaslang sa Taiyuan limang araw matapos patayin ang dalawang Obispo ay nag-iwan ng masalimuot at masakit na alaala sa mga tao doon: sa simbahan, nasa limampung katao ang nagtipun-tipon upang manalangin dahil sa nangyayaring kaguluhan ay pinaligiran ng Boxers at isa-isa silang





Buhay Misyonero

pinaslang na tila mga ligaw na hayop na pinagkakatatay. Bawat ina ay nag-alay ng buhay ng kanyang sanggol sapagkat naniniwala silang mas matindi at mas masamang kapalaran ang kanilang mararanasan kung mananatili silang buhay. Ang bilang ng mga namatay ay lubos na nagpasakit sa kalooban ni Rastelli, gayunpaman siya'y taimtim na nanalangin para sa pagkamatay ng mga ito na walang kalaban-laban. Ang masamang karanasang ito ay nagsilbing bangungot para sa mga nakaligtas at nanatiling buhay.

Noong bisperas ng Pasko, 1900, ang mga nakatakas buhat sa kaguluhang nangyari ay nakarating sa monasteryo ng Tong-el-kou at malugod na tinanggap ng mga Kristiyano. Papadilim na noon, matapos ang mahabang panahon ng nakabibinging katahimikan, muling tumunog ang kampana ng simbahan na tila humihingi ng panahon upang ipagdiwang ang araw ng kapaskuhan nang may pananampalataya. Si Padre Barnaba, ang nakatataas na namumuno sa monasteryo at Obispo ng misyon ay inanyayahan si Rastelli na mamuno sa pagdiriwang ng Banal na Misa, at malugod naman itong pinaunlakan ni Rastelli.

Pagkaraan ng ilang araw, si Rastelli ay naatasang mamuno sa misyon at kaagad siyang sumama sa mahirap na paglalakbay na ito. Namaybay sila sa mga kabundukan, mga libis, batis at mga burol. Nagtungo sila sa bawat baryo upang mamigay ng tulong at suporta sa mga biktima ng nagdaang kaguluhan. Ang misyon at gawaing ito ay mabigat para sa mahina at napakadelikado niyang kalusugan ngunit buong puso niyang inialay ang kanyang sarili sa misyon. Ipinagdasal niya ang bawat lugar na napuntahan at ibinuhos niya ang buong lakas upang makatulong. Paparami at papabigat na ang kanyang mga gawain ngunit hindi siya tumitigil. Lalo pang dumami ang trabaho niya sa misyon dahil sa pagkamatay ng ilan niyang katulong sa misyon sanhi ng mga karamdamang dumapo sa kanila at ang iba naman ay pinaslang sa nagdaang kaguluhan.

Namuno siya kasama ang apat na seminarista, siya rin ang nag-aasikaso sa dalawang daang inabandonang mga batang





babae at apatnapung kabataan na pulos kababaihan. Siya rin ang kumatawan sa korte upang maibalik ang mga pagmamay-ari ng misyon na ninakaw noong panahon ng kaguluhan at higit sa lahat ay maibalik sa misyon ang mga inabandonang batang babae na kinuha sa kanila ng gobyerno noong panahon ng paglusob ng mga kaaway. Hindi lahat ng mga bata ay nabawi sapagkat ang ilan ay nawala. Ginawa niya ang lahat ng makakaya. Binuhos ang kanyang buong lakas at panahon upang maibangong muli ang mga biktima ng kaguluhan. Noong magsimula ang buwan ng Pebrero, siya ay umuwi sa monasteryo dahil sa matinding pagod sa paglilibot, pagmimisyon at sa iba't ibang mukha ng kahirapan na kanyang nasaksihan siya ay dinapuan ng matinding lagnat. Ayon sa doktor na Tsino na tumitingin sa kanya, siya ay nagkasakit ng tipos.

Ang lahat na mahuhusay na manggagamot ay ipinatawag. Ang lahat ng paraan at klase ng panggagamot ay ginawa ngunit patuloy ang paglala ng karamdaman ni Padre Caio Rastelli. Ni minsan, di umalis sa kanyang tabi sa Odoardo Manini na laging nakaagapay, sumusuporta at ngpapalakas ng kanyang kalooban upang paglabanan ang karamdamang dumapo sa kanya. Si Padre Barnaba ay tumungo sa Peking upang humanap at humingi ng tulong para sa mga nagugutom na Kristiyano, samantalang si Padre Francisco Sacconi ng Parma ay nanatili rin sa monasteryo upang mag-alaga kay Rastelli.

Noong ika-10 ng Pebrero, 1901, si Rastelli ay nagpumilit na makatayo buhatsa higaan upang maibsan ang sakit na nararamdaman dahil sa matagal na pagkakahiga sa matigas na higaan. Nagsumikap rin siyang gumawa ng liham para sa kanyang mga magulang at kay Conforti sa Italy, ngunit pagkatapos ng ilang pangungusap siya ay tumitigil dahil hindi pa kaya ng kanyang katawan. Siya ay bumalik sa higaan habang nanginginig ang buong katawan dahil sa malamig na pawis na lumalabas sa kanyang katawan. Hindi na rin siya nakapagsasalita ngunit nakikilala pa rin niya si Manini. Si Padre Francisco ang nagpahid sa kanya ng langis.





Buhay Misyonero

Muling nagpatawag ng isang kilalang manggagamot ngunit nagbigay lamang ito ng mga listahan ng mga dapat gawin, nagpalakas ng loob ng maysakit at kaagad ding umalis. Nangangahulugan lamang ito na wala na talagang pag-asa pang gumaling ang karamdaman ni Rastelli. Simula noon ang dating may matibay na loob at walang takot na si Rastelli ay naging matatakutin mahina ang loob at laging kailangan ng kasama.

Sa mga huling araw ng kanyang buhay, ang pagdadalamhati ng kalooban ni Rastelli ay lalong nagpahina sa kanyang katawan. Madalas siyang humiling ng kumpisal kay Padre Francisco ngunit hindi pa rin niya mahanap ang katahimikan kaya't pinayuhan siya nito na ipaubaya ang sarili sa banal na awa ng Panginoon. Ang payong ito ay tila himalang nakapagpasunod kay Rastelli. Pinayapa niya ang kanyang sarili at inilaan ang natitirang araw sa kanyang buhay ng may katahimikan at kapayapaan.

Tatlong linggo ang lumipas. Ang katawan ni Rastelli ay tuluyan nang iginupo ng matinding karamdaman. Hindi na siya makakain at lubhang nangayayat ang kanyang katawan. Nagpabalik-balik ang pag-aapoy ng kanyang mataas na lagnat at panginginig dahil sa matinding ginaw na nararamdaman.

Noong ika-27 ng Pebrero, medyo bumuti ang kanyang pakiramdam kaya't pinayagan siya ni Padre Francisco na asikasuhin ang ilang mahahalagang bagay. Kinagabihan, kahit uminom siya ng gamot at nanatiling maayos at normal ang kanyang pulso ay hindi pa rin maiwasan ni Manini na mag-alala. Nang maghahatinggabi, bumalik siya sa kanyang higaan. Mag-uumaga na nang maranasan ni Rastelli ang kanyang huling paghihirap. Isang paring Intsik ang nagbigay sa kanya ng huling basbas at panalangin bago siya binawian ng buhay. Ika-28 ng Pebrero, 1901, ganap na ika-6:15 ng umaga. Si Padre Caio Rastelli ay namatay eksakto isang buwan bago ang kanyang ika-29 na kaarawan. Ang pagkamatay ni Rastelli ay nalaman ni Conforti makalipas ang dalawang buwan buhat sa sulat na ipinadala ni Padre Barnaba.





Bakit kaya hindi agad nalaman ni Conforti ang pagkamatay ng kanyang kauna-unahang paring misyonero gayong ayon kay Manini ay tumelegrama siya kay Padre Barnaba sa Peking at nakiusap dito na sumulat sa Italy upang ipagbigay-alam ang tungkol sa pagkamatay ni Conforti? Sinabi sa sulat ni Manini kay Conforti noong ika-1 ng Abril na kaagad siyang nagpadala ng liham kay Conforti noong araw na namatay si Rastelli at maaaring gayundin ang ginawa ni Padre Barnaba, ngunit naniniwala sila na maaaring ang mga sulat na para sa ibang bansa ay kinumpiska at pinigil ng embahada ng Tsina.

Ang liham ni Padre Barnaba ay puno ng pagdadalamhati. Sa kabilang banda, ay inaalala rin niya ang mga kabutihang nagawa ni Padre Caio. Idinaos naman noong ika-9 ng Mayo sa Parma ang isang pag-aalaala sa pagkamatay ni Padre Caio Rastelli. Madamdaming ipinahayag ni Conforti ang mga karanasan niya kapiling ang kanyang itinuturing na anak na si Rastelli noong nabubuhay pa ito. Sinabi niya kung gaano ito kasipag at katiyagang mag-aral, ang pagiging malinis at mabut ang kalooban at isipan, at buong puso at katapatang pagsunod sa kanyang bokasyon. Sinabi rin niya na hindi siya nagtataka kung bakit sa Rastelli ang napili ng Panginoon upang maglingkod at dumanas ng hrap para sa kaluwalhatian at kapurihan ng Kanyang Pangalan sapagkat katatapos pa lamang ng kanyang ordinasyon ay pumasok na ito kaagad sa *Xaverian Missionaries*. Mas madaling gunitain kaysa ilarawan kung gaano siya kasaya simula noong mga araw na iyon at wala siyang ibang inisip kundi ang kanyang hangarin na maabot ang kabutihan at kaalaman upang maging isang ganap na tagapalaganap ng Mabuting Balita. Labis na dinamdandam ni Conforti ang pagkawala ni Rastelli na halos ipagkasakit niya.

“Sina Padre Caio at Odoardo Manini ay inialay ang sarili sa Panginoon para sa pagbabagong-loob ng mga tao na kasalukuyang naliligaw pa rin ng landas sa anino ng kamatayan. Ang Panginoon ay bukas-palad para sa mga sakripisyo ng kanyang mga lingkod.”
(Disyembre 3, 1898, kapistahan ni San Francisco Javier)





Buhay Misyonero

Ayon kay Conforti: *“Ang maagang pagkawala ng ating tagahatid ng Mabuting Balita ay napakasakit. Maaalaala natin siya ngunit aliwin natin ang isa’t isa sa pamamagitan ng pag-aalaala ng kanyang kabutihan at kahanga-hangang ginawa noong siya’y nabubuhay pa.”*

Naisulat ni Rastelli ang pagpapanibago ng kanyang pangako noong ika-30 ng Nobyembre, 1900 sa Tung Yangfang, Shaanxi at inihayag noong ika-3 ng Disyembre, kapiyestahan ni San Francisco Javier:

“O, Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo! Iniaalay ko ang aking sarili sa Iyong katawan at Espiritu, ang aking buong sarili at lahat ng mayroon ako ngayon at magpakailanman. Ako ay nangangakong mananatiling malinis, magiging masaya, mapagbigay, may mabuting kalooban at isang tunay na lingkod Mo. Iniaalay ko ang aking sarili sa anumang misyon ang ibibigay sa akin.”

Si Conforti na lubos pa ring humahanga sa mga nagawa ni Rastelli ay sumulat at humiling kay Padre Luigi Calza, isang Xaverian at di naglaon ay naging obispo ng Cheng-Chow upang ilipat ang mga labi ni Rastelli buhat sa Taiyuan patungo sa misyon ng Xaverian sa kanlurang Henan. Ang plano ay dalhin ang mga labi ni Rastelli sa Motherhouse sa Italy. Nais ni Conforti na magpatayo ng simbahan at doon ihimlay ang mg labi ni Rastelli ngunit hindi ito natuloy dahil sa kakulangan sa pondo.

Ayon kay Conforti: *“Nais kong magpatayo ng isang simbahan at doon ihimlay ang mga labi ni Rastelli. Gusto ko ring doon ihimlay ang aking katawan kapag pumanaw na ako.”* Lalo niyang iginiit ang kanyang hiling na makuha ang mga labi ni Rastelli nang bumalik sa Italy ang dalawang misyonero buhat sa Tsina: *“Napakasaya ko kung mangyayaring maihimlay ang kanyang mga labi sa kapilya ng Motherhouse upang magsilbing inspirasyon at mabuting halimbawa para sa mga susunod na bagong misyonero. Umaasa akong matutupad ang pangarap kong ito.”*





Padre Caio Rastelli

Ang pangarap niyang ito ay naisakatuparan noong siya'y namatay. Dinala noong 1933 ni Padre Faustino Tissot ang mga labi ni Padre Caio Rastelli sa Motherhouse. At noong 1942, ang mga labi naman ni Padre Conforti ay dinala mula sa Katedral ng Parma patungo sa Motherhouse. Ang mga labi ni Conforti ay inihimlay sa tabi ng puntod ni Rastelli.

Kahit kailan, hindi pinababayaan ng Panginoon ang mga taong naglilingkod sa kanya ng buong katapatan; marami mang paghihirap, pagpapakasakit at kung minsan ay pagbubuwis ng buhay ang nararanasan ng mga misyonero. Hindi maikakailang ang kapayapaan at kaligayahan ng kalooban ay mararanasan pa rin na kahit kailan ay hindi maibibigay ng makamundong bagay. Ito ang hiwaga at misteryo ng pagsunod sa mga yapak ng ating Panginoong Hesukristo. Hindi mahahadlangan kailanman kahit ng kamatayan ang paglaganap ng Misyong iniwan ni Kristo.





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan

Abril 17, 1928 - Vietnam

† Setyembre 16, 2002 - Roma, Italy





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan

Si Kardinal Francis Xavier Van Thuan ay isang napakahalagang tao sa kasaysayan ng simbahan ng Vietnam. Ipinanganak noong ika-17 ng Abril 1928 sa gitnang bahagi ng Vietnam, siya ang panganay sa walong magkakapatid na sina: Thuan, Niem, Tuyen, Ham Tieu, Thanh, Anh Tuyet, Thuy Tien at Thu Hong. Nakatutuwang isipin na si Van Thuan ay nagmula sa angkan ng mga martir ng Vietnam.

Lumaki si Van Thuan bilang isang batang may pag-ibig at malalim na pananampalataya sa Diyos. Nangyari ang lahat ng ito dahil sa tulong ng kanyang ina na matiyagang nagsalaysay ng mga kwento ng kanilang angkan at ang mga halimbawa ni Santa Teresa ng Lisieux araw-araw. Sila ang mga naging huwaran ni Van Thuan sa kanyang paglaki kaya lumaki siyang kaaya-aya sa mata ng mga tao at ng Diyos.

Sa murang gulang pa lamang, tumugon na si Thuan sa tawag ng Diyos sa pagpapari kaya maaga niyang iniwan ang kanyang pamilya at pumasok na sa primaryong seminaryo na sinundan ng kanyang pag-aaral ng Teolohiya at Pilosopiya sa sekondaryong seminaryo. Pagkatapos ng lahat ng pag-aaral, inordinahan siya bilang pari ni Obispo Urrutia noong ika-11 ng Hunyo, 1953 sa gulang na 25. Dahil sa angking talino, naging madali ang promosyon kay Thuan kahit sa loob lamang ng maikling panahon.

Napansin ni Obispo Urrutia ang angking galing ni Thuan kaya pinag-aral niya ito sa Roma at nagtapos doon bilang Summa Cum Laude sa kanyang Thesis na *“Organization of Military*





Chaplains Around the World.” Pagkatapos mag-aral, bumalik din siya sa Vietnam upang ipagpatuloy ang kanyang inumpisahang misyon. Doon siya naging Obispo at nanatili sa Nha Trang sa loob ng walong taon. Sa mga panahong ito, naging abala si Obispo Van Thuan sa pagpapalago ng mga Diocese. Ang 200 seminarista na nasa primaryong taon na ang bilang ay nagawa niyang maging 500. Sa mga sekondaryong seminarista naman, ang dating 42 ay naging 147. Samakatwid, Si Van Thuan ay talagang may dedikasyon sa kanyang misyon. Ilan lamang ang mga ito sa kanyang mga ginawa. Nagpatayo rin siya ng iba’t ibang eskwelahan at organisasyon upang mas lalong buhayin ang simbahan ng Nha Trang.

Noong ika-23 ng Abril, 1975, hinirang si Obispo Van Thuan bilang Arsobispo ng Vadesi. Sa kasamaang palad, hindi ito nagustuhan ng mga komunistang namamahala sa Vietnam kaya pinuwersa nilang pabalikin si Obispo Van Thuan sa Nha Trang.

Ika-15 ng Agosto, 1975 noon, kapiyestahan sa pag-akyat sa langit ng Mahal na Birhen nang si Obispo Van Thuan ay dinakip ng mga komunista sa hindi malamang dahilan. Siya ay ibinilanggo sa iba’t ibang kulungan ng mga ito. Dito nag-umpisa ang pinakamalaking pagsubok sa buhay ni Obispo Van Thuan. Nang gabing siya’y dakpin ng mga militar, hindi malaman ni Van Thuan kung may bukas pang naghihintay para sa kanya. Habang tinatahak nila ang lugar ng Nha Trang papalayo, mas lalong bumibigat ang dibdib ng Obispo Van Thuan dahil sa isiping *“Paano na ang simbahang iiwanan ko?”* Buhat noon, wala na siyang ibang iniisip kundi ang pag-aalala sa kanyang simbahang iniwan. Matagal na panahon din ang nagdaan bago naliwanagan ang kanyang isipan. Ipinagkatiwala sa Diyos ang mga nangyari sa kanya.

Isang gabi, sa kanyang pag-iisa, isang liwanag ang bumukas sa isip ni Van Thuan. Ninais niyang tularan si San Pablo noong ito ay nasa bilangguan ding gaya niya. Kinabukasan, inutusan niya ang isang batang nagngangalang Quan na humingi sa kanyang ina ng mga lumang kalendaryo. Ganoon nga ang nangyari. Kinabukasan





ng umaga, dala na ni Quan ang mga kagamitan para maisakatuparan ang plano ng Obispo. Nang gabi ring iyon, nagsimula na siyang magsulat nang patago. Kung minsan naman, hindi na siya natutulog sa gabi. Pagdating ng umaga, ibibigay niya ang mga iyon kay Quan at ang pamilya naman ni Quan ang abalang gumagawa ng maraming kopya ng mga iyon upang ipamigay sa iba't ibang parokya. Sa ganitong paraan nabuo ang aklat ni Obispo Van Thuan na kanyang pinamagatang "The Road of Hope" o "Ang Daan ng Pag-asa."

Isang gabi, bumukas ang liwanag sa kanyang isipan at ito'y nagwika: *"Bakit mo pinahihirapan ang iyong sarili? Kailangan mong alamin kung ano ang pagkakaiba ng Diyos sa mga gawa ng Diyos. Lahat ng iyong mga ginawa at mithiin na ipagpatuloy ang mga gawaing pamparokya kasama na ang pagtuturo sa mga hindi pa nakakakilala sa Diyos ay gawain ng Diyos, ngunit hindi iyon ang Diyos! Kung ninanais ng Diyos na ipaubaya mo sa Kanya ang lahat ng mga iyon, gawin mo iyon at manampalataya ka sa Kanya. Gagawin Niyang kaaya-aya ang mga bagay na iyon nang mas mahusay pa kaysa sa iyo; ipapaubaya Niya iyon sa iba na mas karapat-dapat kaysa iyo. Ang kailangan mo lang ay piliin Siya at hindi ang Kanyang mga gawa."*

Ang liwanag na ito ang nagpabago sa kanyang pananaw. Nang sila'y sumakay na ng bangka kasama ang 1,500 pang mga bihag patungong hilaga ay nasambit niya sa sarili: *"Narito ang aking simbahan. Ito ang mga taong ibinigay sa akin ng Diyos upang alagaan. Narito ang aking misyon: ipadama ang presensya ng Diyos sa mga taong nawawalan na ng pag-asa. Kalooban ng Diyos na ako ay nandito ngayon. Tinatanggap ko ang Kanyang hamon."* Magmula noon, may isang panibagong kapayapaang bumalot sa kanyang puso na nanatili hanggang sa 13 taon ng kanyang pagkabilanggo.

Bilang isang taong bilanggo, maraming ulit na nanghihina si Van Thuan sa pananalangin. Minsan sa isang araw ay hindi niya nagagawang manalangin dahil sa sobrang panghihina ng kalooban.





Upang mapaglabanan ang ganitong nararamdaman, binabalikan ni Van Thuan sa kanyang isipan ang isang kwento tungkol sa isang taong nagngangalang Jim. Si Jim ay isang simpleng tao na tuwing tutunog ang kampana ng simbahan ay saka lamang pupunta ng simbahan upang magdasal sa loob lamang ng dalawang minuto. Napansin iyon ng paring nakadestino roon at ninais niyang makausap si Jim at tanungin tungkol sa kanyang mahiwagang panalangin. Kaya isang araw, inabangan niya si Jim matapos manalangin at tinanong kung ano ang ginagawa nito sa dalawang minutong paglalagi araw-araw sa simbahan. Sumagot si Jim: *“Simple lang ang sinasabi ko: ‘Hesus nandito si Jim’ at pagkatapos ay aalis na ako.”*

Lumipas ang labinlimangtaon at si Jim ay nagkasakit dahil na rin sa sobrang katandaan. Sa mga panahong ito, siya ay nakatira sa ward ng ospital. Nang malapit na siyang mamatay at bibigyan na ng Huling Sakramento ng pari na siya ring nagtanong kay Jim tungkol sa kanyang mahiwagang panalangin at unang bisitang dumalaw kay Jim sa ospital, tinanong siya nito, *“Bakit magmula ng dumating ka sa ward na ito ay naging masayahin ang mga tao?”* Simple lang ang naging tugon ni Jim, *“Minsan, kapag nakalalakad ako, dinadalaw ko sila isa-isa para lang bumati o kung hindi naman ako makatayo ay tinatawag ko silang lahat at magtatawanan at magkakasayahan kami.”* *“Pero bakit lagi kang masaya?”* ang tanong ng pari. *“Hindi ba kapag lagi kang may dalaw ay masaya ka?”* dagdag pa nito. *“Sino naman ang dumadalaw sa iyo? wala naman kaming nakikita?”* ang naguguluhang tanong ng doktor. *“Si Hesus, dumadalaw siya dito tuwing alas-dose ng tanghali.”* Ang tugon naman ni Jim *“Ano naman ang sinasabi Niya sa iyo?”* *“Simple lang, sabi Niya ‘Jim nandito si Hesus.’ At pagkatapos ay aalis na Siya,”* ang masayang tugon ni Jim. Nang malapit nang mamatay si Jim ay sumisenyas na nakangiti ito habang itinuturo ang upuan sa gilid ng kanyang higaan na animo’y may pinauupo. Matapos pa ang ilang sandali, ngumiti siyang muli, ipinikit ang kanyang mga mata at pumanaw.





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan

Kaya sa mga panahong hindi makausal kahit ng isang maikling panalangin si Van Thuan, ang kwentong ito ay kanyang nagiging lakas para maglaan pa rin ng kahit ilang minuto lamang para sa Diyos.

Nasa bilanguan man si Van Thuan ay sinikap pa rin niyang makapag-Misa kasama ang anim na mga Katolikong bihag. Sinikap rin ng anim na ito na huwag mapalayo sa isa't isa. Nangyari ang mga bagay na ito dahil sa kalooban ng Diyos. Para maisakatuparan iyon, sinamantala ni Van Thuan ang pagkakataong ibinibigay sa kanila ng mga bantay. Minsan sa isang buwan, pinapayagan ang mga bihag na humingi ng mga pangunahing pangangailangan sa kanilang mga pamilya kaya sumulat si Van Thuan sa kanyang simbahan upang manghingi ng konting alak na “gamot para sa sakit ng tiyan.” (ito ang pagkakaalam ng mga bantay). Naunawaan naman ito kaagad ng kanyang simbahan kaya pinadalhan siya nito ng alak na gagamitin sa Banal na Misa na nakalagay sa isang maliit na botelya at may tatak na “gamot para sa sakit ng tiyan.” Ibinigay naman ito sa kanya ng isang bantay sa pagkakaalam na gamot nga ito para sa sakit ng tiyan.

Hindi maipaliwanag ang kasiyahan sa puso ni Van Thuan nang matanggap niya ang mga iyon na may kasama pang ilang pinirapirasong Ostiya. Kasama ang iba pang mga Katoliko, nagdiriwang sila ng Banal na Misa ng may tatlong patak ng alak at isang patak ng tubig sa kanyang kamay. Sa ganitong paraan, marami sa mga hindi naniniwala sa Diyos ang nagbalik-loob.

Ginagawa niya ang pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya kapag patay na ang ilaw at ang lahat ay himbing na sa pagtulog. Tuwing Linggo, namimigay ng Banal na Ostiya si Van Thuan kapag pinapayagang magtipun-tipon ang mga bilanggo kaya sa mga panahong ito nagagamot ang mga sakit ng kanyang mga kasamahan - pisikal, mental o espiritwal man. Marami sa mga nanlalamig sa kanilang pananampalataya ang nagbalik-loob sa Diyos pati na ang mga dati nang Kristiyano. Ang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos





ay nanaig. Tinanggal nito ang kadilimang bumabalot sa bilangguan at napalitan ng liwanag. Sumibol ang bagong pag-asa sa kabila ng malakas na bagyo.

Naglaan din sila ng panahon upang sumamba sa Diyos tuwing ika-9 hanggang ika-10 ng gabi. Sinikap din ni Van Thuan na kumanta ng iba't ibang himnong Latin na iniaalay niya para sa Simbahang Katoliko at sa buong mundo sa kabila ng malakas na "speaker" na ipinapatugtog mula ika-5 ng umaga hanggang ika-11:30 ng gabi. Napagkukunan niya ito ng lakas at nakapagbibigay ng kapayapaan sa kanyang puso at isipan. Nadarama ni Van Thuan ang presensiya ni Hesus at Maria sa pagkanta ng mga himno.

Sa mga panahong nagbabalik-tanaw si Van Thuan, naging mahirap para sa kanyang unawain ang kanyang tinatahak lalo na ngayon. Sa lahat ng kanyang laban sa buhay, iisa lamang ang hindin-hindi niya malilimutan: ang presensiya ni Hesus kahit madalas ay nababaon siya sa kadiliman. Minsan, tila gusto na niyang manatili sa ganoong kalagayan, subalit nandoon Siya upang muli siyang ibalik sa liwanag.

Napakahirap talagang mabuhay sa bilangguan sapagkat maliban sa pambubugbog sa kanya ng mga bantay, napapalayo ang puso at isip ng tao sa Diyos dahil na rin sa sobrang pagpapahirap sa kanila. Kaya nangangailangan talaga si Van Thuan ng maraming bagay na mapagkukunan niya ng lakas. Isa sa mga bagay na ito, ang imahen ni Hesus na nakapako sa Krus. Ayon sa kanya, *"Kung para sa pagtingin ng mundo ang Krus ni Hesus ay larawan ng pagkatalo, walang pakinabang at pagkabigo; para naman sa mata ng Diyos, si Hesus na nasa Krus ay larawan ng pinakamagiting na nagawa ng isang tao sa kasaysayan ng mundo sapagkat namatay Siya para iligtas ang sangkatauhan."*

Nasa loob na ng bilangguan si Van Thuan nang malaman niya ang dahilan ng kanyang pagkabilanggo. Inakusahan siya ng mga komunista bilang kasabwat ng mga Imperyalista at ng Vaticano





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan

dahil pinadala siya sa Saigon ni Papa Pablo IV isang linggo bago dumating ang mga komunista.

Kahit na nasa loob ng bilangguan, hindi nawala sa pangarap ni Van Thuan ang maging saksi ni Hesus para sa iba. Minsan, may isang sundalong nangahas na lumapit sa kanya upang magtanong ng mga bagay-bagay tungkol sa simbahang Katoliko hindi upang magpaturo kundi upang mangutya. Dahil naramdaman kaagad ni Van Thuan ang pakay nito, humanda siya upang kausapin sa maayos na pamamaraan ang sundalo. Sinabihan pa ito ni Van Thuan na magdala ng lapis at papel kung interesado talagang matuto at iyon nga ang nangyari. Bumalik ang sundalo na may dala-dalang panulat at sulatan. Dito nagsimulang ikuwento ni Van Thuan ang kasaysayan ng simbahan, buhay sa seminaryo at ang mga panata na ginagawa ng mga relihiyoso na namuhay sa kalinisan, kapayakan at pagtalima sa Diyos. Maging ang mga ibig sabihin ng mga bagay gaya ng pag-aayuno at iba't iba pang mga gawain sa simbahan ay ipinaliwanag ni Van Thuan. Sa ganitong paraan, ang pangungutya ng sundalo ay nauwi sa usapan tungkol sa katotohanan at pag-ibig.

Hindi lamang ito nangyari sa isang sundalo kundi sa iba pang nagnais na matuto ng mga banyagang wika. Kung minsan, nagdadala ang mga ito ng librong Pranses upang magpaturo sa kanya dahil interesado ang kanyang mga taga-pakinig. Maliban sa kasaysayan ng bansang ito, naipapasok din ni Van Thuan ang kwento tungkol sa kasaysayan ng simbahan at kung paano lumaganap ang Mabuting Balita at naging Kristiyano ang bansang ito at ang mga karatig bansa nito.

Malaking bagay ang naidulot ng ganitong paraan sa pagkatao ni Van Thuan. Natuto siyang ipaubaya ang lahat sa Diyos at mahalín ang kanyang kaaway gaya ng pagmamahal ni Hesus. Natuto rin siyang ibahagi ang kanyang kaalaman at kasiyahan sa iba.

Nabilanggo si Van Thuan sa loob ng 13 taon. Ang siyam na taon ay pagtitiwalag sa kanya ng ibang mga bilanggo. Ang





Buhay Misyonero

kanyang tanging kasama ay dalawang bantay na walang ibang ginawa kundi ang pahirapan siya. Kung kanya namang kakausapin, tanging “Oo” o “Hindi” lamang ang kanilang sinasabi. Sa kabila ng ganitong sitwasyon, nasa puso pa rin ni Van Thuan na gumawa ng kabutihan para sa mga ito sapagkat para sa kanya, kahit anong mangyari ay kapatid pa rin niya ang mga ito. Naisin man ni Van Thuan na mapalapit sa kanila ay napakaimposible niyon para sa kanya sapagkat wala naman siyang maibibigay - isa lang siyang hamak na bilanggo. Ngunit isang araw, naisip ni Van Thuan na mayaman pa rin siya sa pagmamahal ni Hesus kaya iyon na lamang ang kanyang maibabahagi para sa kanila. Kinabukasan, sinimulan na niya ang kanyang balak: Ipinakita niya ang kanyang kasiyahan sa pamamagitan ng pagbati at ang kanyang pinakamagandang ngiti.

Nagsimula rin siyang magkuwento tungkol sa kanyang mga napuntahang iba’t ibang bansa na kung saan ay masayang nabubuhay ang mga tao sa kalayaang natatamo sa sariling pamahalaan. Dahil dito, naging interesado ang kanyang mga tagapakinig at nagsimula nang magtanong ng mga bagay-bagay tungkol dito. Dahan-dahang nagsimula ang pagkakaibigan nila at ninais nilang magpaturo sa kanya ng iba’t ibang banyagang wika. Ang kulungan ay parang naging isang paaralan. Sa mga panahon ding ito, may mga sundalong nag-aaral ng banyagang wika sa kabilang bayan na ang kanilang guro ay dating katekista ng Simbahang Katoliko. Minsan, isa sa mga estudyante ng katekistang ito ang lumapit kay Van Thuan upang magpaturo sa kanya ng awiting Latin. Dahil si Van Thuan ay isang pari, napakarami niyang alam na katang Latin sapagkat lahat halos ng himno sa pananalangin ay nakasulat sa salitang Latin. Kaya agad na tinanggap ni Van Thuan ang sundalong nais magpaturo sa kanya. Isa-isang kinanta ni Van Thuan ang mga iyon at ang napili ng sundalo ay “Veni Creator”, isang himno para sa dakilang Diyos na lumikha sa sanlibutan.

Hindi maipinta ang tuwa ni Van Thuan sa tuwing nakikita niya na tuwing ika-7:00 ng umaga habang nag-iehersisyo ay kumakanta ng “Veni Creator” ang kanyang tinuruan. Sa ganitong paraan,





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan





Buhay Misyonero

gumaan ang pakikisama sa kanya ng mga bantay at pinayagan din siyang gumawa ng Krus mula sa kahoy ngunit sa patagong paraan lang. Binigyan din siya ng mga ito ng alambre upang gawing kwintas ng Krus subalit pinaalalahanan siyang huwag ipakikita sa pinuno ng mga sundalo ang kanyang ginawa.

Hanggang ngayon, ang Krus na ito ay makikita pa rin bilang isa sa kanyang mga alaala sa pagkabilanggo ng labintatlong taon. Para sa kanya, ito ay simbolo ng isang maka-Kristiyanong pagtalima, isang ugaling makakapagbago ng mundo na hinding-hindi magagawa ng armas, giyera at mga karahasang bunga ng paghihiganti.

Sa kabila ng pambubugbog sa kanya ng mga bantay, nagawa pa rin niyang magsalita sa kanila tungkol sa pag-ibig sa kaaway, isang bagay na hindi nila lubusang maunawaan. Kaya siya'y kanilang tinanong; *“Talaga bang iniibig mo kami kahit na sinasaktan ka namin at pinahihirapan?”* Tumugon siya: *“Oo, iniibig ko kayo, isipin na lang ninyo ang haba ng panahong ating pinagsamahan dito sa bilangguan. Siyempre, iniibig ko kayo.”* *“Kahit na naghihirap ka sa mga kamay namin at alam mong wala ka naman talagang kasalanan?”* *“Oo iniibig ko kayo.”* Siya'y muling tinanong: *“Kapag nakaalis ka na dito sasabihin mo ba sa mga tao na hanapin kami, saktan ang aming mga pamilya at patayin?”* At siya'y tumugon, *“Ipagpapatuloy ko ang pagmamahal ko sa inyo kahit pa ako'y inyong patayin. Sapagkat tinuruan tayo ni Hesus na umibig; at kapag hindi natin iyon nagawa, hindi na tayo karapat-dapat na tawagin pang mga Kristiyano”*

Habang tumatagal ang pananatili ni Van Thuan sa bilangguan, lalong humihirap ang kanyang sitwasyon na parang nawawalan na siya ng pag-asang palayain pa. Napakabagal ang pag-ikot ng isang buong araw para sa kanya at nakakaramdam na siya ng pagkainip. Humingi siya ng panalangin kay Inang Maria at dumaing na kung hindi na siya gagamitin nitong instrumento para sa kanyang simbahan ay ihabilin na siya kay Hesus upang matapos na ang kanyang paghihirap. Kung naisin man nito na siya'y maglingkod





Kardinal Francis Xavier Nguyen Van Thuan

pa sa simbahan, ibigay na sa kanya ang biyaya ng kalayaan upang maisakatuparan iyon.

Noong Nobyembre 21, 1988, habang si Van Thuan ay nagluluto ng kanyang pagkain, narinig niyang tinawag ang kanyang bantay sa telepono. Matapos ang ilan pang minuto ay tinawag siya ng kanyang bantay at tinanong kung tapos na siyang kumain upang papuntahin siya sa opisina ng kanilang pinuno. Matapos kumain, dinala siya sa pinuno ng mga pulis. Pagkatapos ng maikling pag-uusap, tinanong siya kung ano ang kanyang kahilingan. Sa oras ding iyon, hiniling ni Van Thuan ang kanyang kalayaan, kapiyestahan noon ng Presentasyon ni Inang Maria sa templo. Tila tinugon ng Inang Maria ang panalangin ni Van Thuan.

Pagkalaya ni Van Thuan, ilang panahon lamang ang kanyang inilagi sa Vietnam sapagkat siya'y pinuwersang pinapunta sa Europa ng mga komunista at binantaan na huwag nang babalik pa sa Vietnam. Napakasakit sa kalooban ni Van Thuan ang mawalay sa lupang sinilangan kaya umalis man siya rito ngunit ang kanyang puso ay nanatili sa Vietnam. Sa maikling panahong inilagi ni Van Thuan sa Europa, naging abala siya sa pagbibigay ng mga pananalitang mapagkukunan ng inspirasyon sa iba't ibang lugar. Nalibot rin niya ang kontinente ng Amerika dahil sa kanyang mga pananalita. Bukod pa rito, ang ilan sa kanyang mga librong ginawa ay naipalimbag sa anim na wika. Malayo man siya sa Vietnam, sinikap pa rin niyang mapalapit dito sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagbuo ng mga organisasyon sa Europa na ang layunin ay tumulong sa mga tao sa Vietnam.

Magmula nang siya'y makalaya sa pagkabilanggo, pitong beses siyang naoperahan - tatlo sa mga ito ang talagang nagkaroon siya ng malalang impeksiyon na naging sanhi ng malala niyang karamdaman. Ang pangalawa sa huli niyang operasyon ay noong ika-17 ng Abril, 2001 sa St Elisabeth's Medical Center sa Boston, USA. Ang huli ay noon ika-8 ng Mayo, 2002 sa Centre of Research for Tumors sa Milan, Italy.





Buhay Misyonero

Lumubha ang kanyang kalagayan mula noong Hunyo, 2002 at siya ay ginamot sa Agostino Gemelli Hospital, isang ospital sa Roma. Lumipat pa siya sa Pio XI Hospital para muling subukang pagalingin ang kanyang sakit.

Pumanaw nang mapayapa si Kardinal Van Thuan noong ika-16 ng Setyembre 2002, sa Roma. Sa kabila ng mga pang-uusig, pagpapahirap at pagkabilanggo ng matagal na panahon, ang Diyos ay nanatiling tapat sa mga taong nananalig at nagtitiwala sa kanya. Hindi nagbibigay ang Diyos ng mga pagsubok na hindi natin kayang dalhin sapagkat napakadakila ng kanyang pagmamahal sa atin. Ito ay napatunayan ni Kardinal Van Thuan sa kanyang naging kasaysayan.





Theophane Venard

Nobyembre 21, 1829 – Poitiers, France

† Pebrero 2, 1861 – Tonkin, Vietnam





Theophane Venard

Tapat na Lingkod ng Pananampalataya

Ipinanganak siya noong ika-21 ng Nobyembre, 1829 sa kapiyestahan ng Mahal na Birheng Maria sa Saint-Loup-Sur-Thouet, sa Diocese ng Poitiers. Nabinyagan din siya sa araw na yaon sa pangalang Jean Theophane na ang ibig sabihin ay ‘ang pagpapakilala ng Diyos.’ Ang kanyang mga magulang ay debotong Katoliko. Pagkalipas ng dalawang taon, sumunod na ipinanganak ang kapatid niyang si Melanie at sumunod pa ang dalawang lalaki na sina Henri at Eusebe na bumuo sa pamilyang ito. Sa murang edad, naging altar boy si Theophane sa kanilang lugar. Lihim na humahanga si Theophane sa kasama niyang pari, lalo na sa panahon ng pag-aalay ng Banal na Misa. Matiyaga namang ipinapaliwanag sa kanya ng ina ang ibig sabihin ng Banal na Misa at buhay ng isang pari.

Naging malakas noon ang naramdamang pagtawag sa kanya ni Hesus. *“Halika, sumunod ka sa akin.”* Sa kanyang murang edad, pinagninilayan niya ito habang pumupunta sa bukid upang mag-alaga ng mga alagang hayop at patuloy na nagbabasa ng mga magasin tungkol sa mga buhay ng mga misyonero. Kinagawian niyang basahin ang buhay ng paborito niyang santo na si Padre Cornay ang misyonerong nagtanggol ng kanyang pananampalataya sa bansang Tonkin (ngayon ay Vietnam) noong taong 1837. Sinabi niya sa sarili: *“Nais ko ring pumunta sa Tonkin. Nais kong mamatay bilang isang martir.”* Sa pagkakataong yaon, naging matatag at malakas ang kanyang hangaring maging isang martir.

Naging isang lihim sa kanyang sarili ang pagnanasang ito at humiling siya sa kanyang ama na kung maaari ay ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa Sekondarya. Taong 1841 nang pumasok





siya sa paaralan ng Doue, limampung kilometro ang layo mula sa kanilang lugar. Ang paglayo sa kanyang pamilyang minamahal ay nagsilbing isang masakit na karanasan para sa kanya. Sa kabila nito, naging mahusay siyang mag-aaral at nanguna sa kanilang klase. Naging palakaibigan siya subalit di maiwasang minsa'y hinahamak at pinagtatawanan. Halos mawala na ang kanyang pasensya at respeto sa mga humahamak sa kanya, ngunit sa kabila ng lahat naging mahinahon pa rin siya. Sa ganitong karanasan, nasabi ni Theophane na minsan ang buhay ay nasa itaas at minsan naman ay nasa ibaba.

Naging matatag siya at lalong nanalig sa Diyos sa patuloy na pagbibigay Nito ng mga biyaya sa kanya. Nasabi pa niya: *"Hindi ko kayang lampasan ang lahat ng ito kung walang paghihirap at matatag na pananalig sa Diyos."* Sumulat siya sa kanyang kapatid na si Melanie at sinabi niya: *"Gumawa ako ng isang kasunduan na nais kong ibahagi sa iyo aking kapatid: ang pagdarasal ng Santo Rosaryo linggu-linggo... Salamat sa iyong tulong at patuloy na pananalangin sa Mahal na Birhen. Malalampasan natin ang lahat nang paghihirap ng dahil sa Kanyang maka-inang pagkalinga sa ating lahat"*.

Ika-28 ng Abril, 1842. Siya ay tumanggap ng Unang Pakikinabang. Ang araw na iyon ay espesyal at kakaibang kasiyahan ang kanyang nadarama. Ito ang dahilan ng kanyang masidhing pananampalataya na nagpapalakas at tumutulong sa kanya na maging matatag sa mga pagsubok at kahirapan ng walang alinlangan. Noong ika-11 ng Enero, 1849, namatay ang kanyang ina at ito'y lubos na pinaubaya sa mga kamay ng Mahal na Birheng Maria.

Sa pasimula ng buwan ng Agosto, 1847, umalis si Theophane sa Doue patungo sa *Minor Seminary* sa Montmorillon. Nang matapos niya ang pag-aaral ng Pilosopiya, pumasok siya sa Major Seminary sa Poitiers, at noo'y sumulat uli siya sa kanyang kapatid na si Melanie. *"Magiging masaya ka kapag nalaman mong isa sa*





Buhay Misyonero

ating mga kasamahan at diakono ang aalis sa huwebes patungo sa Seminaryo ng Foreign Mission sa Paris. Nawa, dinggin sila ng Diyos at patnubayan sa lahat nilang gawain.” Kasabay nito ang paghingi ng gabay kay Beato Cornay. Ninanais niyang iparamdam kay Melanie ang paghahanda ng pamilya sa kanyang plano patungong misyon at naunawaan naman ni Melanie ang hangarin ng kanyang kuya. Ayon sa kanilang ama, ang pagsasakripisyo ay may kahirapan, ngunit sa kalaunan, ito ay mabuting pagpapahayag ng pananampalataya at tunay na katapatan sa misyon. Binigyan siya ng kanyang ama ng pahintulot sa kanyang ninanais at sinabi nito: “Kung sa tingin mo’y tinatawag ka ng Diyos at alam mong wala kang alinlangan, sumunod ka sa Kanya! Sundin mo anuman ang sinasabi ng iyong puso. Nawa’y maging matatag ka at walang inaalaala sa kabila ng kalungkutan na mapapalayo ka sa iyong mga minamahal sa buhay.”

Nakatakda siyang umalis noong ika-27 ng Pebrero, 1851. Pagkatapos ng kanilang hapunan, mag-iika-siyam na ng gabi noon, ang kanyang buong pamilya ay sama-samang nagdasal ng Santo Rosaryo. Sa kakaunting panahong inilagi niya sa kanila ay nakuha pa rin niyang magbasa ng librong “Ang Pagtutulad kay Kristo”, na nakapagbibigay ng inspirasyon sa kanya gayundin ang madalas niyang pagbabasa ng talambuhay ni Hesus. Hindi rin maitatago ang magkahalong kalungkutan at kasiyahan sa mukha ng kanyang pamilya para sa kanya. Sa huli, humingi siya ng huling pagbabasbas ng kanyang minamahal na ama. Naluluha namang binasbasan siya ng ama habang sinasabi ang mga salitang ito: “Minamahal kong anak, tanggapin mo ang pagbabasbas ng iyong ama na maging gabay mo sa iyong paglilingkod sa Diyos. Nawa, pagpalain ka sa Ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo, Amen...” Sa araw ng pag-alis ng mga misyonero, di lingid sa kanilang kaalaman na mula sa araw na iyon ay hindi na nila muling makikita ang kanilang mga mahal sa buhay. Bago umalis, nagpaalam ang mga ito sa pamamagitan ng isang halik. Naibsan ang kanilang kalungkutan sa kanilang pag-alis sapagkat maraming liham ang kanilang natanggap mula sa kasamahan nilang kapwa paring misyonero. Sa kasiyahang





nadarama, nawika niya sa sarili: *“Nagpapasalamat ako sa Diyos sa patuloy na paggabay. Sa oras na ito ng paghihiwalay ko sa aking mga mahal sa buhay, itinataas ko sa Panginoon dahil ito’y isang malaking pagpapala.”*

Noong taong 1851, pumasok sa Seminaryo si Theophane sa isang samahan ng mga misyonero sa buong mundo. Isang maikling sulat ang ipinadala niya sa kanyang pamilya noong ika-26 ng Abril. Napapaloob ang mensaheng ito: *“Magiging pari na po ako sa araw ng kapistahan ng Banal na SanTatlo.”* Subalit dinapuan siya ng karamdamang paratyphoid fever at ito ay itinaas niya sa Diyos. Patuloy siyang nagdarasal at nagnobena sa Mahal na Ina para sa patuloy niyang paggaling upang mailayo sa anumang kapahamakan, ngunit lalong humina ang kanyang kalusugan.

Siya ay inordinahan bilang pari noong Hunyo 5, 1851 sa gulang na dalawampu’t-dalawa sa malaking simbahan ng Our Lady of Victorious. May halong lungkot ang kanyang nadarama nang malamang kahit isa’y walang dumalo mula sa kanilang lugar. Gayunpaman, kinalimutan niya ang mga bagay na iyon sapagkat alam niyang hindi makatutulong ito sa kanyang paglilingkod. Nawika niya tuloy sa sarili: *“Ang pagsasakripisyo ay minsan lamang at para sa lahat, kaya ninais kong mamalagi sa Tonkin. Ang lugar na ito ay nagpapakita ng matinding pagsasakripisyo na ang bawat misyonerong nais tumira rito ay hindi naghahangad ng kasiyahan sa halip na pag-aalay ng sarili at paglilingkod ng buong puso. Kahit isang araw lang ang hihilingin sa akin, ako mismo ay mag-aalay ng aking dugo upang pagpatunay ng aking pananampalataya sa Diyos.”*

Noong Setyembre, 1852, binigyan siya ng bagong gawain ng kanyang Superyor, kaya idinaos ni Theophane ang kanyang huling Misa sa Pransya upang tumungo sa Tsina para sa misyon. Pagkalipas ng ilang buwan, ang mga misyonero ay pumunta patungong HongKong noong Marso 19, 1853. Bagaman di pa alam ni Theophane ang kanyang totoong destinasyon, siya’y





Buhay Misyonero

muling ipinadala sa Tsina upang mag-aral ng wikang Tsino. Naging hamon para sa kanya ang lugar na iyon dahil napakainit ng klima sa lugar at hindi maganda ang naging epekto sa kanyang kalusugan at kinakailangan niya ng palagiang pahinga. Sa kabila noon, ipinakita pa rin niya ang pagmamahal sa misyon at hindi makikita sa kanyang mukha ang anumang kalungkutan kaya naman mahal na mahal siya ng mga taong kanyang nakakasalamuha. Patuloy pa rin ang hangarin nila na maipalaganap ang Salita ng Diyos sapagkat alam nilang ang mga tao roon ay uhaw sa pagmamahal. Nag-aalab ang kanyang puso na maipalaganap sa mga tao at maramdaman ang kaligtasang isinakripisyo ni Kristo alang-alang sa ating buhay katulad ng pag-aalab ng puso ni Santa Teresa ng Batang si Hesus.

Ayon sa sulat ni Santa Teresa ng Batang si Hesus sa kanyang nakakatandang kapatid na si Celine noong Hulyo 14, 1889, *“Ang ating pamamalagi rito sa mundo ay huwag sana nating aksayahin sa anumang bagay. Halina’t sagipin natin ang mga naliligaw ng landas at yaong mga nawawalang tupa dahil si Hesus ay patuloy na tumatawag at naghahanap sa mga nawawala.”* Ipinahayag ni Theophane ang kanyang malaking pagpapahalaga sa misyon sa isa nitong kaibigang si Padre Dallet dahil tinawag nitong ina ang Tsina at anak naman ang Korea, Japan at Chochin China (na ngayo’y Vietnam). Lagi niya itong ipinagdarasal sa Panginoon sapagkat sa kabila ng anumang hirap na dinaranas niya sa misyon sa mga bansang ito, lalo namang napapalapit sa kanya ang mga ito. Alam niyang Diyos ang kanyang lakas sa kanyang mga kahinaan at patuloy na nagbibigay ng inspirasyon sa kanya.

Habang siya’y naghahanda patungong Tsina, isang sulat ang dumating mula sa Paris na nag-uutos na maglingkod si Padre Theophane sa Tonkin, Vietnam. *“Hindi ko halos maipaliwanag ang aking nararamdaman sa mga oras na yaon, isang kasiyahan na ang aking pinapangarap ngayo’y matutupad na,”* wika ng pari. Naging mahalaga ito sa kanya dahil na rin kay Beato Charles Cornay na naging inspirasyon niya sa pagmimisyon, namatay ito bilang isang





martir. Isang banal na tao si Beato Cornay na nag-aalay ng mga panalangin at humihingi ng gabay sa kanyang gawaing pangmisyon. Sa lugar ring ito maraming martir ang pinapahirapan at pinapatay, kaya alam ng mga misyonerong pinapadala rito na malaking hamon ang kanilang haharapin sa lugar na ito. Kadalasan, kamatayan ang natatamo sa pamamagitan ng pagpugot sa ulo bilang kabayaran ng kanilang pananampalataya sa Diyos.

Noong ika-26 ng Mayo, 1854, lumisan si Theophane mula Hongkong at dumating noong ika-13 ng Hulyo sa Vinh-Tri, ang sentro ng Bikaryato ng kanlurang Tonkin. Lumapit siya nang may kababaang-loob sa *Apostolic Vicar* upang humingi ng pahintulot na makapaglingkod sa lugar na iyon. Makalipas ang isang taon at sampung buwan, nilisan niya ang bansang Paris at ngayo'y sisimulan na niya ang bagong gawain sa Tsina. Ang lugar ng Vinh-Tri ay madalas puntahan ng mga misyonero dahil karamihan sa kanila ay mga Kristiyano, kaya malaya nilang maibabahagi ang pananampalataya sa mga tao. Sa tulong at kagandahang-loob ni Vinceroy Hung, isang Gobernador na naging biyenang Emperador ng Tuduc na pinagaling ng isang seminaristang Tonkinese dahil sa sakit sa mata, naging protektado at malayang namumuhay ang mga Kristiyano sa lugar na ito. Maganda ang pakikitungo ng Gobyerno sa kanila at nagkaroon ng kalayaang magpatayo ng mga institusyon at malayang mapapaunlad na walang sinumang makahahadlang sa kanilang mga gawain.

Katanggap-tanggap naman ang naging tugon ni Obispo Retord at ganoon din ang respetong ipinakita sa mga taong Mandarin lalo na sa mga taong nasa ilalim ng pamamahala nito. Naranasan kasi ng butihing Obispo noong unang panahon ang pagtuligsa at pagpapahirap sa mga misyonero. Naranasan din niyang magtago sa mga liblib na lugar at mamalagi roon ng higit isang buwan ngunit umaasa pa rin siyang kapayapaan ang kapalit ng mga kaguluhang iyon mula nang siya'y maihalal bilang Obispo. Sinimulan niya ang lahat sa pamamagitan ng magandang pakikitungo sa mga tao at patuloy na paglago ng kanyang Diocese. Ito ang kanyang naging





Buhay Misyonero

paniniwala sa kanyang gawain: *“Kung ang Krus ang nagpapahirap sa atin, kaibiganin natin ito.”* Nais niyang ipahiwatig ang matinding kahirapan at pagpapahirap na kanyang naranasan bilang misyonero dahil nasaksihan niya ang paghihirap ng mga misyonero at pagpatay sa mga paring katulad niya. Bagaman hindi pa niya oras, gusto na niyang mapabilang sa mga iyon.

Napansin na agad ng Obispo ang kabaitan at kabanalan ni Theophane. Madalas din siyang makitaan ng pagiging masayahin at madaling pagyakap sa kultura at pagtanggap sa uri ng klima sa bansang Vietnam. Gustung-gusto niya ang lugar na ito kahit minsa’y di niya magustuhan ang mga lutong pagkain na naging dahilan ng panghihina ng kanyang katawan. Hindi ito naging hadlang sa kanyang masigasig na pamumuhay sa lugar na iyon. Nagsimula rin siyang magnobena para sa madali niyang paggaling. Habang siya’y nagpapagaling, naglilingkod siya sa mga tao sa pamamagitan ng pangangaral at pagbibigay ng mga Sakramento ng Binyag at kumpisal.

“Ang Misyonero ay isang taong pinagpala.” Ito ang paalaala ng ating mahal na Santo Papa Juan Pablo II. *“Mapalad ang sinumang gustong maglingkod sa kapwa, katulad ng mga misyonero. Gayundin ang mga paulit-ulit na binabanggit sa sulat ni San Mateo: Bago isugo ni Hesus ang labindalawang apostoles upang mangaral, itinuro sa kanila ang daang tatahakin sa misyon. Pagpapahirap, pagpapakumbaba, pagtanggap ng mga pagsubok, paghahari ng katarungan, kapayapaan at pagmamahal sa Salita ng Diyos, ang mga ito ang kailangan upang tayo’y maging tunay na alagad sa Kanyang kaharian.”*

Naging mahigpit ang mga namamahala at patuloy ang kaguluhan sa bansang Vietnam ng mga panahong iyon kaya binabalaan at hinihigpitan ang mga paring misyonero na noo’y naglilingkod. Sina Padre Castex at Theophane ay pansamantalang nagtago sa lugar ng But-Dong na may maliit na komunidad - ang samahan ng mga kababaihang misyonerong madre ng Lover of the





Cross na siyang pansamantalang kumupkop sa mga misyonerong ito. Dahil sa takot ng mga Vietnamese, hindi sila basta-bastang nagpapatuloy ng tao sa bahay upang makaiwas sa gulo. Sa kabila noon, nagawa pa rin nilang ipagdiwang ang Banal na Misa at mga gawain kaakibat ang mataimtim na pagdarasal.

Ang mga madreng Vietnamese na naroroon ay hindi nagsusuot ng kanilang mga habito dahil iniiwasan nilang sila ay makilala, kaya nakapupunta sila sa mga liblib na lugar at namumuhay kasama ng mga pangkaraniwang tao lalo na ang mga mahihirap at mga taong hindi pa nakakakilala sa Diyos. Sa kabutihang palad, nagawa pa rin ni Padre Theophane maghatid ng Magandang Balita sa mga Kristiyano sa kabila ng mapanganib na sitwasyon ng kanilang buhay. Sina Padre Castex at Padre Theophane ay halos anim na beses na ring nagpalipat-lipat ng tirahan dahil sa pag-iwas sa mga rebelde. Sa hirap nilang kalagayang iyon, inatake ng hika si Padre Theophane at halos di alam ng mga kasamahan niya ang kanilang gagawin sa mga sandaling iyon. Sa kabila nito, pinilit pa ring ngumiti ni Padre Theophane at ipagsawalang bahala ang nararamdaman kahit siya'y hirap na hirap na. Gumagawa ng paraan ang mga kasamahan ni Padre Theophane para guminhawa ang kanyang paghinga.

Inialay ni Padre Theophane lahat ang mga paghihirap para sa mga kaluluwang hindi pa nakakakilala sa Panginoon. Para sa kanya, ito ang gusto ng Diyos na gawin niya. Sabi pa niya: *“Kahirapan lamang ang magandang maiaalay para sa kaligtasan ng mga kaluluwa at pag-aalay kay Hesus,”* ayon sa sulat ni Santa Teresa ng Batang si Hesus sa kanyang kapatid na si Celine noong ika-8 ng Hulyo taong 1891 na noon ay nangarap na tumungo para magmisyon sa bansang ito.

Dumating ang panahon ng tag-araw. Kasabay nito ang panunumbalik ng kalakasan ni Padre Theophane at siya namang paghingi ng tulong ni Obispo Retord sa kanyang mga gawain. Nilibot nila ang mga parokyang nasasakupan dahil alam nilang ang mga ito'y nangangailangan ng mga Sakramento tulad ng pagbibinyag,





Buhay Misyonero

kumpisal at nais na makinig sa Banal na Aral. Hinikayat nila ang lahat na panatilihing maging matatag at malakas ang pananampalataya ng mga ito sa kabila ng mga pagtuligsa at pagpapahirap na kanilang dinaranas. Pinalalakas rin nila ang loob ng mga ito sa pamamagitan ng ating Mahal na Ina na laging handang gumabay sa atin bilang Ina ng lahat. Kasabay nito ang paghingi ng patnubay para sa maayos at madaling proseso ng pagtatanghal sa Kabanalan ni Padre Thinh sa kanilang lugar.

Noong taong 1856, tag-ulan noon, dinapuan ng sakit si Padre Theophane na Tuberkolosis. Ito na yata ang pinakamatinding sakit na kanyang naramdaman. Halos di alam ng Obispo ang gagawin sa kalagayan ni Padre Theophane. Ipinadala siya sa ospital ng Tsina upang malapatan ng lunas. Sumailalim siya sa panggagamot ng mga Tsino. Magagamot lamang daw ang kanyang sakit sa pamamagitan ng halamang gamot ngunit napakatinding sakit pa rin ang kanyang naramdaman. Ang tangi niyang pag-asa sa mga oras na iyon ay ang hawak-hawak niyang Krusipiho na nagbibigay-lakas sa kanya. Naiusal niya sa kanyang sarili: *“Kung may natitira pa sa aking kalakasan, ipagpapatuloy ko pa rin ang aking paglilingkod at paghahatid ng Mabuting Balita sa aking kapwa.”* Nanatili nga siyang naglilingkod ng halos tatlong taon mula ng siya’y magkasakit hanggang siya’y ipinakulong. Ito ang naging patunay ng Obispo sa kanya: *“Ang taong ito ay may kakaibang lakas sa kabila ng kahinaan ng kanyang katawan, wala siyang pinipiling oras: Araw at gabi ay iniaalay niya sa mga taong humihingi ng mga Sakramento tulad ng Kumpisal. Mas pinili niyang magsakripisyo para sa kanyang kapwa kaya’t nanatili siya sa puso ng bawat tao dahil sa pagiging mabuti at isang banal na lingkod ng Diyos.”*

Taong 1859 nang nagsimula ang karumal-dumal na paghihirap ng mga misyonero at mga Kristiyano sa pamumuno ni Emperor Tu-Duc na nagbabanta ng ganito: *“Uubusin ko ang lahat ng mananampalataya sa relihiyon ni Hesus! At bibigyan ko ng kaparusahan ang sinumang magiging maamo sa mga Kristiyano at parusang kamatayan naman para sa mga pari.”* Noong taong





1860, malinaw kay Padre Theophane na makakamit niya sa huli ang parusang kamatayan o maging isang martir.

Sinimulan ang pag-aresto sa kanya noong taong ding iyon at binigyan siya ng Obispo ng permiso na ialay ang kanyang sarili sa Diyos para sa sambayanan ng Tonkin. Sa kanyang matinding pagmamahal sa Inang Maria, ipinaubaya niya rito ang kanyang sarili at kasabay ang panalangin na gabayan siya ng Banal na Louis-Marie Grignon de Montfort sa pag-aalay ng kanyang buong sarili sa Diyos. Ito ang naging sandata niya sa labanan. Naging mabilis ang kanyang pagdating sa paroroonan na kung saan ay nagsisimula na sa pag-atake ang grupo ni Emperor Tu-Duc. Nanatili siya sandali sa tahanan ng isang balong babae, subalit may nakakita sa kanya at siya'y isinumbong sa pulis. Noong ika-30 ng Nobyembre, 1860 siya ay hinuli. Isinama siya ng mga pulis, inalisan ng damit at itinali ito sa kanya. Nang mga oras na iyon, siya'y nagdarasal at naghahanda sa kanyang kamatayan. Ikinulong siya sa isang makitid na kulungang yari sa kahoy at inilipat sa kulungan ng Hanoi.

Ganoon na lamang kung siya'y kutyain at insultuhin sa kabila ng ganoong kalagayan nagawa pa ng mga ito na iutos sa kanya na gumawa ng isang maliit na bahay kubo, lalagyan ang palibot nito ng kulambo, at ng banig na kung saan ay mahihigaan nilang mga bantay. Nanghihina siya sa ganoong kalagayan at halos hindi rin siya binibigyan ng makakain. Sa bandang huli, naging maayos ang pakikitungo ng mga sundalo sa kaniya at kasabay nito may isa pang katekista na nahuli din kasama niya. Ginamit niya ang pagkakataong ito upang humingi ng kapisasong papel na pagsusulatan para sa kanyang kasamahang pari at sa kanyang pamilya. Ito ang nilalaman ng kanyang liham: *"Sa wakas, nakamit ko na rin ang aking minimithi... ang kamatayan at maging isang martir. Lagi ko kayong naaalaala ngunit huwag kayong mag-alala, magkikita naman tayo sa langit."* Alam niyang magkikita na sila ng kanyang ama na di lingid sa kanyang kaalama'y kamamatay lamang nito makaraan ang ilang buwan.





Sa lugar ng Hanoi naganap ang huling paghuhusga sa kanya. Ipinasok siya sa hukuman katulad ng isang salarin. Pinaratangan siya at hinusgahan ng mga salang hindi n'ya naman ginawa, isa na rito ang pagpapasabog ng bomba sa daungan ng Annameese. Ang lahat ng kanilang bintang ay hindi naging dahilan upang manghina siya dahil alam niyang wala siyang kasalanan sa lahat ng mga paratang sa kanya. Sinabi niya: *"Ako'y isinugo sa lugar ng Tonkin upang mangaral ng tungkol kay Hesus, wala akong ibang ginagawa kundi ang ibahagi si Kristo sa inyo."* Habang siya'y nagsasalita, hawak-hawak pa rin niya ang Krusipiho sa kanyang mga kamay. *"Sirain mo ang hawak mong Krus sa aming harapan at maliligtas ka sa parusang kamatayan!"* sabi ng isa sa mga kawal. Itinaas ni Padre Theophane ang Krusipiho ng may paggalang at itinapat ito sa kanyang bibig at hinagkan ng matagal; sabi niya sa kanila: *"Hindi! Ipinapahayag ko si Kristo at ang aking paniniwala sa Kanya, at mananatili akong sasamba sa Kanya maging kamatayan man ang kabayaran nito. At ngayon gusto ninyong itakwil ko si Hesus, Hindi maaari!"* Isang sundalo ang nagpahayag: *"Ang paring si Vin ay paring taga- Europa at ang totoong pangalan niya ay Venard. Sa oras na ito, siya'y hahatulan ng kamatayan dahil sa pagiging matigas niyang pagtaksil at matatag na paniniwala. Hahatulan siya ng kaparusahang pagpugot ng ulo at sa loob ng tatlong araw ay ililibot ang kanyang ulo at kasunod nito'y itatapon sa ilog."* *"Nakikita ko na halos lahat ng tao rito ay maayos ang pakikitungo sa akin at mayroon din namang nangungutya at nanghahamak sa akin."* Isa ito sa binanggit niya sa kanyang sulat sa kanyang pamilya noong Enero 2, 1861. Nagawa pa rin niyang sumulat noon sa Obispo na ang sabi: *"Ang puso ko ay tulad ng kalmadong dagat."*

Hanggang sa huli ng kanyang hininga, makikita sa kanya ang mataimtim na panalangin at malayang pagtanggap ng hamon ng buhay. Umaawit sa saya dahil makakamit na niya ang ninanais na mangyari sa kanyang buhay. Nagawa pa niyang humingi ng Pakikinabang sa isang Kristiyanong nagdala ng Banal na Ostiya na hindi nakikita ng mga sundalo. Si Padre Thin Hang pa rin ang





huling nakarinig ng kanyang huling kumpisal at agad naman itong ipinarating sa Obispo.

Noong umaga ng ika-2 ng Pebrero, alam na ni Padre Theophane na ilang minuto na lang ang nalalabi at haharapin na niya ang kamatayan. Gayunpaman, patuloy pa rin ang kanyang pagpapasalamat sa Diyos at humihingi ng tulong sa Mahal na Ina upang palakasin siya hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Isinuot niya ang puting damit na ginagamit tuwing may mahalagang pagdiriwang. Habang naglalakad sa mga taong papatay sa kanya ay umaawit siya ng papuri kay Maria. Dahil na rin sa kalasingan ng mga taong papatay sa kanya, hindi agad namatay si Padre Theophane sa una at pangalawang hatak ng mga ito ngunit sa pangatlo nilang paglapat, lubusang naglaho ang buhay ni Padre Theophane. Nakangiti pa rin siyang namatay na nagpapatunay ng kanyang pananampalataya at masaya siyang pupunta sa Kaharian ng Diyos.

Ika-17 ng Disyembre, 1860. Lumagda ng kasulatan ang mga sundalo at inihatid ang kopya sa lugar ng Hue. Noong ika-2 ng Pebrero, inilagay ang bangkay ni Padre Theophane sa isang maliit na kulungang dalawang metro ang haba at taas. Makikitaan ang kaawa-awang kalagayan nito. Sa kabilang bahagi ng kinalalagyan nito, may mga nakatanod na mga pulis. Marami namang dumating na kaibigan ni Padre Theophane lalo na ang kanyang kaibigang si Paul Muin, isang matapang na Kristiyano na nagsusumamo sa mga guwardiya na kung maaari ay makita man lamang niya ang kaibigan. Dinadalaw niya ang kanyang kaibigan ng halos apat hanggang limang beses sa isang araw.

Namamalagi ang katawang lupa ni Padre Theophane sa loob ng simbahan ng *Mission Etrangere* sa Paris. Ang ilan niyang relika ay nasa kamay ng kanyang kapatid na si Canon Eusebius Venard pati ang kanyang mga liham na nakatago at naglalaman ng pamamaalam noong malapit na siyang mamatay: *“Ang aking kapisang leeg na nag-uugnay sa aking katawan ay katulad ng mga nahulog na*





Buhay Misyonero

bulaklak na iniipon sa halaman ng isang taong nag-aalaga nito at isa-isa niyang pinupulot ang mga ito na parang isang kayamanan. Lahat tayo ay isang munting bulaklak na itinanim sa lupa na kung saan ay binubunot ng Diyos sa takdang panahon; ang iba'y ngayon na at ang iba nama'y sa darating pang mga panahon. Ang ama at anak ay magkikita at magkakasama na sa Paraiso...isa lamang akong maliit na kutitap...paalam."

Noong taong 1879, iminungkahi ang kanyang pagiging Santo sa Roma. Mayo 2, 1909 naman siya idineklarang Beato. Ang pagtatanghal na ito ay dinaluhan ng libu-libong tao na nanggaling sa Pransiya kasama ang mga Obispo ng Poitiers at mga paring misyonero. Idineklarang Beato si Padre Theophane Venard kasama ang tatlumpu't tatlong martir buhat sa Tonkin, Cichin-Tsina or Tsina. Idineklarang Santo ni Papa Juan Pablo II si Padre Theophane noong taong 1988 kasama ang labingsiyam na martir ng Vietnam.

Ang halimbawang ito ni Padre Theophane na pagyakap sa pagiging Martir ay maiuugnay sa buhay ni Santa Teresa ng Batang si Hesus, ang Doktor ng simbahan na siyang naging inspirasyon at lakas ni Padre Theophane.

Pagkatapos ng pagtatanghal bilang Santo kay Padre Theophane noong ika-19 ng Hulyo, 1988 ni Papa Juan Pablo II, nagsalita siya sa wikang Pransiya sa mga taga-roon. Winika niya na hanggang sa huling yugto ng buhay ni Padre Theophane, hindi niya nakalimutan ang mga larawan ni Santa Teresa ng Niño Hesus. Ipinakita sa lahat ng taong naroroon ang larawan ni Padre Theophane at ang mga salitang isinulat niya noon: *"Hindi ako umaasa sa sarili kong lakas kundi sa lakas at kapangyarihan ng Diyos na hahawi sa kasamaan ng Mundo."*





Padre Damien ng Molokai

Enero 3, 1840 - Belgium

† Abril 15, 1889 - Molokai, Hawaii





Padre Damien ng Molokai

“Hangga’t ang pagmamahal at pagmamalasakit para sa mga taong ito ang idinidikta ng iyong puso, maaari kang mamalagi sa lugar na ito.” Paulit-ulit na binasa ni Padre Damien ang mga katagang ito at ito’y nagdulot ng kasiyahan sa kanyang puso. Ang mga salitang ito ay nagmula sa liham na ipinadala ng kanyang superyor na nagpapahayag ng pahintulot na mamalagi ang butihing pari sa piling ng mga ketonging kanyang minamahal at pinaglilingkuran.

Sino nga ba ang taong handang iwanan ang sariling tahanan upang paglilingkuran ang kapwa dahil sa pagmamahal sa Diyos? Higit sa lahat, sino ang makagagawa na iwanan ang sariling pamilya upang makasama ang mga taong buhay nga subalit parang mga bangkay naman dahil sa sakit nilang ketong? Unti-unting naaagnas at nalalaglag ang laman ng taong may sakit nito. Marami sa kanila ay halos wala nang ilong, ang iba nama’y may ilong nga subalit namamaga naman dahil sa mga sugat at nana. Ilan sa kanila na dapat sana’y paa at kamay ang ginagamit sa paggawa ng lahat ng kanilang mga pangangailangan subalit halos tila tuod na kahoy na hindi man lamang mapagkakakilanlang ito pala’y paa o kamay. Ang kanilang mga daliri sa kamay at paa ay unti-unting nauubos, nalalaglag nang gayun-gayon na lamang. Marami sa kanila ay bulag. Ang iba nama’y puno ng sugat at nana ang mukha at katawan. Kung paanong kahindik-hindik ang tanawing ito sa lugar na minahal at pinaglilingkuran ni Padre Damien, ganoon rin ang nakasusulasok na amoy na nagmumula sa mga sugat na kadalasan ay katatagpuan ng mga uod na pinagpipiyestahan ang laman ng mga biktima ng sakit na ito. Ang lugar na ito ay hindi isang imahinasyon o gawa-gawa lamang ng tao. Ito ay totoo. Ito ay isang isla sa Hawaii na kung tawagin ay Molokai. At sino nga ba ang maituturing na tagapag-





Padre Damien ng Molokai

alaga at tagapagtanggol ng mga taong ito? Siya ay si Padre Damien de Veuster, isang pari mula sa Kongregasyon ng *Sacred Hearts of Jesus and Mary*.

Si Padre Damien ay isinilang noong ika-3 ng Enero, 1840 sa Tremeloo, Belgium. Siya ay nagmula sa isang ordinaryong pamilya. Bagaman hindi sila mayaman sa materyal na bagay, maituturing namang mayaman ang kanyang pamilya sa pananalig at pagmamahal sa Diyos. Joseph ang pangalang tinanggap ni Padre Damien noong siya ay bininyagan. Ang kanyang mga magulang ang nagsisilbing gabay at inspirasyon para sa kanilang magkakapatid sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, pagmamahal sa kapwa at sa relihiyong kanilang kinagisnan. Ang kanyang mga magulang ay mabubuting mananampalatayang Katoliko.

Ang magkakapatid na Auguste na naging pari (Fr. Phamphile) Leonce, Gerard, ang mga naging madre na sina Eugenie at Pauline, Marie, Constance at ang bunso sa walong magkakapatid na si Joseph ay malimit na nakaupong nakapaikot sa kanilang ina kapag gabi habang nakikinig sa mga kwento nito tungkol sa mga santo. Dahil dito, gusto rin ng mga bata na maging santo.

Nang si Joseph ay labintatlong taong gulang, huminto siya sa pag-aaral at sa loob ng apat na taon ay kasa-kasama siya ng kanyang ama sa gawaing bukid. Maagang-maaga pa'y gising na ito at ginagawa na ang mga gawaing nakaatang sa kanya. Bagaman pagod, masaya niyang ginagawa ang mga ipinag-uutos sa kanya. Madalas siyang pinagmamasdan ng ama habang binubuhay nito ang mga uhay na hitik sa bunga. Hangang-hanga ang ama sa matipuno nitong pangangatawan at maayos na kalusugan na sa pagdating ng araw ay magagamit nito sa lugar na kanyang pagmimisyon. *"Ang anak kong ito ang makakatulong sa akin sa paglago ng aming kabuhayan,"* ang nasambit ng ama sa sarili. Noong ika-15 ng Mayo, 1858, muling pumasok sa paaralan si Joseph upang tuparin ang pangarap ng kanyang ama. Dahil matagal na ring wala sa paaralan, naging





mahirap para kay Joseph ang bago nitong kalagayan. Gustung-gusto niyang muling bumalik sa bukid at gawin ang mga gawaing nakasanayan na niyang gawin. Subalit hindi rin nawala sa kanya ang pagmamahal sa pag-aaral. Ang ama naman nito'y lubhang ipinagmamalaki ang anak, subalit hindi niya alam na may kakaibang nangyayari dito.

Isang gabi, habang nahihimbing na natutulog ang lahat sa dormitoryo, ang namamahala ay nakakita ng liwanag na nagmumula sa silid ni Joseph. Maingat nitong binuksan ang pintuan ng silid upang makita ang nangyayari. Nakita nitong nakaluhod ang binata sa harap ng Krusipiho at mataimtim itong nanalangin. Buong ingat na isinara nito ang pintuan at nasabi sa sarili: *"Sigurado akong malayo ang mararating ng batang ito."*

Buwan ng Hulyo nang matanggap ni Joseph ang balitang isinuko na ng kanyang nakatatandang kapatid na si Pauline ang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang panunumpa bilang isang madre na mamumuhay sa kapayakan, kalinisan at pagtalima. Sumulat siya sa kanyang ama at sinabi nitong, *"Marahil, lubos ang kagalakan sa puso ni Pauline. Umaasa akong malapit na rin akong sumunod sa buhay na mayroon siya. Maaari po ba akong sumama na kay kuya Phamphile sa seminaryo?"* Nang matanggap ng ama ang sulat, pulang-pula ito sa galit at sama ng loob. *"Huminahon ka Francisco!"* ang nag-aalalang wika ng asawa. *"Huminahon? Paano akong huminahon? Pagkatapos ng marami kong sakripisyo sa batang iyan, ito ang igaganti niya? Hindi maaari! Ibinigay ko na sa Diyos ang iba kong mga anak. Hindi maaaring pati si Joseph. Siya ang aking inaasahan."* Palitan ng sulat ang namagitan sa mag-ama, subalit buo na ang kalooban ni Joseph na maging isang pari. Minsan, dumalaw ang kapatid niyang si Pamphile sa kanya. *"Kuya, sasama na ako sa iyo sa seminaryo,"* ang pakiusap nito sa kapatid. *"Ikaw ang bahala, Joseph. Desisyon mo iyan."* Magpapasko noon ng muli siyang sumulat sa kanyang ama. Inilahad niya ang kanyang balak na pagpasok sa seminaryo sa susunod na taon. Nang sumunod na taon, ang amang hinayang na hinayang sa naging desisyon ni





Joseph ay walang nagawa kundi tanggapin ito, at kanya pa nga itong inihatid sa seminaryo.

Ang Kongregasyon ng *Sacred Hearts of Jesus and Mary* ay itinatag ni Fr. Mari-Joseph Coudrin. Nais nitong ang kanyang mga pari ay maialay ang kanilang buhay sa dalawang hangarin ng Kongregasyon: Una, makarating sa ibat-ibang panig ng mundo upang ikalat ang pagmamahal ng Kabanal-banatang Puso ni Hesus at Maria, at pangalawa, maipalaganap ang debosyon sa pananalangin sa Banal na Sakramento. Buong katapatan at pagmamahal na ipinagpatuloy ni Joseph ang paghuhubog sa kanya sa seminaryo. Marami siyang naranasang hirap. Isa na rito ay ang pag-aaral ng Latin. Kinakailangang matuto siya ng salitang ito upang maging isang ganap na pari sapagkat ang salitang ito ang opisyal na ginagamit ng Simbahan. Dahil dito, hindi natanggap si Joseph na maging pari, siyay naging isang 'Brother'. Buwan ng Pebrero nang tanggapin ni Joseph ang kanyang abito bilang isang "*Brother*" at palitan ang pangalan nitong "*Damien*" mula sa pangalan ng isang santong manggagamot. Buong kaligayahan namang ipinagpatuloy ni Pamphile ang pagtuturo ng Latin sa kapatid. At sa wakas, nagtagumpay rin si Damien. Masayang-masayang ibinalita ni Pamphile sa kanilang Superyor ang pagkatuto ni Damien sa Latin, sapagkat matutupad na ng kapatid ang pangarap nitong maging isang pari.

Ika-7 ng Oktubre, 1870. Ginanap ni Damien ang kanyang panunumpa na mamumuhay sa kapayakan, kalinisan at pagtalima sa buhay relihiyoso. Inilipat siya sa Paris upang mag-aral ng Griyego, Latin at Pilosopiya. Pinagbuti naman ni Damien ang kanyang pag-aaral hindi upang makakuha ng titulo sa pansariling kapakinabangan kundi dahil sa pagnanais niyang magtungo sa ibang lugar upang magmisyon. Alam niyang malaki ang maitutulong ng kanyang pag-aaral sa misyong naghihintay sa kanya. Nang sumunod na taon, inordinahan ang kanyang kapatid na si Pamphile. Kasama nila ang kanilang matanda nang mga magulang sa unang Misa ni Fr. Pamphile. Lubos ang kagalakan ng buong pamilya.





Buhay Misyonero

Buwan ng Hulyo nang makatanggap ang magkapatid ng balita na sampung pari mula sa kanilang Kongregasyon ay ipadadala sa Isla ng Hawaii upang tugunin ang panawagan ng Obispo na magmisyon sa lugar na ito. *“Napakaswerte mo, kuya. Magmimisyon ka na. Kailan kaya ako?”* Ang pagpapahayag ng saloobin ni Damien. Bago nakaalis ang sampung pari, ang sakit na typhoid fever ay lumaganap sa kanilang lugar at isa sa naging biktima ay si Fr. Pamphile. Buong pagmamahal na inalagaan ni Damien ang kanyang nakatatandang kapatid. Bagaman mahina ang katawan nito, mababakas pa rin sa kanyang mga mata ang hangaring marating ang lugar na kanyang patutunguhan. Dahil kailangan pa niyang magpalakas, nag-usap ang magkapatid na gumawa ng hakbang na ilahad ang kanilang plano sa pinunong Heneral ng kanilang Kongregasyon.

Isang araw, ibinigay ng Superyor ang isang liham kay Damien na nagmula sa *Superior General* ng kanilang Kongregasyon. Ito ay nagbibigay ng pagsang-ayon sa kahilingan ng magkapatid na si Damien ang papalit kay Fr. Pamphile sa pagtungo sa Hawaii. Masayang-masaya ang magkapatid sa balitang ito.

Dumating ang araw ng kanyang paglisan. Habang nakasakay sa barko si Damien, naaalala pa rin niya ang luhaang pagpapaalam ng kanyang mga magulang. Hawak-hawak ng kanyang ama ang kanyang balikat at sinasabing: *“Ikaw anak, ay isang misyonero. Kung gayon, hindi na kita makikita kailan man.”* Mabigat ang kalooban ni Damien, subalit inilagay na lamang niya ang kanyang sarili sa karanasan ni Abraham na dapat niyang lisanin ang kanyang lugar, mga kaibigan, pamilya at ang kanyang mga magulang upang sundin ang kalooban ng Diyos. Hawak-hawak naman ng kanyang ina ang kanyang mukha at sinasabing: *“Inihahabilin kita sa Mahal na Reyna. Hindi na kita kaya pang gabayan.”* Sa mga luhaang mga mata nito ay maaaninag ang mga salitang hindi niya kayang bigkasin: *“Hindi na kita muli pang makikita.”* Pagkatapos ng maraming hrap nilang naranasan sa karagatan sa loob ng limang buwang paglalakbay, noong ika-18 ng Marso, 1864 narating rin nila ang lugar na kanilang pakay. Panibagong-buhay ang naghihintay kay Brother Damien.





Padre Damien ng Molokai

Sa kauna-unahang pagkakataon, nakakita si Damien ng ganito kagandang lugar na tila isang paraiso. Napakaraming puno, halaman, prutas, at ibat ibang uri ng bulaklak. Si Bishop Maigret ang Obispo ng Honolulu para sa walong Isla ng Hawaii. Nagustuhan agad nito ang palakaibigan at masayahing ugali ng mga misyonero. *“Maaari po bang sabihin ninyo sa akin kung ano ang nalalaman ninyo sa mga naninirahan dito? Alam ko po na kung mas makikilala ko sila, mas magiging epektibo ang paglilingkod ko sa kanila,”* ang masayang pagpapahayag ni Damien. *“Tama ka, Damien. Sa madaling panahon, mamahalin mo sila katulad ng pagmamahal ko sa kanila. Sila ay palakaibigan at laging handang magpatawad. Lubha nilang gusto ang pagkanta at mga pagdiriwang, ito ay iyong magagamit upang palaguin ang kanilang pananampalataya.”*

Hindi rin nagtagal, nagpasya ang Obispo na maaari nang ordinahan si Damien upang maging ganap na pari. At noon ngang ika-21 ng Mayo, 1864, siya at dalawa pa niyang kasama na sina Brother Clement at Lievin ay inordinahang maging mga pari. Lubos ang kagalakan sa puso ni Damien ngunit hindi pa rin maiaalis na naramdaman din niya ang pangungulila sa kanyang pamilya. *“Ito sana ang okasyong magkakasama kami. Kung ako ay nasa Tremeloo, makikita ko sana ang masasaya at may pagmamalaking mukha ng aking mga magulang, mga kapatid, kaibigan at mga tao sa aking bayan. Subalit heto ako, napapaligiran ng mga taong hindi ko naman kaanu-ano at kilala. Sila ang mga taong ibinigay ng Diyos sa akin upang ako’y kanilang maging ama, masaya akong kapiling sila ngayong araw na ito.”* Hindi na naghintay pa ng matagal ang dalawampu’t apat na taong gulang na pari para sa kanyang misyon. Siya at ang kanyang kasamang si Fr. Clement ay itinalaga na agad na maging pastol sa distrito ng Puna, Hawaii. Masaya niya itong ibinalita sa kanyang pamilya.

Ang mga tao sa parokya ni Fr. Damien ay lubos ang paniniwala sa kulam, sumasamba sila sa mga diyus-diyosang gawa-gawa lamang nila. Ito ang unang binigyang-pansin ni Fr. Damien, dahil dito hindi lahat ay gusto ang kanyang presensya sa lugar na iyon. Isang gabi,





Buhay Misyonero

nakarinig siya ng tunog ng tambol at mga tilian. *“Mahal na Birhen, Ina ng Diyos, Ikaw ang makakasugpo sa masamang gawaing ito. Tulungan mo ang mga taong ito na ang tanging sambahin lamang ay ang iyong anak na si Hesus.”* Kinaumagahan, nagtungo si Fr. Damien sa pinagmulan ng ingay nang nakaraang gabi. Sa gubat, natagpuan niya ang isang imahen at mga abo, tanda na sinamba ng mga tao ang imaheng iyon. Ubod-lakas itong tinulak ni Fr. Damien at pinagpira-piraso. Pagkatapos, mula sa sanga ng punong kahoy ay gumawa siya ng Krus at inilagay sa dating kinaroroonan ng imahen.

Nang sumunod pang gabi, nakarinig na naman siya ng mga tilian at tunog ng tambol. Maya-maya pa’y nakarinig siya ng katok sa pintuan. *“Kamiano”* ang katumbas ng kanyang pangalan sa Hawaii. *“Kamiano, nagdarasal sila sa masamang espiritu, nais nilang ika’y mamatay”*, ang takot na takot na wika ng isang ginang. Galit na galit na tinungo ni Fr. Damien ang lugar. Naabutan niya na ang mga tao ay nakapaligid sa isang matandang mangkukulam na ang pangalan ay Mauae. Sa kamay ni Mauae nakita ng pari ang isang maliit na manika na nakasuot ng itim at may nakasabit pang Rosaryo. Nagulat si Fr. Damien sa kanyang nakita: ito ay kanyang imahen. Inagaw niya ang manika, pinagpira-piraso niya ito at tinapakan. Nag-antanda ng Krus ang pari bilang basbas sa mga tao at winika ang ganito: *“Nakita ninyo! Hindi totoo ang pinapaniwalaan ninyo! Umuwi na kayong lahat.”* Tila mga maamong tupang nagsipag-alisan ang mga tao. Ang batang misyonero ay nagbigay sa kanila ng bagong aral. Mula noon, unti-unting nawala ang mga taong kumakalaban kay Fr. Damien.

Sa isang kalapit na Isla ng Maui, ang isa pang misyonerong si Fr. Leonon ay katatapos lamang magpagawa ng isang bagong Simbahan. Naisip ni Bishop Maigret na imbitahin ang lahat ng mga pari sa pagbabasbas nito. Habang sakay si Fr. Damien ng bangka para sa okasyong iyon ay tila narinig niya ang isang tinig na siya’y hindi na muling makababalik pa sa kanyang parokya. Hindi na niya muli pang makikita ang magandang simbahang kanyang ginawa at ang mga taong kanyang pinaglilingkuran. Dahil dito, umagos ang mga luha sa mga mata ng batang misyonero.





Padre Damien ng Molokai

Sa okasyong iyon, nakitang muli ni Fr. Damien ang mga kasamahang misyonero at ang kanyang Superyor. Bawat isa ay masayang nakikipagbalitaan sa tagumpay at hrap na kanilang dinanas sa kanilang misyon. *“Dapat talaga tayong magpasalamat sa Diyos sa lahat ng tagumpay ng inyong misyon. Maraming simbahan ang naipatayo. Maraming naging Kristiyano, subalit isa pang lugar ang nangangailangan ng ating tulong... ang Molokai”*, ang pahayag ng Obispo. Ang Molokai ay lugar ng mga taong may ketong. *“Nag-aalala ako sa mga taong iyon. Habang tumatagal, dumarami ang kanilang bilang. Lubos nilang kailangan ang presensya ng paring gagabay sa kanilang pang-espiritwal na pangangailangan.”* Ang muling pagpapahayag ng Obispo. *“Sabihin mo lamang sa amin kung sino ang nais mo at kami’y tutungo roon”*. Ang pagpapahayag naman ng mga pari. Humanga ang Obispo sa kagandahang-loob ng mga pari. *“Bakit hindi kayo magpalit-palitan? Ang bawat isa sa inyo ay mamalagi roon sa loob ng tatlong buwan.”* Pumayag ang lahat sa sinabi ng Obispo, at si Fr. Damien nga ang kauna-unahang tumungo roon.

Hindi naglaon, kasama ang Obispo, sumakay ng barko si Fr. Damien patungo sa Isla ng Molokai. Kasama nila ang limampung ketongin. Lubhang nakaramdam ng kalungkutan si Fr. Damien habang pinagmamasdan ang mga luhaang nagpapaalam sa kanilang mga mahal sa buhay, alam nilang hindi na muli pang mangyayari ang pagkikitang iyon. Nakadama ang pari ng pagnanais na ilaan ang kanyang buhay kasama ng mga taong ito. Napansin ng Obispo ang malalim na pag-iisip ng pari. Nag-alala ito. *“Sigurado ka ba sa desisyon mo, Damien?” “Mas sigurado po ako ngayon,”* ang kanya namang tugon.

Nang lumaon, dumating din sila sa lugar na kanilang patutunguhan. *“Anuman ang iyong ginagawa, huwag mong ipapakitang takot ka sa kanila,”* ang paalala ng Obispo sa kanya. Iginala niya ang kanyang paningin sa mga taong naroon. Matapos na ikutin ang lugar, iniwan na ng Obispo ang pari. Nakaramdam muli ng pangungulila si Fr. Damien. Ang mga taong ito’y tila parang mga patay. Lubhang nahabag ang kalooban ng pari sa nakita.





Sinimulan na agad ni Fr. Damien ang kanyang mga planong gagawin sa lugar na iyon - unang-una ang kapilya. Ang kapilyang ito ay itinayo ng mga naunang misyonero sa kanya na nagmula rin sa kanyang Kongregasyon, napabayaang na nga lamang ang kapilyang ito. *“Panginoon, bigyan mo po ako ng lakas na aking kinakailangan sa misyong ito,”* ang taimtim na hiling ni Fr. Damien. Nilinis muna ni Fr. Damien ang kapilya at kinumpuni ang mga sirang bahagi nito. Mahusay rin palang karpintero ang paring ito. Makalipas ang ilang oras, napansin ni Fr. Damien ang aninong nakatayo. Tumingin siya at kanyang nakita ang isa pang nakakaawang nilalang. Dahan-dahan nitong inilahad ang mga palad at sinabing, *“Regalo para sa inyo, Padre”* isang prutas ang iniabot nito. Walang dudang nadampian na ito ng ketong subalit pinaalalahanan ni Fr. Damien ang sarili. *“Narito ako para sa Diyos. Nais kong gawin ang lahat para sa mga taong ito anuman ang mangyari.”* Kinuha niya ang prutas at kinain niya ito. Ngumiti siya sa may sakit tanda ng pasasalamat. Ang kaawa-awang lalaki ay hindi makapaniwala. Umalis ito at ipinamalita ang pagtanggap ng pari. Hindi natakot ang pari sa tulad nilang may ketong. Mayamaya pa’y dumating na ang mga kababaihan, may dala-dala silang mga bulaklak at inilagay sa kapilya. Tinulungan na rin nila si Fr. Damien sa paglilinis. Hindi pa tumagal, dumating na rin ang iba upang sunduin ang pari na manguna sa paglilibing ng isang namatay. Nagulat siya sa kanyang nakita.

Ang kamatayan ay karaniwan nang tanawin sa Molokai kaya’t wala ng halaga pa ang katawan ng namatay. Ibinabaon na lamang ito sa mababaw na hukay. Kung minsan, nahuhukay ito ng aso at iba pang hayop at kanila itong pinagpipiestahan. Isang balak ang nabuo sa isip ni Fr. Damien. Ni minsan, hindi pa siya nakakagawa ng kabaong, bakit nga ba hindi niya ito subukang gawin? Ginawa nga ito ni Fr. Damien, upang ipakita na may dignidad pa rin ang mga taong tulad nila. Madaling lumipas ang araw na iyon ni Fr. Damien. Nang dumidilim na, saka pa lamang niya naalalang wala pa pala siyang matutulugan. Nagpalinga-linga siya at nakita niya ang isang punong pandanus. Doon siya natulog at mula noon ang





ilalim nito ang naging tahanan ni Fr. Damien hanggang makagawa siya ng maliit na bahay para sa kanya.

Dahil na rin sa kawalan ng pag-asa ng mga taong naroroon, wala na ring batas silang sinusunod. May mga umiinom ng alak at naglalasing, mayroon ding mga malalaswang pagdiriwang. Isang gabi, habang nag-iinuman ang iilan, dumating si Fr. Damien. Pagkakita nila sa pari huminto ang mga ito sa pagsasayaw at pag-iinuman, kanya-kanya silang takbuhan sa ibat-ibang panig ng lugar. Sa galit ng pari, kinuha niya ang isang mahabang kahoy at hinambalos ang mga bote ng alak na kanilang naiwan. Dahil dito, ang iba ay nagalit kay Fr. Damien. Gayunpaman, patuloy pa rin ang paring misyonero sa paglilingkod sa kanila. Hindi lingid sa kaalaman ng kanyang Superyor at Obispo ang ginagawang pagmamalasakit at pagmamahal na ipinapakita ng pari. Naramdaman nilang hangarin talaga ng butihing pari na mamalagi na sa lugar na iyon. Pagdaan ng ilang panahon, noong buwan ng Hulyo, taong 1873 tumungo si Fr. Damien sa Honolulu at dito niya natanggap ang pahayag na siya'y mananatili na sa piling ng mga taong kanyang pinaglilingkuran. Sa kanyang pagbabalik sa Molokai, mababakas ang buong kasiyahan kay Fr. Damien.

Masayang-masaya ang mga tao sa pagbabalik ng pari sapagkat alam nilang may kakampi na sila. Isa sa mga suliranin sa Molokai ay ang kakulangan sa tubig, kaya't tinatamad na ring asikasuhin pa ng mga naroon ang kalinisan. Tumingin ang pari sa ituktok ng bundok at inisip niya na marahil sagana sa tubig ang bundok na iyon. Inakyat ito ni Fr. Damien, at totoo nga ang kanyang akala. Walang inaksayang panahon, agad sumulat si Fr. Damien sa Board of Health, isang sangay ng gobyerno na nangangalaga sa kalusugan ng mga tao at gano'n rin sa kanyang mga kaibigan. Isang araw, dumating ang mga tubo para sa tubig. Masayang-masaya ang pari, tinawag nito ang matalik na kaibigang ketongin. *"Michael, tawagin mo ang mga kalalakihang maaari pang magtrabaho. Mula sa ituktok ng bundok, ilalagay natin ang mga tubo upang dumaloy dito ang tubig."* Subalit bigong bumalik si Michael sapagkat wala ni





Buhay Misyonero

isa mang gustong tumulong. Wala ng pag-asa pa sa buhay kaya't wala na ring sigla pang gumawa ng paraan ang mga tao upang mapagaan ang kanilang buhay. Hindi iyon naging hadlang upang mawala ang sigla ni Fr. Damien. Katulong ang kanyang kaibigan inumpisahan niya ang kanyang gawain. Lumipas ang ilang araw, nagpatuloy sa paggawa ang pari, na ang tanging gabay ay ang planong nasa kanyang isipan. Isang araw pa nga, nasaksihan ng mga tao ang pagdaloy ng masaganang tubig sa kanilang lugar.

Hangang-hanga ang mga tao sa katalinuhan at tiyaga ng misyonero. Si Fr. Damien ay patuloy sa kanyang paglilingkod. Hindi lamang siya isang karpinterong gumagawa lamang ng mga kubong pahingahan, nagkukumpuni ng mga sirang tahanan at gumagawa ng mga kabaong ng mga namamatay; siya rin ay kanilang manggagamot, tagapaglibing at higit sa lahat isang 'ama' na nagmamahal sa kanila.

Lumipas ang panahon at naging matunog ang pangalang Fr. Damien sa Hawaii. Marami ang humanga sa kanya, subalit marami rin naman ang naiinggit at isa na rito ang pamunuan ng Board of Health. Dahil marami nang nakakaalam sa kaawa-awang kalagayan ng mga may ketong sa Molokai, maraming pagbabatikos ang natanggap ng Board of Health. Nagtungo si Fr. Damien sa namamahala ng Board of Health upang humingi pa ng tulong, subalit nagalit ito sa kanya at sinabi nitong hindi na siya dapat pang umalis sa Molokai at pumunta sa iba't ibang lugar dahil tiyak na dala-dala na niya ang sakit na iyon at maaari siyang makahawa. Pagkalipas lamang ng ilang araw, dumating ang isang liham mula sa pamahalaan na nag-uutos na walang sinumang nagmula sa Molokai ang makapaglalakbay sa mga karatig na pook o walang sinuman ang tutungo sa Molokai ng walang pahintulot. *"Panginoon, hindi ko maintindihan. Bakit napakaraming humahadlang sa gawaing nakalaan sa ikabubuti ng mga taong kinatatakutan at pinandidirihan ng lahat, bigyan Mo po ako ng lakas at katatagan?"*

Simula nang dumating si Fr. Damien sa Molokai, malaki at mabilis ang pagbabago ng lugar. Nagkaroon na rin ng magandang





Padre Damien ng Molokai

pananaw sa buhay ang mga may sakit, nagtatanim na rin sila ng mga gulay at halaman sa paligid ng kanilang bahay. Kahit ang pananaw tungkol sa kamatayan ay unti-unti na ring nagbago. *“Padre, masaya ako kapag naiisip ko ang nalalapit kong kamatayan. Ang sabi mo, kapag nabuhay muli kami sa kabilang buhay, muli kaming gaganda, mananariwa muli ang aming mga balat at mawawala na ang ketong na nasa aming katawan. Nakalimutan na namin ang anyo ng kagandahan hindi lamang ng buhay, gayundin ang pisikal na kagandahan,”* ang lumuluhang pahayag ng isang matanda na ang mukha ay puno ng sugat at ngayon ay unti-unti na ring kinakain ng sakit ang kanyang katawan. Ang pahayag na ito ay isa sa pinagkukunan ng lakas ng pari.

Nagtatag rin si Fr. Damien ng mga samahan katulad ng tagawit sa simbahan, banda o musikero para sa mga okasyon at mga taong nangangasiwa sa paglilibing. Nagtayo rin siya ng ospital at bahay para sa mga batang babae at mga batang lalaki. Bagaman kitang-kita ni Fr. Damien ang tagumpay at damang-dama niya ang pagmamahal ng mga tao sa kanya, naroon pa rin ang kalungkutan at pangungulila. Ang mga ito ay karaniwan na sa bawat isa subalit higit pa ito sa isang taong malakas, may matipunong katawan at maayos na kalusugan na nasa gitna ng mga taong itinuturing nang patay ng lipunan. Nag-iisa lamang siya at kailangan rin niya ng taong magbibigay sa kanya ng payo at makakausap. Higit sa lahat, kailangan niya ng isa ring paring gagawad sa kanya ng kapatawaran sa Sakramento ng Kumpisal.

Sa tuwing may dumarating na bangka sa Molokai, nakasalubong kaagad si Fr. Damien sapagkat alam niyang marami na naman itong sakay na may sakit. Nais niyang maibsan ang pighati ng mga ito kaya’t siya mismo ang sumasalubong sa mga ito. Isang araw, napansin ni Fr. Damien ang isang kilalang taong nakatayo sa barko. Pagkakita sa kanya ay iwinagayway rin ang kamay nito. Hindi makapaniwala si Fr. Damien na iyon ay si Fr. Modeste, ang kanyang Superyor. Pagkadaong ng barko, nagtungo agad si Fr. Damien sa tagiliran nito upang salubungin ang kanyang Superyor. *“Hindi ka*





Buhay Misyonero

maaaring bumaba, iyan ang ipinag-uutos sa akin,” ang pagbibigay-alam ng kapitan. “Subalit siya ay kasama kong pari. Hindi siya ketongin. Nais kung bumisita sa kanya,” ang pagtatanggol naman ng pari. “Ipagpaumanhin po ninyo sumusunod lamang ako sa ipinag-uutos,” ang sagot ng kapitan.

Walang nagawa ang Superyor kundi tingnan na lamang sa kalayuan ang kanyang anak. Noon lamang naalala ni Fr. Damien ang batas na ipinalabas ng Board of Health. Dahil dito, nasaksihan ng mga tao ang pagpapakumbaba ng paring misyonero, nakaluhod at sa malakas na pananalita, nangumpisal siya sa kanyang Superyor sa harap ng mga taong naroon. Isa-isang binanggit ni Fr. Damien ang kanyang mga pagkakasala at tinanggap niya ang kapatawarang iginawad ng kanyang Superyor. Ang kapayapaan ay makikita sa mukha ng batang pari. Pagkatapos nito, kumaway na ang batang pari sa kanyang Superyor tanda ng pamamaalam.

Sa mga liham na ipinapadala, patuloy ang pagbabalita ni Fr. Damien ng kanyang kalagayan sa misyon, lalo na sa kanyang ina. Hindi na lamang niya ibinabalita na ang kanyang hapunan ay ginagawa niya sa isa sa bahay ng mga ketongin, kinakain niya ang mga pagkaing nagmumula sa mga kamay ng mga may sakit, at ang ginagamit ay kinakainan rin ng mga ito. Ayaw niya kasing mag-alala pa ang pamilya. Maraming hindi magagandang salita ang natanggap ni Fr. Damien dahil sa kawalan niya ng ingat sa pakikihalubilo sa mga ito lalo na sa pagkaing dumadaan sa mga kamay ng mga maysakit. Subalit para kay Fr. Damien, gagawin niya ang lahat para sa mga ito.

Tuwing gabi, inaanyayahan niya ang mga ito na makipagkwentuhan sa kanya. Pagkatapos nito, iikot ang pipa ng sigarilyo sa bibig ng bawat isa. Tinanggap ni Fr. Damien ang kaugaliang ito ng mga taga-Molokai kaya nga’t ang pipa na dumadaan sa bibig na puno ng sugat at nana ng mga maysakit at ang iba namang hindi na talaga mailarawan kung ito’y bibig pa nga, ay dumadaan rin sa bibig ng misyonero. Hindi nagtagal, nakarating sa kaalaman





ni Prinsesa Liliuokalani ng Hawaii ang mga balita tungkol kay Fr. Damien. Nais niya itong makita. Agad na naghanda si Fr. Damien at mga ketongin sa nalalapit na pagdating ng prinsesa.

Dumating nga ang kanilang hinihintay at sa kauna-unahang pagkakataon narating ng prinsesa ang isa sa mga lugar na kanyang nasasakupan, ang Molokai. Iginala niya ang kanyang paningin at nagimbal siya sa anyo ng mga taong nasa paligid niya. Lumapit naman si Fr. Damien upang siya'y salubungin. *"Ikaw pala ang taong napakaraming ginawa upang maibsan ang kahirapan ng mga taong aking nasasakupan,"* ang may paghangang nasambit ng prinsesa. *"Nais kong makita ang buong lugar,"* sabi pa nito.

"Subalit...mahal na prinsesa..." ang pagtutol ng tagapamahala ng pagbisitang iyon. Wala rin silang nagawa kundi sumunod sa prinsesa. Kitang-kita ang pag-aalinlangan ng mga kasama ng prinsesa ng sila ay pumasok na Ospital, subalit hindi ang prinsesa.

Tila mawawasak ang puso ng prinsesa sa nakikitang kalagayan ng kanyang mga nasasakupan, habang ang mga ito'y nakahiga sa mga banig na kanyang dinadaan. Ang hirap na daing ng mga maysakit ay kanyang naririnig at ang masangsang na amoy ay umaalingasaw, higit na nangingibabaw sa pabangong kanyang inilagay. Pagkatapos nito'y umalis na ang prinsesa.

Habang siya'y nakatayo sa dalampasigan at naghahanda na lisanin ang lugar, isang sorpresa ang inihanda ng mga maysakit. Ang plawta, tambol at ibang gamit sa musika ay inilabas ng mga ito at nagsimula silang tumugtog. Ito ang banda na pinamamahalaan ni Fr. Damien. Bagaman ang iba ay nagsusumikap na tumugtog sa halos kalahati na nilang labi at ang iba naman ay dapat na maya't-mayang huminto upang maayos ang paghinga, ang tugtugin ay napakaganda lalo na't sinabayan ito ng pag awit ng mga hindi tumutugtog. May luha sa mga matang nagpasalamat ang prinsesa. Hinagkan nito ang mga kamay ni Fr. Damien bilang pasasalamat sa kabutihan nito sa kanyang mga nasasakupan. Umalis ang prinsesa





taglay hindi lamang ang napakasakit na kalagayan ng mga tao kundi ang magandang karanasan na nakita niya sa lugar na iyon.

Dahil sa pagdalaw ng prinsesa at pagbabatikos sa Board of Health, niluwagan ng mga ito ang batas na kanilang ginawa tungkol sa pagdalaw at pag-alis sa Molokai. Pagkatapos ng pagtungo roon ng prinsesa, dumating naman si Bishop Maigret dala-dala ang isang Krus na alahas na nagmula sa prinsesa. Ito ay isang gantimpala mula sa prinsesa para kay Fr. Damien. Bagaman masaya ang pari sa gantimpalang ito, hindi niya iyon binigyan ng labis na pansin. Para sa kanya, wala ng iba pang mahalagang palamuti sa kanyang katawan kundi ang insigniya ng “Mahal na Puso ni Hesus at Maria” na nakakabit sa kanyang abito.

Isang gabi, tatlong oras pagkatapos ng kanyang pagpapakumpisal katulad ng dati, dama niya ang pagod at pananakit ng katawan. Ipinasya niyang tapusin ang pagbabasa ng kanyang aklat-dasalan habang ang kanyang mga paa ay nakababad sa maligamgam na tubig. Maya-maya pa’y tinuyo na niya ang mga paa. Bigla na lamang siyang natigilan. Sinubukan niyang ilubog sa tubig ang isang daliri ng kamay - nakapapaso ang init nito. Subalit hindi ito naramdaman ng kanyang mga paa. Isa itong senyales ng sakit. Nang sumunod na araw, tamang-tama namang may doktor na bumisita sa lugar na iyon, nagpatingin sa manggagamot si Fr. Damien. Pagkatapos siyang suriin hindi alam ng manggagamot ang gagawin. Napansin ni Fr. Damien ang kanyang pagkabahala. *“Ano na doktor?”* tanong ng pari. *“Kung ano ang nasa isip mo, iyon ay totoo. May sakit ka ng ketong!”* ang pahayag ng doktor.

Ang mga paghihirap ng ketongin ang nasa isip ni Fr. Damien nang mga sandaling iyon. Sa wakas, kaisa na nila sa paghihirap ang kanilang mabuting pastol. Walang pagkabahalang sinabi ni Fr. Damien. *“Inaasahan ko na ito sa unang araw pa lamang ng pagdating ko dito.”* Ibinalita ni Fr. Damien sa kanyang Superyor ang natuklasang ito. Ang kanyang ina naman ay namimighati sa narinig na masamang balita sa kanyang minamahal na anak. Noong ika-5





Padre Damien ng Molokai

ng Abril, 1886, sa huling pagkakataon, tiningnan ni Catherine De Veuester, ina ni Damien, ang imahen ng Birheng Maria at larawan ng kanyang anak na si Damien. Siya'y payapang binawian ng buhay.

Inanyayahan ng mga madreng Pransiskano si Fr. Damien na magtungo sa kanilang ospital sa Honolulu. Para sa mga madre, isang bayani si Fr. Damien. Namalagi roon si Fr. Damien para gamutin, subalit ang panggagamot sa kanya ay nagbibigay lamang ng kaunting kaghawahan. Lagi rin niyang naiisip ang mga maysakit na kanyang pinaglilingkuran. Nagpasya si Fr. Damien na lisanin ang ospital at bumalik na sa Molokai. Hindi naging hadlang ang kanyang sakit bagkus lalo pa niyang ibinuhos ang lahat ng kanyang lakas sa mga gawaing nais niyang gawin. Bago siya umalis, inanyayahan niya ang mga madreng tumungo sa Molokai at pangalagaan ang mga batang babae. *“Ipinapangako ko na wala ni isa man sa mga madre ninyo ang mahahawa ng sakit”*. Ang pangakong ito'y tinupad ni Fr. Damien. Hanggang ngayon, wala pa ngang nahahawa ng sakit sa kanila.

Dumarami na ang tulong na natatanggap ni Fr. Damien. Noong ika-29 ng Hulyo, 1886, dumating ang isang Amerikano na si Joseph Dutton sa Molokai. Siya ay dating nasa giyera at nagbalik-loob sa Diyos. Nabalitaan niya ang tungkol kay Fr. Damien at naging malaki ang naitutulong niya sa mga gawain. Hindi nagtagal, dumating pa ang isang makakatulong nila na si James Sinnet mula sa Chicago na naging Brother James. Mula sa England, dumating naman ang pinansyal na tulong mula sa Anglikanong Ministro na si Reverent Hugh B. Chapman na sumulat sa kanya: *“Buong kababaang loob at paggalang sa iyo, tanggapin mo ang munting tulong na ito - ikaw na pasan-pasan ang bigat ng Krus na ibinigay sa iyo ng Diyos. Mas higit akong natuto sa kasaysayan ng iyong buhay kaysa sa lahat ng mga araling nabasa ko.”*

Noong ika-17 ng Disyembre, 1888, dumating si Edward Clifford upang bumisita sa Molokai dala-dala ang ibat ibang tulong mula sa Europa. Isa rin siyang magaling na pintor at sa kapipilit nito, nagawa niyang ipinta si Fr. Damien. *“Hindi ko akalaing ganito na*





Buhay Misyonero

ako kapangit, sinira na ng ketong ang aking mukha,” malungkot na nasabi ni Fr. Damien matapos niyang makita ang ipininta ni Edward. *“Maaari ko bang ipadala ang kopya sa iyong kapatid, kay Fr. Pamphile?”* ang tanong nito. *“Pakiusap... huwag! Ayaw kong lubos siyang mag-alala sa aking kalagayan,”* ang tugon ni Fr. Damien. Halos maubos na ang ilong ni Fr. Damien sapagkat unti-unti nang nalalaglag ang laman nito. Nahirirapan na rin siyang huminga kaya’t madalas na isa o dalawang oras na lamang ang tulog niya sa buong magdamag. Hindi na rin makakita ang isa niyang mata, ang isa naman ay unti-unti nang lumalabo. Kahit hirap na hirap na siyang kumilos, masaya pa rin siyang nagdiriwang ng Banal na Misa. Kahit gaano kasakit ang kanyang nararamdaman, mas inuuna pa rin niya ang pangangailangan ng mga ketongin. Patuloy niyang dinadalaw ang mga ito.

Buwan ng Setyembre, 1888, nang dapuan si Fr. Damien ng matinding lagnat. Buong pagmamahal na inalagaan siya nina Brother James, Brother Dutton, at Fr. Conrardy, ang paring dumating na nakatuwang ni Fr. Damien. Halos anim na linggo na siyang nasa banig ng karamdaman at may matinding lagnat nang malaman niyang dumating si Mother Marianne at ang dalawa pang madre na tutulong sa gawain ng misyon sa Molokai. Hindi rin nagtagal, dumating ang isa pang pari mula sa kanyang Kongregasyon, si Fr. Wendelin Moellers bilang opisyal na tutulong kay Fr. Damien. Ang liham at tulong pinansyal ay dumating rin sa Molokai. Dumating rin ang mga doktor na kusang-loob na ibinigay ang kanilang kakayahan sa panggagamot. Anong ligaya ang nadama ng naghihirap na pari! Sa wakas, binigyang-pansin rin ang lugar na minsan ay tila kinalimutan. Higit sa lahat, ang mundo ay nagpakita na ng pagmamahal at pag-aaruga sa mga taong may sakit na ketong.

“Kaunting araw na lamang ang natitira sa aking buhay,” wika ni Fr. Damien. *“Nais ng Diyos na ako’y makapiling niya sa Linggo ng Muling Pagkabuhay. Maaari na akong pumanaw. Mas marami kayong magagawa kaysa sa mga nagawa ko.”* Ibinigay ni





Padre Damien ng Molokai

Fr. Damien ang lahat ng mga bagay na nasa kanya. *“Masaya akong mamamatay na wala ni isa mang ari-arian.”* Noong ika-30 ng Marso, 1889, nangumpisal si Fr. Damien kay Fr. Wendelin at siya’y tumanggap ng huling Sakramento. Noong araw ring iyon muling isinagawa nina Fr. Damien at Fr. Wendelin ang kanilang panatang mamuhay sa kapayakan, kalinisan at pagtalima. *“Sabihin mo sa Superior General ng ating Kongregasyon na napakasaya kong mamamatay na tapat sa aking pangako at nananatiling anak ng Kongregasyon ng Sacred Hearts.”*

Ika-15 ng Abril, 1889, kasalukuyang Mahal na Araw, siya’y binawian ng buhay sa edad na 46. Natupad ang sinasabi nitong nais siyang makasama ni Hesus sa Linggo ng Muling Pagkabuhay. Ang buong Molokai ay nag-aabang ng balita tungkol sa kanilang butihing pastol. Kaya’t ganoon na lamang ang kanilang kapighatian nang malaman na siya’y binawian na ng buhay. Wala na ang “amang” nagmahal at tumanggap sa kanila sa kabila ng kanilang kalagayan. Inilibing nila si Padre Damien sa ilalim ng punong pandanus, ang kauna-unahang naging tahanan ni Fr. Damien at kumupkop sa kanya lalo na sa mga unang gabi niya sa Molokai. Ang magiting na tinig ng paring may ketong ngayon ay hindi na maririnig. Ang matipunong katawan na minsan ay gumawa ng kapilya, bahay, pahingahan, kabaong, at naglagay ng mga tubo upang dumaloy ang tubig sa kanilang lugar ay namamahinga na. Subalit ang katulad niya ay hindi namamatay, mananatili ang kanyang alaala. Ipinakita niya sa uri ng kanyang pamumuhay at kung sa papaano siya namatay na walang napakahirap na pagsasakripisyo na hindi kayang lampasan para sa pagmamahal kay Kristo. Isinakatuparan niya ang mga sinabi ni Hesus: *“Wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kanyang mga kaibigan.”* (Jn. 15: 13)





Padre Damien ng Molokai

Setyembre 6, 1897 - Italy

† Hunyo 15, 1988 - Mong Pin, Myanmar





Padre Clemente Vismara

Si Padre Vismara ay isinilang noong ika-6 ng Setyembre, 1897 sa Agrate Brianza, Italy. Siya ay panlima sa anim na magkakapatid. Pumasok siya sa seminaryo ng Milan upang maging isang paring *Diocesan* noong taong 1913. Nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig noong taong 1914, siya ay pinili bilang isang sundalo at nabigyan ng karangalan dahil sa kagitingang kanyang ipinakita. Nang matapos ang digmaan, siya ay muling bumalik sa seminaryo subalit naramdaman niyang hindi niya kaya ang buhay ng isang paring *Diocesan* kaya't minabuti niyang lumabas na lamang sa seminaryo. Ang nasabing mga pari ay yaong mga naglilingkod sa sariling bayan.

Una niyang naramdaman ang pagnanais na maging misyonero nang kanyang mabasa ang *The Workers are Few (Ang mga Manggagawa ay Kakaunti)*. Ito ay isang librong isinulat ni Padre Paolo Manna, isang paring PIME (*Pontifical Institute for the Foreign Missions*). Dahil dito, nagkaroon siya ng interes na maging isang misyonero sa Kongregasyon ng PIME. Inordinahan siyang pari noong ika-26 ng Mayo, 1923. At noong ika-2 ng Agosto, sina Padre Clemente Vismara at Padre Angelo Sironi ay ipinadala sa Keng Tung, Myanmar upang magmisyon.

Sa halos na 65 taong pamamalagi ni Padre Vismara sa pagmimisyon sa Myanmar, itinalaga niya ang paglilingkod sa mga taong lubhang nangangailangan ng tulong. Bilang isang misyonero walang ibang hinangad si Padre Vismara kundi ang tulungan ang mga ulila, bata at babaeng inaapi. Minahal sila ni Padre Vismara tulad ng isang amang nagmamahal sa sariling anak. Tinulungan rin niya ang mga babaeng hiwalay sa asawa. Katuwang niya sa misyong ito ang





Buhay Misyonero

mga madre at ang kanilang kumbento ay may nakalaang lugar para sa mga kapuspalad na ito. Hindi rin naging hadlang ang pagkakaiba-iba ng mga relihiyon. Bukas ang kanyang puso para sa lahat.

Ang Myanmar ay naging kilala sa pangalang Burma nang ito ay nasakop ng Britanya noong taong 1852. Ito ay sinasabi ring bansa ng mga *pagoda* dahil sa dami ng pagodang makikita dito. Ang *pagoda* ay yaong mga templong pinagsasambahan ng mga nananalig kay *Buddha*, at ang kanilang relihiyon ay tinatawag na Budismo. Ito ang relihiyong kinagisnan ng mga tao dito.

Ang populasyon ng Burma ay may 40 hanggang 50 milyong katao. Maraming iba't ibang tribu ang naninirahan dito. Ilan sa mga kilalang tribu ay ang Shan, Iko, Karen at Wah. Nakarating ang Kristiyanismo sa lugar na iyon taong 1614 subalit ang unang naging seryosong pagmimisyon doon ay noon taong 1852 matapos na ito'y maging bahagi ng Britanya. Mula noon, unti-unti ng ipinaayos ang mga daan at nagpatayo na rin ng mga paaralan. Si Santo Papa Pius IX ang nanunungkulan noon bilang pinuno ng Simbahang Katoliko at siya'y nag-anyaya sa iba't ibang Kongregasyon na magtungo sa Burma upang magmisyon. Isa sa mga tumugon ay ang Kongregasyon ng PIME.

Pagkatapos ng tatlong buwang paglalakbay, ang unang grupo ng mga paring misyonerong PIME ay nakarating sa Burma noong ika-6 ng Marso, 1868. Nang dumating ang mga unang misyonerong PIME, sila ay itinalagang magmisyon sa Hilagang-Silangan ng Burma at bahagi nito ang "Keng Tung." Bulubundukin ang lugar na ito at napakapayak ng tirahan ng mga tao, wala ni isa mang bintana na makikita sa kanilang tahanan kaya't lubha ring napakainit, bukod sa talagang napakainit na ng lugar. Ang ikinabubuhay ng mga tao ay pagtanim ng palay, gulay, ganoon rin ang pangangaso sa lumang pamamaraan - ang paggamit ng sibat. Ang mga tao ay kalat-kalat sa bulubunduking lugar na kung saan walang komersiyo, industriya, kalakalan, gamot, ospital, wala ring telepono o kahit anong uri ng komunikasyon. Wala ring doktor maliban sa tinatawag na *shaman*





na ang ginagamit sa panggagamot ay ang paggamit ng mga halamang gamot.

Ang paglalakbay ay pinakamahirap nilang kalaban sapagkat halos masusukal pa ang mga daan, hayop lamang ang maaaring gamitin sa paglalakbay. Ang mga tao ay naglalakbay ng nakapaa sa kabila ng panganib na dulot ng mababangis na hayop, masasamang-loob at napakainit na panahon. Ang Keng Tung ay isa ring malayang lugar sa matagal na panahon sapagkat ipinaglalaman ito ng mga naninirahan dito sa mga bansang gustong sumakop sa kanila, subalit ito rin ay nasakop ng Britanya. Naging himpilan ang Keng Tung ng mga misyonero para sa *Diocese* na nasa siyudad ng Toungoo. Mula sa Toungoo, labindalawang araw ang lalakbayin bago marating ang Rangoon, ang pinakasentrong bahagi ng Burma. Pagkalipas ng ilang mga taon, bagama't nakaranas ng iba't ibang kahirapan ang mga misyonero, matatag naman nilang naitanim ang pundasyon ng pananampalatayang Kristiyanismo sa lugar na ito. Salamat sa mga misyonero.

Dahil patuloy na naglalaman ang mga tribu, hindi naging maganda ang reputasyon ng Keng Tung sa mga kalapit-lugar nito. Taong 1912 nang halos napakaimposibleng makatagpo ng katutubong magiging gabay ng mga misyonero sa pagdalaw sa lugar na iyon. Ang pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig (1914-1918) ay nakahadlang sa pagtungo roon ng mga bagong misyonero.

Katulad ng iba pang mga paring misyonero, ang paglalakbay ni Padre Vismara ay tila *caravan* (mamamalakaya). Ang grupong ito ay kinapalolooban ng mga katekista, guro, mga batang lalaking ulila, mga kababaihang hindi makapaglakbay ng nag-iisa. Sa gabi, natutulog sila sa malaking tolda ni Padre Vismara. Sa araw, walang tigil sila sa paglalakbay at tumatawid sila sa mga ilog sapagkat wala pang tulay nang mga panahong iyon. Lantad na lantad rin sila sa ulan at araw. Wala ring lugar ng pahingahan at kainan.





Buhay Misyonero


Makalipas ang ilang panahon, siya ay ipinadala sa distrito ng Mong Lin, ang pinakamalaking nayon sa lugar ng Keng Tung. Ito ang unang lugar na kanyang pinagmisyunan, naglingkod siya sa lugar na ito mula taong 1924 hanggang 1958, at masasabing ito ang pinakamahirap na mga taon sa kanyang buhay. Wala pang mga Katoliko sa lugar na iyon nang magsimulang magmisyon si Padre Vismara. Hindi lamang sa mga tao ang hirap na nararanasan ng misyonero, gayundin ang kultura at kahit ang uri ng panahon ay tila ayaw sa kanya. Bukod dito, bago dumating si Padre Vismara walang ugnayang naganap sa pagitan ng mga tao at mga dayuhan. At itinuturing nilang kaaway ang mga dayuhan. Sa lugar ring ito wala ni isa man lamang na marunong sumulat sapagkat wala ni isang paaralang matatagpuan.

Ang kanyang kauna-unahang paglalakbay patungong Mong Lin ay napakahirap. Ginabi na sila sa daan at wala ng nangahas na tumulong pa sa kanila. Pagdating nila sa Mong Lin, agad na sinimulan ni Padre Vismara ang kanyang misyon. Dahil Buddhist ang bansang ito, matibay ang paniniwala ng mga tao sa mga espiritu. Mas gusto pa ng mga taong magpatayo ng panibagong templo kaysa magpagiba o magpaayos ng mga nasirang Pagoda. Napakahigpit sa lugar na iyon, hindi niya maaaring gawin ang mga naisin ng walang pahintulot ng mga awtoridad.

Madalas na inaabot sila ng ilang linggo sa paglalakbay upang bisitahin ang mga komunidad ng mga Katoliko. Kung minsan, inaabot pa ito ng isang buwan. Ang kanyang paglalakbay ay inaabot ng pitong araw sa kagubatan kapag bumabalik si Padre Vismara sa Keng Tung. Kung siya naman ay pupunta sa Rangoon, ang pinakasentro ng Burma, umaabot ng mahigit sa isang buwan.

Sa Mong Lin, napakapayak ng pamumuhay ni Padre Vismara at ganito niya inilarawan ang kanyang buhay: *“Dito sa Mong Lin, nabubuhay ako ng walang tirahan, gumigising ng walang alarm clock, naglalaba ng walang batya,... walang humpay kong pinag-aaralan ang wika ng mga tao, dapat magawa kong sagutin ang*





Mga bata pinahalagahan ni Padre Vismara sa Burma



Isang momento sa buhay bilang misyonero



Kasama ng mga batang mula sa tribung Iko





mga problema sa araw-araw... Hindi ko nakalilimutang pakainin ang aking apatnapung mga batang ulila. Hindi ko namamalayang tumatanda ako, at walang pag-aalinlangang mamamatay akong walang pinagsisisihan – sapagkat tinutulungan ako ng Diyos.” Marami ring karanasan ang nakapagpapaligaya kay Padre Vismara tulad na lamang ng pagiging mapagbigay ng mga tao. Maganda rin ang pakikitungo sa kanya ng mga mongheng *Buddhist*.

Binibisita rin ni Padre Vismara ang ilang mga baryo. Kasama ang ilan sa mga alagang bata, naglalakad ng napakalayo para lamang marating ang iba pang mga lugar na nasasakupan ng kanyang misyon. Madalas na nakakarating sila ng gabi sa lugar. Kahit na pagod na pagod sa paglalakbay, tila ito ay naiibsan dahil sa mainit na pagtanggap ng mga tao sa kanila; ang lahat ay nagsasaya. Ganito pa inilarawan ni Padre Vismara ang ilan sa kanyang mga karanasan. *“Sa hapunan, ang bawat isa ay maaaring makikain sa kahit sinong pamilya. Malugod nilang tinatanggap ang lahat ng pumupunta sa kanilang tahanan. Sa pagpasok sa kanilang tahanan, sila’y magtatanong kung nais mo bang magpamasahé lalo na ang masahé sa paa upang maibsan ang iyong kapagurang naramdaman. Maaari kang tumanggi o tanggapin ang kanilang alok ng walang paglabag, iyan ang kanilang kaugalian.”*

Sa Mong Lin nakapagpatayo si Padre Vismara ng paaralan, bahay-ampunan at simbahan. Marahil, marami ang nagtataka kung papaano nakapagpatayo si Padre Vismara ng mga gusaling katulad ng mga malalaking bahay-ampunan at mga simbahan gayong mayroon rin siyang pinapakaing mahigit sa isandaang mga ulila.

Napakadali ng kasagutan: Ito ay sa pamamagitan ng kanyang pagsusulat. Halos libo na ang mga artikulong isinulat ni Padre Vismara sa kanyang mga kaibigan sa Europa, Amerika at Australya. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng kaalaman at inspirasyon ang mga tao sapagkat nalalaman nila ang kalagayan ng misyon sa Burma. Ang mga tao ay bukaspalad namang nagbibigay ng kanilang maaaring maitulong. Ang matatawag na opisina at





tanggapan ng mga taong bumibisita ay yaon ding kanyang tulugan. Mayroon siyang isang *typewriter* na napakahalaga sa kanya at ilawang kanyang ginagamit sa pagsusulat sa gabi.

Dahil sa dami ng kanyang ginagawa sa araw, malimit na sa gabi siya nagsusulat. Kinukuha niya at isinasakripisyo ang ilang mahahalagang oras ng kanyang pagtulog para lamang makalikom ng salaping magagamit upang mapakain ang maraming mga batang kanyang kinukupkop, o kaya naman ay upang magpatayo ng isang kapilya sa isang lugar na kailangan. Sa pamamagitan ng kanyang pagsusulat, libu-libong mga bata, kababaihan at iba pang mga tao ang kanyang naililigtas at nabibigyan ng magandang buhay. Salamat sa kanya sapagkat sa loob ng 65 taong pamamalagi sa Burma, marami mula sa mga batang ulila na kanyang kinupkop ang mga naging pari at madre. Marami rin sa kanila ang kinuhang pangalan ay Clement o Clementina bilang pagbibigay karangalan sa kanya.

Noong taong 1925, siya ay muling bumalik patungong Keng Tung. Sa paglalakbay na iyon ni Padre Vismara, kasama niya ang apat na kalalakihan, isang batang lalaki, isang batang babae, at mga kabayo na kanilang katuwang sa paglalakbay. Ang batang lalaking kasa-kasama nila ay pupunta ng Keng Tung sapagkat hindi mainam para sa kanya ang hangin sa Mon Lin at madalas na siya ay magkasakit ng malaria. Ang batang babae namang kasama nila na maaaring walong taong gulang ay isang ulila na kanyang binili mula sa kinakapatid nito at dadalhin niya sa kumbento ng mga madre sa Keng Tung.

Napakaraming batang ulila sa Keng Tung sapagkat sa edad na 30 taon, marami na ang namamatay. Marami sa mga batang naulila ay ipinagbibili sa mga tindahan. Minsan pa, sila ay ipinagbibili kapalit ng sigarilyo, ang iba naman sa kanila ay kinuha ng mga kamag-anak subalit nakakaranas ng pang-aabuso sa mga ito. Mababa rin ang pagtingin sa mga kababaihan. May malaking problema sila sa pamilya sapagkat maaaring hiwalayan ng asawang lalaki ang asawang babae kahit walang dahilan at madalas wala ring ibinibigay na suporta sa mga anak. Bukod pa rito, natuklasan ni Padre Vismara





Buhay Misyonero

na ang pisikal na kahirapan ay isa pang nakadaragdag sa mahirap na buhay ng mga tao sapagkat sakit na malaria ang pangunahing sakit dito. Kahit ang mga pari at madreng naglilingkod sa mga tao ay hindi ligtas. Sa katunayan napakarami ng namatay dahil sa sakit na ito kaya't ang lahat ng tao ay marunong manigarilyo, bata man o matanda bilang proteksyon nila sa mga lamok na nagdadala ng malaria. Sa loob ng 65 taong pamamalagi niya sa misyon, nakauwi lamang siya sa *Italy* noong taong 1957 dahil lamang sa matagal na niyang karamdaman.

Ang ikalawang distritong pinaglingkuran ni Padre Vismara ay ang Mong Pin. Dumating siya rito noong taong 1955. Katulad rin ng kanyang ginawang paglilingkod sa Mong Lin, nagpatayo rin siya roon ng bahay-ampunan, kumbento at paaralan. Sa Mong Pin na siya binawian ng buhay noong ika-15 ng Hunyo, 1988 at dito na rin siya inilibing.

Para sa kanyang kasamahan na si Padre Angelo Campagnoli, *“Si Padre Vismara ay naging tapat sa kanyang misyonaryong bokasyon sa loob ng 65 taon. Lagi siyang totoo sa kanyang sarili, masayahin at mahinahon, matulungin rin siya sa lahat at mapagtiwala sa Kalinga ng Maykapal. Siya ay tunay na alagad ng Diyos sa kabila ng mga hindi magagandang sitwasyon na kanyang naranasan.”*

Maraming pagbabagong ginawa si Padre Vismara sa mga taong kanyang pinaglingkuran. Bukod sa paaralan, ospital, bahay-ampunan at kapilya, tinuruan rin niya ng makabagong paraan ng pagsasaka ang mga tao at pagpapagawa ng irigasyon. Ipinakita niya ang pagiging tunay na misyonero sa pagtulong sa mahihirap subalit higit sa lahat, sa pagiging saksi at tagapagpahayag ni Hesus sa payak na uri ng kanyang pamumuhay.

Noong taong 1996, sa pangunguna ni Kardinal Maria Martini, ang proseso upang maideklarang Beato si Padre Vismara ay sinimulan sa kanyang bayang sinilangan sa Agrate Brianza.





Padre Clemente Vismara

Taong 2001 nang isang himala ang naganap sa pamamagitan ng pananalangin kay Padre Vismara: Ang sampung taong gulang na si Joseph Tayasoe ay nahulog limang metro ang taas mula sa puno at tumama ang kanyang ulo sa isang malaking bato. Dumaloy ang dugo mula sa kanyang ilong at tainga. Apat na araw siyang walang malay, subalit pagkatapos mag-alay ng panalangin ang kanyang mga mahal sa buhay kay Padre Vismara, nagkaroon siya ng malay at humingi ng makakain. Tuluyan siyang gumaling at wala man lamang bakas ng aksidenteng nangyari sa kanya. Sa ngayon, ang batang ito ay labingpitong taong gulang na at tuluyang bumalik sa normal ang kanyang buhay.

Hanggang sa ngayon, marami pa ring bumibisita sa puntod ni Padre Vismara, hindi lamang mga Katoliko gayundin ang mga Protestante, Buddhist, Muslim at kahit yaong mga nanatiling sumasamba sa mga anito. Siya ay tinaguriang ***Patriyarka ng Burma***.

Sa kauna-unahang pagkakataon, ang simbahan ng Myanmar ay magkakaroon na ng maipagmamalaking Beato sa katauhan ni Padre Clemente Vismara. Agad siyang tinaguriang ‘tagapagtanggol ng mga bata at ng mga kabataan’ sapagkat sa buo niyang buhay sa misyon, nanirahan siyang kasama ang may dalawa hanggang limangdaang mga batang ulila na kanyang kinupkop mula sa iba’t ibang panig ng lugar. Sila ay mga biktima ng giyera, o kaya naman ay nahiwalay sa kanilang pamilya dahil sa gutom o sakit. Bagaman namatay siya sa edad na 91, hindi niya inisip na siya ay tumatanda sapagkat siya ay nanatili pa ring kapaki-pakinabang sa mga inabandonang mga bata at mga taong may kapansanan, ketongin, balo, adik sa Opyum at mga magnanakaw na itinakwil sa kanilang lugar. Sa tulong ng mga madreng Maria Bambina, napakalaki ng naitulong ni Padre Vismara sa mga taga-Burma.

Si Padre Vismara ay tunay na huwaran ng mga misyonero lalo na sa panahon ngayon. Ang kanyang kabanalan ay makikita sa kanyang tunay na pagmamahal sa mga mahihirap at dedikasyon bilang isang pari at misyonero.



Pontifical Mission Societies

Ang Pontifical Mission Societies o PMS ay binubuo ng apat na mga organisasyon. Ayon sa dokumentong ipinahayag ng simbahan, ang pangunahing layunin ng PMS ay *'buhayin o pasiglahin ang diwa ng pagiging misyonero sa puso ng bawat mananampalataya.'* Ang PMSang nagbubukas ng kaisipan ng bawat mananampalataya na ang diwa ng pagiging misyonero ay pagbibigay-buhay sa pananalangin, pagsasakripisyo at pagbibigay ng tulong pinansyal sa misyon o pagpapalaganap ng Mabuting Balita. Bukod dito, ang kanilang pangunahing tungkulin ay isabuhay ang katotohanang *'ang likas na katangian ng simbahan ay misyonero!'* (Ad Gentes 2).

Ito ay may titulong Pontifical o Pontipiko upang ipakilalang ito ay opisyal na kasangkapan ng Santo Papa at ng Buong Simbahan sa pagpapalago ng kaalaman tungkol sa misyon. Sa ilalim ng pamamahalang tanggapan ng *Congregation for the Evangelization of People and the Bishops* sa Roma, Italy ang samahan ay matatagpuan sa 120 bansa sa buong mundo.



The Pontifical
Society for the
Propagation
of the Faith



The Pontifical
Society of
the Holy Childhood



The Pontifical
Society of St. Peter
the
Apostle



The Pontifical
Missionary
Union





Pauline Jaricot

Hulyo 22, 1799 - Lyons, France

† Enero 9, 1862 - France





Pauline Jaricot

*Tagapagtatag ng Society for the Propagation
of the Faith*

Si Pauline Jaricot ay ipinanganak noong ika-22 ng Hulyo, 1799. Siya ay pampito sa anak nina Anthony Jaricot at Jeanne Lattier. Ang mag-asawa ay kapwa mabait na Katoliko at mapagkawanggawa kaya naman ang kanyang mga anak lalo na si Pauline ay kakikitaan ng simpatiya para sa mga mahihirap. Pinangarap niyang tulungan ang mga ito kahit na sa murang edad pa lamang. Ngunit ang pangarap na iyon ay naisantabi pansamantala dahil sa maling impluwensiya ng mga kabataang nakakasalamuha niya at mas nanaig sa kanya ang kagustuhang mapamahal at makiyon sa kanila.

Araw ng Linggo. Ang buong pamilya ni Anthony Jaricot ay nagtungo sa simbahan. Buong pusong nagpasalamat ang ama sa Panginoon sa mga biyayang natatanggap: masaganang buhay, mababait at matatalinong mga anak at mapagmahal na asawa. Samantalang ang labing-apat na taong gulang na si Pauline ay natutuwa dahil sa atensiyong ibinibigay ng mga tao sa kanilang pamilya lalo na sa kanya.

Isang araw, dumating ang isang pangyayaring nakapagpabago sa takbo ng buhay ni Pauline. Siya'y bumagsak mula sa mataas na bangkong tinutuntungan. Dahil dito, naparalisa ang kanyang buong katawan at naapektuhan pati na ang kanyang pag-iisip. Ayaw ni Pauline na kaawaan siya sa kanyang kalagayan kaya hindi siya tumatanggap ng bisita maliban sa kanyang pamilya. Ang ina niya ay nag-aalaga sa kanya. Paglipas ng ilang linggo, bumigay ang katawan ng ina sa pagod dahilan upang maratay ito sa higaan. Samantala, sinabi ng doktor sa kanyang mga magulang





na si Pauline ay mananatiling paralisado at wala nang pag-asang gumaling.

Ang inang nasa kama ng mga sandaling iyon ay nag-usal ng panalangin: *“Diyos ko! Gawin mo sa akin ang Iyong naisin ngunit ilayo Ninyo sa aking anak ang ganoong karamdaman. Bawiin mo na ang aking buhay - kahit ano...pagalingin lang Ninyo si Pauline.”*

Pumanaw ang ina ngunit hindi iyon ipinaalam ng buong pamilya kay Pauline sapagkat ang sobrang kalungkutan o kasiyahan ay makakasama sa kanyang kalagayan. Hindi rin ipinaalam sa kanya ang pag-aasawa ni Paul, isa sa kanyang mga kapatid. Ang labing-anim na taong gulang na si Pauline ay nakaramdam ng pagkaawa sa sarili dahil sa kanyang kalagayan.

Isang araw, dinalaw siya ng pari upang kausapin at hikayating mangumpisal. *“Anak, malamang ang Panginoon ay may inilalaang ‘Malaking Gawain’ para sa iyo na di mo nagawa noong una dahil ‘di mo pa naranasan ang tunay na paghihirap.”*

Simula noon, unti-unti nang kinakitaan ng pag-asa si Pauline. Bumabalik na ang kanyang dating kulay at lakas. Dahil sa nakita nilang malaking pagbabago, nagpasya ang buong pamilya na sabihin ang nangyari tungkol sa kanyang ina. *“Alam ko ‘yon. Kawawang Mama, alam ko na isinakripisyo n’ya ang kanyang buhay para sa akin.”* Nagulat ang mga kasambahay sa sinabi nito, akala nila ay walang kaalam-alam si Pauline sa nangyari sa kanilang ina.

Ang nais niyang malaman o matagpuan ngayon ay ang ‘Malaking Gawaing’ nabanggit sa kanya ng pari at hindi siya matatahimik hangga’t di malinaw sa kanya ang bagay na iyon. Minsa’y sumagi sa kanyang isipan ang pagmamadre ngunit alam niyang hindi siya para sa ganitong buhay at hindi niya kayang mamalagi sa loob ng kumbento. Ang hilig niya kasi ay magagandang kasuotan, alahas at magagarang okasyon.





Buhay Misyonero

Araw ng Linggo. Suot ang pinakamagandang kasuotan, nagtungo sa simbahan si Pauline. Si Padre John Wurtz, 41 taong gulang, ay nagbigay ng homiliya tungkol sa kaluhuan ng buhay at ito ay tumimo sa puso ni Pauline. Ninais tuloy ng dalagang makausap ito pagkatapos ng Banal na Misa. May pagdududa sa pari nang makita niya ang dalaga sa eleganteng kasuotan. Sa kabila nito, nagsasabi si Pauline na hindi siya masaya sa uri ng buhay na tinatamasa at naniniwalang ang Panginoon ay may natatanging misyon para sa kanya. Pagkatapos ng kanyang pangungumpisal nangako ang pari na magiging *Spiritual Director* ni Pauline kung susundin nito ang mga payong kanyang ibibigay.

Masaya si Pauline na makatagpo ng isang tulad ni Padre John na makakatulong at magbibigay ng payo sa kanya. Ibinuhos niya ang panahon sa pagdarasal at pagkakawanggawa. Ipinagbili ang ibang mamahaling alahas upang ibahagi ang pera sa mga mahihirap. Ang kanyang mga bago at magagandang kasuotan ay ipinagawa niya bilang kasuotan ng mga pari sa mahihirap na simbahan, at ang mga bulaklak at ribon na karaniwang palamuti sa kanyang buhok ay pinagawa niyang palamuti sa ulo ng mga bata kapag sila ay sumasali sa okasyon sa simbahan. Pinagsilbihan rin niya ang mga maysakit sa ospital.

Tunay ngang malaki ang ipinagbago ni Pauline kaya nag-aalala ang kanyang ama. Ang mga kapatid ay naniniwalang babalik din si Pauline sa nakasanayang uri ng buhay. Ngunit lumipas ang mga araw ay patuloy pa rin si Pauline sa pagkakawanggawa at pagsisilbi sa mga pasyenteng wala nang lunas ang karamdaman - gamit ang luma at di magandang uniporme. Marami ang nangungutya at nag-iisip na siya ay nababaliw pati na ang mga kaibigan, ngunit sila'y di pinapansin ni Pauline. Ang mahalaga sa kanya ay malaman kung ano ba ang nais ng Panginoong Diyos para sa kanya at patuloy siya sa pagdarasal na nawa'y ipagkaloob na ito sa kanya. Noong taong 1817, mula sa mga manggagawa sa pabrika ni Victor Charton na asawa ng kapatid niyang si Laurette, bumuo siya ng samahang tinawag na *Reparation of the Sacred Heart of Jesus*. Nakumbinsi ang grupo na tuwing ika-3 ng hapon sila ay titigil sa kanilang mga gawain at magdarasal ng isang Ama Namin at





Pauline Jaricot

tatlong Aba Ginoong Maria bilang paggunita sa pagkamatay ni Hesus sa Krus. Sa suhestiyon ni Phileas, na kanyang nakatatandang kapatid, ang bawat miyembro ay magbibigay rin ng sentimo kada-isang linggo para sa misyon sa labas ng bansa lalo na sa Tsina maliban sa pananalangin. Ang bawat sentimo ay para sa mga katekista o layko sa bansang ito.

Isang araw, habang nagdarasal sa harap ng Banal na Sakramento, nakakita siya ng isang pangitain: dalawang lampara na ang isa ay puno ng langis samantalang ang isa ay walang laman. Ang walang laman ay unti-unting napupuno mula sa lamparang may laman. Para kay Pauline, ang walang laman ay nagpapakita ng pananampalataya ng Pransiya samantalang ang punong lampara ay kumakatawan sa pananampalataya ng mga bagong Kristiyano sa bansang pagano. Sa pamamagitan ng kanilang pagbabalik-loob at mga panalangin, sila ang magpapanumbalik ng pananampalataya sa Pransiya. Lalo pang naging masigasig ang mga miyembro ng *Reparation of the Sacred Heart of Jesus*. Mula sa mga miyembro, nagsimula ang *Society for the Propagation of the Faith* o *Propaganda Fide* na ang layunin ay magkaroon ng kaalaman tungkol sa misyon ang mga pari at layko at anyayahan ang bawat Kristiyanong tumulong sa misyon sa materyal at espiritwal na pangangailangan nito. Isang malinaw na ideya ang pumasok sa kanyang isipan upang maging maayos at organisado ang asosasyon. May sampu sa isang grupo at ang bawat isa ay may obligasyong magbigay ng sentimo sa isang linggo. Ang bawat miyembro ay bubuo pa rin ng grupo ng sampung katao at gayon din ang gagawin ng bagong kasapi.

“Pauline, hindi mapag-aalinlangang ang ideyang ito ay nanggaling sa Panginoon. Sige, ipagpatuloy mo ang gawaing ito taglay ang aking basbas,” ang natutuwang pahayag ni Padre Wurtz.

Ngunit may mga taong hindi sang-ayon sa kanyang gawain, mga taong naiinggit sapagkat hindi nila matanggap ang ideyang iyon ay nagmula sa isa lamang babae at napakabata pa. Sa kabila niyon, patuloy pa rin si Pauline sa mga gawain sa *Propaganda Fide* at pagkakawanggawa.





Buhay Misyonero

Mabilis na dumami ang miyembro, hindi lamang sa Lyons kundi sa buong Pransiya kaya noong 1822 ang asosasyong Propaganda Fide ay pormal na inaprubahan ng Santo Papa. Nang mga panahon ding iyon, sinimulan ni Pauline ang pagbibigay ng sulat at iba pang mga babasahin sa mga miyembro, buhay ng mga Santo at mga kuwento ng mga misyonero na nasa iba't ibang panig ng mundo. Minabuti nilang magkaroon ng opisina sa Lyons at Paris gayundin ang magbago ng komiteng mamamalakad sa asosasyon.

Isa uling inspirasyon ang nabuo kay Pauline - ang debosyon kay Inang Maria. Sa panahong iyon, napansin niyang wala nang gana ang mga tao na magdasal ng Santo Rosaryo kaya bumuo siya ng samahan na pinangalanang *The Living Rosary*. Layunin nitong ipagpatuloy ang pagdarasal ng Rosaryo sa mas aktibong pamamaraan tulad ng pagkakaroon ng meditasyon sa bawat Misteryo ng Santo Rosaryo at hikayatin ang mga taong magkaroon ng kaugaliang magbasa ng mga espiritwal na babasahin. Ang bawat grupo ay binubuo ng limang katao upang magdasal ng Santo Rosaryo bawat araw. Ang Asosasyon ng *Living Rosary* ay itinatag noong taong 1826 at ito ay lumago. Sa katunayan, higit sa isang milyon na ang miyembro nito noong taong 1838. Ang bawat isa ay nag-aalay ng isang buong Misteryo sa bawat araw at nagbibigay ng kontribusyon na labinlimang sentimo hanggang isang dolyar. Ang kontribusyong ibinibigay ng bawat miyembro ay para sa pamamahagi ng mga babasahin, mga larawan at rosaryo. Bumuo rin siya ng institusyong pinangalanan niyang *Daughters of Mary* na ang gawain ay mangalaga ng mga maysakit. Ilan sa mga ito ay hindi umalis sa kanyang tabi at naging tapat hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.

Ngunit hindi lahat ng ideya ni Pauline ay nagtagumpay. Isa na rito ay ang ideya na magkaroon ng komunidad ng mga Kristiyano na matutugunan ang bawat pangangailangan ng bawat taong nakatira dito: edukasyon, hanapbuhay, kalinga para sa mga may sakit at iba pa. Kinausap niya ang mga mayayamang tao na nais magbahagi ng kayamanan upang magkaroon ng pondo at ito ang magiging pondo





Pauline Jaricot

para sa nasabing proyekto. Ngunit siya ay niloko ng pinagkatiwalaang tao, naging biktima ng isang impostor sapagkat tinangay nito ang perang ipinagkatiwala sa kanya. Sa kabila niyon, hindi niya tinalikuran ang obligasyong bayaran ang mga utang. Namalimos siya sa mga mayayaman at kilalang tao at sa mga itinuturing na kaibigan. Lumapit din siya sa asosasyon ng *Propaganda Fide* upang humingi ng tulong. Dito niya natuklasang hindi siya kinilalang tagapagtatag ng asosasyon sapagkat maling impormasyon ang natanggap ng mga bagong kasapi tungkol sa nagtatag nito. Tumanggi ang mga ito na tulungan si Pauline na makapagbayad ng utang na kung sa tutuusin naman ay magagawa nila. Sa karanasang iyon, nakita niya kung sino ang mga tunay na kaibigan. Naranasan niya ang mamalimos, mapahiya at ipagtabuyan. Gayunpaman, kalahati ng utang ay kanyang nabayaran bago siya binawian ng buhay. Bagaman namatay siyang mahirap at bigo, may ngiti pa rin sa mga labi ang dalaga sapagkat sa wakas, makakapiling na niya ang Mahal na Birheng Maria na kanyang lubhang pinahalagahan kaya nga't naitatag niya ang samahan ng "Living Rosary." Ang huling mga salitang namutawi sa kanyang mga labi bago siya binawian ng buhay ay: "*O Maria, aking Ina ang aking buhay ay sa iyo!*"

Si Pauline ay idineklarang Beato noong ika-25 ng Pebrero, 1963, samantalang taong 1962 nagdeklara si Papa Juan XXIII na sa kanya nagsimula ang ideya ng pagtatatag ng *Propaganda Fide*, at nagpatibay na siya ang tunay na tagapagtatag nito. Noong ika-3 ng Mayo, 1923, ang samahan ay ipinahayag na *Pontipiko* na ang ibig sabihin ay kinilala ito ng buong Simbahan at ito ay nasa ilalim ng pamamahala ng Santo Papa. Patuloy na lumalaganap ang Samahan sa buong mundo upang tumulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, pagpapatayo ng mga simbahan, pagpapadala ng tulong pinansiyal sa pagtuturo ng Katesismo at marami pang iba. Sa ngayon, ang mga kasapi ay may obligasyong ipagdasal ang intensyon ng Santo Papa araw-araw, ipagdasal ang mga misyonero sa pamamagitan ng pagdarasal ng "Missionary Rosary", pagbibigay ng tulong pinansyal at hikayatin ang mga maysakit na ialay ng mga ito ang kanilang mga paghihirap at sakripisyo para sa Misyon ng Simbahan.





Bishop Charles De Forbin Janson

Nobyembre 3, 1785 – Paris, France

† Hulyo 12, 1844 - France





Bishop Charles De Forbin Janson

Tagapagtatag ng Holy Childhood Association

Si Charles de Forbin Janson ay ipinanganak noong ika-3 ng Nobyembre, 1785. Siya ay nagmula sa angkan ng mga maharlika o makapangyarihang tao sa kanilang lugar at pangalawang anak na lalaki nina Konde Michael Palamede at Prinsesa Cornелиe Henriette ng Galian. Mula pagkabata, naglingkod na si Charles bilang isa sa mga kabalyero ng hari ng Pransya, at nagsilbi bilang isang sundalo nang labing-anim na taong gulang.

Dahil sa pagkapoot sa ginawang panggugulo ni Napoleon laban kay Papa Pius VII, iniwan ni Charles ang kanyang tungkulin sa gobyerno. Ang kanyang pamilya at mga kababayan ay umaasang magkakaroon siya ng matagumpay at magandang buhay, subalit nagulat silang lahat nang siya'y nagpasyang pumasok sa seminaryo ng St. Sulpice noong taong 1808.

Si Forbin Janson ay naging isang seminarista at umanib sa lihim na samahan ng mga Heswita. Noong mga panahong iyon, may grupo ng mga kabataang nahikayat sa mga gawaing pangmisyong kabilang si Charles Forbin. Naging malapit na kaibigan ni Charles Forbin si Charles-Joseph-Eugene de Mazenod dahil sa parehong damdamin at pangarap para sa mga gawaing pangmisyong.

Inordinahan bilang paring *Diocesan* ng Chambery si Charles Forbin Janson noong ika-15 ng Disyembre, 1811 dahil sa masidhing pangarap na maging isang misyonero mula noong siya'y isang bata pa. Minsan, pauwi na siya sa kanilang tahanan mula sa paaralang elementarya - panahon noon ng taglamig at umuulan ng yelo sa kanilang lugar nang makita niya ang isang





Buhay Misyonero

batang nanginginig dahil sa matinding ginaw. Awang-awa si Charles kaya't hinubad niya ang kanyang sapatos at ibinigay iyon sa batang giniginaw. Mula noon, nagkaroon na siya ng hangaring tumulong sa misyon. Matagal na niyang hinahangad na makarating sa bansang Tsina sapagkat marami siyang nababalitaang mga kuwento mula sa mga misyonerong nagmula roon. Nabalitaan niyang maraming mga batang namamatay doon ang hindi nabibigyan ng Sakramento ng Binyag kaya nais niyang tumulong sa mga misyonerong naroroon.

Siya'y naging mataas na pinuno o superyor ng Seminario sa Chambéry. Noong taong 1814, naglakbay siya patungo sa Roma. Pagkatapos konsultahin si Papa Pius VII sa kanyang desisyon na tumungo sa Tsina, hindi siya pinayagan nito. Sa halip, hinikayat siyang mamalagi na lamang sa Pransya. Nais ng Santo Papa na siya'y muling magpalaganap ng Kristiyanismo sa Pransya sapagkat ito'y tila nagiging isang bansang wala ng takot sa Diyos bunga ng labis na rebolusyon. Kasama si Abbe David de Rausan, itinatag niya ang *Societe de Missions de France* (Samahan para sa Misyon sa Pransya). Ito ang naging simula ng pagbabalik-sigla ng pagtulong sa gawaing pangmisyon. Dahil sa kakayahan ni Charles Forbin sa pananalita at pagiging aktibo, naging matagumpay ang kanyang mga gawain. Ang kasukdulan ng misyong kanyang ginawa ay ang pagtatayo ng Kalbaryo (alaala ng pagpapakasakit ni Kristo sa Krus) na naging paboritong lugar ng mga taong sumasama sa mga banal na paglalakbay.

Noong ika-21 ng Nobyembre, 1823, si Charles Forbin na naging kilala ng publiko dahil sa dami ng kanyang ginagawa para sa misyon ay ginawang Obispo ng Nancy at Toul. Siya ay nagtalaga ng sarili sa kapilya ng Mont Valerein noong ika-6 ng Hunyo, 1824. Dahil sa mga kaguluhang nagaganap noon, hindi nilubayan si Bishop Charles ng mga pag-uusig ng gobyerno hanggang sa tuluyan siyang pinaalis sa Nancy. Ang mas masakit pa, sinira ang kanyang ipinatayong Kalbaryo na lubos niyang pinagtuunan at pinagbuhusan ng maraming hirap at pera para lamang maipatayo.





Bishop Charles De Forbin Janson

Nang makalaya si Charles mula sa mga pang-uusig sa kanya, muli siyang bumalik sa Pransya. Siya'y naging isang magaling na mangangaral, subalit siya ay hindi maaaring manatili sa Diocese dahil sa isyung pampulitikal. Nakilala niya si Pauline Jaricot, ang tagapagtatag ng *Society for the Propagation of the Faith* na noon ay tumutulong sa mga misyonero sa Estados Unidos. Si Jaricot ay tumutulong ding maipalaganap ang samahang ito. Simula noon natuon ang pansin ni Charles sa kalagayan ng mga misyonero sa Hilagang Amerika. Sa katunayan, siya ay nakakatanggap ng mga imbitasyon mula sa mga Obispong naglingkod sa Amerika na siya ay pumunta sa lugar na iyon. Nagtungo siya sa Roma at sinangayunan ni Papa Gregory XVI ang kanyang planong magmisyon sa ibang bansa. Bukod pa rito, ipinagkatiwala rin sa kanya ang isang misyon doon.

Noong Oktubre 18, taong 1839, si Obispo Charles Forbin ay dumating sa New York, Amerika. Sa panahong iyon, ang pagpapanibago tungkol sa pananaw sa misyon ay naging dahilan upang makilala sa buong Pransya si Bishop Charles dahil sa pagpapakita niya ng lubos na pagmamahal sa misyon. Nagkaroon tuloy ng malaking pagbabago hindi lamang sa Simbahang Katoliko sa Amerika, ganoon rin sa Simbahang Protestante. Nang siya'y dumating sa New York, wala pang mga seminaryo doon. Gamit ang kabayo, naglakbay rin si Bishop Charles sa New Orleans, Baltimore at Canada upang maipalaganap ang Mabuting Balita. Nagbigay siya ng mga pagninilay sa mga tao, nagdiriwang ng Banal na Eukaristiya at nagturo sa mga bata ng Katesismo. Pagkatapos ng maikling panahong inilagi niya sa New York, doon niya lubos na naunawaan na ang mga ibang misyonero ay walang simbahang maitatawag na talagang kanila, kaya siya ay nagkusang magpatayo ng simbahan at ito'y inihandog niya sa karangalan ni St. Vincent de Paul. Ang aktibong pagpupunyagi ni Bishop Charles ay unti-unting nagkaroon ng bunga sapagkat dumami ang mga taong nakakilala sa misyon, gayundin ang mga taong nais tumulong sa misyon ng Simbahan. Sa kanyang pagbibisita sa iba't ibang lugar at parokya, ginawa niya ang mga iba't ibang paraan upang maihatid ang Mabuting Balita.





Pagkalipas ng dalawang taon sa misyong ito, siya ay muling bumalik sa Pransya kung saan nagkaroon siya ng pagkakataong isiwalat ang matagal na niyang hangarin sa kaibigang si Pauline Jaricot: ang pagtulong sa mga batang mahihirap sa bansang Tsina. Katulad ni Jaricot, nakita ni Bishop Charles ang kahalagahan ng pagtutulongan para sa ikauunlad ng misyon ng Simbahan. Nais niyang makibahagi ang mga bata rito sa pamamagitan ng kaunting tulong na kanilang maibibigay. Hindi naging madali ang pagtanggap sa ideyang iyon ni Bishop Charles Forbin, sapagkat marami ang nag-isip na ito ay isang kompetisyon lang sa pagtulong ng Propagation of the Faith Association kung kaya't napilitan ang Obispo na ihiwalay ito sa nabanggit na samahan.

Kaya noong taong ding iyon (1843), tinipon ni Bishop Charles ang mga batang Pranses at tinanong sila ng ganito: *“Nais ba ninyong tulongan akong mailigtas ang mga batang naghihirap sa Tsina lalo na yaong mga namamatay nang hindi nabibinyagan?”* Tumugon ang mga bata, *“Opo, gusto naming tumulong. Sa papaanong paraan?”* *“Maipapangako ba ninyong magdarasal kayo ng isang Aba Birheng Maria araw-araw at magbibigay ng kaunting tulong pinansyal sa abot ng inyong makakaya?”* wika ng Obispo at tinanggap ito ng mga bata. Noon ngang ika-19 ng Mayo, 1843, opisyal na naitatag ang Holy Childhood Association (HCA). Naglibot siya sa buong Pransya at sinimulang ipakilala sa mga parokya ang samahang ito ng mga bata. Naging matagumpay ang ginawang ito ng Obispo.

Ang Samahan ng HCA ay lumaganap hindi lamang sa bansang Pransya kundi sa buong kontinente ng Europa at hilagang bahagi ng Amerika. Nais ng Obispong maipalaganap ang layunin ng samahan: ***“Tulongan ng mga bata ang kapwa bata.”*** Ibinuhos ni Bishop Charles Forbin ang kanyang buong lakas sa paglilingkod sa misyon hanggang siya'y binawian ng buhay noong ika-12 ng Hulyo, 1844.

Kahit na sumakabilang buhay na ang nagtatag ng Holy Childhood Association, ito ay patuloy na sumusuporta sa mga institusyon katulad ng paaralan at buong simbahan. Noong ika-





Bishop Charles De Forbin Janson

18 ng Hulyo, 1856, ang asosasyon ay naging pormal na bahagi ng simbahan at nagtalaga ng isang Kardinal na pangkalahatang mamamahala. Ang lahat ng mga Obispo ay inanyayahang ipakilala at ipalaganap ang samahang ito sa kanilang mga Diocese. Noong taong 1882, nagsalita si Papa Leo XIII tungkol dito: *“Ang aking masidhing hangarin ay maging kasapi ng napakagandang samahang ito ang lahat ng mga batang Katoliko sa buong mundo.”*

Hanggang ngayon, ang asosasyong pinasimulan ni Obispo Charles de Forbin Janson ay aktibong nakikiisa sa pagtulong sa misyon ng Simbahan. Ang lahat ng binyagan ay bahagi ng Misyon ng Simbahan, maging matanda man o bata ay may kakayahang tumulong sa pagpapalaganap ng pagmamahal at Kaharian ng Diyos sa buong mundo. Sa kasalukuyan, ang mga miyembro ng Holy Childhood Association ay higit sa 110 bansa sa buong mundo at ang mga bata ay patuloy na ***“tumutulong sa kanilang kapwa bata.”*** Ito ang napakagandang gawaing iniwan ng kanilang amang tagapagtatag: si Bishop Charles Forbin Janson!





Jeanne Bigard

Disyembre 12, 1859 - France

† Abril 28, 1934 - France





Jeanne Bigard

*Tagapagtatag ng Pontifical Society
of St. Peter the Apostle*

Si Jeanne Bigard ay nagmula sa isang mayaman at kilalang pamilya. Siya’y ipinanganak noong ika-12 ng Disyembre, 1859 sa Contance Normandy sa bansang Pransya. Siya ay may kapatid na lalaki na ang pangalan ay Rene, ang kanyang ina ay si ginang Stephanie Cottin, at ang kanyang ama naman ay si ginoong Charles Victor Bigard. Labis na nasiyahan ang mag-asawa dahil sa pagkakaroon ng anak na babae na kanilang pinakahihintay. Subalit mahina ang kalusugan ni Jeanne kaya nahirapan siya sa kanyang pag-aaral. Dahil dito, natutunan niya ang mga bagay at nakilala ang mga bagong kaibigan sa apat na sulok ng kanilang bahay sapagkat hindi siya gaanong nakikihalubilo sa iba dahil sa kanyang kalusugan. Hindi niya naranasan ang makipaglaro at makipagkaibigan sa kanyang mga kababata. Sa kanyang pagmumuni at pagsusuri ng sarili, natuklasan niyang may kulang sa kanyang buhay at iyon ay ang pagiging matiisin at maghintay. Napansin niya sa sarili na kapag may ginusto siyang isang bagay, nais niyang agad-agad ito’y maibibigay.

Naranasan ni Jeanne na tumanggap ng mga biyayang espiritwal. Pasko, taong 1869, ang sampung taong gulang na si Jeanne ay nakatanggap ng Sakramento ng Kumpisal. Pagkaraan ng isang taon, buwan naman noon ng Mayo, natanggap naman niya si Hesus sa Banal na Eukaristiya at ang pinsan niyang Obispo ang nagbigay naman sa kanya ng Sakramento ng Kumpil. Bagaman marangya ang pamumuhay sa murang gulang na labing-apat na taon, nakaramdam siya ng pagnanais na maging relihiyosa pagdating ng araw. Ang isinulat ni St. Ilario tungkol sa “kalinisan” ay nagbigay sa kanya ng inspirasyon ngunit, siya’y tinawag ng





Buhay Misyonero

Diyos upang tulungan ang mga misyonero at mga magpapari sa ibang paraan.

May hindi magagandang pangyayaring naganap sa kanilang pamilya. Noong ika-2 ng Mayo, 1878, nagpakamatay ang kanyang ama. Sa gulang na labinsiyam, si Jeanne at ang kanyang ina na nasa ibang bansa noon ay nakatanggap ng balitang nasabugan ng lampara ang kanyang kuya. Gayunpaman, hindi sila lubusang nag-aalala sapagkat nasabi ni Rene sa kanila na siya ay nasa mabuting kalagayan at hindi malubha ang nangyari sa kanya. Nagpatuloy ang mag-ina sa paglalakbay patungo sa Lourdes. Nang sila ay nasa harapan na ng imahen ng Birheng Maria, nalaman nila mula sa isang kaibigang paring Hapones na si Fr. Villion ang kakila-kilabot na paghihirap ng kanyang Kuya Rene. Namatay ito noong ika-1 ng Setyembre. Dahil sa pangyayaring iyon, lubha siyang nasaktan at nagdalamhati. Bagaman may nararamdamang pagkabalisa sa buong pagkatao, ang kanyang mga paghihirap ay may kahulugan. Hiniling rin nito sa Diyos na matularan ang yapak ni Hesukristo, piliin ang mahirap na buhay upang mapalapit at mapaglingkuran ang Panginoon.

Sa kanyang kabataan, may mga samahan na tumutulong sa mga misyonero. Isa sa mga samahang ito ay ang *Paris Foreign Mission Society*, ito ay naging sentro ng mga samahan na kung saan ang mga espiritwal at materyal na tulong ay tuluy-tuloy na ipinapadala sa mga misyonero sa malayong Silangan at Timog Amerika. Sa pagkukusa ng iba't-ibang tao lalo na ni Pauline Jaricot (1799-1862) na siyang nagsimula ng *Propagation of the Faith sa Lyons*, lalong lumaganap ang kamalayan tungkol sa misyon. Ang organisasyon ay nagtagumpay na hikayatin ang buong komunidad sa pakikilahok sa misyon sa pamamagitan ng pag-aalay ng panalangin at pagbibigay ng tulong pinansyal at ito rin ang naging daan upang kanilang lubusang maintindihan ang pangkalahatang misyon ng simbahan. Sa loob ng unang tatlumpungtaon, nagtagumpay ito sa iba't ibang bahagi ng Europa





Jeanne Bigard

at Italy. Kanilang pinasigla at binuhay ang damdamin ng mga tao sa kahalagahan ng misyon sa pamamagitan ng paglalathala ng mga gawaing pangmisyon sa mga pahayagan upang maibalita ang magagandang halimbawa, pakikipagsapalaran at pagtulong ng mga misyonero sa mga tao na naging daan upang unti-unting malaman ng mga tao ang kalagayan at problema ng mundo. Ang pahayagan ng *Propagation of the Faith* ay kilala bilang pinagmumulan ng mga impormasyon tungkol sa mga misyonero sa buong mundo. Dahil may malalim na ugnayan ang magina sa *Paris Foreign Mission Society*, mayroon na silang mga misyonerong nakilala na naglilingkod sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Sa lahat ng mga kaparian na nakilala ng pamilyang Bigard, si Fr. Aime Villion ang naging malapit na kaibigan ni Stephanie at kaibigan din ni Jeanne. Naibahagi ng kaibigang pari na si Fr. Villion na ninanais niyang magpatayo ng simbahan sa Kyoto, Japan na ipapangalan kay *San Francisco Javier*, ang patron ng misyon. Sinang-ayunan naman agad ito ng pamilyang Bigard at ang lahat ng mga pangangailangan upang maisakatuparan ang pagpapagawa ng simbahan ay kanilang sinuportahan. Patuloy na tinulungan ni Jeanne ang kaibigang pari na nagdaranas ng panghihina ng kalooban dahil sa kalagayan ng misyon sa Japan. Labis na nababahala si Jeanne sa kanyang kaibigan na itinuturing na niyang isang tunay na kapatid. Sa edad na pitumpu't siyam ay namatay si Fr. Villion sa Osaka Japan. Gayunpaman, patuloy ang komunikasyon ng pamilyang Bigard sa mga misyonero.

Ang Obispo ng Nagasaki na si *Msgr. Jules Alponse Cousin ng Paris Foreign Mission Society* na laging nangangasiwa sa mga gawain ay nangangamba na mapauwi sa kani-kanilang tahanan ang mga gustong magpari dahil sa kakulangan ng pangtustos sa kanilang mga pangangailangan. Gumawa siya ng liham para sa pamilyang Bigard na nagsasaad: "*Kung maaari, tulungan at itaguyod ninyo ang mga magpaparing nais ialay ang buhay sa Diyos, lalo na sa seminaryo ng Nagasaki na lubhang nangangailangan ng*





pondong pangtustos para sa mga magpapari.” Nang mabasa ito nina Jeanne at Stephanie, masaya nilang tinugon ang panawagan ng Obispo. Inilaan nila ang sarili sa paglikom ng pondo para sa mga magpapari. Patuloy rin silang nakikibalita sa Obispo tungkol sa kalagayan ng mga seminaristang kanilang tinutulungan. Dito nagsimula ang *Association of St. Peter*. Limang taon pagkatapos nilang matulungan ang mga seminarista sa Japan, nagpadala rin sila ng tulong sa mga bansang India, Sri Lanka, Vietnam, Korea at Tsina.

Noong unang araw ng Pebrero, ang Papa Nuncio (kinatawan ng Santo Papa sa isang bansa) ay nag-anyayang isulat ang layunin ng samahan ng *St. Peter*. Sa unang bahagi ng kanilang proyekto, binigyang pansin ang dahilan ng pagkatatag ng samahan ng *St. Peter*, ang samahang nanawagan sa mga kababaihang tugunin ang tawag ng Diyos na ialay ang sarili at talikdan ang kasaganaan ng mundo upang tumulong sa mga magpapari. Pagkalipas ng ilang panahon, ang samahan ay ibinukas sa lahat ng tao sa buong mundo, para sa may magandang kalooban at gustong tumulong ayon sa pangangailangan tulad ng: pagbibigay ng suporta at sasagot sa lahat ng pangangailangan ng mga misyonero, pagtulong sa mga magpapari, pag-aalay ng panalangin at mga sakripisyo. Upang mapanatili ang kanilang sinimulang samahan, kailangan nila ang biyaya ng Panginoon at basbas ng Santo Papa.

Lumipas ang ilang panahon at sa wakas, ang pinakahihintay na sandali ni Jeanne at ng mga kasapi nito ay naganap na. Ika-12 ng Hulyo, 1895. Ito ay pinahintulutan na ng pangkalahatang simbahan, pinagtibay at binasbasan ni Papa Leo XIII. Bagaman ito’y napagtibay na ng simbahan, patuloy pa rin ang pang-uusig na kanilang nararanasan. Subalit natanggap rin nila ang lubos na pagsuporta ng iba katulad nina Kardinal Deochwski at Jacobini. Patuloy na dumarami ang mga kasapi ng samahan ng *St. Peter* at ang tumutulong sa mga magpapari lalo na sa Kontinente ng Asya at Aprika.





Jeanne Bigard

Masayang-masaya sina Jeanne at mga kasamahan sa natanggap na pagsuporta ng simbahan. Sa kabila ng magagandang nangyari sa kanilang samahan, si Jeanne ay lubos na nagdadalamhati sa kanyang pag-iisa dahil sa malubhang kalagayan ng kanyang ina. Hindi rin tumagal, pumanaw ang kanyang ina. Inialay niya ang kanyang paghihirap sa Diyos at sa mga taong patuloy na sumusuporta sa kanya. May mga pagkakataong siya'y nanghihina kaya patuloy siyang humihingi ng tulong sa Diyos na nawa'y patuloy siyang gabayan. Natatakot din siya sa pagpapatuloy ng samahan na sinimulan nila ng kanyang ina dahil wala na siyang kasamang gagabay sa kanya. Sa huling pagkakataon, lubha siyang nanghina kaya ipinamahala niya ang St. Peter sa iba at ipinagkatiwala ang kanyang sarili sa *Religious Congregation of the Franciscan Missionaries of Mary*. Siya ay namatay noong ika-28 ng Abril, 1934.

Ang samahan ng St. Peter ay isa ng tunay na kasapi ng simbahan. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakita ang kahalagahan nito na inilabas sa sulat ni Santo Papa Benedict XII na *Maximum Illud*. Dahil sa kagandahan ng layunin ng samahan, ito'y lalong pinagyabong ng Papa sa pamamagitan ng espiritwal na tulong na siya namang hinahangad ni Jeanne. Noong ikatlo ng Mayo, 1922, idineklara ni Papa Pius XI na ito ay isa ng "Pontipikong Samahan" - ibig sabihin, ang samahang ito ay nasa pamamahala na ng Santo Papa. Noong taong 1926, hinikayat ni Papa Pius XI na payabungin at ihanda ang mga magpapari ayon sa kanilang pangangailangan. Siya mismo ang nagtalaga sa mga unang Tsino, Hapones, Vietnamese na naging Obispo na sinundan naman ng Aprikanong Bikaryato Apostoliko sa panahon ng panunungkulan ni Papa Pius XII. Sila ang mga dating seminaristang tinulungan ng asosasyon.

Ang *Pontifical Society of St. Peter the Apostles* sa ngayon ay mayroon nang 405,000 pari sa buong mundo. Ang 28,000 na pari ay nasa kontinente ng Aprika at ang 43, 000 naman ay nasa kontinente ng Asya. Ang samahan ay lumaganap sa iba't ibang





Buhay Misyonero

bahagi ng mundo at patuloy na nabubuhay ang kanyang paniniwala na ang katubusan ay para sa lahat. Tunay na ang layunin ni Jeanne ay naisakatuparan na.

Sa ating panahon ngayon, ang samahan ng *St. Peter the Apostles* ay patuloy sa pagsuporta at pagtulong sa mga pangangailangang materyal at espiritwal ng mga magpapari at magmamadre sa buong mundo upang maihanda ang mga ito sa pagnanais nilang mag-alay ng sarili sa Panginoon.





Padre Paolo Manna

Enero 16, 1872 – Avelino, Italy

† Setyembre 15, 1952 – Naples, Italy





Padre Paolo Manna

Tagapagtatag ng Pontifical Missionary Union

“Batang lalaki!” masayang-masayang wika ng mag-asawang Vincenzo at Lorenza Manna Ruggeri sa pagsilang ng panlima nilang anak noong ika-16 ng Enero, 1872. Dahil relihiyoso ang mag-asawa, pinagkasunduan nilang kunin ang pangalan ng bata sa isa sa mga apostol at tinawag nila itong ‘PAUL’ o Paolo”. Bagaman kilala ang kanilang pamilya sa larangan ng pulitika at mahilig sa negosyo, hindi pa rin sila nakakalimot na magpuri at magpasalamat sa Diyos. Makaraan ang dalawang taon, namatay ang ina ni Paolo sa isang karamdaman. Nagpasya ang kanyang ama na doon na muna siya sa kanyang tiyuhin sa Naples manirahan upang maasikaso siyang mabuti. Noong siya’y sampung taong gulang na, ninais niyang umuwi dahil na rin sa kasabikang makita ang kanyang ama. Bigla siyang nanlumo nang malamang nag-asawang muli ang kanyang ama. Gayunpaman, ang katotohanang hindi na siya naaasikaso ng kanyang ama na inakala niyang magiging balakid sa kanyang pag-aaral ay hindi naging hadlang. Sa halip, lalo niyang pinagbuti ang kanyang pag-aaral. Labis niyang ikinatuwa ang makatanggap ng matataas na marka lalo na sa larangan ng Panitikan at Siyensya. Dahil sa katangiang ito ni Paolo, tuwang-tuwa ang kanyang dalawang tiyuhing pari na noo’y nagmamasid at nangangarap para sa kanya. Naisip nilang maaaring maging isang tapat na misyonero si Paolo, kaya naman giliw na giliw sila sa mga katangian ng batang pamangkin.

Nang si Paolo ay labinlimang taong gulang, pumasok siya sa Kongregasyon ng mga paring Alemanya at maayos naman siyang tinanggap hanggang siya’y ihatid sa Roma upang doo’y ipagpatuloy ang pag-aaral ng Pilosopiya at Teolohiya. Pagkalipas ng apat na taon, nagpasya siyang pumasok sa *Foreign Mission*,





isang Kongregasyon ng mga paring misyonero sa Milan na ang layunin ay ang paglilingkod sa kapwa, sa buong mundo. Dala-dala niya ang sulat na nanggaling sa Canon ng Avellino na nagsasaad ng pagpapatunay na siya'y may kakayahan at karapat-dapat na maging isang misyonero. Inihanda niyang mabuti ang kanyang sarili sa paglilingkod upang maging isang tapat na misyonero, kaya naman ang hilig niyang basahin ay ang mga bagay na may kinalaman sa misyon na nagbibigay sa kanya ng inspirasyon. Dahil nakikita sa kanya ang katangian ng isang mabuting misyonero, buong pusong ipinagkaloob sa kanya ang matagal na niyang hinihintay. Siya'y inordinahan sa pagkapari noong ika-19 ng Mayo, 1894 sa gulang na dalawampu't dalawa. Ang mahalagang pagdiriwang na ito ay idinaos sa malaking simbahan sa Milan. Pagkaraan ng ilang buwan, pumunta na siya sa Burma (Myanmar) para isagawa ang unang misyong iniatang sa kanya. Dahil hindi pa niya lubusang nalalaman ang uri ng pamumuhay doon, sinikap niyang matutunan ang salita at kultura, higit sa lahat, ang pagmamahal sa gawain kahit alam niyang marami siyang dadanasing kahirapan dito. Matatag ang paninindigan ni Padre Paolo dahil nararamdaman niya ang paggabay ng Diyos sa anumang gagawin. Sa patuloy na paglilingkod, di niya inalintana ang karamdamang dumapo sa kanya. Sa labindalawang taong pamamalagi ni Padre Paolo sa Myanmar, tatlong ulit siyang bumalik sa Italy upang magpagamot hanggang dumating ang panahong tuluyan na siyang namalagi sa seminaryo. Sa ganitong kalagayan, nagkaroon siya ng panghihina ng kalooban at ang lahat ng ito'y itinataas niya sa Diyos. Nag-isip rin siya ng paraan kung paano niya maibabahagi sa kasamahan ang mga saloobin. Sumulat siya sa Obispo at sinabi niyang dahil sa kanyang kalusugan hindi na niya lubusang nagagawa pa ang mga dapat gawin sa misyon. Naisip rin niyang tumatanda na siya sa loob ng seminaryo at hindi na siya nakatutulong sa mga ito. Halos maiyak na winika sa sarili na tila ay hindi na siya kailangan at wala nang silbi sa Kongregasyon. Hindi naman lingid sa kaalaman ng kanyang mga kasamahan ang kanyang kalagayan. Nanghihina man ang kanyang kalooban, makikita pa rin ang kalakasan ng kanyang hangarin at malakas na pananampalataya kaya't siya'y inatasang





Buhay Misyonero

maging tagapagpalaganap ng misyon. Sumulat siya ng mga bagay na makapagbibigay ng inspirasyon sa pagmamahal sa misyon at ito'y ipinalaganap sa buong mundo. Naging kaagapay niya rito ang mga grupo ng mga naglalathala ng mga babasahin tungkol sa misyon at ang mga pari kaya agad rin niyang naisagawa ng maayos ang mga ito.

Noong taong 1916, si Monsignor Guido Ma. Conforti (nagtatag ng Xaverian Missionaries) at ang Obispo ng Parma ay kasama niyang pumunta kay Santo Papa Benideto XV upang ipakita ang kanilang plano. Nais nilang magkaroon ng samahan ng mga paring misyonero na ang layunin ay maipadama ang tunay na espiritu ng pagiging misyonero sa lahat ng mga Obispo, pari at sa lahat ng mga tao. Hindi na nagdalawang-isip pa ang Santo Papa at pinagbigyan agad ang kanilang kahilingan. Ang samahang ito ay nakilala bilang *Missionary Union of the Clergy*. Ito ay lumaganap dahil na rin sa pagsang-ayon at pagpapakilala ng Santo Papa sa Asosasyon sa pamamagitan ng inilabas nitong Apostolikong liham na *Maximum Illud*, taong 1919. Ika-28 ng Oktubre nang idineklara itong Pontipikong Samahan na ang ibig sabihin ay nasa ilalim ng pamamahala ng Santo Papa. Ang Samahan ay naging *Pontifical Missionary Union of the Clergy, Religious and Consecrated Laity o Pontifical Missionary Union* (PMU). Ito rin ay tinaguriang the soul of the other Mission Aid Societies (Buhay ng tatlong Asosasyon: Propagation of the Faith, Holy Childhood Association, Society of St. Peter Apostle) sapagkat ang mga miyembro ay nag-aalay ng mga panalangin at sakripisyo para sa ikalalago ng mga Samahang ito ng misyon. Tungkulin ng mga miyembrong ipagdasal ang intensyon ng Santo Papa: tulungan ang paglago ng mga pari, madre at mga nagnanais na pumasok sa buhay relihiyosa sa pamamagitan ng pagdarasal ng *Missionary Rosary*; pagtangkilik sa magasing *Omnis Terra, formation guide* ng mga pari at relihiyoso; Pagsamba sa Banal na Sakramento at pag-aalay ng Banal na Misa para sa Misyong at sa mga pangangailangan ng Santo Papa; pag-aalay ng mga paghihirap (lalo na yaong mga maysakit) at pagdiriwang ng mga misyonerong kapistahan tulad ng kapistahan ni San Francisco Javier (Dis.3) at





kapistahan ni Santa Teresa ng Batang si Hesus (Okt. 1), mga patron ng misyon.

Hindi nagtagal, naipagpatayo na rin ni Padre Paolo ang isang seminaryo sa Ducenta, Campania para sa mga misyonero sa buong mundo. Patuloy niyang niyakap ang buhay misyonero. Para sa kanya, ang tunay na pananampalataya ay buong buhay na pag-aalay ng sarili sa Diyos. Binigyang-paliwanag ni Padre Paolo sa mga isinulat niya tungkol sa mga misyonero na *“Ang tunay na pag-aalay ng sarili ay kung paano natin maipadarama at maipakilala ang mukha ni Hesus sa bawat taong ating nakasasalamuha, ang mukha ng muling pagkabuhay ni Hesus. Ang tunay na misyonero ay hindi lamang sa pangalang misyonero. Ito’y isinasabuhay kung kaya’t yaong mga di lubusang nag-aalay ng sarili ay hindi tunay na misyonero. Isip ang siyang unang kumikilos at kasunod nito’y pagtibok ng ating puso para gumana ang buo nating pagkatao, katulad kung papaano gumalaw si Hesus sa ating buhay - si Hesus at wala ng iba. Nabubuhay man tayo ngayon, hindi na tayo kundi si Hesus ang nananahan sa atin.”*

Alam nating ang misyonero ay kaunti lamang ngunit iilan ba ang tunay at ang may pag-aalinlangan pa ring ipakita ang mukha ni Hesus? Ito’y dahil hindi buong-pusong si Hesus ang laman ng ating puso. Inihahalintulad ni Padre Paolo ang buod ng kanyang sinabi sa mga sulat ni San Pablo: *“Ang tunay lamang na misyonero ay siyang may kakayahang ipakita ang tunay na katauhan ni Hesus.”* Ito ang magandang pangarap na nasa isip at puso ni Padre Paolo, ang pagkakaisa at sama-samang paglilingkod sa Diyos. Ito ang simula ng tunay na pamilyang nagmamahal sa misyon.

Buhay na buhay pa rin kay Padre Paolo ang pagmamahal sa misyon kung kaya’t hindi niya hinayaang mawala ang hangaring ito. Lalo niyang ninais na ipagpatuloy ang pagbabago ng mga seminarista sa kanilang sarili at ipagpatuloy ang pagmamahal sa misyon. Binigyang-diin niya ang tamang pagbalanse ng pag-aaral at pagdarasal. Para sa kanya, hindi makatutulong ang pagkakaroon





Buhay Misyonero

ng maraming aktibong gawain kung naiisantabi na ang gawaing pansimbahan. Naisip niyang hanggat maaga pa'y dapat marunong nang magbalanse ng oras ang mga ito. Nangangamba siyang baka dumating ang panahon nang kanilang paglilingkod sila'y hindi pa lubusang handa. Ayaw ni Padre Paolo na mangyari ang bagay na iyon, ikinalulungkot niyang isiping iiwan nila ang gawain o kaya nama'y pakikinggan ang mga ito na hindi handa sa kanilang homiliya. Para sa kanya, mas mainam na asikasuhin muna ang mga bagay na makatutulong sa kanilang buhay espiritwal.

Sa lahat ng mga gawain ni Padre Paolo, magaan man ito o may kahirapan, lagi niyang iniisip na ang Diyos ay laging gumagabay sa kanya lalo na nang marinig niya ang imbitasyon ni Papa Paolo II na pagnilayan ang kaawa-awang mukha ni Hesus sa Krus at pakinggan ang tinig ng kanyang mga sinasabi, *"Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan."* Ang pahayag na ito ay damang-dama ni Padre Paolo at naging inspirasyon niya lalo na sa mga sandaling siya'y nalulumbay, gayundin ang mga katagang laging nagpapaalala sa kanya kapag siya'y nasa misyon. *"Ang sinumang nais sumunod sa akin ay kalilimutan ang kanyang sarili, pasanin ang Krus at sumunod sa akin"* - ang Krus na simbolo ng mga pagtitis at pasanin para sa kaligtasan ng iba.

Si Hesus ang nag-alay ng buhay para sa ating kaligtasan. Sa buhay ng mga misyonero, mayroon ding mga Krus subalit hindi ganoon kabigat sa Krus ni Hesus. Ilan lamang sa mga parte ng krus ni Hesus ang kanilang pinagninilayan at maingat na pinapasan sa kanilang balikat. Kahit parte lamang iyon, may kabigatan pa rin. Iyon ay ang mga pagsubok. Para kay Padre Paolo, ang pag-aalay ng sarili para sa ibang tao ay dapat handang humarap sa mga pagsubok. Inihahalintulad ni Padre Paolo ang kahirapan ng mga inang nahirapan sa panganganak upang mailuwal nang maayos ang sanggol. *"Si Hesus nga ay nag-alay rin ng buhay para sa atin at lahat ng mga paghihirap na iyon ay magbubunga ng kabutihan. Sa buhay ng mga misyonero, hindi dapat na nag-iisip ng mga pansarili, lahat ay pagsasakripisyo para sa iba, at*





kadalasan nga'y napaiikli pa ang buhay dahil sa mga dinaranas na hirap at sakuna. Ang pagsunod ay mahalagang aspeto sa ating buhay at ito rin ang pundasyon upang maisaayos nang husto ang paglilingkod sa misyon." Ang mga sinabi ni Padre Paolo ay buong pusong pagsunod at daan upang maging isang tunay na misyonero.

Dahil sa kasipagan at tiyagang naipamalas ni Padre Paolo, siya ang napiling maging *Superior General ng Foreign Mission* sa Milan noong taong 1924. Nagalak ang lahat sa pagkakataong ito dahil tila nakikita nila ang magandang pagsisimula ng PIME o *Pontifical Institute for the Foreign Missions*. Kasabay nito ang pagtatag rin ng mission seminaries sa Milan at Roma. Sa loob ng sampung taon, nakapagbuo ng konstitusyon si Padre Paolo, maraming mga misyonero at *lay brothers* na nagnais na sumama sa kanyang gawain. Marami na rin siyang naipatayong tirahan ng mga misyonero sa bansang Italy. Dahil sa pagmamahal sa misyon, halos libutin na niya ang buong mundo para alamin ang mga kalagayan ng mga tao at ang kalagayan ng pagpapalaganap ng misyon sa mga ito. Una niyang pinuntahan ang bansang India, ang bansang nangunguna sa kahirapan noong mga panahong iyon. Pinuntahan rin niya ang bansang Bengal, Burma, Hongkong, Tsina, Korea at narating rin niya ang Hawaii, Amerika at Mancuria upang ipalaganap ang misyon. Pinuntahan rin niya ang kontinente ng Asya upang ilathala ang mga pangangailangan sa patuloy na paghubog sa mga gustong maging misyonero.

Isa rin sa mga pangarap niyang matupad ay Kongregasyon ng *Missionary Sisters of Mary Immaculate*. Makalipas ang mahabang taon na iginugol niya sa paglilingkod sa Milan, nang idinaos ang Second General Chapter, pinilit niyang magkaroon ng panibagong Superior General na papalit sa kanya upang sa gayon ay mapagtuunan na niya ng pansin ang pagsisimula ng Kongregasyon ng *Missionary Sisters of Mary Immaculate*. Gayunman, muli siyang nahalal bilang *Regional Superior* sa pagpapalawak ng institusyon. Tinanggap niya nang buong puso ang bago niyang tungkuling ito





Buhay Misyonero

sa kabila nang minsa'y nararamdaman na niyang sumusuko na ang kanyang katawan - hindi ang kanyang pagmamahal sa misyon. Lahat ng kanyang mga desisyon at pangarap sa misyon ay isinasangguni niya sa Obispo at mga Kardinal.

Si Padre Paolo na naging Beato Paolo dahil sa mga katangiang maipagmamalaki ng simbahan ay maraming isinulat para sa ating lahat. Ang nais niya ay pagbabago at maging tunay na misyonero. Ikaw? Nais mo ba ng pagbabago? Alam nating lahat na ito'y may kaakibat na kahirapan, ngunit inaanyayahan tayo ni Beato Paolo na gawin ang ating makakaya kahit sa simpleng pamamaraan lamang.

"Nais kong malaman ninyo na kung hindi dahil sa buong pusong pagsunod, hindi mabubuo ang isang samahang katulad nito. Ito rin ang dahilan kung bakit maayos ang ating pagsasamahan. Naalala ko noong ako'y nasa misyon. Ang mga misyonero ay talagang matatag, buo ang loob na humaharap sa pagsubok at hindi lamang basta sumusunod, kundi may sariling pagkukusa na katulad ng mga sundalong handa lagi sa anumang labanan at nagtatanggol laban sa kasamaan. Kaya ba nating ipagtanggol ang kabutihan at maipakilala ang mukha ng Diyos? Alam ba ninyo kung bakit ang mga Superyor ay nangangasiwa sa mga nais sumunod? Hindi para pilitin ang mga ito sa paniniwala sa Diyos kundi turuan sila na maging tapat sa Diyos, may pagkukusa sa lahat ng mga bagay nang may kagalakan. Kailangan nating gawin ang mga bagay na nararapat hindi upang tayo'y purihin. Karamihan kasi sa atin, sumusunod nga at akala mo'y masaya ngunit ayaw namang makinig sa mga puna at mga salitang makapagpapabago para sa maayos na daloy ng mga gawain. Ang bawat isa ay dapat maglaan ng sapat na oras batay sa pangangailangan ng bawat isa. Hindi lamang ang mga superyor na inaakala nating sila lamang ang susundin, gayundin ang lahat ng mga miyembro lalo na kung ito'y nakabubuti para sa lahat, huwag lamang kakalimutan ang pagsangguni sa nakatataas."





Sa mga isinulat ni Beato Paolo, binibigyang-diin niya ang pangangailangan ng mga misyonero upang pag-ibayuhin ang misyon at maipalaganap ang tunay na paglilingkod. Hindi lamang materyal na bagay ang makatutulong sa kanila kundi ang buksan ang kanilang isipan at maging handa sa mga darating na pagsubok. Binalaan niya ang mga misyonero na hindi dapat mangyaring magkaroon sila ng pansariling interes sa anumang bagay na magiging dahilan nang lubusan nilang pagkalimot sa paglilingkod sa simbahan. At binigyang-diin din niya ang tamang pagbalanse ng oras sa paglilingkod sa misyon at sa espiritwal na bagay.

Napakahalaga ng mga sinabi ni Beato Paolo sa mga misyonero na naging sanhi ng pagninilay ng mga ito. Patuloy ang kanyang pagsasalita: *“Tayo ay mga apostoles at ang apostol ay walang ibang motibo kundi ang paglingkuran ang Diyos. Maging sa ibang aspeto ng buhay kailangang si Hesus pa rin ang sentro ng ating buhay. Kapag nangingibabaw ang pansariling interes sa ating mga puso, para na rin nating ipinagkanulo si Hesus. Magandang pakinggang dumarami ang miyembro ng isang institusyon. Lahat sana’y si Hesus at kaligtasan ng mga kaluluwa ang sentro ng ating mga puso.”*

Taong 1930. Masayang-masaya ang mga nasa seminaryo sa pagsalubong ng Bagong Taon. Isa rin itong okasyon na hindi pinalalampas ni Padre Paolo upang ibahagi ang kanyang saloobin. *“Asikasuhing mabuti ang inyong sarili upang maging ganap na misyonero.”* Kasunod noon, binanggit niya ang mga bagay na dapat iwasan na nakakasagabal sa bokasyon: *“Unang-una, kapag nilimitahan natin ang ating pagkukusa; Pangalawa, kapag ang misyon ay hanggang sa salita lamang at wala tayong nagagawa; Pangatlo, huwag pababayaang iba ang sentro ng ating puso lalo na kapag tayo’y gumagawa. Kailangang si Hesus ang nananahan sa ating puso’t isipan upang sa gano’n ay makikita ng mga taong pinaglilingkuran natin nang buong puso ang ating ginagawa. Kung sinuman ang nais pumasok o makiisa sa ating gawain, malugod nating tatanggapin para sa lalong ikatatagumpay ng gawaing ito.”*





Buhay Misyonero

Ang pangunahing gawain kasi ng mga misyonero sa Italy ay pag-aralin ang mga nais maging misyonero. Hindi madali ang gawaing ito, naisip ni Beato Paolo na kapag nangyaring kakaunti ang mga misyonero, hindi maisasagawa ang pagpapalaganap ng misyon nang maayos. Gayundin, kapag walang mananampalataya, maraming tao ang patuloy na bulag sa tunay na Diyos. Paano lalaganap ang tunay na mukha ng Diyos sa puso ng bawat tao? Si Hesus - Siya ang modelo ng mas mainam na pagsisimula ng pagbabago at pagsasabuhay ng mga bagong misyonero; Si **Hesus** ang **ilaw** para gumabay sa atin; **apoy** para mas lalong tumindi ang pagmamahal sa gawain at **espiritwal na pagkain** upang patuloy na lumakas ang kaluluwa. Tinuturuan upang hindi lamang sa isip namamahay si Hesus kundi upang maramdaman sa bawat puso ng ating mga nakakasalamuha.

Kailangang laging pantay o balanse ang ating pananampalataya, pagmamahal at paniniwala nang sa ganon, makikita ang isang tunay na misyonero. Ang namumuno sa seminaryong ito ay hindi manghihinayang sa mahigpit na pagpili kung sino ang may kakayahang maging misyonero at maaalis ang mga hindi nararapat. Mas mainam ang kakaunti ngunit buo ang pusong paglilingkod kumpara sa maraming hindi naman wagas ang pag-ibig sa Diyos. Patuloy ang pagbibigay ng komento ni Beato Paolo: *“Hindi natin kailangan ang mga lingkod na may pag-aalinlangan. Hindi na natin dapat pang pinag-uusapan ang tungkol sa pera sa buhay ng misyonero.”*

Si Beato Paolo ay mapamaraan kung paano niya gagamitin ang pera sa wasto at gumamit ng iba pang alternatibo para maisalba nang maayos ang misyon. Naisip rin niyang huwag nang umasa sa tulong ng mga tao para sa proyektong pansimbahan. Dahil dito, naging mainam para sa kanila na gumawa ng paraan upang makabuo ng kakaibang simbahan - Simbahang hindi galing sa pera ng mga tao kundi sa mga pamamaraan ng mga misyonero. Dito kasi makikita ang tunay na pakikiisa at wagas na paglilingkod. Ipinadarama ni Beato Paolo sa mga kasama na marami ring magagawa kahit walang





pera. Isinalaysay din niya ang buhay ng mga pulitiko at iba pang kilalang tao na kayamanan ang dahilan kung bakit nila nakalilimutan ang Diyos. Para kay Beato Paolo, ang kanyang mga sinasabi ay para sa kapakanan ng lahat ng mga nakikinig. Binigyang-diin din niya ang mga kahinaan ng mga misyonerong 'di makagagalaw nang maayos kapag walang pondo.' Isa kasi sa mga dahilan kung bakit nanghihina ang mga misyonero ay dahil sa kakulangan nito.

Iminungkahi niya ang ibang pamamaraan para sa misyon upang hindi laging sa pera nakasalalay ang gawain. Tinuturuan niyang kumilos ang mga ito katulad ng mga mahihirap na patuloy na nagtatrabaho para sa kanilang pangangailangan nang sa gayon, si Hesus pa rin ang sentro ng ating buhay. Ngunit ang mga di tunay na misyonero at umiiwas sa kahirapan ay nagnanais pa ring magkaroon nito. Ayaw ni Beato Paolo na maiba ng landas nila kaya't sinabi niya: *"Minsan, makikita na lamang nating hindi masaya at walang ganang gumawa ang iba dahil ang iniisip nila ay hindi sapat ang ibinibigay ng Obispo sa mga pangangailangan nila. Ang mangyayari, gagawa ng sulat at lalakipan ng larawan upang ipamigay sa buong mundo at may mga kuwentong kaawa-awa upang sa pagbasa ng mga makatatanggap nito'y magbibigay sila ng husto. Kung hindi naman mangyayari, lalo lamang manlulumo sa kalungkutan at maririnig mo ang reklamong "Kung walang pera, wala tayong magagawa."* Sa mga komentong sinabi ni Beato Paolo, lahat halos ng nakarinig ay nagising sa kanilang mga agam-agam at napalitan ito ng mga aral na ibinahagi niya.

Patuloy ang kanyang paglilingkod kahit na siya'y mahina na. Noong taong 1943, itinatag niya ang isa pang seminaryo sa hilagang bahagi ng Italy at siya ang kauna-unahang nangasiwa rito. Lumikha siya ng mga babasahing nagpapalaganap ng misyon. Ang kanyang mga isinulat ay lumaganap sa buong mundo at nagbigay ng inspirasyon sa lahat ng mga mambabasa. Matagal siyang gumawa ng libro, maliliit at makakapal na librong nakapagbibigay ng kalakasan lalo na sa mga nais maglingkod.





Buhay Misyonero

Sa paglilingkod ni Beato Paolo, masaya niyang binabalik-balikan ang mga pagsasakripisyo para sa iba, ang mga kahirapan upang maitaguyod ang gawaing pangmisyon, ang mga problema sa mga nais maging misyonero, sa mga iniatas na gawain sa kanya at higit sa lahat ang paggabay ng Diyos sa kanya sa araw-araw. Hindi niya naramdaman ang anumang kalungkutan datapwat kasayahan pa rin ang kanyang nararamdaman pagkat paglilingkod ang kanyang ipinamalas.

Dumating ang ika-15 ng Setyembre, taong 1952, siya'y namaalam sa Naples. Hunyo 23, 1961 naman nang ang kanyang labi ay ibinurol sa kanyang itinatag na seminaryo sa Ducenta. Makaraan ang sampung taon, inumpisahan na ang pagproseso para siya'y mapabilang sa mga banal na tao. Disyembre 13, 1990. Dinalaw ng Mahal na Papa Juan Paolo II ang kanyang labi at siya'y idineklarang isa sa mga banal noong Nobyembre 4, 2001.

